



Nobyembre 19, 2021
Office of the Compliance Advisor Ombudsman
(CAO)

ULAT NG PAGSISIYASAT SA PAGTALIMA (COMPLIANCE INVESTIGATION REPORT)

*Mga Pamumuhunan ng IFC sa Rizal Commercial Banking Corporation (RCBC)
Pilipinas*

**Pagsisiyasat ng CAO sa Paggawang Isinasaalang-alang ang Kapaligiran at Lipunan
(Environmental and Social Performance) ng IFC kaugnay ng Rizal Commercial
Banking Corporation sa Pilipinas**

Office of the Compliance Advisor Ombudsman (CAO)
para sa
International Finance Corporation (IFC) at
Multilateral Investment Guarantee Agency (MIGA)
Mga Kasapi ng World Bank Group

Talaan ng Mga Nilalaman

Tungkol sa CAO.....	3
Buod Ehekutibo.....	4
Mga Akronim	14
Buod ng Proseso ng Pagtalima na Ipinatutupad ng CAO (CAO Compliance Process)	16
1. Mga Pamumuhunan ng IFC at Reklamo ng CAO.....	18
1.1. MGA PAMUMUHUNAN NG IFC SA RIZAL COMMERCIAL BANKING CORPORATION.....	18
1.2. ANG LAPIT NG IFC SA FINANCIAL INTERMEDIARY ENVIRONMENTAL AND SOCIAL RISK MANAGEMENT	19
1.3. ANG REKLAMO	20
1.4. SAKOP NG CAO INVESTIGATION	23
1.5. METODOLOHIYA PARA SA CAO INVESTIGATION.....	24
2. Analisis at mga Napag-alaman	26
2.1. PAGTATASA BAGO ANG PAMUMUHUNAN (PRE-INVESTMENT REVIEW) AT MGA RISK MITIGATION MEASURES NG IFC.....	26
2.2. PANGANGASIWA NG IFC.....	30
2.3. ANG MGA PAMUMUHUNAN NG IFC AT MGA PANGAKO PATUNGKOL SA CLIMATE CHANGE	52
3. Kongklusyon at Mga Rekomendasyon.....	58
3.1. KONGKLUSYON	58
3.2. MGA REKOMENDASYON	60
3.3. CAO COMPLIANCE MONITORING.....	63
ANNEX A: MGA PAGTATASA BAGO ANG PAMUMUHUNAN (PRE-INVESTMENT REVIEW) NG IFC AT MGA KAHINGIAN SA PAGSUBAYBAY NG IFC (IFC SUPERVISION REQUIREMENTS)	64
ANNEX B: E&S ACTION PLANS NG IC NA NAPAGKASUNDUAN KASAMA ANG RCBC	69
ANNEX C: KONTEKSTUWAL NA BUOD	71
ANNEX D: PAGSUSURI NG INIREKLAMONG SUB-PROYEKTO AT MGA OBSERBASYON NG CAO.....	79
ANNEX E: PAGTATASA NG CAO HINGGIL SA POSIBILIDAD NG MGA EPEKTO NG INIREKLAMONG SUB-PROYEKTO	121
ANNEX F: MGA NAPAG-ALAMAN SA CAO PANGSISIYASAT UKOL SA PAGTALIMA (COMPLIANCE INVESTIGATION)	126
ANNEX G: MGA REKOMENDASYON NG CAO	129

Tungkol sa CAO

Ang Office of the Compliance Advisor Ombudsman (CAO) ay isang malayang dulugan at tuusan ng International Finance Corporation (IFC) at ng Multilateral Investment Guarantee Agency (MIGA), mga kasapi ng World Bank Group. Ang CAO ay tuwirang nag-uulat sa mga Lupon ng mga Direktor Ehekutibo (Board of Executive Directors (“Board”)) ng IFC at MIGA, tumutugon sa mga reklamong inihahain ng mga taong apektado ng mga proyekto ng IFC/MIGA, at umiiral nang hiwalay sa pangasiwaan ng IFC/MIGA.

Ang mandato ng CAO, na naisasakatuparan sa pamamagitan ng pagresolba ng di-pagkakaunawaan, pagtalima, at pagbibigay ng payo, ay gaya ng sumusunod:

- Pangasiwaan ang pagresolba sa mga reklamo ng mga taong apektado ng mga proyekto o sub-proyekto ng IFC/MIGA sa paraang makatarungan, makatuwiran, at konstruktibo;
- Pag-inamin ang kahihinatnan sa kapaligiran at lipunang ginagalawan ng mga proyekto; at
- Itaguyod ang pampublikong pananagutan at pagkatuto upang mapabuti ang gawaing pangkapaligiran at panlipunan ng IFC at MIGA at maibsan ang panganib ng pinsala sa mga tao at sa kapaligiran.

Tinutupad ng CAO ang gawain nito alinsunod sa IFC/MIGA Independent Accountability Mechanism Policy (“CAO Policy”).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CAO, bisitahin ang: www.cao-ombudsman.org.

Buod Ehekutibo

Buod

Isinagawa ng CAO ang pagsisiyasat na ito kaugnay ng pamumuhunan ng IFC sa Rizal Commercial Banking Corporation (RCBC, 'kliyente'), isang malaking bangkong pangkomersiyo sa Pilipinas. Sinusuri ng imbestigasyong ito ang pagtugon sa kahingian ukol sa environmental and social (E&S) requirements ng mga pinamuhunan ng IFC sa RCBC, partikular ang may kinalaman sa pagbibigay-pondo sa 11 planta ng kuryente sa Pilipinas na pinapagana ng karbon. Tinutugunan ng imbestigasyong ito ang reklamong isinampa sa CAO ng mga pamayanang nakatira malapit sa mga planta. Anila, hindi nakasusunod ang mga ito sa E&S Performance Standards ng IFC kung kaya may masamang epekto ang mga ito sa mga lokal na pamayanan at nag-aambag sa climate change bunsod ng malabis na pagbubuga ng greenhouse gases (GHGs), partikular ang carbon dioxide (CO₂).

Bilang balangkas para sa mainam na pangangasiwa ng panganib sa E&S, ipinag-uutos ng IFC sa mga kliyenteng bangko gaya ng RCBC na tumalima sa IFC Performance Standards kapag namumuhunan sa mga negosyong may mas mataas na panganib. Napag-alaman ng imbestigasyong ito na hindi wastong natugunan ang E&S requirements sa apat na pinamuhunan sa RCBC. Dahil dito, nagawang pondohan ng RCBC ang mga plantang pinapagana ng karbon nang hindi nakasusunod sa IFC Performance Standards. Batay sa mga ebidensiyang nakalap, ipinapalagay ng CAO na ang mga plantang pinondohan ng RCBC ay may matindi at masamang epekto sa mga lokal na pamayanan at sa kapaligiran, gaya ng inihain sa reklamo. Karagdagan pa, ang mga planta ay labis na naglalabas ng GHG, at hindi napatotohanan ng kliyente ang kanilang pagsunod sa kahingian ng IFC na isaalang-alang at gamitin ang teknolohiya at iba pang pamamaraan upang mabawasan ang ambag ng mga planta sa climate change.

Kung isaalang-alang ang mga natuklasan at kongklusyong ito, maging ang patuloy na pakikisangkot ng IFC sa ibang mga proyektong maaaring may matinding E&S risk dahil sa kliyente nito, inirerekomenda ng CAO na patunayan ng IFC na ang RCBC ay mabisang nakasusunod sa Performance Standards sa mga gawain kasama ang mga pinopondohan nitong negosyong may mas mataas na panganib, bilang kahingian ng Policy on Environmental and Social Sustainability (Sustainability Policy) ng IFC. Kabilang dito ang mga plantang pinapagana ng karbon at iba pang malalaking proyekto sa Pilipinas na may malaking potensiyal ng panganib at masamang epekto sa kapaligiran at lipunan. Inirerekomenda rin ng CAO na beripikahin ng IFC na wastong nasuri at naibsan ang mga epekto sa kapaligiran at lipunan na dulot ng mga plantang pinopondohan ng RCBC ayon sa E&S requirements ng IFC. Sa huli, ang ulat na ito ay nagmumungkahi ng mga aksiyon upang maiwasan ang di-pagtalima ng mga kliyenteng financial intermediary sa pagtugon sa E&S requirements ng IFC sa hinaharap, batay sa mga natutunan mula sa imbestigasyon.

Ang Reklamo

Pinasimunan ng CAO ang imbestigasyon bilang tugon sa reklamo noong Oktubre 2017 mula sa mga pamayanan at non-governmental organization (NGO) sa Pilipinas na apektado ng ipinatatayo o pinatatakabong 19 planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon. Mula sa 11 plantang tinukoy sa reklamo, 10 ang pinopondohan ng RCBC mula sa inisyal na pamumuhunan ng IFC sa bangkong ito noong 2011. Noong isinampa ang reklamo, sumang-ayon na ang RCBC na pondohan ang ika-11 planta, bagaman hindi pa nailalabas ang pondo para rito.

Inilalahad ng hinaing ang mga sumusunod na usapin ng mga pamayanan hinggil sa mga planta:

- a. kawalan o kakulangan ng pampublikong konsultasyon at proseso sa pagtanggap ng karaingan;
- b. polusyon sa tubig at hangin dulot ng abo ng karbon, na may masamang epekto sa kalusugan ng pamayanan;
- c. kawalan ng kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda dahil sa kontaminasyon dulot ng abo;
- d. sapilitang pagpapalayas at pagpapalipat sa mga komunidad upang magbigay-espasyo sa mga planta, na hindi sapat ang kompensasyon o hindi kanais-nais ang kalagayan sa mga lugar na paglilipatan;
- e. pagkawala ng biodiversity dulot ng polusyon sa bakawan, halamang dagat, at iba pa;
- f. pagkamkam sa lupain ng mga katutubo at pagpapalayas sa mga katutubo sa kanilang ancestral land; at
- g. mga diumano'y pananakot sa mga aktibista ng komunidad.

Itinatala rin ng hinaing na labis-labis ang pinagsamang buga ng GHG ng mga plantang pinopondohan ng RCBC. Sa kontekstong ito, itinala nila ang kawalang-laban ng Pilipinas sa climate change, ngayon at sa hinaharap.

Sa pangkalahatan, inihahain ng reklamo na hindi tiniyak ng IFC na ipinatutupad ng RCBC ang E&S standards ng una sa mga negosyong pinopondohan nito, gaya ng nasasaad sa IFC Sustainability Policy. Ipinaabot din ng mga nagsampa ng reklamo ang ukol sa kakulangan ng pagsisiwalat sa publiko ng pagpapautang ng mga kliyenteng bangko ng IFC, partikular ng RCBC.

Ang mga Pinamumuhunan ng IFC

Mayroong apat na pamumuhunan ang IFC sa RCBC, isang bangkong pantingian, pangkomersiyo, at pampamumuhunan. Ang dalawang equity investment ng IFC noong 2011 at 2013 ay kapwa aktibo at nagbigay ng sapat na shareholding upang makapagtalaga ng isang direktor sa board ng RCBC. Nagpautang din ang IFC noong 2014 at gumawa ng bond investment noong 2015. Ang kabuuang halaga ng apat na pamumuhunan ay US\$228 milyon. Ayon sa IFC Sustainability Policy, kailangang ipatupad ng RCBC ang isang Environmental and Social Management System (ESMS) upang matiyak na ang mga negosyong pinopondohan nito (sub-proyekto) ay pinapatakbo sang-ayon sa kaugnay na E&S requirements ng IFC. Nang nagpautang ang RCBC sa mga negosyong may mataas na lebel ng E&S risk, gaya ng mga plantang pinapagana ng karbon, hiningi rin ng IFC Sustainability Policy na ipatupad ng RCBC ang IFC Performance Standards sa mga sub-proyekto na iyon bilang kondisyon sa pagpapautang. Ang pakikipagkasundo ng RCBC na ipatupad ang E&S requirements ng IFC ay kauna-unahan para sa isang pangunahing komersiyyong nagpapautang sa Pilipinas. Bunga nito, ang pamumuhunan ng IFC sa RCBC ay makaiimpluwensiya sa mga gawain ukol sa pangangasiwa ng E&S risk sa sektor ng pagbabangko sa Pilipinas sa pangkalahatan.

Ulat ng Pagsisiyasat sa Pagtalima (Compliance Investigation): Sakop at Metodolohiya

Sinusuri ng imbestigasyon ng CAO kung ang mga pamumuhunan ng IFC sa RCBC ay tinasa, binalangkas, at sinubaybayan sang-ayon sa kaugnay na kahingian ng IFC. Kabilang dito ang tugon ng IFC sa mga usaping pangkapaligiran at panlipunan sa mga proyektong isinasaad sa reklamo at pagtalima sa kahingiang bawasan ng RCBC ang GHG.

Dahil sa pandemyang COVID-19, hindi nakapunta sa Pilipinas ang CAO para sa imbestigasyong ito. Isinagawa ang imbestigasyon batay sa: (i) pagsusuri sa dokumentasyong galing sa IFC, kliyente, at mga nagsampa ng reklamo, maging sa mga pampublikong sanggunian; at (ii) panayam sa mga kawani ng IFC, mga nagsampa ng reklamo, kliyente, at iba pang kaugnay na sektor.

Ang CAO ay hindi binigyan ng akses sa komprehensibong impormasyon hinggil sa mga planta, tulad ng datos sa kalidad ng tubig, pangangasiwa sa pag-iimbak ng abo galing sa karbon, at mga pamamaraan sa pagtitipid ng enerhiya, mga kadalasang nababasa sa isang pagsusuri ng proyektong gaya nito. Sa kabila ng mga limitasyon sa pagkuha ng impormasyon, naisagawa ng CAO ang isang desk-based na pagtatasa sa posibilidad ng diumano'y epekto ng mga plantang ito batay sa inihaing ebidensiya at sa kaugnay na Performance Standard requirements, kabilang na ang pambansang Pahayag ukol sa mga Epektong Pangkapaligiran (Environmental Impact Statements (EIS)) at Sertipiko ng Paggawang may Pagsasaalang-alang sa Kapaligiran (Environmental Compliance Certificates (ECC)) para sa mga planta, buod ng pagsusuri ng IFC at RCBC sa mga planta, at pampublikong dokumento at impormasyon hinggil sa pagtatayo at pagpapatakbo ng mga plantang ito.

Mga Napag-alaman ng CAO

Hindi naberipika ng IFC na naipatutupad ng RCBC ang Performance Standards sa mga pinopondohan nitong negosyong may mas mataas na panganib bilang kahingian ng IFC Sustainability Policy. Dahil dito at sa pamumuhunan sa RCBC, nasadlak ang IFC sa di-maiiwasang pagkakalantad sa mga proyektong posibleng may malaking panganib sa kapaligiran at sa tao.

Idinisenyo ang IFC Performance Standards bilang balangkas ng mabuting pangangasiwa ng E&S risk ng mga industriyang internasyunal para sa pribadong sektor. Alinsunod sa IFC Sustainability Policy, kinakailangang ipatupad ng isang kliyenteng bangko gaya ng RCBC ang Performance Standards sa pinopondohan nitong mga negosyong may mas mataas na panganib. Isang susi upang maipagtagumpay ito ay ang Environmental and Social Management System (ESMS) na nagsusulit at sumusubaybay sa E&S risk ng mga nangungutang sa bangko.

Nang magkaroon ng inisyal na equity investment ang IFC sa RCBC noong 2011, sumang-ayon ang kliyente na magpatupad ng ESMS na sumasalamin sa E&S requirements ng IFC sa loob ng pitong buwan bilang bahagi ng E&S Action Plan (ESAP). Gayunman, batid ng IFC na tumatanggap ito ng kliyenteng namumuhunan sa mga negosyong may mataas na E&S risk. Bago ang pamumuhunan ng IFC, ang RCBC ay: (i) walang karanasan sa pagtatasa o pangangasiwa ng E&S risk sa mga aktibidad nito; (ii) walang kawani para sa E&S; at (iii) walang karanasan sa mga gawaing nakapaloob sa IFC Performance Standards. Dagdag dito, nakipagnegosyo ang RCBC sa isang merkadong limitado ang karanasan sa sektor ng pananalapi na nakapangangasiwa ng E&S risk, lalo na sa implementasyon ng pandaigdig na pamantayan ukol sa E&S. Sa kontekstong ito, ang pagbuo ng ESMS upang maipatupad ang IFC Performance Standards ay nangangailangan ng malakihang pamumuhunan ng RCBC upang bumuo ng mga sistema at sanayin ang mga kawani. Kinakailangan din ang pakikipagkasundo sa kliyente na huwag pondohan ang mga bagong sub-proyekto na hindi nasasakop ng Performance Standards. Ang pagsusuri ng IFC ay hindi nagbunga ng panukalang magbibigay-daan upang maipatupad ng RCBC ang pamantayan ng IFC ukol sa E&S sa loob ng takdang panahon. Bagkus, ipinagkaloob ng IFC ang pondo nang hindi humihingi ng katibayan ng mabisang implementasyon ng ESMS.

Kasunod ng pamumuhunan noong 2011, namuhunan pa ang IFC noong 2013 at 2014. Gayunman, hindi lubusang tinugunan ng IFC ang teknikal na pangangailangan ng kliyente upang makabuo o makapagpatupad ng kinakailangang ESMS. Ang mga kakulangan sa ESMS ng kliyente sa panahong ito ay kinapapalooban ng kakulangan sa angkop at kuwalipikadong kawani at proseso ukol sa E&S alinsunod sa Performance Standards. Sa kabuuan, ang pakikipag-ugnayan ng IFC sa kliyente sa panahong ito ay walang pagbanggit kung tinupad ng RCBC ang E&S requirements ng IFC. Noon lamang 2015, apat na taon makalipas ang unang pamumuhunan ng IFC, nang maidokumento ng IFC ang mahahalagang kakulangan sa implementasyon ng kliyente ng E&S requirements nito. Pagkatapos, nagbigay

ng karagdagang pondo ang IFC noong Nobyembre 2015, upang magamit ng kliyente sa mga sub-proyekto na pang-imprastruktura. Habang ang pamumuhunang ito noong 2015 ay naglalaman ng isang nirebisang ESAP upang punan ang kakulangan, gaya ng napagkasunduan nila ng kliyente, nakumpleto rin naman ng IFC ang pagkakaloob ng pondo nang hindi iwinawasto ang mga natukoy na paglabag ng kliyente dahil sa di-sapat na implementasyon ng E&S requirements ng IFC.

Noong 2016, idinokumento ng IFC ang tuluy-tuloy na pagkaantala ng kliyente sa implementasyon ng E&S requirements ng IFC. Noong 2017, ipinasya ng IFC na pondohan ang Enhanced Client Support program na naglalayong mapagbuti ang implementasyon ng kliyente ng ESMS. Habang isinasagawa at nang matapos ang programa, itinala ng IFC ang mga pag-unlad sa implementasyon ng kliyente ng ESMS, gaya ng pagkuha ng isang kawani at mga kasangguni ukol sa E&S. Bagaman itinala ang mga pagbabago, sa panahon ng imbestigasyong ito na 10 taon makalipas ang unang pamumuhunan, hindi pa rin nabeberipika ng IFC na mabisang naipatatupad ng RCBC ang Performance Standards sa pagpapautang sa mga negosyong may mas mataas na panganib. Dahil dito, ang IFC ay nasasangkot sa mga proyektong may malaking posibilidad ng pagdudulot ng masamang epekto sa kapaligiran at sa tao, gaya ng, subalit hindi nalilimitahan sa, 11 planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon na siyang isinasailalim sa imbestigasyong ito.

Ang mga kakulangan sa pagsusuri at pagsubaybay ng IFC ukol sa E&S ng mga pinamuhunan sa RCBC ay nagpapahiwatig na pinondohan ng RCBC ang mga plantang pinapagana ng karbon nang hindi tumatalima sa Performance Standards.

Sa panahon ng pamumuhunan ng IFC sa RCBC, pinondohan ng huli ang 10 sa 11 plantang pinapagana ng karbon na binabanggit sa reklamo at sumang-ayon pa na pondohan ang ika-11. Kahit na kinakailangang ipatupad ng RCBC ang Performance Standards sa bawat isa sa mga plantang ito, hanggang ngayon, hindi pa nabeberipika ng IFC na ang kliyente nito ay nagpapatupad ng ESMS upang makatalima sa Performance Standards. Dahil dito, ang mga planta ay binigyan ng pondo nang walang katiyakan kung mapangangasiwaan ang mga panganib at epekto sa E&S alinsunod sa E&S requirements ng IFC.

Pagkatapos matanggap ng CAO ang reklamo noong Oktubre 2017, pinayuhan ng IFC ang kliyente na magsagawa ng mas malalimang pagsubaybay sa E&S ng 10 planta sa pamamagitan ng pagkomisyon sa isang serye ng E&S monitoring reports (ESMRs). Dinisenyo ang mga ito upang tasahin kung nakasusunod sa IFC Performance Standards ang pagpapatupad ng E&S ng bawat planta. Ang ESMRs ay nagbibigay ng: (i) paglalarawan sa disenyo ng planta; (ii) buod ng pagsasakatuparan ng E&S batay sa Performance Standards; at (iii) kung saan natukoy, talaan ng paglabag sa E&S ng planta at mga rekomendasyon upang malunasan ang mga ito.

Bawat ESMR na sinuri ng CAO para sa imbestigasyong ito ay may malalaking kakulangan kung ihahambing sa mga batayang kahingiang inaasahang matugunan ayon sa E&S requirements ng IFC. Mahalagang banggitin na ang mga ESMR ay hindi: (a) sistematikong nagsuri kung ang bawat planta ay dinisenyo alinsunod sa E&S requirements ng IFC; (b) tuwirang tumutugon sa mga usaping inihain ng reklamo; (c) nagsuri kung inilakip ng kliyente ang mga kasunduan ukol sa Performance Standards sa mga kasunduan sa pagpapautang; o (d) nakapaghambing ng mga nagagawa ng bawat planta sa kaugnay na kahingian ng IFC Performance Standards. Pangunahing nakasandig ang mga ESMR sa ulat ng RCBC ukol sa mga planta na may limitadong patunay na nabeberipika ng RCBC ang mga detalye, gaya ng pagbisita, pagsusuri sa datos ukol sa operasyon, at iba pang pampublikong impormasyon, o pakikipagpulong sa mga pamayanan. Dagdag dito, hindi tinukoy ng IFC ang mga kritikal na kahinaan sa pagbuo ng mga ESMR. Bunga nito, hindi nagawang beripikahin ng IFC na

umaayon sa Performance Standards ang disenyo at operasyon ng mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon.

Ang masamang epekto sa tao at sa kapaligiran dulot ng mga pinondohan ng RCBC na plantang pinapagana ng karbon ay posibleng malala pa sa pinahihintulutan ng IFC requirements.

Pinatitibay ng pagsusuri ng CAO sa mga inihang ebidensiya ang kongklusyon na ang masamang epekto sa mga pamayanan at sa kapaligiran ng mga plantang pinondohan ng RCBC ay posibleng malala pa sa pinahihintulutan ng IFC Performance Standards sa mga sub-proyekto na ito (tingnan ang kahon sa ibaba). Kaugnay ng mga plantang tinukoy sa reklamo, ipinapalagay ng CAO na malamang o may malaking posibilidad na naganap ang mga sumusunod na epektong inilahad sa reklamo: (a) masamang epekto sa kalusugan dahil sa polusyon sa hangin at kontaminasyon ng tubig dulot ng abo ng karbon sa anim na planta; (b) epekto sa mga kabuhayan dahil sa kontaminasyon ng abo sa limang planta at dahil sa pagpapalayas upang magbigay-espasyo sa dalawang planta; (c) pagpapalayas at pagpapalipat kaugnay ng epekto ng dalawang planta; (d) pagbabanta at pananakot sa mga aktibista ng komunidad kaugnay sa apat na planta; at (e) di-sapat na pakikipag-ugnayan at konsultasyon sa mga maaapektuhan, kabilang ang kawalan ng proseso ng pagtanggap ng karangan, sa lahat ng planta.

Pamantayan ng Pagganap ng IFC (IFC Performance Standards) (2012) kaugnay ng mga Sub-Proyekto

- **PS 1: Pagtatasa at Pangangasiwa ng Panganib at Epektong Pangkapaligiran at Panlipunan (Assessment and Management of Environmental and Social Risks and Impacts).** Kinakailangang matukoy at mapangasiwaan ang panganib at epektong E&S at ang proseso sa pagsisiwalat at pakikipagkonsulta sa mga apektado sa buong panahon ng pagsasagawa ng proyekto.
- **PS 3: Mabisang Pagsinop ng Pinagkukunan at Pagpigil sa Polusyon (Resource Efficiency and Pollution Prevention).** Kinakailangang makaabot sa pamantayan ng IFC Environmental Health and Safety (EHS) Guidelines ang pagbubuga ng hangin, pagdiskarga ng tubig, at pag-iimbak ng mapanganib na materyales. Kinakailangan din ang mga gawain at teknolohiyang nagtataguyod ng pagtitipid sa kuryente at pagbawas sa pagbuga ng GHG.
- **PS 4: Kalusugan, Kaligtasan, at Seguridad ng Komunidad (Community Health, Safety, and Security).** Kinakailangang maagap na maiwasan ang masamang epekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga pamayanang apektado ng mga proyekto alinsunod sa mabubuting kasanayan ng mga industriyang internasyunal.
- **PS 5: Pagkuha ng Lupa at Sapilitang Pagpapalipat (Land Acquisition and Involuntary Resettlement).** Kinakailangang tiyaking makapagbibigay ng katampatang kompensasyon at kabuhayan kung ang pagkuha ng lupa ay magdudulot ng pagpaalis sa lugar kung saan sila nakatira at nagtatrabaho.
- **PS 6: Pangangalaga sa Biodiversity at Mabuting Pangangasiwa sa mga Nabubuhay na Likas na Yaman (Biodiversity Conservation and Sustainable Management of Living Natural Resources).** Kinakailangang tiyaking naiiwasan at nababawasan ang masamang epekto sa biodiversity at ang mga benepisyong nakukuha ng mga pamayanan mula sa paggamit ng ecosystem.
- **PS 7: Mga Katutubong Mamamayan (Indigenous Peoples).** Kinakailangang matukoy at mapangasiwaan ang mga panganib at epekto ng mga proyekto sa Indigenous People, kabilang ang ispesipikong hakbang hinggil sa konsultasyon.

Nagbuga ng napakaraming carbon dioxide (CO₂) ang mga plantang pinondohan ng RCBC, nang hindi napatutunayang nakasunod sila sa pamantayan ng IFC ukol sa pagbawas ng epekto sa climate change.

Ipinahayag ng reklamo ang pangamba ukol sa epekto sa climate change ng mga plantang pinondohan ng RCBC. Hindi hayagang ipinagbabawal ng mga patakaran ng IFC o World Bank Group ang pamumuhunan sa mga plantang pinapagana ng karbon sa pamamagitan ng financial intermediaries (FIs). Gayunman, ang mga pamantayan sa mabisang pagbawas ng pagbubuga ng GHG sa disenyo at operasyon ng proyekto ay kasama sa IFC Performance Standard 3 (PS3) ukol sa Mabisang Pagsinop ng Pinagkukunan at Pagpigil ng Polusyon, at ang mga pamantayang ito ay dapat na ipinatutupad sa mga sub-proyekto na sinusuportahan ng FIs. Isinasaad sa PS3 na kailangang isaalang-alang ng isang negosyo ang mga alternatibo at ipatupad ang pinakamainam at pinakamatipid na pamamaraan upang mabawasan ang epekto sa climate change. Kasama rin sa IFC Environmental Health and Safety (EHS) Guidelines ang mga rekomendasyon upang maiwasan at mabawasan ang pagbuga ng carbon dioxide sa mga bago at umiiral nang thermal na planta ng kuryente upang maibsan ang epekto sa climate change. Sa huli, nakapaloob sa PS3 ang mga pamantayan upang matiyak na nasusukat ng mga proyektong nagbubuga ng higit 25,000 toneladang CO₂ kada taon ang emisyon ng GHG alinsunod sa mabubuting kasanayan ng mga industriyang internasyunal. Ang taunang pagbuga ng CO₂ ng mga plantang tinukoy sa reklamo sa CAO ay tinatayang mula 630,000 hanggang 9.4 milyong tonelada.

Sa panahon ng pamumuhunan ng IFC sa RCBC, pinondohan ng RCBC ang mga bagong plantang pinapagana ng karbon at ang pagpapalawak sa mga umiiral na planta. Noong 2018, kinakatawan ng mga plantang pinapagana ng karbon ang 12.5 porsiyento ng kabuuang loan portfolio ng RCBC, bagaman labis itong nabawasan sa mga nagdaang taon. Kapag gumana na ang mga plantang tinukoy sa imbestigasyong ito, magbubuga sila ng tinatayang 40 milyong metrikong toneladang CO₂ taun-taon, na katumbas ng 30 porsiyento ng kabuuang emisyon ng CO₂ ng Pilipinas noong 2019. Sa maraming kasong nakapaloob, ipinapakita ng datos ang hindi mabisang pagpapatakbo sa mga planta, na nagbubunga ng pagbubuga ng CO₂ nang higit sa pinahihintulutan ng pamantayan ng IFC. Dahil dito, ipinapalagay ng CAO na, sa pamamagitan ng pamumuhunan sa RCBC, ang IFC ay nasangkot sa pamumuhunan sa mga plantang pinapagana ng karbon nang hindi bineberipika na ang mga iyon ay itinayo o pinatatakbo nang may pagtitipid sa enerhiya o pagsunod sa hinihingi ng PS3 ukol sa angkop na pagbubuga ng GHG, kung kaya nakapag-aambag sila sa climate change. Hindi nagawang hikayatin ng IFC ang mga planta na gawin ang mga hakbang upang mabawasan ang malabis na pagbuga ng CO₂.

Mga Rekomendasyon ng CAO sa IFC

Inirerekomenda ng CAO na isaalang-alang ng IFC ang pagbuo ng kanilang Management Action Plan (MAP) bilang tugon sa imbestigasyong ito. Idinisenyo ang mga rekomendasyong ito upang punan ang mga kakulangan ng IFC sa paggamit ng E&S standards sa RCBC, maging ang pag-iwas sa pagsasawalang-bahala sa E&S at mga kaugnay na epektong dulot ng plantang pinapagana ng karbon. Isinama rin ng CAO ang mga rekomendasyon ukol sa mga hakbang na dapat isagawa upang maiwasan ang paglabag ng IFC sa hinaharap batay sa mga natutunan sa imbestigasyong ito.

Ang pagtugon sa mga napag-alaman ng imbestigasyon ay mangangailangan ng pondo at dedikasyon. Sa panig ng RCBC, ang pagtalima sa Performance Standards ng isang malaking bangkong pangkomersiyo ay nangangailangan ng badyet at kawaning angkop sa pagtugon sa panganib sa E&S ng mga sub-proyekto nito. Mayroon ding mga hamon upang masunod ng isang FI ang Performance Standards sa isang merkado gaya ng Pilipinas kung saan ang sektor ng pananalapi ay nito lamang nagsasanay sa pangangasiwa ng E&S risk, at kadalasang napasasakop lamang ng mga batas ng bansa, at hindi sa pamantayang internasyunal gaya ng IFC Performance Standards. Sa kontekstong ito, ang tagatangkilik ng kliyenteng bangko at ang kakulangan sa lokal na eksperto ay makahahadlang sa maagap na pagtugon ng IFC sa E&S requirements. Ang mga salik na ito ay nangangailangan ng

dedikasyon ng pangasiwaan ng bangko upang ang mga pagpapasya ukol sa pamumuhunan ay maiayon sa nagbabagong sustainability standards ng daigdig at sa IFC Performance Standards. Ipinapahiwatig din nito ang pangangailangan sa maayos na suporta at pagsubaybay ng IFC upang matiyak na natutugunan ang mga kahingi ng ito.

Mga Rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa Pagpapatupad ng ESMS ng RCBC

Kung isasaalang-alang ang pagkakasangkot ng RCBC sa mga proyektong may matinding panganib sa E&S at upang matiyak na ang mga panganib at epekto ng mga naturang proyekto ay napangangasiwaan alinsunod sa mga pamantayan ng IFC, inirerekomenda ng CAO sa IFC ang mga sumusunod:

<p>Mga rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa pagpapatupad ng ESMS ng RCBC</p>	<p>Upang maipatupad ng RCBC ang ESMS gaya ng inaasahan, lalo na sa pagpapautang ng RCBC sa mga negosyong may mas mataas na panganib, kinakailangang pormal na magkasundo ang RCBC sa IFC na magpatupad ng nirebisang E&S Action Plan (ESAP) kabilang na ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> i. pagkuha ng tamang bilang ng kuwalipikadong kawani at ekspertong kasangguni upang suportahan ang pagpapatupad ng ESMS at Performance Standards sa mga pinopondohan nitong negosyong may mas mataas na panganib; ii. pagbuo ng batayang kasunduan sa pagpapautang, E&S Action Plan, at talaan ng mga legal na hakbang ukol sa E&S para sa mga gawain ng mga negosyong may mas mataas na panganib, na sumasalamín sa Performance Standards at nag-oobliga sa mga mangungutang na tumalima kapwa sa pambansang batas hinggil sa E&S at sa Performance Standards; iii. hindi pagsasagawa ng bagong pamumuhunan sa paglikha ng kuryente gamit ang karbon o ng panibagong negosasyon, pagbibigay ng pondo o ng anumang pahintulot sa alinmang pinondohang planta nang walang pangangako, o ebidensiya, ng ganap na pagtalima ng planta sa Performance Standards; iv. pagkokomisyon ng magtutuos sa E&S ng lahat ng proyektong Kategoriya A sa portfolio nito upang matasa ang pagtalima sa pambansang batas at matukoy ang mga kakulangan sa IFC E&S requirements, na dapat suriin ng kawani ng IFC E&S.
---	--

Mga Rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa mga Plantang Pinapagana ng Karbon na nasa Isinampang Reklamo (ang mga Inirereklamong Sub-Project)

Kaugnay ng mga plantang pinapagana ng karbon na nasa isinampang reklamo (mga inirereklamong sub-proyekto), ang mga E&S assessment na inihanda at iniharap ng kliyente sa IFC kamakailan ay hindi sapat upang ipakita ang pagtalima sa Performance Standards. Ayon sa mga ebidensiya: (a) naitayo ang mga planta nang hindi tinitiyak na ang konstruksiyon at operasyon ay nakasusunod sa Performance Standards; at (b) marami sa mga masamang epektong binanggit sa reklamo ay posibleng naganap. Kung isasaalang-alang ang mga posibleng epekto sa komunidad ng mga plantang ito na pinondohan ng RCBC, at upang matukoy at malunasan ang mga epektong ito alinsunod sa Performance Standards, inirerekomenda ng CAO sa IFC ang mga sumusunod:

<p>Mga rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa mga inirereklamong sub-proyekto</p>	<p>Dapat suportahan ng IFC ang RCBC sa pagsasagawa ng hiwalay na E&S gap analysis sa bawat planta na gagawin ng mga kasangguning kuwalipikado at may karanasan. Tutuon sa mga usaping inilahad sa reklamo at sa imbestigasyon ng CAO upang maberipika ang pagtalima sa E&S requirements ng IFC, ang gap analysis na ito ay kailangang:</p> <ul style="list-style-type: none"> i. magsagawa ng konsultasyon sa mga apektadong pamayanan (kabilang ang mga naghain ng reklamo); ii. magsiyasat sa mga kasunduan sa pamumuhunan ng sub-proyekto ng kliyente upang maberipika ang pagtalima sa Performance Standards; at iii. maisiwalat sa publiko kasama ang anumang planong pagbibigay-lunas sa antas ng sub-proyekto. <p>Ang mga gap analysis ay dapat maglakip ng pagsusuri sa nakalap na impormasyon at, kung kinakailangan, humiling ng karagdagang pagtatasa mula sa nangangasiwa ng planta o isang komisyonang magsusuri sa diumano’y pinsalang tinukoy ng mga nagsampa ng reklamo. Dahil sa mga usaping inihain, mahalagang matasa ng mga gap analysis na ito ang gawain ng proyekto na may kinalaman sa pagbuga ng hangin, pag-iimbak ng abo ng karbon, at kalidad ng hangin at tubig, maging ang posibilidad ng pagpapalipat sa mga naninirahan sa paligid.</p> <p>Kung tututol ang pangasiwaan ng planta sa pakikilahok sa proseso ng gap analysis ng IFC at RCBC, ang IFC ay kailangang: (1) magsagawa ng pagtatasa batay sa impormasyong mayroon ukol sa E&S kaugnay ng pagtatayo at pagpapatakbo ng planta (kabilang na ang impormasyong nasa pangangalaga ng RCBC) ayon sa kahingian ng Performance Standards, na nakatuon sa mga usaping inilahad sa mga reklamong isinampa; at (ii) magsagawa ng hiwalay na pagsukat sa kalidad ng hangin at tubig sa mga angkop at piling lokasyon sa labas ng planta.</p> <p>Pagkatapos tukuyin ang mga kakulangan, dapat makipagtulungan ang IFC sa RCBC at mga kliyente nito upang matiyak na natasa at nalunasan ang mga pinsalang binabanggit ng mga apektadong komunidad, alinsunod sa Performance Standards. Sa pagsasagawa nito, kailangang isaalang-alang ng IFC ang mga paraan upang malubos ang positibong impluwensiya nito sa mga may-ari at namumuhunan sa bawat planta, at makapag-ambag sa pagbibigay ng katampatang lunas.</p>
--	--

Mga Rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa Pagbuga ng Greenhouse Gas (GHG) ng mga Inirereklamong Sub-Project

Ayon sa ebidensiyang nakalap, pinondohan ng RCBC ang mga planta nang hindi bineberipika ang pagtalima sa kahingian ng IFC ukol sa pagbawas sa pagbuga ng GHG. Kapag nagbukas na ang mga plantang kasama sa imbestigasyong ito, magbubuga ang mga ito ng tinatayang 40 milyong metrikong toneladang CO₂ taun-taon, at karaniwan, ang mga plantang ito ay tumatakbo sa loob ng 30-40 taon. Dapat tukuyin ng IFC at RCBC ang mga paraan upang mabawasan ang emisyon ng mga umiiral na planta. Sa kontekstong ito, inirerekomenda ng CAO sa IFC ang mga sumusunod:

<p>Mga rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa pagbuga ng GHG ng mga inirereklamong sub-proyekto</p>	<p>Kailangang mamuhunan ng IFC sa isang onsite energy efficiency evaluation na popondohan ng RCBC para sa bawat isang planta upang magrekomenda ng matipid at mabisang pamamaraan upang maibsan ang pagbuga ng CO₂ ayon sa PS3 at EHS Guidelines ng IFC. Ang mga resulta ng pagtatasa ay dapat isiwalat sa publiko, kabilang ang panukala sa pagpapabuti ng alinmang planta. Sa ilang pagkakataon, ang mga ebalwasyon ay hahantong sa habambuhay na pagtitipid sa gastusin sa operasyon ng planta kung kaya ang gastusin sa kapital ay maaaring pasanin ng pangasiwaan. Sa ibang pagkakataon, maaaring isaalang-alang ng IFC ang mga alternatibong paraan ng pagbibigay-pondo upang maitaguyod ang pagpapabuti sa planta, pagbawas sa pagbuga ng GHG, o iba pang kaugnay na gawain. Maaari ring pag-isipan ng IFC ang mahalagang papel nito sa pagtulong sa pribadong sektor na nasa larangan ng enerhiya sa Pilipinas upang makalipat sa produksiyon ng enerhiyang may mababang gamit ng karbon.</p>
--	--

Mga Rekomendasyon ng CAO kaugnay ng Pamumuhunan ng Financial Intermediary ng IFC

Inirerekomenda ng CAO ang mga sumusunod upang matiyak na ang mga natutunan sa imbestigasyong ito ay mailalapat sa iba pang pamumuhunan ng financial intermediary ng IFC upang maiwasan ang paglabag sa mga katulad na kaso sa hinaharap.

<p>Mga rekomendasyon ng CAO sa IFC upang matugunan ang mga salik sa mga paglabag na natuklasan</p>	<p>Upang matugunan ang mga salik sa mga paglabag na natuklasan sa kasong ito, dapat isagawa ng IFC ang mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> i. bago ang inisyal na pamumuhunan nga mga kliyenteng FI na kinakailangang magpatupad ng Performance Standards, magsagawa ng pagsusuri sa gastusin, benepisyo, at implikasyon sa pagtugon sa E&S requirements ng IFC. Kabilang dito ang pagtataya ng kakailanganing kawani para sa pagpapatupad ng ESMS batay sa portfolio size ng FI at ang paglalakip ng panganib sa kapaligiran at lipunan (E&S risk) sa Plano ng Aksiyon para sa Kapaligiran at Lipunan (Environmental and Social Action Plan (ESAP)); ii. bago ang pagbibigay ng pondo, tiyaking napatutupad ng kliyenteng FI ang ESMS na nakaayon sa Performance Standards, bilang pagsunod sa inaasahan sa mga FI na namumuhunan sa mga negosyong may mas mataas na panganib; iii. magsagawa ng sistematikong pagbibigay ng panuto at pag-alalay sa mga kliyenteng FI upang matupad nila ang ESMS sa kanilang sub-proyekto, maging ang paunang pagsusuri sa mga sub-proyekto na may mas mataas na panganib na hindi nakasanayan ito; at iv. obligahing ipalathala sa website ng IFC ang lahat ng sub-proyekto ng mga FI na kailangang tumalima sa IFC Performance Standards ayon sa modelong sinusunod kaugnay ng mga Private Equity investment.
---	--

Pagsukat at Pag-uulat ng Emisyon ng GHG dahil sa FI

Hindi man inoobliga ng kasalukuyang pamantayan ng IFC, subalit bunsod ng pagkakasangkot sa emisyon ng GHG dahil FI portfolio nito at sa mga bagong pamantayang binubuo ng

Taskforce on Financial-Related Climate Disclosures ng Financial Stability Board, dapat isaalang-alang ng IFC na obligahin ang mga kliyenteng FI na sukatin at iulat sa una ang pagbuga ng GHG sa kanilang portfolio sang-ayon sa mabubuting paggawa sa industriya. Kakailanganin ng IFC na bumuo ng mga alituntunin at kasangkapan upang maisagawa ito. Kabilang sa mabubuting paggawa ang pagsisiwalat ng FI at sub-proyekto nito ng Scope 1, 2, at 3 ng GHG emissions alinsunod sa Greenhouse Gas Protocol.¹

Pagsubaybay sa Pagtalima (Compliance Monitoring) ng CAO

Alinsunod sa mga napagkasunduan sa pagpapatupad ng bagong CAO Policy, bubuo ang IFC ng isang Management Action Plan para sa pag-apruba ng Board bilang tugon sa imbestigasyong ito. Susubaybayan ng CAO kung mabisang naipatutupad ang Management Action Plan.

¹ Task Force on Climate-related Financial Disclosure, 2017, Recommendations and Implementation Guidance makukuha sa <https://bit.ly/3D0FvdR>. Greenhouse Gas Protocol, *Technical Guidance for Calculating Scope 3 Emissions* makukuha sa <https://bit.ly/3mSchby>.

Mga Akronim

AEPR	Annual Environment Performance Report (synonymous with Social and Environmental Performance Report, SEPR) (Taunang Ulat ukol sa Paggawang may kinalaman sa Kapaligiran (kasingkahulugan ng Ulat ukol sa Paggawang may kinalaman sa Lipunan at Kapaligiran, SEPR))
CAO	Office of the Compliance Advisor Ombudsman (Tanggapan ng Compliance Advisor Ombudsman)
DOE	Department of Energy (Philippines) (Kagawaran ng Enerhiya (Pilipinas))
DENR	Department of Environment and Natural Resources (Philippines) (Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman (Pilipinas))
ECC	Environmental Compliance Certificate (Philippines) (Sertipiko ng Paggawang may Pagsasaalang-alang sa Kapaligiran (Pilipinas))
E&S	environmental and social (pangkapaligiran at panlipunan)
ECS	Enhance Client Support program (IFC program) (Pinahusay na Programang Nagbibigay-suporta sa Kliyente (programa ng IFC))
EHS	Environmental, Health, and Safety (Pangkapaligiran, Kalusugan, at Kaligtasan)
EIS	Environmental Impact Statement (Pahayag ng Epektong Pangkapaligiran)
EP	Equator Principles
ESAP	Environmental and Social Action Plan (Plano ng Aksiyong Pangkapaligiran at Panlipunan)
ESDD	Environmental and Social Due Diligence (Makatarungang Hakbang na Pangkapaligiran at Panlipunan)
ESMS	Environmental and Social Management System (synonymous with Social and Environmental Management System, SEMS) (Sistema ng Pangangasiwang Pangkapaligiran at Panlipunan (kasingkahulugan ng Sistema ng Pangangasiwang Panlipunan at Pangkapaligiran, SEMS))
ESMR	Environmental and Social Monitoring Report (RCBC prepared) (Ulat ng Pagsubaybay na Pangkapaligiran at Panlipunan (inihanda ng RCBC))
ESRP	IFC's Environmental and Social Review Procedure (Pamamaraan ng Pagsusuring Pangkapaligiran at Panlipunan ng IFC)
FI	financial intermediary (tagapamagitang pampananalapi)
FPIC	Free, Prior, and Informed Consent (Malaya, Nauuna, at Maalam na Kapahintulutan)
FY	fiscal year (taong pampananalapi)
GN	Guidance Note (Tala ng Gabay)
IFC	International Finance Corporation
IP	Indigenous Peoples (Mga Katutubong Mamamayan)
MIGA	Multilateral Investment Guarantee Agency (Multilateral na Ahensiya ng Garantiya sa Pamumuhunan)
MT	Metric tons (Metrikong tonelada)
MW	megawatt
PS	IFC Performance Standards (Pamantayan sa Paggawa ng IFC)
PS1	IFC Performance Standard 1: Assessment and Management of Environmental and Social Risks and Impacts (Pamantayan sa Paggawa ng IFC 1: Pagtukoy at Pangangasiwa ng mga Panganib at Epektong Pangkapaligiran at Panlipunan)

PS3	IFC Performance Standard 3: Resource Efficiency and Pollution Prevention (Pamantayan sa Paggawa ng IFC 3: Mabisang Pagsinop ng Pinagkukunan at Pagpigil sa Polusyon)
PS4	IFC Performance Standard 4: Community Health, Safety, and Security (Pamantayan sa Paggawa ng IFC 4: Kalusugan, Kaligtasan, at Seguridad ng Komunidad)
PS5	IFC Performance Standard 5: Land Acquisition and Involuntary Resettlement (Pamantayan sa Paggawa ng IFC 5: Pagkuha ng Lupa at Sapilitang Pagpapalipat ng Tinitirhan)
PS7	IFC Performance Standard 7: Indigenous Peoples (Pamantayan sa Paggawa ng IFC 7: Mga Katutubong Mamamayan)
RCBC	Rizal Commercial Banking Corporation (kliyente ng IFC)
SII	Summary of Investment Information (IFC investment 2012-present) (Buod ng Impormasyon ukol sa Pamumuhunan (Pamumuhunan ng IFC mula 2012 hanggang kasalukuyan))
SPI	Summary of Proposed Investment (IFC investment 2006-2011) (Buod ng Panukalang Pamumuhunan (Pamumuhunan ng IFC 2006-2011))
SSV	IFC Site Supervision Visit Report (Ulat ng Pagbisita upang Sumubaybay ng IFC)
TOR	Terms of Reference (Mga Tuntunin ng Sanggunian)

Buod ng Proseso ng Pagtalima na Ipinatutupad ng CAO (CAO Compliance Process)

Ang imbestigasyon na ito ng CAO ay isinagawa alinsunod sa Mga Gabay sa Operasyon ([Operational Guidelines](#)) ng CAO (2013). Sa panahon ng imbestigasyon, inaprubahan ng Lupon ng mga Direktor Ehekutibo (Boards of Executive Directors (“Board”)) ng IFC at MIGA ang [IFC/MIGA Independent Accountability Mechanism \(CAO\) Policy](#) (ang “CAO Policy”), epektibo Hulyo 1, 2021, na papalit sa Mga Gabay sa Operasyon (Operational Guidelines) ng CAO. Upang mapadali ang transisyon sa CAO Policy, pumayag ang CAO, IFC, at MIGA sa Transitional Arrangements na nagsasaad na ang imbestigasyong ito ay isasapinal sa ilalim ng Mga Gabay sa Operasyon (Operational Guidelines) ng CAO habang ang bagong CAO Policy ay gagamitin sa paghahanda ng tugon ng IFC sa imbestigasyon at Plano ng Aksiyon ukol sa Pangangasiwa (Management Action Plan).²

Kapag makatanggap ang CAO ng katanggap-tanggap na reklamo, dadaan muna ito sa pagtatasa upang matukoy kung nais ng mga panig na simulan ang dispute resolution o compliance function ng CAO upang matugunan ang reklamo. Kapag nasimulan ang compliance function ng CAO, magsasagawa ang CAO ng pagtatasa sa pagkakasangkot ng IFC/MIGA sa proyekto at tutukuyin kung kinakailangan ng imbestigasyon.

Alinsunod sa Mga Gabay sa Operasyon (Operational Guidelines), nakatuon ang mga pagsisiyasat ukol sa pagtalima (compliance investigation) ng CAO sa IFC/MIGA at kung paano nito siniguro sa sarili nito ang E&S performance ng isang proyekto. Layunin ng CAO pagsisiyasat ukol sa pagtalima (compliance investigation) na masiguro ang pagsunod sa mga polisiya, pamantayan, alituntunin, pamamaraan, at kondisyon para sa pagkakasangkot ng IFC/MIGA, at sa gayong paraan ay mapabuti ang environmental at social (E&S) performance ng institusyon.

Sa konteksto ng CAO pagsisiyasat ukol sa pagtalima (compliance investigation), ang isyu ay kung:

- ang aktuwal na mga E&S outcomes ng isang proyekto ay alinsunod, o taliwas sa, ninanais na resulta ng mga probisyon ng IFC/MIGA policy.
- ang kabiguan ng IFC/MIGA na matugunan ang mga E&S issues bilang bahagi ng pagtatasa o pangangasiwa ay nagresulta sa mga bagay na taliwas sa mga ninanais ng mga probisyon ng polisiya.

Sa maraming kaso, sa pagtatasa ng performance ng isang proyekto at implementasyon ng mga hakbang upang matugunan ang mga kaugnay na kahingian, mahalagang suriin ng CAO ang mga aksyon ng kliyente ng IFC/MIGA at iberipika ang kinalabasan nito sa lugar.

Walang kapangyarihan ang CAO sa mga may kinalaman sa prosesong panghukuman. Ang CAO ay hindi isang court of appeal, o legal enforcement mechanism, o kaya’y kapalit ng mga internasyonal na sistemang panghukuman o mga sistemang panghukuman sa mga host country.

Sa pagsasapinal ng pagsisiyasat ukol sa pagtalima (compliance investigation), at alinsunod sa CAO Policy, bibigyan ang IFC/MIGA ng 50 araw ng trabaho upang maghanda ng management response. Upang matugunan ang mga non-compliance findings ng CAO at kaugnay na pinsala, kung mayroon man, isasama sa management response ang Plano ng Aksiyon ukol sa Pangangasiwa (Management Action Plan (MAP)) na binubuo ng mga remedial na aksyong kailangang tapusin sa takdang panahon na ipinanukala ng IFC/MIGA para sa pag-apruba ng Board. Sa paghahanda ng MAP, kinakailangang kumonsulta ang IFC/MIGA sa mga nagrereklamo at sa kliyente. Kapag inaprubahan ng Board ang MAP, ang

² Tingnan ang (2021) CAO Policy: Transitional Arrangements. Makukuha sa: <https://bit.ly/3qaGZ1o>

ulat ng pagsisiyasat ng CAO, ang management response, at MAP ay ilalathala sa website ng CAO.

Pagkatapos aprubahan ng Board ang MAP, susubaysay ang CAO upang iberipika ang epektibong implementasyon ng mga aksyon na itinakda sa MAP. Hindi isasaalang-alang ng CAO pagsubaybay sa pagtalima (pagsubaybay sa pagtalima (compliance monitoring)) ang mga matutuklasang di-pagsunod na walang katumbas na corrective action sa MAP.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CAO, maaaring pumunta sa www.cao-ombudsman.org.

1. Mga Pamumuhunan ng IFC at Reklamo ng CAO

1.1. Mga Pamumuhunan ng IFC sa Rizal Commercial Banking Corporation

Ang Rizal Commercial Banking Corporation (RCBC, “ang kliyente”) ay isang malaking universal bank sa Pilipinas na nagbibigay ng iba’t ibang pinansiyal na serbisyo kabilang na ang project finance, corporate finance, retail banking, mga credit cards, pangangasiwa ng asset, at mga produkto at serbisyo ng treasury at investment banking. Ang IFC ay gumawa ng maraming pamumuhunan upang suportahan ang RCBC.

Noong Marso 2011, nakuha ng IFC ang 7.2 porsiyentong equity stake sa RCBC sa halagang US\$48.3m.³ Layunin ng pamumuhunan na suportahan ang paglago ng kliyente sa larangan ng microfinance, small medium enterprise (SME), at retail banking. Ngunit, bilang isang equity investment, nakapagbigay ito sa IFC ng eksposyur sa lahat ng mga gawaing pangnegosyo ng RCBC.⁴

Noong Pebrero 2013, bilang bahagi ng Distressed Assets Recovery Program (DARP) ng IFC, namuhunan ang IFC sa isang special purpose vehicle upang makuha at maserbisyuhan ang mga non-performing assets ng RCBC.⁵ Bagamat hindi napataas ng pamumuhunang ito ang pagkasangkot ng IFC sa kliyente, nagkaroon ito ng epekto na mapabuti ang asset quality ng RCBC at mapahintulutan ang RCBC na magbakante ng pondo para sa karagdarang pagpapautang.⁶

Noong Pebrero 2013, nangako ang Asset Management Company (AMC)⁷ ng IFC ng equity stake sa kliyente sa halagang \$100m. Kung pagsasamahin, hawak ng IFC at AMC ang 12.3 porsiyentong equity sa kliyente.⁸ Layunin ng pamumuhunan ng AMC na palakasin ang capital base ng kliyente sa pag-asam ng mas mataas na mga regulatory capital requirement (Basel III) at suportahan ang paglago ng RCBC.

Noong Nobyembre 2014, nagbigay ang IFC sa kliyente ng \$30m pautang upang suportahan ang kapasidad ng kliyente na magpautang sa mga SMEs.⁹ Nabayaran nang buo ang utang na ito sa pagsapit ng Hulyo 2018.

Noong Abril 2015, ibinenta ng IFC ang bahagi ng equity stake nito sa ibang shareholder.¹⁰ Pagkatapos ng transaksyon, kolektibong hawak ng IFC at AMC ang 8 porsiyentong equity sa kliyente.¹¹

³ RCBC Annual Report 2011, page 105. Makukuha sa <https://bit.ly/2likpkd>.

⁴ IFC Disclosure, Summary of Proposed Investment (SPI): project number 30235. Makukuha sa <http://bit.ly/2J0EsQa>

⁵ IFC Disclosure, Summary of Proposed Investment (SPI): project number 31184. Makukuha sa <http://bit.ly/2WXq7cm>.

⁶ Business World Online, Pebrero 26, 2013, *RCBC bad asset, share sale ‘credit positive’*, makukuha sa <https://bit.ly/3smFrAy> RCBC, Pebrero 15, 2013, Letter to Stock Exchange, makukuha sa <https://bit.ly/3sqTJA5>.

⁷ Ang IFC Asset Management Company (AMC) ay isang sangay ng IFC na binuo noong 2009. Kinukuha ng AMC ang lahat ng mga E&S pre-investment reviews at supervision sa IFC.

⁸ IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 32853. Makukuha sa <http://bit.ly/2WXbJkq>; Philstar, Abril 30, 2013, *IFC completes equity investment in RCBC*. Makukuha sa <http://bit.ly/2N1x1gU>.

⁹ IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 34115. Makukuha sa <http://bit.ly/2MWRx75>.

¹⁰ RCBC, April 20, 2015, *RCBC and Cathay Life close equity investment deal*. Makukuha sa <http://bit.ly/2lvPog3>.

¹¹ Reuters, August 8, 2016, *Philippine’s bank used in Bangladesh heist wins shareholder support*. Makukuha sa <https://reut.rs/2x9yEyw>.

Noong Nobyembre 2015, namuhunan ang IFC ng \$50 million sa RCBC sa pamamagitan ng public bond issue.¹²

1.2. Ang Lapit ng IFC sa Financial Intermediary Environmental and Social Risk Management

Makapal ang portfolio ng pamumuhunan ng IFC sa mga financial intermediaries (FI), kabilang ang mga bangkong pangkomersiyo, kumpanya ng seguro, kumpanyang nagpapautang, at mga pribadong equity funds. Nakatutulong ang mga pamumuhunang ito sa pagpapalakas ng domestikong kapital at mga pinansiyal na merkado. Pinopondohan ng mga kliyente ng IFC FI ang magkakaibang mga sub-proyekto¹³ na may mga gawaing pangnegosyong sumasaklaw sa pagpapautang sa konsumer, mga SMEs, pati na rin mga malalaking korporasyon. Pinopondohan ng mga kliyente ng IFC FI ang mga negosyong ito sa pamamagitan ng mga magkakaibang kaparaanang pinansyal kabilang ang project finance, corporate finance, consumer finance, housing finance at trade finance.¹⁴

Ang 2006 IFC Policy sa Environmental and Social Sustainability (Sustainability Policy) ay magagamit sa pamumuhunan ng IFC sa RCBC noong 2011. Simula 2012, ang 2012 Sustainability Policy ay magagamit sa mga dagdag na mga pamumuhunan ng IFC sa, at sa pangangasiwa ng, RCBC. Sa 2006 at 2012 Sustainability Policy nito, binanggit ng IFC na ang prinsipyo ng “do no harm” ay pangunahin sa misyon nito sa pagpapaunlad. Nangako ang IFC na “tiyaking ang kapalit ng ekonomikong pag-unlad ay hindi magpapahirap sa mga mahihirap o walang kapangyarihan, hindi mapapasama ang kapaligiran, at epektibong mapapamahalaan at mapapanatili ang likas na yaman.”¹⁵

Upang matugunan ang mga kasunduang ito, kinailangan ng IFC ang mga kliyente nito na gamitin ang mga sumusunod na IFC E&S requirements (tinukoy rin bilang Applicable Performance Requirements) sa mga gawaing pangnegosyo – kilala rin bilang mga “sub-proyekto” – na popondohan ng FI ang: (a) Talaan ng mga Di-kasali (Exclusion List) ng IFC;¹⁶ (b) naaangkop na mga E&S requirements sa ilalim ng batas pambansa; at (c) Performance Standards ng IFC¹⁷ kapag pinopondohan ang mga gawaing pangnegosyong may mas mataas na panganib.¹⁸ Upang magamit ang mga E&S requirements ng IFC, kinailangan ng IFC ang mga kliyente nito na bumuo ng Environmental and Social Management System (ESMS) upang

¹² IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 37489. Makukuha sa <http://bit.ly/2RrC0WQ>.

¹³ Sa ulat na ito ng CAO, ang terminong “proyekto” ay pamumuhunan ng IFC sa RCBC. Ang terminong ‘sub-project’ o ‘borrower’ ay tumutukoy sa pamumuhunan ng RCBC sa ispesipikong gawaing pangnegosyo (hal., planta ng kuryente), malaking korporasyon, negosyong SME, atbp.)

¹⁴ IFC (2012) Interpretation Note on Financial Intermediaries. Ang binagong bersyon (2018) nito ay makukuha sa <https://bit.ly/3m2aC0f>.

¹⁵ IFC Sustainability Policy (2006), para. 8. Parehong paggamit ng mga salita sa IFC Sustainability Policy (2012), para. 9.

¹⁶ Tinutukoy ng Talaan ng mga Di-kasali ng IFC (IFC Exclusion List) ang uri ng proyekto, mga gawaing pangnegosyo at mga E&S risks na hindi pinopondohan ng IFC. Makukuha sa <https://bit.ly/3ihL8sW>.

¹⁷ Ang IFC Performance Standards (2012) ang pinakamatataas na E&S requirements kabilang ang PS 1: Assessment and Management of Environmental and Social Risks and Impacts; PS 2: Labor and Working Conditions; PS3: Resource Efficiency and Pollution Prevention; PS4: Community Health, Safety, and Security; PS5: Land Acquisition and Involuntary Resettlement; PS 6: Biodiversity Conservation and Sustainable Management of Living Natural Resources; PS7: Indigenous Peoples; at PS8: Cultural Heritage.

¹⁸ IFC Sustainability Policy (2012), para. 35. IFC Sustainability Policy (2006), para. 28. Kinailangan ng IFC na gamitin ng FI ang PS sa mga sub-proyekto na may ‘significant risks’.

matasa at mapamahalaan ang mga E&S risks at impacts ng mga sub-proyekto na pinopondohan ng FI.¹⁹

Upang magamit ang mga E&S requirements ng IFC sa mga gawaing pangnegosyong may mas mataas na panganib, sa pamamagitan ng ESMS, ang FI ay kailangang: (i) magsagawa ng E&S due diligence sa mga sub-proyekto upang matiyak na natutugunan nito ang mga kaugnay na IFC Performance Standards; (ii) makabuo ng angkop na E&S Action Plans (ESAP) upang matugunan ang mga Performance Standards; (iii) kailanganin ang mga sub-proyekto na may mas mataas na E&S risks na sumunod sa mga Performance Standards sa pamamagitan ng kasunduan sa pautang sa pagitan ng FI; (iv) pangasiwaan ang pagsunod ng sub-proyekto sa mga E&S provisions at kondisyon sa pamumuhunan upang maipakita ang pagsunod sa mga Performance Standards; at (v) regular na mag-ulat sa senior management ng FI tungkol sa mga E&S risks sa portfolio level at mga indibidwal na mga sub-proyekto, kung kinakailangan.²⁰

Upang maipatupad ang Patakaran ukol sa Paggawang Isinasaalang-alang ang Susunod na Henerasyon (Sustainability Policy), mayroong Environmental and Social Review Procedures (ESRPs) ang IFC na naglalaman ng mga detalyadong pamamaraan na susundin ng mga kawani ng IFC kapag nagsasagawa ng pagtatasa ng E&S bago ang pamumuhunan (E&S pre-investment review) ng IFC at pangangasiwa ng mga kliyente ng FI. Ayon sa ESRPs, bilang bahagi ng pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng IFC, tatasahin ng IFC kung ang FI ay may hustong ESMS na may sapat na kapasidad na ipatupad ang mga E&S requirements ng IFC. Sa panahon ng pangangasiwa nito, susubaybayan ng IFC ang implementasyon ng FI ng ESMS sa pamamagitan ng taunang pagsusuri at pagbisita sa lugar upang matukoy kung epektibo ang FI sa paggamit ng Applicable Performance Requirements ng IFC (tingnan ang larawan 1 sa ibaba).²¹

Larawan 1. Aplikasyon ng E&S Requirements ng IFC sa mga Sub-Project ng FI

Hinahanap ng IFC na ipatupad ng RCBC ang:

- Pagtalima sa ESMS upang mapormalisa ang Pamantayan sa Paggawa (Performance Standards) sa mga sub-proyekto ng RCBC sa mga gawain nitong may mas mataas na panganib.



Hinahanap ng RCBC na ang mga sub-proyekto nito ay:

- maipatupad ang aplikableng pambansang batas pangkapaligiran at panlipunan (E&S).
- maipatupad ng mga may mas mataas na panganib (hal., Kategoriya A or Kat B) ang kaugnay na Performance Standards.



Tinatasa ng IFC:

- ang ESMS ng RCBC upang matiyak na napopormalisa ang Performance Standards sa mga pinondohang sub-proyekto

Nagsasagawa ang RCBC ng:

- pagtatasa at pagsubaybay sa indibidwal na transaksyon upang matiyak na ang mga sub-proyekto ay nakatatalima sa kaugnay na Performance Standards at aplikableng pambansang batas pangkapaligiran at panlipunan (E&S).

1.3. Ang Reklamo

Noong Oktubre 2017, nakatanggap ang CAO ng reklamo kaugnay ng pamumuhunan ng IFC sa RCBC mula sa Philippine Movement for Climate Justice (PMCJ) bilang kinatawan ng alyansa ng mga organisasyon ng mga nagmamalasakit na mamamayan ng Pilipinas na

¹⁹ Para sa iba pang detalye tungkol sa aspeto ng ESMS, tingnan ang IFC Performance Standard 1, IFC Interpretation Note for Financial Intermediaries, at IFC's First for Sustainability, makukuha sa <https://goo.gl/2YywpP>.

²⁰ IFC (2012) Interpretation Note on Financial Intermediaries. Ang binagong bersyon (2018) nito ay makukuha sa <https://bit.ly/3m2aC0f>.

²¹ IFC Sustainability Policy (2006) para 27-29. IFC Sustainability Policy (2012) para 33-35.

lumalaban sa climate change.²² Ang reklamo na sinusuportahan ng dalawang non-governmental organizations (NGOs) ay isinampa sa ngalan ng ilang komunidad na naninirahan malapit sa 19 na aktibo o ipinanukalang planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Nakasaad sa reklamo na nagbigay umano ng suportang pinansiyal ang RCBC sa 19 na planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon nang walang kasiguruhan na pagaganahin ang mga ito alinsunod sa Performance Standards ng IFC, at may malala umanong mga E&S impacts at risks kaugnay ng mga plantang na inilalarawan sa ibaba:

- i. Nakasaad sa reklamo na may serye ng mga E&S risks at impacts sa antas ng komunidad na nagmumula sa mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon na pinondohan ng RCBC. Hindi lahat ng epekto ay sinasabing sabay-sabay sa lahat ng mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon, ngunit mapapansin ang pagkakasabay-sabay ng mga ito. Tulad ng ipinakita sa reklamo, kabilang sa umano'y lokal na E&S risks at impacts ang:
 - a. *Kawalan ng, o di sapat na, konsultasyon sa publiko at mga mekanismo para sa pagpapaabot ng mga hinaing:* Sinasabi ng mga nagrereklamo na hindi sila sinabihan nang maayos o kinonsulta tungkol sa mga planta ng kuryente sa kanilang mga lokalidad at wala silang alam na mga mekanismo kung saan maaaring ipaabot ng komunidad ang kanilang mga hinaing at matugunan ang mga ito;
 - b. *Polusyon sa tubig at hangin dulot ng abo ng karbon na nakakaapekto sa kalusugan ng pamayanan:* Sinasabi ng mga nagrereklamo na may epekto sa paghinga at iritasyon sa balat na pinaniniwalaang dulot ng kontaminasyon ng abo ng karbon sa hangin at tubig;
 - c. *Di-boluntaryong paglipat ng tirahan nang walang sapat na kabayaran o kondisyon:* Sinasabi sa reklamo na pinaalis ang mga komunidad upang maipasok ang mga planta ng kuryente, nang walang sapat na kabayaran at mahirap ang kondisyon sa mga lugar na paglilipatan;
 - d. *Epekto sa kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda:* Sinasabi ng mga nagrereklamo ang umano'y epekto sa kabuhayan dahil sa kontaminasyon sa mga pananim na dulot ng abo ng karbon, polusyon sa dagat at mga pangisdaan, at sa ilang mga kaso na dulot ng pisikal na pagpapaalis sa lugar;
 - e. *Epekto sa biodiversity:* Kabilang sa mga hinaing na may kinalaman sa biodiversity ang epekto ng proyekto sa mga bakawan, mga bahura, damong-dagat, tirahan ng mga isda, at iba pa;
 - f. *Pagkuha sa mga katutubong lupain at pagpapaalis sa lugar:* Sinasabi sa reklamo ang umano'y pagpapaalis sa mga katutubo nang walang Free, Prior, and Informed Consent (FPIC), at paglimita sa mga Indigenous Peoples na mapasok ang katutubong lupain.

Ang pinakakaraniwan at pinakamahalagang isyung binanggit sa reklamo ay may kaugnayan sa epekto sa kalusugan ng pamayanan at kabuhayan. Sa pangkalahatan, inihayag ng mga nagrereklamo ang banta sa, at pananakot sa, mga aktibista sa komunidad na tutol sa mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon sa Pilipinas, at partikular sa mga planta ng kuryenteng binanggit sa reklamo. Ayon sa reklamo, sa due diligence at pangangasiwa nito ng mga pamumuhunan sa RCBC, isinaalang-alang dapat

²² Ang reklamo sa CAO ay makukuha sa <http://bit.ly/2N23fsr>.

ng IFC ang mga kontekstuwal na panganib na ito. Para sa mga miyembro ng komunidad at mga nagtatanggol sa kalikasan na tutol sa mga planta ng kuryente, ang sitwasyong panseguridad ay isang malaking usapin at ang dahilan kung bakit hinihiling ng mga nagrereklamo ang pagiging kumpidensyal ng pagsasampa ng kaso sa CAO.


- ii. Iniuugnay ng reklamo ang pagpapatayo ng mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon sa mas malawak na usapin hinggil sa epekto ng climate change sa Pilipinas at sa mga residente nito, kabilang na ang mga pumirma sa reklamo. Nababahala ang mga nagrereklamo na ang pagbuga ng carbon dioxide mula sa mga planta ng kuryente ay magpapalala sa global na epekto ng climate change kung saan isa ang Pilipinas sa mga matinding naapektuhan. Partikular na binanggit sa reklamo na ang Pilipinas ay palaging nasa listahan ng sampung mga bansa sa mundo na matinding naapektuhan ng climate change.
- iii. Sa antas ng FI, sinasabi sa reklamo na wala umanong ESMS ang RCBC na tumutugma sa antas ng panganib sa portfolio nito at hindi nito ginagamit ang Performance Standards ng IFC sa mga sub-proyekto nitong may mas mataas na panganib.
- iv. Kaugnay ng IFC, inilabas sa reklamo ang mga usapin: (a) na hindi binanggit ng IFC sa website nito ang mga sub-proyekto na pinondohan ng mga bangkong pangkomersiyong sinusupportahan ng IFC; (b) tungkol sa pangangasiwa ng IFC ng E&S performance ng RCBC kaugnay ng mga pamumuhunan nito sa sektor ng karbon; at (c) tungkol sa pagsunod ng IFC sa mga polisiya at pamamaraan nito kaugnay ng mga pamumuhunan nito sa RCBC.

Desisyon sa Eligibility

Noong Nobyembre 2017, sinabi ng CAO na katanggap-tanggap ang reklamo kaugnay ng 8 sa mga 19 na umiiral o ipinanukalang planta ng kuryente.²³ Noong Marso 2018, sinabi ng CAO na katanggap-tanggap ang reklamo kaugnay ng 3 pang planta ng kuryente. Kung pagsasamahin, ang kabuuang bilang ng mga komunidad na may katanggap-tanggap na reklamo ay 11 na kaugnay ng 11 planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon (“mga inirereklamong sub-proyekto”). Ang lokasyon ng mga inirereklamong sub-proyekto ay makikita sa Larawan 2. Sinasabi ng CAO na katanggap-tanggap ang reklamong ito dahil pinondohan ng RCBC, o pumayag itong pondohan kasama ang ilang pinansiyal na institusyon, ang 11 inirereklamong sub-proyekto. Sinasabi ng CAO na hindi naabot ng natitirang 8 planta ang mga pamantayan sa eligibility para sa paglahok ng CAO.

²³ Tingnan ang Assessment Report ng CAO, Abril 2019, para sa kumpletong listahan ng mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon at ang desisyon sa eligibility. Makukuha sa <https://bit.ly/30BV5ZS>.

Larawan 2: Mapa ng mga Inirereklamong Sub-Project



1.4. Sakop ng CAO Investigation

Alinsunod sa 2013 Mga Gabay sa Operasyon (Operational Guidelines) ng CAO, ang ulat na ito ang magdodokumento sa mga compliance findings na may kinalaman sa E&S review ng IFC at pangangasiwa ng mga pamumuhunan nito sa RCBC at aalam sa pagkakaroon ng masamang epektong pangkalikasan at/o panlipunan, kabilang na ang lawak nito na mapapatunayang may kaugnayan sa proyekto at sub-proyekto. Isasaalang-alang din nito ang mga nakapaloob na dahilan ng mga matutukoy na di-pagsunod.

Ang sakop ng imbestigasyon na ito ay natukoy sa Terms of Reference (TOR) na inilabas ng CAO noong Nobyembre 2019.²⁴ Tulad ng itinakda sa Terms of Reference, isasaalang-alang ng imbestigasyon kung ang pamumuhunan ng IFC sa RCBC ay natasa, nabalangkas, at

²⁴ CAO Investigation Terms of Reference, makukuha sa <http://bit.ly/38CXoAN>.

napangasiwaan alinsunod sa mga naaangkop na polisiya, pamamaraan, at pamantayan ng IFC.

Itinakda sa TOR ang mga sumusunod na tanong na sasagutin ng imbestigasyon:

1. kung ang mga pre-investment E&S reviews ng mga kliyente ng IFC ay tumutugma sa panganib at naglatag ng mga makatotohanang ekspektasyon na matutugunan ng kliyente ang mga E&S requirements ng IFC sa loob ng napagkasunduang panahon;
2. kung ang pangangasiwa ng IFC ng kliyente, kabilang na ang pagpoproseso ng IFC ng karagdagang mga pamumuhunan, ay may kasamang sapat na konsiderasyon sa implementasyon ng kliyente ng E&S requirements ng IFC at pagbuo ng E&S risk profile ng pagpapautang ng kliyente;
3. kung tumugon nang sapat ang IFC sa mga E&S concerns sa antas ng sub-proyekto na binanggit sa reklamo sa CAO; at,
4. kung ang lapit ng IFC sa mga pamumuhunan nito ay naaayon sa climate change at greenhouse gas (GHG) mitigation requirements sa ilalim ng mga kaugnay na polisiya, kabilang ang Sustainability Policy, Performance Standards, at EHS Guidelines.

1.5. Metodolohiya para sa CAO Investigation

Ang investigation team ay binubuo ng mga kawani ng CAO at isang panlabas na panelist. Ang panlabas na panelist ng CAO ay isang inhinyero na may kadalubhasaan sa pagtatasa ng mga malalaking planta ng kuryente at espesyalista sa Environmental and Social Management Systems (ESMS) para sa FIS.

Nagplano ng site visit ang CAO sa Pilipinas noong Marso 2020 upang makilala ang kliyente at ang kanilang mga opisina sa Manila at mabisita ang isang inirereklamong sub-proyekto Ngunit, dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha na isinagawa ng World Bank Group bilang tugon sa global na pandemyang dulot ng COVID-19, kailangang kanselahin ng CAO ang pagbisitang ito. Nagpatuloy ang CAO sa paghahanda ng ulat na ito batay sa: (a) pagsusuri ng IFC at ibinigay na dokumentasyon ng kliyente kaugnay ng mga pamumuhunan ng IFC sa RCBC at ang 11 inirereklamong sub-proyekto; (b) pagsusuri ng mga impormasyong maaaring gamitin ng publiko; (c) mga pahayag ng epekto sa kapaligiran at iba pang dokumentasyon ng pagtatasa mula sa ibang inirereklamong sub-proyekto; at (d) interbyu sa mga kawani ng IFC, mga nagrereklamo, kliyente, at iba pang stakeholders. Sa maraming pagkakataon, walang akses ang CAO sa operational monitoring data ng planta ng kuryente na kailangan sa imbestigasyon na ito, kabilang na ang datos sa pagbubuga ng hangin at kalidad ng tubig, pagtatapon at pag-iimbak ng abo ng karbon, at mga hakbang sa pagtitipid ng kuryente na binalangkas sa IFC EHS Guidelines on Thermal Power (Talahanayan 4 hanggang 7).²⁵

Kasama sa mga kasunduan sa pamumuhunan sa pagitan ng IFC at RCBC ang mga probisyon para makuha ng CAO ang mga dokumentasyon ng RCBC, na may kaugnayan sa gampanin ng CAO bilang Independent Accountability Mechanism ng IFC. Sa panahon ng imbestigasyon na ito, humiling ng mga impormasyon ang CAO sa RCBC, kabilang na ang akses sa E&S documentation kaugnay ng mga inirereklamong sub-proyekto (RCBC due diligence at mga ulat sa pangangasiwa, E&S assessment ng mga inirereklamong sub-proyekto, at E&S covenants na kabilang sa mga kasunduan ng RCBC sa mga inirereklamong sub-proyekto). Ngunit, hindi pumayag ang RCBC na bigyan ang CAO ng akses sa dokumentasyon nito dahil

²⁵ IFC EHS Guidelines for Thermal Power Plants, 2008. Makukuha sa <http://bit.ly/3349yiy>.

sa pagiging kumpidensyal ng mga kasunduan sa mga sub-proyekto nito at sa Philippines Data Privacy Act.

Isinasaalang-alang ng imbestigasyon ang performance ng IFC kaugnay ng mga kahingian ng 2006 at 2012 Sustainability Framework ng IFC na kailangan sa magkakaibang yugto ng relasyon sa pamumuhunan. Binubuo ang balangkas na ito ng 2006 at 2012 Policy on Environmental and Social Sustainability ("the Sustainability Policy") ng IFC, 2006 at 2012 Performance Standards ng IFC, at 2006 Policy on Disclosure of Information ("Disclosure Policy") at 2012 Access to Information Policy (AIP) ng IFC.

Sa pagsasaalang-alang sa E&S performance kaugnay ng mga pamumuhunan nito sa RCBC, nababatid ng CAO na hindi dapat nito asahan ang IFC na kumilos batay sa karanasan. Bagkus, ang tanong ay kung may ebidensyang ginamit ng IFC ang ilang kinakailangang kahingian nang may pagsasaalang-alang sa mga pinagmumulan ng impormasyon nang mga panahong iyon. Ibabatay ng ulat ng imbestigasyon na ito ang mga magiging kongklusyon nito sa mga makakalap na impormasyon ng CAO.

2. Analisis at mga Napag-alaman

Sangayon sa mga tanong sa Terms of Reference para sa imbestigasyong ito, ang Seksiyon 2 ay nahahati sa tatlong bahagi. Ang Seksiyon 2.1 ay nagbibigay ng buod sa pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng IFC (2010-2011); ang Seksiyon 2.2 ay nagbibigay ng buod sa pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng karagdagang pamumuhunan ng IFC (2012-2015), pangkalahatang superbisyon ng IFC (2011-kasalukuyan), at tugon ng IFC sa reklamo sa CAO; at ang Seksiyon 2.3 ay nagbibigay ng buod sa lapit ng IFC sa mga pamumuhunan ng RCBC na may kinalaman sa pagtugon sa climate change.

2.1. Pagtatasa bago ang Pamumuhunan (Pre-Investment Review) at mga Risk Mitigation Measures ng IFC

Bago mamuhunan sa isang FI, sinusuri ng IFC ang E&S risks at impacts ng mga ipinanukalang pamumuhunan at sumasang-ayon sa FI sa mga hakbang upang maiwasan ang mga ito. Isinasaalang-alang sa seksyon na ito ang pre-investment E&S review ng IFC para sa una nitong pamumuhunan sa RCBC.

2.1.1. Mga Kahingian bago ang Pamumuhunan (Pre-Investment Requirements)

Isinagawa ng IFC ang unang pamumuhunan nito sa RCBC noong 2011 sa ilalim ng 2006 Sustainability Framework ng IFC.

Pangunahin sa pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) nito ng mga pamumuhunan sa FI, kinakailangan ng 2006 Sustainability Policy ng IFC ang IFC na suriin ang “negosyo ng mga kliyente ng FI nito upang matukoy ang mga gawain kung saan magkakaroon ng eksposur ang FI sa mga panlipunan at pangkapaligirang panganib bilang resulta ng pamumuhunan.²⁶ Base sa gawaing pangnegosyo ng kliyente at ang laki ng natukoy na E&S risk, ikinakategorya ng IFC ang E&S risk ng pamumuhunan.²⁷

Nakasaad sa Sustainability Policy ng IFC na responsibilidad ng IFC na tiyakin sa sarili nito na ang kliyente ng FI ay may ESMS na may sapat na kapasidad na gamitin ang E&S requirements ng IFC sa mga sub-proyekto nito. Ang pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng IFC ay mahalagang salik sa desisyon nitong pondohan, at tinutukoy nito ang sakop ng E&S requirements ng IFC. Kinakailangan ng IFC na magsagawa ng E&S review na “naaayon sa kalikasan at laki ng proyekto, at tumutugma sa antas ng mga panganib at epektong panlipunan at pangkapaligiran.”²⁸ Nangangako ang IFC na hindi nito popondohan ang bagong gawaing pangnegosyong hindi makakatugon sa mga Performance Standards ng IFC sa loob ng makatwirang panahon.²⁹

²⁶ IFC Sustainability Policy (2006), para. 28.

²⁷ Ikinategorya ng IFC ang E&S risk ng mga pamumuhunan nito sa mga gawaing pangnegosyong may mataas na epekto sa Kategoriya A (high risk), Kategoriya B (medium risk) and Kategoriya C (low risk). Ayon sa 2006 Sustainability Policy ng IFC, ang pamumuhunan ng IFC sa isang financial intermediary ay ikinategorya bilang FI. Tingnan ang IFC Sustainability Policy (2006), para. 18 para sa mga karagdagang detalye at depinisyon ng bawat kategoriya. Mula 2012, ayon sa 2012 Sustainability Policy ng IFC, ang mga pamumuhunan ng IFC sa isang financial intermediary ay ikinategorya bilang FI-1 (high risk), FI-2 (medium risk) at FI-3 (low risk). Tingnan ang IFC Sustainability Policy (2012), para 40 para sa karagdagang detalye.

²⁸ IFC Sustainability Policy (2006), para. 13.

²⁹ IFC Sustainability Policy (2006), para. 5, 17, 27-29.

Kinakailangang suriin at subaybayan ng kliyente ng IFC FI ang mga E&S risks na nauugnay sa mga negosyong pinopondohan nito sa pamamagitan ng ESMS nito.³⁰ Kung may umiiral na ESMS ang FI, susuriin ng IFC ang kapasidad at track record ng implementasyon nito upang matukoy ang mga puwang sa E&S requirements ng IFC. Para sa mga FI na nagpopondo sa mga sub-proyekto na may limitadong E&S risks, kinakailangan ng IFC ang FI na magkaroon ng ESMS upang matiyak na hindi sinusuportahan ng mga sub-proyekto ang mga gawain ng Talaan ng mga Di-kasali ng IFC (IFC Exclusion List) at tumutugon ito sa mga naaangkop na E&S national laws. Para sa mga FI na sumusuporta sa mga gawaing may mataas na E&S risks, kailangang tiyakin ng ESMS ng FI na ginagamit ng mga sub-proyektong ito ang Performance Standards ng IFC.³¹ Kasama sa paggamit ng Performance Standards ng IFC ang pagsunod sa mga IFC EHS Guidelines na partikular sa ilang sektor. Para sa mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon, ang mga ito ang EHS Guidelines for Thermal Power Plants ng IFC at General EHS Guidelines ng IFC.³²

Kung pinopondohan ng FI ang mga sub-proyekto na may mataas na E&S risks (hal., malalaking imprastruktura o mga extractive sector projects), nakasaad sa Environmental and Social Review Procedures (ESRPs) ng IFC na may karapatan ang IFC na suriin ang mga unang gawaing pagpopondo ng FI upang matiyak na matatag ang ESMS ng FI.³³ Kung may makikitang mga puwang ang pagtatasa sa E&S bago ang pamumuhunan (E&S pre-investment review) sa ESMS ng FI at kung pinopondohan ng FI ang mga sub-proyektong may mataas na E&S risks, kinakailangan ng ESRP na mapunan ang mga puwang na ito bago pormal na makipagkasundo ang IFC o bilang kondisyon ng pagbabayad ng IFC.³⁴

Ipinapakita sa Annex A ang mga karagdagang detalye tungkol sa policy at procedural requirements ng IFC para sa pagtatasa sa FI bago ang pamumuhunan (FI pre-investment review).

2.1.2. Pagtatasa bago ang Pamumuhunan (Pre-Investment Review) ng IFC (2010-2011) at Pagsusuri ng CAO ukol sa Pagtalima (CAO Compliance Analysis)

Pagkakategorya ng mga Panganib at Pagtukoy sa mga E&S Requirements

Ang pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng IFC para sa unang equity investment nito sa RCBC ay nagsimula noong 2010. Bilang bahagi ng due diligence nito, nagsagawa ang mga kawani ng IFC E&S ng dalawang linggong pagbisita sa kliyente noong Oktubre 2010. Ngunit, hindi bumisita ang mga kawani ng IFC E&S sa lugar. Bagkus, sumama ang mga kawani ng IFC E&S sa ilang mga pulong sa kliyente sa pamamagitan ng mga conference calls na ang isang oras ay nakalaan upang pag-usapan ang mga E&S policies at procedures ng kliyente. Sinuri ng IFC ang lapit ng kliyente sa E&S risk management at ang portfolio nito upang maunawaan kung saan kasangkot ang kliyente sa mga E&S risks.

Binigyang-pansin ng IFC na ang kliyente ay isang universal bank sa Pilipinas na may mga pamumuhunan sa mga project at corporate, consumer, at SME finance.³⁵ Idinokumento ng

³⁰ Ang terminong Social and Environmental Management System (SEMS) ay ginamit bago ang 2012. Ang terminong ito ay kasingkahulugan ng ESMS, na ginamit sa ulat na ito.

³¹ IFC Sustainability Policy (2006), para. 28. Bilang nauugnay sa post-2012 na pamumuhunan ng IFC sa RCBC, sa ilalim ng binagong IFC Sustainability Policy (2012), kinailangan ng IFC ang mga kliyente ng FI nito na gamitin ang Performance Standards (2012) para sa “gawaing pangnegosyong may mas mataas na panganib” na kanilang pinopondohan (para. 35). Nililinaw ng Interpretation Note for FIs (2012) ng IFC na ito ay mga sub-proyekto kasama ang Kategorya A o B risks at impacts.

³² IFC EHS Guidelines Thermal Power Plant (2008), makukuha sa <http://bit.ly/3349vjy>.

³³ IFC ESRP 2009/2010 na bersyon, para 7.2.10)

³⁴ IFC ESRP 2009/2010 na bersyon, para 7.2.19)

³⁵ IFC Disclosure, Summary of Proposed Investment (SPI): project number 30235. Makukuha sa <http://bit.ly/2J0EsQa>.

loan portfolio review ng IFC ang mga sumusunod na alokasyon ng mga pautang: Corporate (60 porsiyento), Consumer (35 porsiyento), at SME (5 porsiyento). Sa usapin ng sektor ng ekonomiya, ang pinakamalaking pagkakasangkot ng kliyente ay nasa pagmamanupaktura (20 porsiyento), real estate (12 porsiyento) at kuryente, gas, at tubig (8 porsiyento).³⁶ Pinaninindigan ng IFC na ang pamumuhunan nito ay makakatulong sa paglago ng bangko sa microfinance, SME, at retail banking. Ngunit, bilang isang equity investment, nasasangkot ito sa kabuuang portfolio ng RCBC.³⁷

Batay sa portfolio review nito, natukoy ng IFC ang mga sumusunod na Applicable Performance Requirements na kailangang maipatupad ng RCBC: Exclusion List ng IFC, naaangkop na mga batas pambansa at regulasyon, at Performance Standards ng IFC.

Nakita ng CAO na inuri nang tama ng IFC ang pamumuhunan bilang FI at ginamit ang mga angkop na mga E&S requirements.

Pagtukoy at Pagbawas ng Panganib sa E&S (E&S Risk Identification at Mitigation)

Ang seksyon na ito ang nagbubuod sa pagtatasa ng IFC ng E&S risk sa portfolio ng RCBC, at ang lapit nito sa pamamahala ng nasabing panganib.

May iba't ibang mga salik na ginawang mapanghamon ang pamumuhunan ng IFC sa RCBC mula sa perspektibo ng E&S. Binanggit sa dokumentasyon ng pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng IFC na walang ESMS ang kliyente o mga kawaning nakatuon sa pamamahala ng mga E&S risks ng mga pamumuhunan nito. Sa paghahain ng pamumuhunan na ito sa pangasiwaan at sa Board, pinaninindigan ng mga kawani ng IFC na ang inaasahang epekto ng debelopment ng pamumuhunan nito ay ang pagbubuo at implementasyon ng RCBC ng isang ESMS na makakatulong sa pagpapalakas ng pamamahala ng E&S nito at ibang gawain sa pagbabangko sa Pilipinas.

Ginawa ang pamumuhunan ng IFC sa panahon ng mabilis na paglago sa sektor ng enerhiya ng karbon sa Pilipinas at pagkakaroon ng kliyente ng mga pamumuhunan sa mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon, kabilang na ang pagtatayo ng mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon (para sa konteksto ng sektor at bansa tingnan ang Annex C). Bagamat inilalarawan ng investment approval documentation ng IFC ang portfolio ng kliyente sa usapin ng pinansiyal na analisis, ang katulad na analisis ay hindi inihain sa usapin ng E&S risk. Kapansin-pansin na ang pinakamalaking portfolio exposure ng kliyente (pagmamanupaktura, real estate, at kuryente, gas, at tubig) ay likas na may mga E&S risks.

Upang matugunan ang E&S requirements ng IFC, nagkasundo ang IFC at ang kliyente sa E&S Action Plan noong 2011 (tingnan sa Annex B). Bago ang legal na pakikipagkasundo ng IFC sa pamumuhunan, kinakailangan ang kliyente na: (a) humirang ng isang ESMS officer; (b) bumuo ng isang E&S Policy; at (c) gawing pormal ang ESMS implementation plan.

Isinama rin ng ESAP ang mga sumusunod na kahingian na kailangang maibigay sa pagitan ng 120 at 210 araw pagkatapos ng kasunduan: (a) bumuo ng mga ESMS procedures at implementation guidelines; (b) sanayin ang mga kawani; (c) isama ang E&S criteria sa management information system; (d) gamitin ang Applicable Performance Requirements ng IFC sa mga bagong pautang at pamumuhunan; at (e) gamitin ang Applicable Performance Requirements ng IFC sa mga umiiral na pautang at puhunan. Kapag ipinanukala ng IFC na gumawa ng pautang o pamumuhunang maaaring may mataas na E&S risk (isang gawain na

³⁶ RCBC 2010, Annual Report, page 83. Makukuha sa <https://bit.ly/30pxIoC>.

³⁷ IFC Disclosure, Summary of Proposed Investment (SPI): project number 30235. Makukuha sa <http://bit.ly/2J0EsQa>.

nasa Kategoriya A), kinakailangan ng IFC na kaagad sabihan ng kliyente ang IFC sa pamamagitan ng sulat at magbigay ng mga impormasyong hinihingi ng IFC.

Inaprubahan ng IFC Board ang pamumuhunan noong Disyembre 2010 at legal na nakipagkasundo rito ang IFC noong Marso 2011, at nakumpleto ang pagbabayad 8 araw pagkatapos. Bago nakipagkasundo ang IFC, humirang ang kliyente ng isang ESMS officer, isinapinal ang E&S Policy batay sa IFC template document, at naghanda ng ESMS implementation plan, kung kaya't natugunan nito ang mga ESAP requirements bago ang kasunduan.

Sumang-ayon ang ESAP sa kliyente sa higit na detalyado at mas ispesipikong performance requirements kaysa sa iba pang pamumuhunan ng IFC FI na isinagawa sa panahong ito. Gayunpaman, hindi ito alinsunod sa pamamaraan ng pagsusuri ng IFC sa mga pangunahing aspeto.

Una, kinailangan ng IFC ESRP (re) ang IFC na: “tumukoy ng anumang aksyon ng ESMS na kailangang isagawa ng kliyente upang mapunan ang mga puwang sa mga bahaging ito upang masiguro ang pagsunod sa Applicable Performance Requirements.” Kung may matutukoy na mga puwang ang IFC sa ESMS ng FI at pinopondohan ng FI “ang mga proyektong maaaring may mataas na E&S risks o risk exposure sa IFC [, puwang sa ESMS] ay kailangang mapunan upang masiguro ang pagsunod sa mga Applicable Performance Requirements bago pormal na makipagkasundo ang IFC o bilang isang kondisyon ng pagbabayad ng IFC.” Tulad ng nakabalangkas sa itaas, may natukoy ang IFC na ilang mga puwang sa ESMS ng kliyente na kinakailangang matugunan, ngunit naka-iskedyul itong makumpleto pagkatapos ng pagbabayad.

Alinsunod dito, nakita ng CAO na lumihis ang IFC sa ESRP requirement upang matiyak na ang mga natukoy na ESMS implementation gaps (sa pagkakataong ito, ang pagbubuo at implementasyon ng ESMS mula sa simula) ay natugunan bago ang pagbabayad. Bilang resulta, nabawasan ang kakayanan ng IFC upang matugunan ang mga kahingian ng Sustainability Policy kaugnay ng pamumuhunan nito sa RCBC.

Ikalawa, kinailangan ng mga ESRP noong mga panahong iyon ang IFC na makuha ang karapatan na suriin ang “mga unang gawaing pagpopondo” ng FI ng mga proyektong high-risk upang matiyak ang matibay na implementasyon ng ESMS ng FI (ESRP 2009, 7.2.10). Nakasaad sa kasunduan sa pamumuhunan ng IFC na kailangang sabihan ng kliyente ang IFC tungkol sa mga sub-proyektong nasa Kategoriya A at ang probisyon para sa IFC na humiling ng impormasyon, ngunit hindi nito isinama ang pagsusuri sa proseso.³⁸ ***Alinsunod dito, nakita ng CAO na hindi nakasaad sa 2011 investment agreement ng IFC ang ESRP requirement na panatilihin ang karapatan na suriin ang mga unang gawaing pagpopondo ng kliyente nito upang matiyak ang matibay na implementasyon ng ESMS (taliwas sa ESRP 2009, 7.2.10).*** Bilang resulta, kulang ang IFC ng isang pangunahing kasangkapan na nakita sa ilalim ng ESRP upang matiyak na ang mga sub-proyekto na maaaring may mataas na E&S risks ay nabubuo alinsunod sa E&S requirements ng IFC.

Batay sa Operational Procedures: New Business ng IFC, kinailangang maghain ng IFC sa Board ng “lahat ng mahahalagang impormasyon na kailangan ng Board upang magkaroon ng matalinong desisyon” sa paghingi ng pag-apruba sa pamumuhunan.

³⁸ Bilang halimbawa, ang pamumuhunan ng IFC noong 2008 sa India Infrastructure Fund (IIF) ay nagbigay sa IFC ng balangkas upang suriin ang E&S due diligence ng IIF para sa ilang unang pamumuhunan nito at para magbigay ang IFC ng mga rekomendasyon sa IIF bago ang pinansiyal na kasunduan nito. Para sa mga karagdagang detalye, tingnan ang Compliance Audit report ng CAO na makukuha sa <https://bit.ly/2PKbBqm/>.

Ang paghahain ng IFC ng mga E&S risks sa Board ay hindi nagdedetalye ng tindi ng pagkakasangkot ng kliyente sa E&S risk sa portfolio nito. Sa pangkalahatan, ang dokumentasyon sa pag-apruba ng IFC ay nagkulang sa pagsasaalang-alang sa mga hamon na kakaharapin ng kliyente sa paggamit ng E&S requirements ng IFC sa mga pamumuhunan nito ayon sa hinihingi ng Sustainability Policy. Bilang pagsasaalang-alang sa malaking portfolio ng kliyente na naglalaman ng iba't ibang mga pamumuhunan sa mga sektor na may mataas na antas ng E&S risk, ang kawalan ng angkop na sistema upang tukuyin o pangasiwaan ang mga E&S risks o kawani na may kaugnay na karanasan, hindi makatotohanan ang inaasahan ng IFC na mabilis na mapapakilos ang kliyente upang gamitin ang Performance Standards sa mga pamumuhunang may mataas na panganib. ***Kung pagsasama-samahin, nakita ng CAO na ang dokumentasyon ng desisyon ng IFC ay hindi naghahain sa Board ng lahat ng mga mahahalagang impormasyong may kaugnayan sa E&S risks na nauugnay sa mga pamumuhunang ito na kinailangan ng Board upang makagawa ito ng matalinong desisyon (taliwas sa Operational Procedures ng IFC: New Business (para. VIII.2.A.2, 2009).***

Sa pangkalahatan, nakita ng CAO na ang pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng IFC ay hindi nagbigay ng basehan upang asahang matutugunan ng kliyente ang E&S requirements ng IFC sa loob ng makatwirang panahon (taliwas sa Sustainability Policy 2006, para. 17). Sa napag-alamang ito ng CAO ay isinaalang-alang kung: (a) walang dating karanasan ang kliyente sa E&S risk management; (b) may malaking portfolio ang kliyente ng mga pautang sa mga negosyo sa mga sektor na may mataas na E&S risks; (c) kinailangan ng IFC ang kliyente na ipatupad ang Performance Standards na mas mahigpit kaysa sa batas pambansa at gawain sa mga pinansiyal na sektor sa bansa noong panahong iyon; (d) sa panahon ng pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) nito, hindi nagpakita ang IFC ng pakikipag-ugnayan sa kliyente sa mga hamong may kaugnayan sa paggamit ng E&S requirements ng IFC sa mga pamumuhunan nito, kabilang ang implikasyon ng mga kahingian na ito sa pre-investment due diligence at proseso sa pangangasiwa ng RCBC; (e) ang ESAP ng IFC ay hindi isinama sa nakabalangkas na suporta o kondisyon na kukuha ang kliyente ng suporta sa implementasyon (mga kawani at/o mga kasangguni) na kailangan upang maipatupad ang E&S standards ng IFC; at (f) mga kahingian upang mapunan ang mga puwang sa ESMS bago ang kasunduan at hindi nasunod ang pagbabayad, taliwas sa E&S review procedures ng IFC.

Bilang resulta, nakita ng CAO na ang pamumuhunan ng IFC sa RCBC ay nasa panganib ng pagsuporta sa mga proyektong may mataas at masamang E&S impacts na hindi makakatugon sa mga kahingian ng Performance Standards ng IFC.

2.2. Pangangasiwa ng IFC

Nagsimula ang pangangasiwa ng IFC sa mga pamumuhunan nito sa RCBC sa unang pagbabayad nito noong Marso 2011. Isinaalang-alang sa seksyon na ito ang mga karagdagang equity at debt investments ng IFC, gayundin ang pangkalahatang pangangasiwa ng mga kliyente nito mula 2011 hanggang 2020.

2.2.1. Mga Kahingian sa Pagsubaybay ng IFC (IFC Supervision Requirements)

Ang yugto ng pangangasiwa ng IFC investment cycle ay nagsisimula sa unang pagbabayad at nagpapatuloy hanggang sa magsara ang pamumuhunan. Ang pangangasiwa ng IFC ay isinagawa sa ilalim ng 2006 Sustainability Policy hanggang Disyembre 31, 2011. Pagkatapos noon, ang pangangasiwa ng IFC ay isinagawa sa ilalim ng 2012 Sustainability Policy.

Ang mga pangunahing kahingian sa pagsubaybay ng IFC ay ang matiyak na (a) pinapatakbo ng RCBC ang ESMS tulad ng naisip sa panahon ng pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng IFC at (b) ginamit ng RCBC ang mga kaugnay na Applicable

Performance Requirements, kabilang na ang Performance Standards ng IFC, sa mga sub-proyektong ito (ESRP 2009 at 2014, para. 9.2.5/6)

Para sa mga sub-proyektong ito na may mga gawaing pangnegosyong may mas mataas na panganiib, ang tungkulin ng kliyente ay: (a) magsagawa ng E&S Due Diligence (ESDD) sa mga sub-proyektong ito upang matiyak na natutugunan ng mga kaugnay na IFC Performance Standards; (b) sabihan ang IFC tungkol sa anumang panukalang pamumuhunan sa isang Kategoriya A na sub-proyektong ito; (c) kailanganin ang sub-proyektong ito na sumunod sa mga Performance Standards sa pamamagitan ng kasunduan sa pautang ng ito sa kanila; at (d) pangasiwaan ang implementasyon ng Performance Standards sa antas na sub-proyektong ito. Kung makakatukoy ang kliyente ng mga puwang sa performance ng sub-proyektong ito kaugnay ng Performance Standards, ang tungkulin ng kliyente ay kailanganin ang sub-proyektong ito na magsagawa ng mga corrective measures o tapusin ang pagpopondo sa sub-proyektong ito.³⁹

Upang matukoy ang pagiging epektibo ng ESMS ng FI, sa bawat takdang panahon ay susuriin ng IFC ang proseso at resulta ng ESDDs na isinagawa ng mga kliyente ng ito. Maaaring isama sa pangangasiwa ng IFC ang pagbisita sa kliyente ng FI at mga sub-proyektong ito na pinondohan ng FI, partikular ang mga sub-proyektong ito na may mataas na panganiib (high-risk) (Sustainability Policy 2012, para. 45).

Kung magkakaroon ang IFC ng panibagong pamumuhunan sa isang umiiral na kliyente, maaaring gamitin ang Sustainability Framework ng IFC, E&S requirements, at mga ESRPs sa panahon ng panibagong pamumuhunan. Bagamat binuo sa ilalim ng 2006 Sustainability Framework ang inisyal na pamumuhunan ng RCBC, ang mga kasunod na mga pamumuhunan sa kliyente ay prinoseso sa ilalim ng 2012 Sustainability Framework. Ang ESRP ng IFC ay binago noong Hunyo at Hulyo 2014.⁴⁰ Magagamit ang mga binagong ESRPs sa pangangasiwa ng IFC ng mga kliyente pagkatapos ng Hulyo 2014 at sa pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng ito 2015 bond investment.

Sa mga legal na kasunduan ng IFC, kailangang bigyan ng RCBC ang IFC ng Annual Environmental Performance Report (AEPR) sa loob ng 90 araw ng pagtatapos ng bawat fiscal year. Sa pamamagitan ng AEPR, iuulat ng RCBC sa IFC ang tungkol sa pagsunod ng ito sa ESAP, gayundin ang mga E&S requirements ng IFC. Kung mag-uulat ang RCBC ng anumang di-pagsunod sa mga E&S requirements ng IFC, kailangan ng IFC na idetalye ng ito ang mga hakbang na isinasagawa upang maisaayos ang mga pagkukulang. Ang internal na layunin ng IFC ay kumpletuhin ang AEPR Review sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang AEPR. Gayunpaman, madalas ay maaaring pahabain ito kung hihiling ang IFC ng karagdagang impormasyon mula sa kliyente o isasama ang AEPR Review ng ito sa site visit ng IFC.

Kapag nakumpleto na ang gawain sa pangangasiwa (hal., AEPR Review o site visit ng IFC), magsasagawa ang IFC ng pagtatasa sa performance ng kliyente kung ito'y Mahusay (Excellent), Kasiya-siya (Satisfactory), Medyo Kasiya-siya (Partially Unsatisfactory), o Hindi Kasiya-siya (Unsatisfactory).⁴¹ Ang pagtatasa ng IFC ng E&S performance ng kliyente bilang Mahusay (Excellent) o Kasiya-siya (Satisfactory) ay nangangahulugan na ang kliyente ay sumusunod sa mga E&S requirements ng IFC, kabilang ang pagsunod sa iskedyul ng implementasyon ng E&S Action Plan (ESAP). Kapag Partially Unsatisfactory o Unsatisfactory

³⁹ IFC Sustainability Policy (2006, para 28-29 & 2012, para 33-35) at Interpretation Note for FIs ng IFC (2012) at IFC ESRP (2014, para. 7.3.2.2).

⁴⁰ Kumpara sa 2009 bersyon ng mga ESRPs para sa mga FIs, ang 2014 ESRPs ay nagbibigay ng mga karagdagang detalye sa ebalwasyon ng ESMS ng FIs, aplikasyon ng Performance Standards at pamantayan para sa IFC site visits. Tingnan ang Annex A para sa mga karagdagang detalye.

⁴¹ IFC ESRP bersyon 2011.

ang pagtatasa ng IFC, nangangahulugan ito na hindi sumusunod ang kliyente sa mga E&S requirements ng IFC.

Kapag naisumite na ang reklamo sa CAO, kakailanganin ng ESRP ang mga kawani ng IFC na (a) sabihan ang pangangasiwaan tungkol sa reklamo; (b) ihanda ang mga kaugnay at kailangang impormasyon at suportahan ang tugon ng IFC sa CAO; at (c) idagdag ang pamumuhunan sa IFC E&S High-Risk List (ESRP 5.2.1). Ang mga pamumuhunan sa E&S High-Risk List ng IFC ay nangangailangan ng mas malalim na pagsisiyasat at pangangasiwa dahil sa mas mataas na E&S risks o dahil nakuha nito ang atensyon ng mga ikatlong partido (ESRP 10.2.2-3).

Ipinapakita sa Annex A ang mga karagdagang detalye sa policy requirements ng IFC at mga pamamaraan sa pangangasiwa ng pamumuhunan ng FI at mga kahingian para sa pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review requirements) ng IFC kaugnay ng mga kasunod na investments ng IFC sa RCBC.

2.2.2. Pagsubaybay ng IFC (IFC Supervision) at Pagsusuri ng CAO ukol sa Pagtalima (CAO Compliance Analysis) ng Karagdagang Pamumuhunan

Sa bahaging ito tatalakayin ang pangangasiwa ng IFC kasama ang mga natuklasan at mga obserbasyon ng CAO. Ang tugon ng IFC sa reklamo ng CAO ay tatalakayin sa huling bahagi ng sekyon na ito.

2011-2013: IFC Supervision at Karagdagang Pamumuhunan

Noong ika-17 ng Marso, 2011, binigay ng IFC ang buong pondo sa kliyente nito at nakakuha ng equity sa RCBC.⁴² Dahil nasiyasat na ng IFC ang mga re-commitment na mga kondisyon bago pinirmahan ang legal na kasunduan, at dahil wala na ring isinamang mga dagdag na kondisyon ang ESAP, hindi na kinailangan repasuhin ng IFC ang E&S performance ng kliyente bago pa man ilabas ang pondo.

Unang bumisita ang mga kinatawan ng IFC E&S noong Nobyembre 2011. Layunin ng pagbisita ito ang makakuha ng impormasyon tungkol sa estado ng implementasyon ng ESMS ng kliyente at makapagbigay ng suporta kung kinakailangan. Ang pagbisita ng IFC ay isinagawa matapos ang inaasahang buong implementasyon ng 2011 ESAP. Ayon sa ulat ng IFC, sinuri ng kinatawan ng IFC E&S ang burador ng ESMS ng kliyente at batay dito, nagbigay ng gabay sa implementasyon. Nabanggit din na inaasahang matapos ang ESMS ng Disyembre 2011. Sisimulan ang implementasyon nito at ang pagsasanay ng mga kawani sa unang bahagi ng 2012. Iminungkahi ng IFC sa kliyente na sumailalim sa pagsasanay ang mga ESMS officer at mga kaugnay na loan officers tungkol sa E&S risk management. Ang online training course na ito ng IFC ay tumatagal ng tatlong oras. Iminungkahi din na kinakailangan ng kliyente ng isang kasangguni ng ESMS mula sa labas. Sa pagtatasa ng IFC, masasabing Satisfactory ang E&S performance ng kliyente sa panahong ito. Nangangahulugang sa pananaw ng IFC ang kliyente ay tumutupad sa mga pangangailangan ng E&S at inaasahan na maipatutupad ang ESAP sa nakatakdang schedule.

Kaugnay ng supervision activity (gawaing pangangasiwa), napansin ng CAO na hindi nakumpleto ng kliyente ang implementasyon ng 2011 ESAP noong bumisita ang IFC at may mga mahahalagang gawain na hindi naisakatuparan. Tulad ng hindi natapos na ESMS procedures at ang kawalan ng E&S due diligence at pangangasiwa ng pamumuhunan nito sa sub-proyekto. Alinsunod dito, ayon sa CAO, walang batayan ang binigay na markang

⁴² IFC Disclosure, Summary of Proposed Investment (SPI): project number 30235. Makukuha sa <http://bit.ly/2J0EsQa>. RCBC Annual Report 2011, page 105. Makukuha sa <https://bit.ly/2likpkd>.

Satisfactory ng IFC sa ginanap na pagtatasa noong Nobyembre 2011 dahil wala sa schedule ang kliyente para isakatuparan ang 2011 ESAP.

Noong Mayo 2012, natanggap ng IFC ang unang AEPR para sa 2011 mula sa kliyente at natapos ng IFC ang AEPR Review noong Hunyo 2012. Batay sa pagtatasa ng IFC ng portfolio ng kliyente, mahigit-kumulang isang-katlo (one third) ang nahaharap sa mataas na E&S risk. Ang loan portfolio ng kliyente sa panahong ito ay \$2.95 bilyon.⁴³ Bukod sa loan E&S risk, naitala ng IFC na hindi ipinatutupad ng kliyente ang ESMS. Bagamat tinuring ang ESMS ng kliyente na sapat ayon sa pagkakasulat nito, hindi pa ito naaaprubahan ng board ng kliyente. Ito ang dahilan kung bakit hindi pa ito pinapatupad sa mga kanilang portfolio bagamat isa ito sa mga pangangailangan sa IFC investment. Para sa IFC, isa sa mga kakulangan ng kliyente ay ang kakayahan ng mga kawani para isakatuparan ang ESMS subalit nabanggit din na may balak kumuha ang kliyente ng full-time ESMS coordinator sa oras na ma-aprubahan ng board nito ang ESMS. Batay dito, sa pagtatasa ng IFC sa E&S performance ng kliyente, ito ay binigyan ng Partially Unsatisfactory.

Sa pagitan ng 2012 at 2013, dalawang beses pang nag-invest ang IFC sa kliyente. Ang una ay sa ilalim ng Distressed Assets Recovery Program (DARP) ng IFC. Ang investment na ito ay para sa pagbuo ng SPV o special purpose vehicle para tumugon sa mga non-performing loans ng RCBC. Masasabing ang investment ay hind direktang sa RCBC kundi para sa binuong SPV para bilhin ang mga non-performing loans ng RCBC. Ito ay para mabigyan ng pagkakataon ang RCBC na magamit ang mga nakataling pondo nito sa mga non-performing loans para maidagdag sa pondong pinahihiram nito.⁴⁴ Inaprubahan ito ng IFC Board noong Disyembre 2012 at nangako ang IFC na mag-iinvest pagdating ng Pebrero 2013.⁴⁵ Bagamat ang investment sa SPV ay hindi nakadagdag sa exposure ng IFC sa RCBC, ginawa ito para direktang mabenepisyuhan ang RCBC,⁴⁶ at dahil dito, nabigyan ang IFC ng bentaha (leverage) ayon sa CAO. Subalit walang patunay na ginamit ng IFC ang bentaha na ito para masigurong tutupad ng RCBC sa E&S na napagkasuduan sa unang equity investment nito.

Ang Pagtatasa bago ang Pamumuhunan (Pre-Investment Review) ng IFC para sa 2013 AMC Equity Investment

Nagsagawa ng pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ang IFC sa pagitan ng Oktubre at Nobyembre 2012 para sa dagdag na \$100m equity investment para sa RCBC mula sa IFC Asset Management Company (AMC). Ang layunin ng investment na ito ay para palakasin ang capital base ng RCBC dahil sa inaasahan na pagtaas na regulatory capital requirement (Basel III) at upang mapalakas din ang RCBC mismo.⁴⁷ Binisita ng mga kawani ng IFC E&S ang kliyente noong Oktubre 2012 para pangasiwaan ang E&S performance ng kliyente at para magsagawa ng pre-investment na pagsiyasat. Dahil naproseso ang investment na ito sa ilalim ng 2012 Sustainability Framework ng IFC, kinailangang gamitin ang 2012 Performance Standards ng IFC sa halip na ang 2006 Performance Standards angkop sana dahil sa 2011 ang IFC investment.

Ayon sa ulat ng IFC kaugnay ng pagbisita nito, bagamat nakabuo na ng sapat na dokumento tungkol sa ESMS ang kliyente, hindi pa ito pinatutupad. Tinukoy din ng IFC na ang outstanding

⁴³ RCBC Annual Report 2011, page 93. Makukuha sa <https://bit.ly/2likpkd>

⁴⁴ Business World Online, February 26, 2013, *RCBC bad asset, share sale 'credit positive'*, makukuha sa <https://bit.ly/3smFrAy>. RCBC, February 15, 2013, Letter to Stock Exchange, makukuha sa <https://bit.ly/3sqTJA5>.

⁴⁵ IFC Disclosure, Summary of Proposed Investment (SPI): project number 31184. Makukuha sa <http://bit.ly/2WXq7cm>.

⁴⁶ Tulad ng binanggit ng IFC kasama sa layunin ng investment na ito ang mabigyan ang RCBC ng “an attractive mechanism” para matugunan ang mga non-performing loans. Tingnan: IFC SPI.

⁴⁷ IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 32853. Makukuha sa <http://bit.ly/2WXbJkq>.

exposure ng kliyente sa mahabang pautang sa mga korporasyon na kabilang sa sektor na may mataas ang E&S risk, tulad ng real estate development, manufacturing, kuryente, gas, at tubig ay higit sa dalawampung porsiyento ng kabuuang loan portfolio nito.⁴⁸ Naitala din sa ulat ng IFC na dalawa sa kawani ng kliyente ang dumalo sa tatlong oras na pagsasanay sa pamamagitan ng online na kurso tungkol sa E&S risk management ng IFC at kamakailan ay natapos din nila ang pagsasanay sa E&S kasama ang isang consultant na taga-labas. Pinanatili ng IFC ang Partially Unsatisfactory na marka sa E&S performance ng kliyente dahil sa hindi naipatupad ang ESMS.

Itinuring ng IFC ang AMC equity investment bilang FI-1 (high risk)⁴⁹ sa ulat nito noong Disyembre 2012. Sa pagharap ng investment sa mga tagapamahala at Board, ibinahagi ng mga kawani ng IFC ang E&S performance ng kliyente at itinuring ang inaasahang pagpatupad ng ESMS bilang isang positibong epekto ng investment ng IFC. Hindi nakasaad sa dokumentasyon ng pre-investment na pag-apruba ng IFC ang mga detalye kung bakit hindi naipatupad ng kliyente ang E&S ng IFC noon, hindi rin sinabi na ito ay isang risk sa bago nitong investment. Habang isinasagawa ang pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review), tinalakay ng IFC team sa pamunuan nito na kinakailangan magsumite ang kliyente sa IFC na tatlong ulat ng E&S due diligence (ESDD) para sa mga high-risk na mga proyekto bilang kundisyon sa paglabas ng pondo. Matapos itong suriin, saka titingnan ng IFC ang implementasyon ng ESMS ng kliyente. Hindi itinuloy ang panukalang kundisyon dahil ayon sa IFC, hindi kakayanin ng kliyente na makapagsumite ng mga ulat ESDD sa loob ng pitong linggo na syang takdang panahon ng legal commitment ng IFC.^{50, 51}

Ayon sa 2013 ESAP para sa AMC Equity investment ng IFC (tingnan ang Annex B), kinakailangan ng RCBC na maghanda ng panibagong detalyadong plano sa pagpatupad ng ESMS at rebisahin ang credit policy nito para isama ang mga pangangailangan sa E&S bago magsimula ang legal commitment ng IFC. Sa loob ng anim na buwan ng legal commitment sa investment ng IFC, kinakailangan ang buong pagpatupad ng RCBC ng ESMS nito sa mga bago at mga umiiral na mga investment. Dagdag pa, inatasan din ang RCBC na: (a) magsumite sa IFC ng ulat sa pagpapatupad ng ESMS ng dalawang beses sa isang taon; (b) magbigay ng pagsasanay sa E&S sa mga kawani; at (c) magsagawa ng taunang pagsusuri sa implementasyon ng ESMS at isumite ang mga resulta nito sa IFC.⁵²

Bago pa man ang legal commitment ng IFC, nakatanggap ito ng kumpirmasyon na narebisa na ng kliyente ang credit policy nito kung saan isinama ang mga usaping E&S. Nangako ang IFC sa investment ng Pebrero 2013 at sa paglabas ng pondo ng Abril 2013.⁵³

Natuklasan ng CAO na walang nakasaad sa 2013 pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng IFC na mga batayan upang sabihin na matutugunan ng kliyente ang mga pangangailangan sa E&S ng IFC sa loob ng binigay/makatwirang panahon (salungat sa Sustainability Policy para. 22).

⁴⁸ IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 32853. Makukuha sa <http://bit.ly/2WXbJkq>.

⁴⁹ IFC E&S risk category FI-1 ay para sa FI na mayroong portfolio sa kasalukyan o panuklang portfolio, na kinapapalooban ng substantial financial exposure sa mga gawaing pangangalaka (business activities) may aaring magdulot ng malaking epekto sa kapaligiran o epektong panlipunan o mga epekto na malawakan, hindi mababago, o kakaiba (2012 Sustainability Policy, para. 40).

⁵⁰ IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 32853. Makukuha sa <http://bit.ly/2WXbJkq>.

⁵¹ Tulad ng ipinaliwanag ng IFC, ang timeframe na ito ay binuo sa konteksto ng equity investment ng AMC at ang pag-uugnay nito sa public market capital raising exercise ng RCBC.

⁵² IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 32853. Makukuha sa <http://bit.ly/2WXbJkq>.

⁵³ IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 32853. Makukuha sa <http://bit.ly/2WXbJkq>.

Ang pagsuring ito na CAO ay batay sa: (a) ang paggamit ng PS sa mga bagong proyekto ay nangangailangan ng matibay na ESMS at mga pagbabago sa iba pang mga FI investment at mga prosesong legal, pagbabago sa organisasyon, kakayahan ng kawani, at suporta ng senior management;⁵⁴ (b) naipakita sa pangangasiwa ng IFC na hanggang ngayon ay hindi pa nasisimulan ng kliyente ang pagpatupad ng ESMS na isa sa mga kahilingan ng unang investment ng IFC halos dalawang taon na ang nakararaan; (c) umasa ang investment ng IFC noong 2013 sa pagpatupad ng E&S sa loob ng 180 araw matapos ang kasunduan na isang napakalaking kahilingan dahil hindi ito sinamahan ng suporta para sa implementasyon; at (d) walang kakawing na pormal na suporta mula sa IFC ang pamumuhunan nito upang mapatupad ang mga kahilingan sa nakatakdang panahon.

Tulad ng 2011 investment, napansin muli ng CAO na hindi natugunan ang mga kakulangan sa ESMS ng kliyente bilang kundisyon sa pagpalabas ng pondo (salungat sa ESRP (2009, 7.2.19) para sa investment ng IFC sa taong 2013. Ito ay nagresulta sa pagkawala ng kapangyarihan at posisyon ng IFC upang masiguro na tutugunan ng kliyente ang mga kahilingan ng Sustainability Policy sa karagdagang investment sa taong 2013.

Binigyan pansin din ng CAO ang pangangailangan na ipagbigay alam ng IFC ang nakasaad sa IFC Access to Information Policy (2012): (a) mga pangunahing batayan para mapalakas ang ESMS ng kliyente na nabanggit sa ESAP; at (b) pag-update sa estado ng implementasyon ng ESAP. Bagamat inilagay ng IFC ang mga pangunahing panukat ng ESAP sa kanilang website tulad ng napagkasunduan sa 2013 investment nito, ***napag-alaman ng CAO na kinalaunan ay hindi binahagi ng IFC ang estado ng implementasyon ng ESAP (salungat sa nakasaad sa para. 41 (b) ng Access to Information Policy ng IFC).***

Tulad ng 2011 investment, napagtanto ng CAO na ang 2013 investment ng IFC sa RCBC ay nanganganib na magamit sa mga proyekto na maaaring may malaking di kanais-nais na epektong E&S at hindi rin mapupunuan nito ang mga kahilingan ng Performance Standards ng IFC.

2013: Pagsubaybay ng IFC (IFC Supervision)

Noong Agosto 2013, natanggap ng IFC ang 2012 AEPR ng kliyente at agad din itong tinasa. Nagbigay din ang kliyente ng tatlong ESDD para sa mga proyektong binigyan ng pinansyal na suporta na mataaas ang E&S risk. Binanggit ng IFC na kakaumpisa pa lamang ng implementasyon ng kliyente ng ESMS nito. Batay sa isinumiteng ESDD, naitala ng IFC na sapat ang kategorisasyon ng E&S risk ng RCBC, at ang kalidad ng ESDD ay sapat din para matukoy ang mga performance requirements at ang mga pangunahing E&S risk nito. Walang detalyadong suri ng mga ESDD ang ulat ng IFC. Sa mga ESDD: (a) hindi isinaalang-alang ang mga investment risk at epekto nito sa ilang mga Performance Standard requirement; (b) hindi isinama ang ESAP bilang pagtugon sa mga natukoy na mga risk; o (c) hindi nagbigay ng patibay na kasama na ang E&S requirements sa mga kasunduan sa pamumuhunan sa sub-proyekto. Ayon sa IFC, bumuti ang E&S performance ng kliyente kung kaya't binigyan nila ito ng Satisfactory.

Binisita ng IFC ang kliyente noon September 2013. Ang layunin ng pagbisitang ito ay para masubaybayan ang E&S performance at pagpatupad ng ESMS ng kliyente, siyasatin ang mga ESDD para sa mga proyektong binigyan nito ng suportang pinansyal, tasahin ang kakayahan sa E&S ng kliyente, at bisitahin ang isa sa mga sub-proyekto. Ayon sa IFC, sapat ang ESMS ng kliyente subalit hindi nakasaad sa kasunduan ang anumang E&S requirement. Naitala din ng IFC ang proseso ng investment ng kliyente na nagsasaad na kailangan kumpirmahin ang mga panukalang Kategoriya A sub-proyekto sa IFC ayon na rin sa kasunduan sa investment

⁵⁴ Para sa detalye, tingnan ang IFC FI Interpretation Note for Financial Intermediaries (2018).

ng IFC. Subalit noong binisita ng IFC ang kliyente, napagpasiyahan nilang tanggalin ang hakbang na ito dahil kulang at di sapat ang binigay na impormasyon ng kliyente para sa kategorisasyon. Naitala din ng IFC ang sampung ESDD para sa magkahalong Kategoriya A at Kategoriya B sub-proyekto. Ayon din sa IFC, may mga pagkakataon na humiling ang kliyente ng pagtalima ng sub-proyekto sa mga batas ng bansa bago ang paglabas nito ng pondo. Bagamat tinukoy ng kliyente ang ilang mga partikular na IFC Performance Standards bilang naaangkop, walang banggit sa pagtatasa ng IFC kung ginamit ito ng kliyente para masukat ang proyekto kaugnay ng mga pamantayang ito. Para sa IFC sapat ang E&S risk na kategorisasyon ng kliyente subalit hindi ito nagsama ng ESAP sa ESDD na siniyasat. Sa huli, binisita ng IFC at ng kawani ng kliyente ang isa sa mga sub-proyekto nito sa ilalim ng Kategoriya B. Ayon sa IFC, napanatili ng sub-proyekto ang lahat ng mga permit na pangkalikasan na kinakailangan sa batas at ang mga angkop na Performanc Standards, subalit walang komento ang IFC kaugnay ng implementasyon ng kliyente ng Performance Standards sa sub-proyekto nito. Para sa IFC, sapat ang kategorisasyon kaugnay ng E&S risk at kumpleto ang mga pormularyo sa ESDD. Binanggit din ng IFC na ang antas ng pagtatasang E&S ay maaari pang mapahusay. Pinanatili ng IFC ang pagiging Satisfactory na marka sa E&S performance ng kliyente.

Kaugnay ng gawaing pamamahala ng IFC noong Agosto at Setyembre 2013, ayon sa CAO, walang sapat na ebidensyang pinakita ang IFC kaugnay ng pagsunod ng kliyente sa mga kahilingang nakasaad sa E&S (na kinakailangan ayon sa ESRP 2009, para, 9.2.6), at sa pagtatasa nito na Satisfactory ang E&S. Sa naging kongklusyon ng CAO, itinala ang mga sumusunod:

- (a) ang obserbasyon ng IFC na hindi isinasama ng kliyente ang anumang kasunduan kaugnay ng E&S sa kontrata nito sa mga pagpapautang sa mga sub-proyekto; at
- (b) batay sa ulat ng IFC kaugnay ng ESDD ng kliyente, walang ebidensyang pinakita na nagpapatunay na may ginawang pagtatasa ng mga may mas mataas na panganib project ayon sa Performance Standards ng IFC. Sa halip, tinalakay sa ESDD ang pagtatasa ng E&S upang maipakita ang pagtupad sa Exclusion List ng IFC at sa batas.

Nagpapahiwatig ito na hindi napagtuunan ng pansin ng IFC ang mga patunay kaugnay ng implementasyon ng ESMS. Dahil dito, hindi naitala ng IFC ang mga maaaring E&S risk at epekto mula sa mga sub-proyekto na pinopondohan ng RCBC. Wala ring kasiguraduhan na ipinatupad ang Performance Standards ng IFC.

2014: Pagpapautang sa maliliit at katamtamang laking negosyo (small and medium-sized enterprise (SME) loan)

Noong Oktubre 2013, nagsagawa ang IFC ng pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) para sa mga SME ng RCBC ("2014 SME Investment"). Dahil sa ang pautang na ito ng IFC ay may tukoy na paggamit ng pondo, kinategorya ang E&S risk nito na FI-2. Hiniling ng IFC na gamitin ng kliyente ang Exclusion List ng IFC at sundin ang mga batas ng bansa sa SME portfolio nito. Walang pagbabago sa mga pangangailangan sa E&S mula sa kliyente dahil hiniling na ito sa mga naunang equity investment ng IFC. Ang SME portfolio ng kliyente ay sumailalim na sa pagtatasa sa ginawang pre-investment E&S review ng IFC. Binigyan ng IFC ang ESMS ng kliyente na markang Satisfactory batay sa mga investment na pinamamahalaan ng IFC. Inaprubahan ng Board ng IFC ang investment noong Pebrero 2014 at naging legal ang kasunduan noong Nobyembre 2014.⁵⁵

⁵⁵ IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 34115. Makukuha sa <http://bit.ly/2MWrx75>.

Kaugnay ng SME investment noong 2014, ayon sa CAO, alinsunod sa Sustainability Policy ang paglimita ng pagtatasa sa E&S risk at pagpatupad ng E&S ng IFC kapag ang investment ay nakatuon sa isang partikular na gamit (end use). May mga nakita ang CAO na mga kakulangan sa mga legal na kundisyon ng IFC para sa investment na ito. Bagamat nakasaad sa kasunduan ng IFC na ang layunin ng pautang ay para matustusan ang SME portfolio ng kliyente, hindi nagawa ng IFC na: (a) bigyang depinisyon ang SME; (b) magsama ng probisyon na ang pondo ay gagamitin lamang sa mga SME; o (c) isama sa kasunduan ang pag-uulat sa IFC na magbibigay dito ng paraan para masubaybayan ang paggamit ng pondo (Sustainability Policy, para 44). Dahil sa kawalan ng mga kundisyon, nawalan ng kakayahan ang IFC para masiguro na ang mga pautang ay nagamit para sa SME.

2014-2015: Pagsubaybay ng IFC (IFC Supervision)

Noong Pebrero 2014, natanggap ng IFC ang 2013 AEPR ng kliyente. Natapos ang pagrepaso ng ulat na ito noong Hunyo 2014. Batay dito, nahinuha ng IFC na ang ESMS ng kliyente ay Satisfactory at walang mga kakulangan sa E&S nito. Pinanatili ng IFC ang markang Satisfactory sa kabuuang E&S performance ng kliyente.

Noong Pebrero 2015, nagsagawa ng pagbisita upang sumubaybay sa lugar (site supervision visit) ang mga kasapi ng IFC E&S. Ang layunin ng pagbisita ay ang mapangasiwaan ang E&S performance ng kliyente at ang makapaghandang isang ESMS Diagnostic Report.⁵⁶ Ang ESMS diagnostic ng RCBC ay isang pilot test (paunang pagsubok) ng isang instrumenting binuo ng IFC para sa pagtatasa ng pag-unlad ng ESMS ng isang FI. Naghandang ang IFC ng hiwalay na Site Supervision Report (SSV) at ng ESMS Diagnostic Report. Kasama sa site visit ng IFC ang desk review o ang pagsuri ng mga dokumento ng sampung sub-proyekto at isang site visit mismo sa isang sub-proyekto. Ayon sa SSV, ang ESMS ng kliyente ay Satisfactory. Pinagtibay ng IFC ang Satisfactory na marka sa pagpatupad ng ESMS kaugnay ng kategorisasyon ng E&S risk kung saan isinaalang-alang ang Exclusion List ng IFC at sinigurong sumusunod ito sa mga batas ng bansa. Naitala din ng IFC ang pagsama ng kliyente ng karaniwang legal na kasunduan sa mga kontrata ng pamumuhunan sa mga sub-proyekto nito kung saan nakasaad ang pangangailangang sumunod sa lahat ng mga batas ng bansa kaugnay ng E&S. Walang binanggit ang SSV kaugnay ng pagpatupad ng kliyente ng Performance Standards sa mga pinopondohan nitong mga sub-proyekto. Pinagbigay-alam ng IFC sa kliyente na may pangangailangan para sa: (a) karagdagang pagsasanay ng mga kawani sa usaping E&S; (b) pagbahagi ng mga E&S risk sa mga mahahalagang pulong tungkol sa pagpapasiya kaugnay ng mga investment; (c) mas malalim na pangako ng pamunuan kaugnay sa pagpatupad ng ESMS; at (d) pagtatag ng isang mekanismong tutugon sa panlabas na komunikasyon.⁵⁷ Pinanatili ng IFC ang Satisfactory na marka sa E&S performance ng kliyente.

Sinuri sa 2015 Diagnostic Report ng IFC ang ESMS ng kliyente batay sa mga pamantayan na nakadetalye sa mga ESRP nito (tingnan Annex A, FI ESMS Assessment). Isinaalang-alang din sa Diagnostic Report ang pagbuo ng kliyente ng patakaran kaugnay ng E&S. Subalit, ayon

⁵⁶ Bilang pagtugon sa CAO's FI Audit (2012), nagbuo ang IFC ng ESMS Diagnostic Tool. Ang kasangkapan na ito ay sinisiyasat ang lapit sa pamamahala ng E&S risk kaugnay ng patakaran, proseso, kakayahan sa implementasyon ng mga kahilingan ng IFC. Ang layunin nito ay matukoy ang mga risk at makapagbigay ng mga rekomendasyon. Ito ay batay sa mga isinagawang pagsiyasat ng mga kawani ng IFC ng mga dokumentasyon ng ESMS ng kliyente. Mga panayam sa pamunuan at kawani ng FI, at sa ilang pagkakataon, ang pagbisita sa mga sub-proyekto. Ang mga kakulangang natukoy dito ay tinutugunan ng mga rekomendasyon kung saan binibigyang pansin ang mga kailangan gawin at kung saan nakasaad ang mga kailangan magampanan. CAO Monitoring Report ng FI Audit (2017), makukuha sa <https://bit.ly/3lquSYH>.

⁵⁷ Base sa PS1, ang external communication mechanism (komunikasyong panlabas) ay isang pamamaraan para sa panlabas na komunikasyon tungkol sa pamamalakad ng mga FI at sa mga aktibidad na kailangan tanggapin, irehistro, subaybayan, isala, tasain, at sagutin. (Sustainability Policy 2012, para 34).

sa IFC hindi ipatutupad ng kliyente ang mga Performance Standard para sa mga sub-proyekto na pinopondohan nito. Naitala din ang mga kakulangan sa dokumentasyon ng pagtatasa ng patakaran sa E&S ng kliyente, sa pangangasiwa ng portfolio, at sa panloob na ulat kaugnay ng mga pamantayan ng IFC. Nagsagawa ng ilang mga rekomendasyon ang IFC ukol sa implementasyon ng ESMS, estruktura ng organisasyon, pagsasanay ng mga kawani, kakayahan ng mga kawani, pangangasiwa ng E&S ng sub-proyekto at portfolio, internal na pag-uulat sa pamunuan ng kliyente, at pagkakaroon ng eksternal o panlabas na mekanismo sa komunikasyon. Ang mga rekomendasyong ito ay nangangailangan ng mabilisang pagtugon ng kliyente.

Napansin ng CAO na magka-iba ang nasa ulat ng SSV at ng sa ESMS Diagnostic Report tungkol sa performance ng kliyente. Positibo ito sa SSV at nakatanggap ito ng markang Satisfactory. Subalit sa ESMS Diagnostic Report naitala ang mga mahahalagang kakulangan sa implementasyon at paggamit ng Performance Standards ng IFC para sa mga pinondohang sub-proyekto. Mas komprehensibo at matibay ang naging pagtatasa sa implementasyon ng ESMS sa ESMS Diagnostic Report kesa sa mga nakaraang pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng IFC. Sabalit, labas sa sakop ng ESMS Diagnostic Report ang pagtasa sa pagpatupad ng FI ng mga pamantayang E&S sa mga sub-proyekto nito. Gayunpaman, malinaw sa mga ipinakita sa Diagnostic Report na ang Satisfactory na markang ibinigay sa E&S performance ng kliyente ay labis kung susuriin ang kasalukuyang estado ng implementasyon ng ESMS ng kliyente.

Noong Abril 2015, natanggap ng IFC ang 2014 AEPR ng kliyente. Natapos ang pagtatasa nito noong Mayo 2015. Magkatulad ang resulta sa naunang isinagawang pagtatasa noong Pebrero 2015 batay sa site supervision at ang resulta ng ESMS Diagnostic Report. Gayunpaman, dahil na rin sa hindi ipinatutupad ng kliyente ang Performance Standards ng IFC sa mga sub-proyekto nito at ang mga portfolio nito ay ipinapalagay na nagtataglay ng katamtaman hanggang mataas na E&S risk, ibinaba ng IFC ang marka nito sa E&S performance ng kliyente kung kaya't naging Partly Unsatisfactory ito.

2015: Pamumuhunan sa bono (Bond investment)

Sa ikalawang bahagi ng 2015, nagsagawa ang IFC ng pagsusuri bago ang bond investment nito sa RCBC. Nasa ilalim ang investment na ito ng nirebisang 2014 ESRPs ng IFC (tingnan ang Annex A IFC Pre-Investment Review Requirements).

Sa unang pagharap nitong investment sa pamunuan ng IFC, ayon sa dokumentasyon, ito ay para mapalalim ang kalakalan ng bond sa Pilipinas, at para mapondohan din ang mga pautang sa imprastruktura at sa mga proyektong public-private partnership ng kliyente, tulad ng mga paliparan, mga kalsada, kuryente, renewable energy, at mga riles ng tren. Binigyang-diin ng IFC na ang pondo ay hindi maaaring gamitin sa mga proyekto na coal-related. Dagdag sa mga nakasaad na mga layunin, binanggit din ng IFC na ang pamumuhunan na ito ay susuporta din sa mgaistratehiya o mga pamamaraan ng kliyente para pataasin ang financial inclusion nito. Kinategorya ang investment na ito bilang SME investment.⁵⁸

Ayon sa IFC, ang bond investment na ito ay ituturing na E&S Kategoriya FI-1 (high-risk) dahil ang kasalukuyang portfolio ng kliyente ay nagtataglay ng mga high-risk na mga negosyo tulad ng imprastruktura, kuryente, real estate at malalaking pabrika.⁵⁹ Batay sa pagsusuri ng IFC, ang pinakahuling E&S performance ng kliyente ay Partly Unsatisfactory dahil sa kakulangan nito sa pagpatupad ng Performance Standards ng IFC kaugnay ng mga sub-proyekto na

⁵⁸IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 37489. Makukuha sa <http://bit.ly/2RrC0WQ>.

⁵⁹Ibid.

masasabing high-risk. Batay sa dokumento ng pag-apruba ng IFC, ang mga kliyente na nakakuha ng Partly Unsatisfactory na marka ay hindi na muling popondohan hanggat hindi makakuha ang IFC ng garantiya mula sa kliyente o di kaya'y makita ang pag-unlad ng negosyo ng kliyente. Naghanda ang IFC na isang E&S Action Plan (ang 2015 ESAP) para makatulong sa kliyente. Bagaman ayon sa IFC, kulang ang panahon para maisakatuparan ito at makakita ng mga pag-unlad sa pagpatupad ng Performance Standards ng IFC bago ito maisama sa listahan ng mga popondohan nito. Kung kaya't para sa IFC sa pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) nito, ang E&S performance ng kliyente ay walang kasiguraduhan sa mga darating na panahon. Sa pag-apruba sa investment, pinayuhan na pamunuan ng IFC ang mga tagapagpatupad na tulungan ang kliyente na mapa-unlad ang E&S performance nito upang maging Satisfactory ito sa hinaharap at hangga't maaari ay agapayan ang kliyente sa pagpatupad ng ESAP sa mga darating na panahon.

Noong Oktubre 2015, sa pagharap ng IFC ng investment sa Board, walang tumutol dito. Hindi tahasang nakasaad sa naging ulat ng IFC sa Board na ang kliyente ay non-compliant o hindi nakasunod sa pagpatupad ng E&S ng IFC sa panahong iyon. Sa halip, sa pinaaaprubahang dokumento sa Board, ang nakasaad ay hindi pa buo ang pagpatupad ng Performance Standards ng kliyente sa mga high-risk na pagpapahiram nito, at nangangailangan pa ito ng dagdag na panahon dahil komplikado ang pagpatupad nito sa mga malalaking institusyon tulad ng RCBC. Batay sa pakipagpulong sa pamunuan ng kliyente, inasahan ng IFC na ipatutupad ng kliyente ang E&S sa loob ng anim na buwan. Naitala din ng IFC na ang bond investment ay magbibigay ng karagdagang dahilan upang masiguro ang implementasyon ng kliyente ng E&S. Ang pagiging malaking investment risk nito ay hindi gaanong pinatingkad sa ulat sa Board. Dahil sa naitakdang panahon kaugnay ng bond issue, napaiksi sa limang araw sa halip na sampu ang ibinigay sa Board para siyasatin ang investment. Nagsimula ito noong ika-26 ng Oktubre, 2015 at ang paglabas ng pondo ay naganap noong ika-2 ng Nobyembre, 2015.⁶⁰

Bilang bahagi ng bond subscription ng IFC, ang kliyente ay pumasok sa kasunduan kaugnay ng E&S sa IFC, partikular na sa implementasyon ng kliyente ng ESAP sa loob ng 180 araw (tingnan ang Annex B). Dagdag dito, sumang-ayon din ang kliyente na kapag natuklasan ng IFC na may kakulangan sa implementasyon ng ESAP, papasailalim ito sa E&S advisory program kasama ang IFC sa loob ng anim na buwan kung saan ang gastusin ay ikakarga sa kliyente. Ayon din sa CAO, hindi kasama ang paggamit ng mga nalikom na probisyon sa bond subscription sa IFC.

Ayon sa CAO, walang nabanggit sa 2015 pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng IFC na batayan para asahan na ipatutupad ng kliyente ang Performance Standards ng IFC sa loob ng sapat na panahon (2012 Sustainability Policy, para 22).

Ito ang naging kongklusyon ng CAO batay sa (i) mga naunang pagsiyasat ng IFC na nagtala ng mahahalagang kakulangan sa kakayahan ng kliyente at maging sa paggawa nito; (ii) naitala din ng IFC ang kakulangan sa pagpatupad ng mga nakasaad sa E&S sa sub-proyekto nito; (iii) ang tuloy-tuloy na pagkakaantala sa pagpatupad sa E&S ay sumasalungat sa pagtatasa ng IFC ukol sa dedikasyon ng kliyente; at (iv) kasama sa 2015 ESAP ang mga mahahalagang gawain matapos ang paglabas ng pondo. Gayunpaman, kinikilala ng CAO ang ilang mga kakulangang natukoy sa ginawang pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) noong 2015 at kaakibat nito ay nagsama ng mga karagdagang hakbang upang mapabuti ito kumpara sa nakaraang mga ESAP. Partikular na ang pagkuha ng E&S consultant ng kliyente upang tumuwang sa pagpatupad ng ESMS at ang pagpayag sa

⁶⁰IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 37489. Makukuha sa <http://bit.ly/2RrC0WQ>.

gastusin ng kliyente para matugunan ang kakulangan sa pagpatupad ng ESAP (hal. advisory program para sa E&S na babayaran ng kliyente). Bagama't ang mga hakbang na ito ay makatutulong sa implemtasyon at nagbibigay ng karagdagang kapangyarihan sa IFC, hindi ito sapat upang masiguro na gagampanan ng kliyente ang pagpatupad sa Performance Standards sa loob ng resonableng panahon, lalo pa't may track record ang kliyente ng di pagpatupad sa mga napagkasunduang E&S sa loob ng apat na taon.

Tulad ng 2011 at 2013 investments, nakita ng CAO na sa 2015 investment hindi natugunan ang mga kakulangan sa ESMS ng kliyente bago pumasok ang IFC sa kasunduan o bilang kundisyon para sa paglabas ng pondo (salungat sa ESRP (2014.7.3.4.4)). Ayon sa IFC, ang E&S performance ng kliyente ay mananatiling unquantified o di-masukat na risk sa mga darating na panahon. At dahil dito, mababawasan ang kapangyarihan ng IFC na masiguro na tutugon ang kliyente sa Sustainability Policy.

Ayon din sa CAO, nakasaad sa Access to Information Policy (2012) ng IFC na kailangan ipagbigay-alam ang mga pangunahing hakbang nito upang mapalakas ang ESMS ng kliyente na isa sa mga kahilingan sa ESAP at kailangan ding ipaalam ang kasalukuyang estado ng pagpapatupad nito ng ESAP. Kahit na nagkasundo ang IFC at ang kliyente sa isang detalyadong ESAP, ***nakita ng CAO na hindi ipinagbigay-alam ng IFC ang kabuuan ng ESAP o maging ang sapat na paglagom ng mga pangunahing hakbang nito. Wala ring nangyaring pag-update kaugnay ng estado ng pagpatupad ng ESAP (salungat sa para 31 b (iii) at 41 (b) ng Access to Information Policy.***

Napansin din ng CAO na ang layunin ng pamumuhunan ng IFC ay para suportahan ang pagpapahiram ng RCBC sa mga proyekto sa imprastraktura at mga SME, subalit walang probisyon sa bond subscription ng IFC tungkol sa paggamit ng pondo sa SME o ang di pagsama sa mga planta na gumagamit ng karbon (coal-fired power plants).

Sa halip, pinapayagan sa bond ang pagtalaga ng pondo sa anumang pagkakagamitan ng korporasyon at nasabi din ng kliyente na gagamitin ito para "pondohan ang kanilang pagpapahiram lalo na sa imprastraktura."⁶¹ Mahalaga ito dahil noong binigyan-diin ng kliyente ang pamumuhunan nito sa coal power na mga planta⁶², ayon sa ulat ng kliyente, sa loob ng 2015 at 2019, tumaas ng 53 porsiyento ang mga portfolio para sa kuryente, gas, at tubig, samantala ang pagpapautang sa SME ay hindi tumaas at nanatili lamang sa kinalalagyan nito.⁶³ Noong 2017, sa AEPR nito, sinimulan ng kliyenteng uriin (o klasipikahin) ang mga pautang nito sa loob ng 12 buwan na mababa sa \$2 milyon bilang pautang sa SME. Dahil dito, ang ilan sa mga naireklamong mga pautang sa mga sub-proyekto ay kinategorya bilang SME bagama't ito ay para sa mga malakihang imprastraktura ng mga planta.⁶⁴ Bilang paglalagom, ang pagpinansya ng IFC ay nagbunga ng sitwasyon kung saan (a) ang kliyente ay nagbigay ng pinansyal na suporta sa 4 sa 11 inirereklamong sub-proyekto sa loob ng 2016-2018, (b)

⁶¹ RCBC, October 27, 2015, Press Release. Makukuha sa <https://bit.ly/2HyOrz6>.

⁶² Sa 2015 Annual Report, naitala ng RCBC na "RCBC Capital [subsidiary] focused primarily on raising financing for key projects in the infrastructure, and power and energy sectors. Across several transactions, RCBC Capital arranged project financing programs amounting to approximately Php128.8 billion for the development of infrastructure and power projects, consisting partly of coal-fired power plants with an aggregate capacity of 1,300MW. Most notable of these is the USD956.0 million, 414MW coal-fired power plant in Mindanao, wherein the investment house acted as the sole arranger for the onshore funding requirement. RCBC Capital was also responsible in arranging the project loan facilities for the largest solar power plant in the Philippines with a total capacity of 132.5MW.", pahina 26. Makukuha sa <https://bit.ly/2GuQbJL>.

⁶³ Datos para sa kuryente, gas at tubig mula sa RCBC Annual Reports. Ang malaking bahagi ng portfolio na ito sa panahong ito ay coal-fired power plants.

⁶⁴ Iniulat ng kliyente ang ilang magkakasabay na pautang sa ilang inirereklamong sub-proyekto. Kapag ang mga indibidwal na pagkakautang ay mas mababa sa US\$2m, ito ay ikinategorya ng kliyente bilang SME. Ang pinagsama-samang exposure ng kliyente sa inirereklamong sub-proyekto ay mahigit sa US\$2m.

hindi umunlad ang SME portfolio nito sa IFC, at (c) sa ulat nito sa IFC, napabilang ang ilang mga inirereklamong sub-proyekto nito sa mga SME loan.

2016-2020: IFC Supervision (Pangangasiwa ng IFC)

Noong Hunyo 2016, natapos ng World Bank Group's Independent Evaluations Group (IEG) ang pagsiyasat sa performance ng IFC kaugnay sa pamumuhunan nito sa RCBC.⁶⁵ Ayon sa ulat, "Partly Unsatisfactory" ang E&S Development Outcome, at binanggit din ang kakulangan sa pagpatupad ng Performance Standards sa mga sub-proyekto nito at ang pangako ng senior management kaugnay ng mga isyu sa E&S ay humina. Binigyan ng IEG ang kalidad ng trabaho ng IFC para sa pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng markang "Satisfactory" at "Excellent" naman ito sa gawaing pangangasiwa. Naitala din ng IEG na: inobliga ng IFC na gamitin ng kliyente ang Performance Standards sa mga sub-proyekto nito; nagsagawa din ito ng aktibong pangangasiwa tulad ng mga pagbisita sa site; nagtasa din ito ng 20 ESDD ng kliyente; nagbisita sa dalawang sub-proyekto; at naghanda ng E&S Diagnostic Report tulad ng binalangkas sa itaas. Binigyan ng IEG ng "Satisfactory" ang naging papel at kontribusyon ng IFC sa E&S ng RCBC dahil umagapay ito na mapabuti ang E&S risk management ng kliyente.

Mula Agosto-Nobyembre 2016, natanggap ng IFC ang 2015 AEPR ng kliyente, nagkapagsagawa ito ng pagbisita sa site, at naibahagi nito ang isang ulat ng NGO sa kliyente ukol sa pagpondo ng mga coal-fired na mga planta. Noong Nobyembre 2016, hinanda ng IFC ang ulat pangangasiwa nito na naglalaman ng pagsiyasat nito sa E&S performance ng kliyente. Ayon sa IFC, 45 porsiyento ng portfolio ng kliyente ay mula sa sektor na may likas na E&S risk, kasama na ang panganib sa kalusugan at kaligtasan.⁶⁶

Pinagtibay din ng IFC na nagkaroon ng hakbang ang kliyente tungo sa implementasyon ng 2015 ESAP, tulad ng pagsasanay ng mga kawani at pagmonitor ng portfolio. Subalit ayon sa IFC bagaman hindi pinatutupad ng kliyente ang Performance Standards ng IFC sa mga sub-proyekto nito na may mataas na panganib, may ginagawa itong pagtataya at pagsasala sa mga investment kaugnay ng Exclusion List ng IFC at hinihingan nito ng Environment Compliance Certificates (ECC) ang mga panukalang sub-proyekto sakaling ito ay isa sa mga kahilingan ng batas ng bansa. Dagdag pa ng IFC, hindi naisagawa ng kliyente ang pagkuha ng tagapag-ugnay para sa ESMS at ng kasangguni (consultant) para sa pagpatupad ng Performance Standard ng mga sub-proyekto; ito ay isang paglabag sa 2015 ESAP. Ginabayan din ng IFC ang kliyente sa pagbuo ng terms of reference para sa E&S consultant na galing sa labas ng kumpanya at nagbigay din ito ng mga komento sa ilang mga aplikasyon para sa posisyon ng kasangguni. Subalit, sa di malamang mga dahilan, hindi makapili ng kasangguni ang kliyente. Noong Oktubre 2016, humingi ng anim na buwang palugit ang kliyente bago mapatupad ang 2015 ESAP at pansamantalang petsa ng pagkuha ng E&S consultant at ESMS coordinator. Pinanatili ng IFC ang pagtatasa nitong Partly Unsatisfactory ang E&S Performance ng kliyente noong Nobyembre 2016. Ito ay muling sisiyasatin sa Pebrero 2017 at sa puntong ito dapat nakahanap na ng E&S consultant ang kliyente at nasimulan na ang paghahanda para sa mga ulat tungkol sa mga sub-proyekto. Muling pinaalala ng IFC na ang kabiguang di mapatupad ang mga hinihiling ay maaaring magresulta sa Unsatisfactory na pagtatasa at maaaring maging dahilan upang pasimulan ang IFC Advisory Services program (ayon sa kasunduan sa 2015 Bond investment) o ang pagsimula ng iba pang mga posibleng solusyon sa ilalim ng kasunduan sa pamumuhunan.

⁶⁵ Nagsagawa ang World Bank Independent Evaluations Group ng post-evaluations ng mga IFC investment. Bawat taon, pumipili ang IEG ng bahagi ng IFC investment sa nakaraang limang taon. Ang pagtatasa ng IEG ay batay sa Development Outcome, IFC's Investment Outcome at IFC's Work Quality.

⁶⁶ RCBC Annual Report 2015, loan portfolio information page 184. Makukuha sa <https://bit.ly/2GuQbJL>.

Noong Mayo 2017, natanggap ng IFC ang 2016 AEPR ng kliyente. Pinanatili ng IFC ang pagtatasa nitong Partly Unsatisfactory noong Nobyembre 2016.

Sa loob ng Mayo at Hunyo 2017, pinondohan ng IFC ang Enhanced Client Support program (ECS) upang mapabuti ang ESMS ng kliyente at upang umagapay sa bangko sa pagtupad ng mga pangako na nakapaloob sa ESAP. Ipinaliwanag ng IFC sa CAO na ang naging desisyon na pondohan ang ECS program sa halip na pasimulan ang Advisory Services program ay nakabatay sa: (a) limitasyon sa pondo ng RCBC matapos ang multang ipinataw ng Philippine Central Bank dahil sa paglabag sa pambansang batas sa pagbabangko kaugnay ng Bangladesh cyber heist;⁶⁷ at (b) pagtatasa ng IFC na may pag-unlad sa pagtupad ng E&S ang kliyente.

Ang ECS program ay binuo ng isang kawani ng IFC at ng dalawang internasyunal na mga kasangguni o consultant na bumisita sa site kasama ang kliyente. Kinapanayam din nila ang senior management ng kliyente at maging ang Board sub-committee. Sa pamamagitan ng programa, hiniling ng IFC na suportahan ang implementasyon ng 2015 ESAP ng RCBC at tulungan ang kliyente na makamit ang Satisfactory na E&S performance sa susunod na pagtatasa ng IFC. Nakumpirma sa pagsiyasat ng IFC ng ESMS ng kliyente ang mga kakulangan ng kliyente sa proseso ng pagkategorya ng mga risk, mga guidance tools, at legal na aplikasyon ng Performance Standards sa mga sub-proyekto nito. Sa implementasyon, napansin ng IFC na ginamit ng kliyente ang Exclusion List ng IFC at kung kinakailangan hiningi ng kliyente ang mga ECC. Subalit napansin ng IFC ang kakulangan ng kliyente sa usaping kakayahan ng kawani, pagtatasa ng mga social risk (panganib sa lipunan), at pagpatupad ng Performance Standards. Dagdag pa dito, nag-alala din ang IFC sa pagtatasa ng mga suliranin kaugnayan sa E&S at sa pamamaraan ng pagtala nito sa mga investment approval documents. Minungkahi ng IFC na linawin ang magiging papel ng E&S consultant na mula sa labas na kukunin ng kliyente. Napansin din ng IFC na ayon sa nirebisang ESMS ng kliyente, ang Performance Standards ay gagamitin lamang sa mga high-risk exposure. Bilang pagtatapos, nabanggit ng IFC na kinakailangang palawigin ang implementasyon ng ESAP.

Ang ilan sa mga magagandang kinalabasan ng Enhanced Client Support program ay ang pagkuha ng kliyente ng independent na E&S consultant noong June 2017 at ng ESMS coordinator noong Agosto 2017. Sa unang pagkakataon, nagtalaga ang kliyente ng ispesyalista at ng suporta para sa E&S. Ayon sa IFC, may karanasan ang kinuhang E&S consultant sa ibang multilateral projects at inanyayahan din nila ito sa pagsasanay kaugnay ng Performance Standards. Subalit matapos ang pagsiyasat sa mga naging karanasan ng ESMS coordinator at E&S consultant, hindi ito sapat para magsagawa ng review at mangasiwa ng implementasyon ng Performance Standards para sa mga uri ng posibleng E&S risk sa mga inirereklamong sub-proyekto ayon sa CAO.

Noong Oktubre 2017, nagsampa ng kanilang mga hinaing ang mga complainant sa CAO.

Noong Nobyembre 2017, nakatanggap ang IFC ng E&S Monitoring Report (ESMR)⁶⁸ para sa isang inirereklamong sub-proyekto. Ang ESMR na ito ay hinanda ng E&S consultant ng

⁶⁷ Noong Agosto 4, 2016, minultahan ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), ang sentral bank ng Pilipinas ang RCBC ng P1.0 billion (\$21 million) kaugnay ng pagkakasangkot nito sa Bangladesh Bank cyber heist. BSP (Agostot 4, 2016) *MB Approves Record Supervisory Enforcement Action on RCBC*. Makukuha sa <https://bit.ly/34kDbiV>. Makukuha dito ang iba pang detalye tungkol sa Bangladesh Bank cyber heist <https://on.ft.com/3krJQNO> at <https://reut.rs/3oH1laZ>.

⁶⁸ Binigyan ito ng pamagat ng kliyente na E&S Due Diligence (ESDD) reports. Subalit ang ESDD ay ihinahanda bago ang FI financing ng sub-proyekto. Dahil ang tinitingnan sa ulat na ito ay ang E&S performance ng sub-proyekto at ihinanda ito matapos mamuhunan ng RCBS sa sub-proyekto, mas angkop na ito ay tawagin na ESMR.

kliyente. Pinadaan ito sa IFC at binigyan ng komento ng isang IFC consultant. Isinaalang-alang ang mga komentong ito sa paghanda ng kliyente ng pinal na bersyon ng ESMR.

Noong Enero 2018, muling nagbigay ang IFC ng Enhanced Client Support. Kumuha ang IFC ng isang internasyunal na kasangguni para sumuporta sa implementasyon ng ESMS ng kliyente sa pamamagitan ng: (a) pagsiyasat sa mga pamamaraan ng pakikitungo sa mga stakeholder at sa pagbisita sa isa sa mga coal-fired na planta na nabanggit sa reklamo sa CAO; (b) dalawang oras na pagsasanay para sa mga kawani ng RCBC kaugnay ng stakeholder engagement; (c) pagbigay ng gabay sa mga istratohiyang pangkomunikasyon kaugnay ng stakeholder outreach; (d) pagmungkahi ng mga sunod na hakbang sa senior management ng RCBC. Napansin ng kasangguni na gumawa na ang kliyente ng mga paraan para mapabuti ang ESMS mula sa nakasaad sa 2015 Diagnostic Report ng IFC. Subalit binanggit din na hindi pa talaga buong naisasama ang ESMS sa mga sistema at proseso ng kliyente dahil hindi mabuksan ng tagapag-ugnay ng ESMS ang mga impormasyon tungkol sa mga E&S ng mga sub-proyekto. Umasa ang ESMS coordinator sa mga impormasyon na ibinigay ng RCBC investment staff sa halip na sundin ang mga pangunahing responsabilidad na inaasahan sa ESMS. Nag-iwan din ng katanungan ang kasangguni kaugnay ng resources ng mga kawani at nirekomenda na kailangan nang i-update ang 2015 Diagnostic Report ng IFC. Binisita ng kasangguni ang isang coal-fired na planta na itinatayo pa lamang para makita ang proseso ng pakikitungo sa stakeholder. Nakipagpulong sila sa community relations officer ng planta, dumalo sa dalawang philanthropy events na inorganisa ng kumpanya, binisita ang isang malapit na bayan, at inikot ang construction site ng planta. Ayon sa kasangguni, kapuri-puri ang pakikitungo nila sa komunidad. Hindi naging bahagi ng gawain nila ang magsiyasat o magpatotoo sa E&S performance ng planta. Bagamat kinapanayam nila ang mga kawani ng planta tungkol sa mga isyu na nabanggit sa reklamo, hindi sila nagtangkang patunayan ang mga impormasyon na natanggap. Gayunpaman nabanggit ng kasangguni na tila ang ilang isyu na lumabas sa reklamo ay dahil sa maling impormasyon na natanggap.

Noong Pebrero 2018, nakatanggap ang IFC na update mula sa kliyente tungkol sa pagpatupad ng 2015 ESAP nito. Ayon sa kliyente: (a) kumuha na ito ng independent E&S consultant; (b) nakapaghanda na din sila ng dalawang ESMR para sa IFC; (c) muling tiningnan ang mga pagkategorya nito ng mga investment nila batay sa E&S. Binanggit din ng kliyente na umaasa ito na matutugunan ang mga hindi pa napapatupad sa 2015 ESAP sa loob ng Abril at Setyembre 2018. Kasama na dito ang mga ESMR para sa lahat ng high-risk project at pagbuo ng ESAP para sa mga sub-proyekto sa loob ng anim ng buwan.

Noong Abril 2018, natanggap ng IFC ang 2017 AEPR ng kliyente at nagawang bumisita ng IFC sa site. Natapos ng IFC ang pinagsamang AEPR at ulat ng site visit noong Mayo 2018. Batay sa ulat na ito, nakita ng IFC na: (a) pinatupad ng kliyente ang ESMS at isinama dito ang Performance Standards sa pagpahiram at sa portfolio management nito; (b) nagkaroon ng mas malakas na suporta mula sa senior management sa pangangasiwa ng E&S; (c) pinatibay ang grupo ng ESMS na ngayon ay fit-for-purpose na; at (d) naisakatuparan ang mga nakasaad sa ESAP. Naitala ng IFC na ang kliyente ay may 32 higher E&S risk na pautang, kasama na ang 13 na coal-fired na mga planta. Naitala rin ng IFC na batay sa pinakahuling pagtatasa sa pangungutang, pagsisiyasat ng ilang ESMR ng kliyente, online media search, at pakikipanayam kasama ang RCBC, lahat ng may mas mataas na panganib na negosyo ay mayroon nang mga environmental certificates at iba pang mga dokumento mula sa pamahalaan, at para sa kliyente, walang mga malalaking problemang natagpuan kaugnay ng E&S.

Nagbigay ng ilang puna at tugon ang IFC sa ilang mga ESMR. Sa mga ESMR na kinakitaan ng mga kakulangan sa mga paggawa ng mga sub-proyekto, imunungkahi ng IFC sa RCBC na gawin ang lahat ng makakaya upang makabuo ng mga hakbang na makatutulong sa mga sub-proyekto nito. Naitala ng IFC na nakaranas ang kliyente ng mga pagkaantala para

matapos ang mga ESMR. Maliban sa mga sub-proyektong kaugnay ng reklamo sa CAO, nabanggit sa ulat ng IFC na walang malaking E&S risk sa portfolio ng kliyente. Pinanatili ng IFC ang pagtatasa nitong Partly Unsatisfactory sa E&S performance ng kliyente. Pinaliwanang ng IFC na ito ay napanatili dahil sa kakulangan ng patunay na ginagamit ng kliyente ang Performance Standards sa mga sub-proyektong ito.

Noong Nobyembre 2018, bumisita ang IFC sa site ng kliyente para makakuha ng update kaugnay sa pagpatupad ng ESMS at estado ng mga ESMR. Naitala ng IFC na: (a) ang kliyente ay nagkaroon ng mga E&S na kawani na regular na nagsasagawa ng mga pagsiyasat sa credit application ng mga bago at umiiral na mga sub-proyektong ito at nagsagawa rin ito ng apat na pagbisita sa kinaroroonan ng mga sub-proyektong ito; (b) nagkaroon ng pagtaas ng E&S risk management; at (c) nagkaroon ng exposure sa 15 coal-fired na mga planta na bumubuo ng 12.5 porsiyento ng loan portfolio nito. Naitala din ng IFC na mayroong 32 na Kategoriya A sub-proyektong ito ang kliyente at nakumpleto na ang ESMR ng siyam sa mga ito, kasama na ang apat na inirereklamong sub-proyektong ito. Ayon sa kliyente, nagkaroon ng mga hamon sa pagsiyasat ng mga sub-proyektong ito dahil ang exposure nila sa sub-proyektong ito ay kadalasang syndicated loan na pinangungunahan ng iba pang pinansyal na mga institusyon at dahil na rin sa pag-aatubili ng mga sub-proyektong ito na makipagtulungan dahil ang tingin nila sa mga pagbisita ng RCBC ay isang pag-audit. Ibinalita din ng kliyente na lumabas sa mga natapos na ESMR ang ilang mga paglabag sa E&S standards ng IFC o ng batas ng bansa. Binigyang diin ng IFC ang kahalagahan na matapos ang E&S review ng mga inirereklamong sub-proyektong ito at nag-alok ito ng tulong para mapabilis ang pagtatasa. Sa kasalukyan, malaki na ang iniunlad ng pangangasiwa ng E&S risk ng RCBC ayon sa investment staff ng IFC. Subalit, sa pagtatapos ng gawaing pangangasiwang ito (supervision activity), pinanatili ng IFC ang Partly Unsatisfactory na pagtatasa nito sa E&S performance ng kliyente.

Noong Pebrero 2019, nakipagpulong ang IFC sa mga kinatawan ng mga nagreklamo sa Maynila upang pag-usapan ang nilalaman ng reklamong ito at ang E&S management ng IFC.

Marso 2019, natanggap ng IFC ang 2018 AEPR ng kliyente. Natapos ng IFC ang pagsiyasat nito noong Hulyo 2019 at naitala dito na may 24 Kategoriya A sub-proyektong ito ang kliyente sa kanyang portfolio, at ang exposure nito sa coal ay 8 porsiyento. Ayon sa IFC may komprehensibong ESMS ang kliyente at may kakayahan pangasiwaan ang E&S risk nito at ang pagpatupad ng Performance Standards ng IFC. Pagdating ng Marso 2019, 10 sa 11 ESMR ng mga inirereklamong sub-proyektong ito ang nakumpleto. Sa 10 ulat na ito, 6 ang inihanda ng tagapag-ugnay ng ESMS ng kliyente, 3 ang inihanda ng E&S consultant ng kliyente at 1 ng kasangguni ng IFC. Walang inihandang ulat ang kliyente kaugnay ng isa sa mga planta dahil wala itong aktibong exposure sa plantang ito. Ayon sa IFC, tatlong high-risk findings ang natukoy ng mga ESMR.⁶⁹ 2 sa 10 ulat ng pagsiyasat ang naitala ng IFC. Binanggit din ng IFC ang pagkakaroon ng kliyente ng Sustainable Finance Framework⁷⁰ para suportahan ang pag-isyu ng mga Green Bonds at iba pang mga katulad na mga instrumentong pampinansyal. Ayon din sa IFC, tumaas ang pamumuhunan sa sekto ng renewable energy. Dahil sa malaking pagkakasangkot sa mga high-risk na mga sektor at dahil sa usaping reputasyon na dala ng mga reklamo sa CAO, pinanatili ng IFC ang pagtatasa nitong Partly Unsatisfactory sa E&S performance ng kliyente.

Noong Marso 2020, natanggap ng IFC ang 2019 AEPR ng kliyente. Halos magkatulad ang naging kongklusyon ng pagsiyasat ng IFC dito sa naging kongklusyon nito sa Hulyo 2019 na dokumentasyon ng pangangasiwa nito. Naitala ng IFC ang exposure ng kliyente sa 15 coal-

⁶⁹ Ang binigay na depenasyon ng ESRMs sa E&S high risk ay ang malaking o malawak na hindi pagsunod sa mga gabay ng IFC o sa mga legal na mga pangangailangan na maaaring magresulta sa pagka-antala ng operasyon/konstruksyon.

⁷⁰ RCBC (2019) Sustainable Finance Framework makukuha sa <https://bit.ly/2HIR9lj>.

fired na mga planta na bumubuo ng 6.5 porsiyento ng portfolio nito na mas mababa kesa sa pamumuhunan nito sa mga sustainable na mga proyekto na umabot ng 7.3 porsiyento. Kaugnay ng mga inirereklamong sub-proyekto, naitala ng IFC na ang partisipasyon ng RCBC ay mula 2 hanggang 29 porsiyento ng mga project loans. At kaugnay naman sa mga ESMR ng mga inirereklamong sub-proyekto, naitala din ng IFC na ang 3 high-risk finding na natukoy ay natugunan na. Kasama sa dokumentasyon ng pagmamasid (supervision documentation) ang inihandang site supervision na ulat ng kliyente na nagtala ng mga hakbang na ginawa nito upang mapabuti ang mga sub-proyekto. Pinanatili ng IFC ang kanyang pagtatasang Partly Unsatisfactory sa E&S performance ng kliyente.

2.2.3. Pagsusuri ng CAO ukol sa Pagtalima (CAO Compliance Analysis): Pagsubaybay ng IFC (IFC Supervision)

Mula nang unang mamuhunan ang IFC sampung taon na ang nakararaan, hindi nagsagawa ng pagsiyasat ang IFC na (a) pinapatupad ng kliyente ang ESMS nito batay sa mga ipinangako noong pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) o (b) pinatutupad ang IFC Performance Standards sa mga sub-proyekto nitong may mataas na panganib high-risk) nito (ESRP 2009 and 2014, para 9.2.5/6).

Mula 2011 hanggang sa unang bahagi ng 2015, madalas ang laman ng ulat mula sa IFC's supervision (pagsubaybay ng IFC) ay lantarang papuri sa pamamahala ng kliyente na madalas nagtatapos sa Satisfactory (Katanggap-tanggap) na pagtatasa sa pagtupad nito sa E&S, subalit wala itong ipinapakitang katibayan ng pagtupad sa mga kahilingang nakasaad sa E&S ng IFC. Sa ilang pagkakataon, nabanggit na nabalewala ang Performance Standards. Dahil dito, tuloy-tuloy na hindi natugunan ang mga kakulangan sa E&S performance sa loob ng matagal na panahon, at na-aprubahan ang karagdagang pamumuhunan (kapital) para sa kliyente mula sa IFC.

Bago ang pagbigay ng pondo para sa Enhanced Client Support program, ayon sa dokumentasyon ng IFC supervision, sa loob ng anim na taon, naitala na madalas huli sa pagtugon ang kliyente sa mga kahilingan ng IFC. Sa katunayan, matapos ang pagbigay ng pondo noong 2015, naitala ng IFC na hindi natugunan ng kliyente ang pagkuha ng E&S consultant at ng ESMS coordinator (tagapag-ugnay ng ESMS) kahit na binigyan ito ng palugit ng mahabang panahon. Ayon sa Sustainability Policy ng IFC, maaaring matigil o mawala ang pinansyal na suporta ng IFC kapag may ganitong uri ng mga pagkaantala (para. 22). Sa kontekstong ito, napagkasunduan ng IFC na pondohan ang programang Enhanced Client Support sa halip na ipatupad ang nakasaad sa 2015 Bond investment na obligahin ang kliyente na pondohan ang programang ito o mag-isip ng iba pang nararapat na solusyon para rito.

Nakapagtala ng mas mabuting E&S performance ang kliyente batay sa huling pagtatasa. Halimbawa, kumuha ang RCBC na isang kawani na may karanasan sa pagpapatupad ng ESMS at sa pagsuri ng E&S risk sa portfolio nito. Pinabuti rin ng RCBC ang proseso ng E&S monitoring. Subalit, magpahanggang ngayon walang kasiguraduhan na may nakatakdang batayan ng pangangasiwa ng mga proyektong E&S na naaayon sa mga pamantayan ng IFC. Kasama na rito: (a) katibayan na ipatutupad ng kliyente ang E&S ng IFC;⁷¹ (b) sapat na bilang ng mga kawani ayon sa laki ng portfolio para pangasiwaan ang E&S ng kliyente at ipatupad ang Performance Standards sa mga pinopondohang negosyo na may mas mataas na panganib; (c) isang epektibong sistema ng pagsiyasat ng mga proyektong may mas mataas

⁷¹ Ang tungkulin o pangako ng kliyente ay maaaring makita batay sa mga sumusunod: (i) legal na kasunduan sa pagpatupad ng kahilingan ng E&S ng IFC; (ii) pag-ulat sa board at pagkakaroon ng mga talakayan tungkol sa E&S performance; (iii) pagsasanay ng board at senior management tungkol sa E&S risk management at IFC PS; (iv) pagpahayag sa loob at maging sa publiko ng inaprubahan na E&S Policy ng board; (v) pagkakaroon ng E&S staff reporting lines; at (vi) sapat na E&S resources na naaangkop sa FI portfolio risk.

na panganib kaugnay ng mga kahilingan na nakasaad sa Performance Standard, at naayon sa ating mga batas; (d) pangangailangang maisama ang mga kondisyon ng E&S sa mga kasunduang legal at sa ESAP nang sa gayon ay masiguro ang pagtupad sa Performance Standards: o (e) isang mabisang paraan ng pagsubaybay sa mga estado ng mga proyekto na alinsunod sa Performance Standards. Kung wala ang mga ito, ang pagtatag ng ESMS ay hindi nagbibigay ng kasiguraduhan na susunod at tutupad sa E&S ng IFC kaugnay ng pagpapahiram ng bangko ng pondo.

Napag-alaman ng CAO na ilang ulit namuhunan ang IFC sa isang bangkong pangkalakal (commercial bank) sa Pilipinas na nagbibigay ng suportang pinansyal sa mga proyektong mataas ang antas ng E&S risk nang walang PS compliance. Ayon na rin sa mga nakalap na ebidensya, maaaring malagay ang IFC sa alanganin dahil sa mga proyektong may mataas na panganib na maaaring magkaroon ng hindi magandang epekto sa komunidad at kalikasan dahil walang katiyakang sumunod ang mga ito sa Performance Standards ng IFC.

Lumilitaw sa pagsusuring ito ang tunggalian sa pagitan E&S ng IFC sa isang banda at ng business model ng kliyente. Una, mahirap matiyak ang pagpapatupad ng Performance Standard ng IFC kapag ang kliyente ay kalahok sa syndicated lending kasama ang iba pang nagpapahiram ng pondo na maaaring iba ang pamantayan sa mga itinakda ng E&S; at pangalawa, mahirap magpatupad ng ESMS ayon sa pamantayan ng IFC sa iba't ibang portfolio ng isang general commercial bank na maraming kliyente na maaaring magkakaiba ang mga pamantayan kumpara sa naitakdang Performance Standards.

2.2.4. Ang Pagtatasa ng CAO sa mga Epekto sa E&S sa Antas ng Sub-Project

Sa inihaing reklamo sa CAO nakasaad ang mga alegasyon tungkol sa masasamang epektong pangkapaligiran at panlipunan sa mga komunidad kung saan nakatayo ang mga plantang pinapagana ng karbon na pinondohan ng RCBC. Ang pinakakaraniwan umangang epekto ay ang polusyon sa hangin, tubig, at lupa na dulot ng abo ng karbon na nakaaapekto naman sa kalusugan ng komunidad, kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda, at sa biodiversity. Ang iba pang mga alegasyon sa ilang mga planta ang pagpapaalis sa mga naninirahan at di-boluntaryong resettlement, paghihigpit sa akses at pagpapalayas sa Indigenous Peoples sa kanilang lupain, at pagbabanta at pananakot sa mga aktibista sa komunidad. Hindi rin sapat ang isinagawang pampublikong konsultasyon at ang mga mekanismo sa paghahain ng mga reklamo sa lahat ng lugar na pinagtayuan ng mga planta.

Hindi sapat ang impormasyon na mayroon ang CAO upang makagawa ng depinitibong kongklusyon tungkol sa alegasyon ng mga nakasasamang epektong nakasaad sa reklamo sa antas ng sub-proyekto. Gayunpaman, nagsagawa ang CAO ng desk-based assessment tungkol sa posibilidad ng mga isinaad na masasamang epekto batay sa hawak na ebidensiya at pagsangguni sa mga kahingian ng Performance Standards. Nakabatay ang kongklusyon ng CAO patungkol sa posibilidad ng mga epekto sa pagsusuri ng dokumentasyon ng environmental impact assessment ng mga planta, impormasyong mula sa kliyente na hawak ng IFC, mga Environmental Compliance Certificates (ECCs) na ipinagkaloob ng gobyerno, mga dokumentasyon ukol sa regulasyon at mga aksyong ipinatupad, ulat ng media, mga hiwalay na pag-aaral, panayam sa mga eksperto, at satellite imaging. Makikita ang mga ito sa Annex D. Kinakailangan ang akses sa datos ng kasalukuyang isinasagawang pagsubaybay at mga ulat ng tagalabas na tagamasid, na wala ang CAO sa karamihan ng mga kaso, gayundin ang pagbisita sa mga lugar at direktang pakikipag-ugnayan sa mga apektadong komunidad at mga nagpapatakbo ng sub-proyekto, upang ganap na maberipika ang lawak at kalubhaan ng mga epekto na ipinagbigay-alam ng mga naghain ng reklamo.

Ang kongklusyon ng CAO, batay sa pagtatasa (tingnan ang Annex D at E) sa antas ng sub-proyekto, mataas ang posibilidad o may posibilidad ang mga sumusunod na negatibong epekto at resulta na inihayag sa reklamo: (a) nakakasamang epekto sa kalusugan dahil sa polusyon sa hangin at kontaminasyon ng tubig mula sa abo ng karbon sa anim na planta; (b) epekto sa kabuhayan dahil sa kontaminasyong dulot ng abo ng karbon mula sa limang planta at dahil sa pisikal o economic displacement sa dalawang planta; (c) epektong dulot ng pagpapaalis at resettlement sa dalawang planta; (d) pagbabanta at pananakot sa mga aktibista sa komunidad na may kaugnayan sa apat na planta; at (e) hindi sapat na pampublikong konsultasyon at mga mekanismo sa paghahain ng mga reklamo sa lahat ng lugar na pinagtayuan ng mga planta. Natukoy din ng CAO ang ilan pang mga epektong may posibilidad sa antas ng sub-proyekto na hindi kabilang sa mga isyung inihain, tulad ng: (a) negatibong epekto sa kalusugan ng komunidad dahil sa polusyong dulot ng karbon sa dalawa pang dagdag na planta; at (b) pagbaba ng lebel ng tubig na dulot ng isang planta na nakaaapekto sa akses ng komunidad sa tubig. **Ang mga negatibong E&S impact ng mga plantang pinapagana ng karbon na pinondohan ng RCBC, na sa kongklusyon ng CAO ay mataas ang posibilidad o may posibilidad, ay hindi maipagwawalang-bahala at nangangailangan ng agarang pagtatasa at mitigasyon alinsunod sa IFC Performance Standards.**

Para naman sa iba pang mga isyung inihain ng mga nagrereklamo patungkol sa bawat planta, hindi sapat ang hawak na impormasyon ng CAO upang bumuo ng kongklusyon kung may posibilidad ba o wala ang ilang epektong iniuugnay sa sub-proyekto. Sa ilang mga pagkakataon, lumalabas na walang kaugnayan sa operasyon ng planta ang mga epektong binanggit sa reklamo.

Tingnan ang Annex E para sa pag-iisa-isa ng ginawang pagtatasa ng CAO sa posibilidad ng mga epekto sa antas ng sub-proyekto at Kahon A para sa halimbawa.

Kahon A: SMC Limay: Halimbawa ng Alegasyon ukol sa Epekto sa Komunidad (Community Impact Allegation) at Pagtatasa ng Kliyente (Client Review)

Ang SMC Limay ay isang plantang pinapagana ng karbon sa isla ng Luzon na nagsimula ng operasyon noong 2017 at nakatanggap ng project finance loan mula sa RCBC. Gumagamit ang planta ng sub-critical technology na nagbubuga ng mas maraming emisyon sa hangin sa bawat yunit ng elektrisidad, kabilang na ang CO₂, kumpara sa mas mabisang teknolohiya. Itinayo ang planta sa tabi ng operasyonal na 140 megawatt (MW) na plantang pinapagana ng karbon at isang oil refinery. Ang hangganan ng planta ay 30 metro mula sa bayan ng Lamao (populasyon 19, 329) at may tatlong paaralang nakatayo sa mismong distrito (o barangay). Ayon sa mga nagrereklamo, nagdulot ang planta ng malubhang epekto sa kalusugan ng mga lokal na komunidad. Dahil umano sa operasyon ng planta, nagkaroon ng mga sakit sa baga at balat ang mga taong nakatira malapit dito at nagpahayag din sila ng pagkabahala tungkol sa kawalan ng konsultasyon at sapilitang pagpapaalis sa mga residente nang walang maayos na resettlement.

Matamang tinutukan ng media ang mga inihaing reklamo tungkol sa E&S impacts ng SMC Limay, at may mga pahayag ang gobyerno at mga dokumentong sumusuporta sa ilan sa mga paratang. Sa huling bahagi ng 2016, inatasan ng pambansang regulator na itigil ang operasyon ng planta bilang tugon sa isyung inilarawan ng regulator bilang “ash spill na umano’y sanhi ng pagkakasakit ng ilang residente.” Dahil dito, kinailangan ng planta na itigil ang pagtatapon ng abo ng karbon sa isang pasilidad. Pinahintulutan ang pagbabalik-operasyon ng planta matapos magtala ng emisyon sa hangin at tubig na pasok sa nasyonal na pamantayan. Bagamat ibinalita na tugma sa pamantayan ng World Bank ang pagbuga sa hangin, lumalabas naman sa ginawang pagsusukat ng lokal na komunidad sa kalidad ng hangin noong 2020 na lumagpas sa limitasyon ang mga emisyon, partikular

sa PM_{2.5}. Kasunod ng isang paunang pagsusuri sa epekto sa kalusugan noong Enero 2017, isang komprehensibong pagtatasa ng epekto sa kalusugan ang isinagawa ng pamahalaan noong 2018. Ngunit hindi ito isinapubliko at hindi rin ibinigay ang datos sa CAO. Para naman sa sapilitang pagpapaalis, ayon sa pagsusuri ng third party noong 2016 at mga pahayag ng gobyerno noong 2017, mayroong naganap na pag-angkin ng lupain at pagpapaalis sa mga naninirahan dito. Hindi malinaw kung nakapagbigay ng sapat na kabayaran.

Bilang tugon sa kahilingan ng IFC, nagsagawa ang kliyente ng E&S Monitoring Report noong 2019 hinggil sa planta batay sa pagsusuri sa ulat ng inhinyero at isang video conference meeting kasama ang operator ng proyekto. Sa kongklusyon ng ESMR, sumusunod ang proyekto sa Performance Standards at walang natukoy na mga panganib. Ngunit may ilang maliwanag na pagkukulang sa ginawang ESMR. Una, hindi kabilang sa ESMR ang pagsusuri sa ESIA o E&S monitoring data ng planta. Ikalawa, ibinuod ng ESMR ang mga estratehiya ng kompanya tungkol sa pagkontrol at pagtatapon ng abo nang walang pagbanggit sa nabalitang ash spill noong 2016, at pagpapatupad ng mga remedial na aksyon o kasapatan ng pamamahala sa mga isyung may kinalaman sa ash management. Ipinahayag din sa ESMR na walang naganap na pagpapaalis sa mga naninirahan doon ngunit walang detalyadong pagsusuri tungkol dito.

Tinukoy ng CAO ang ilan pang kakulangan sa ESMR, kabilang dito ang: (a) kawalan ng pagtugon sa mga isyung inihain sa reklamo sa CAO; (b) kakulangan sa pagsasaalang-alang sa kalidad ng hangin sa kapaligiran (PS3) at kaugnay na epekto sa kalusugan (PS4); at (c) hindi sapat na pagsusuri sa mga panganib at epektong may kaugnayan sa pagbili/pagkuha ng lupain (PS5).

Sa kabuuan, kulang ang ESMR sa kritikal na pagsusuri sa mga impormasyong may kinalaman sa E&S kaugnay sa mga isyung nakapaloob sa inihain sa reklamo. Wala ring dokumento ang IFC na nagsusuri sa ESMR na ito. Sa kontekstong ito, inihahayag ng CAO na walang katiyakan ang IFC na tinutupad ng kliyente ang IFC E&S Standards sa plantang ito na pinapagana ng karbon. Higit tatlong taon nang operasyonal ang planta at nagdudulot ng mabibigat na alalahanin tungkol sa E&S impacts sa mga nakapaligid na komunidad.

2.2.5. Pagsusuri ng CAO ukol sa Pagtatalima (CAO Compliance Analysis): Ang Tugon ng IFC sa mga Isyung Inihain sa Reklamo

Mula sa IFC equity investment noong 2011, nagbigay ang kliyente ng pondo sa 10 sa 11 sub-proyekto na inirereklamo at sumang-ayon na mamuhunan sa 1 sub-proyekto⁷² na mayroon ding reklamo. Ayon sa kasunduang mamuhunan ng IFC sa kliyente, kailangang sundin ng kliyente ang IFC Performance Standards at EHS Guidelines for Thermal Power Plants sa kanilang pamumuhunan. Dahil ikinategorya ng RCBC na Kategorya A ang mga panganib sa E&S sa bawat sub-proyekto na inirereklamo, kinakailangan na ipaalam ng kliyente sa IFC ang mungkahing pamumuhunan bago pa man magbigay ng pondo para sa mga plantang pinapagana ng abo. Walang nakitang ebidensiya ang CAO na: (a) ipinaalam ng kliyente sa IFC ang desisyong pondohan ang mga sub-proyekto na inirereklamo bago mamuhunan sa mga ito; (b) sinuri ng IFC ang isinigawang E&S assessment para sa mga sub-proyekto na inirereklamo bago mamuhunan; o (c) inatasan ng kliyente ang mga planta na sundin ang Performance Standards o ang EHS Guidelines for Thermal Power Plants bilang kondisyon sa pamumuhunan.

Hindi kinakailangan ng IFC na magsagawa ng indibidwal na pagtataya at pagmomonitor sa mga sub-proyekto na pinopondohan ng kliyente ng FI. Mga responsibilidad ito ng kliyente.

⁷² Hindi malinaw sa CAO ang kasalukuyang estado ng kasunduan.

Gayunpaman, gaya ng nabanggit sa itaas, kinakailangan ng IFC na tiyakin sa sarili nito na ang isang kliyente ng FI ay nagsusuri at nangangasiwa ng mga sub-proyekto ayon sa mga E&S requirements ng IFC, kabilang na ang kahingi-ang sundin ang Performance Standards sa mga may mas mataas na panganib na gawaing pangnegosyo na pinopondohan nito. Ang pamumuhunan sa mga plantang pinapagana ng karbon ay isang aktibidad ng negosyo na may malaking panganib sa E&S, at dahil dito, kailangang sundin ang Performance Standards. Batay sa analisis sa itaas, maliwanag na alam ng IFC na hindi sinusunod ng kliyente ang Performance Standards sa pamamahagi ng loan, kabilang na sa mga taong 2013-2017 kung saan pinondohan ng kliyente ang mga plantang pinapagana ng karbon na siyang paksa ng reklamo sa CAO. Dagdag pa, pinapahiwatig sa CAO na ayon sa dokumentasyon, partikular ang pagsusuri sa Environmental Impact Statements (EISs) at pambansang Environmental Compliance Certificates, na sinuri at inihanda ang mga planta na patakbuhan ayon sa pamantayan ng pambansang batas, at hindi ayon sa IFC Performance Standards. Importante ito dahil may mga materyal na pagkakaiba sa pagitan ng IFC Performance Standards at ng pambansang batas (tingnan ang Kahon B).

Kahon B: Mga Kaibahan sa pagitan ng E&S National Standards at IFC E&S Standards

Sa ginawang pagtatasa ng World Bank noong 2016 sa sistema ng Pilipinas kumpara sa E&S standards ng World Bank, makikitang mayroong “substantive gaps” sa pagitan ng mga kahingian ng Philippine Environmental Impact Statement (EIS) at mga pamantayan ng World Bank.⁷³ Dahil dito, nangangailangan ang mga proyektong inihanda ayon sa pambansang pamantayan ng dagdag na pagtatasa sa mga epekto, maraming konsultasyon sa iba’t ibang stakeholder, at aplikasyon ng mas mahigpit na kahingian para sa pagbili/pagkuha ng lupa at pagpapanumbalik ng kabuhayan upang matugunan ang mga pamantayan ng World Bank.⁷⁴ Mas mahigpit din ang pamantayan ng World Bank/IFC sa air emissions ng mga plantang pinapagana ng karbon kaysa sa mga kahingian ng pambansang batas (tingnan ang Annex C, Philippine Environmental and Social Framework).

Gaya ng nakadetalye sa Annex D⁷⁵, ang mga EIS ng mga inirereklamong sub-proyekto ay hindi kinakitaan ng uri ng E&S assessment na inaasahan kapag binibigyang-konsiderasyon ang pagpopondo ng mga plantang pinapagana ng abo alinsunod sa pamantayan ng World Bank/IFC sa isa o higit pang mga aspekto: (a) limitadong pagtatasa ng mga panganib sa lipunan; (b) hindi natutugunan ng mga proseso ng konsultasyon ang pamantayan ng IFC; (c) hindi sapat o hindi pinagsama-sama ang mga datos tungkol sa pagtatasa sa mga epekto; (d) hindi sapat o walang diskusyon tungkol sa pagtitipid sa kuryente at pagbuga ng greenhouse gases; (e) limitadong konsiderasyon sa mga alternatibong proyekto; (f) limitadong pagtatasa at pagsubaybay sa baseline conditions; (g) hindi sapat na mga hakbang kaugnay sa pagpapanatili ng kalidad ng hangin, partikular na ang may kaugnayan sa abo ng karbon; at (h) hindi sapat o walang pagtatasa tungkol sa epektong pangkalusugan sa komunidad.

Matapos makatanggap ng reklamo ang CAO noong 2017, kumuha ng konsultant ang IFC na bumisita sa isa sa mga plantang pinapagana ng karbon. Isang positibong aksyon ang pagbisita sa site ng sub-proyekto bilang tugon sa reklamo ng CAO at naayon ito sa

⁷³ World Bank, 2016, Philippines - Access to Sustainable Energy Project: environmental assessment: Environment and social safeguards framework, makukuha sa <https://bit.ly/2l6C9P2>.

⁷⁴ World Bank (Disyembre 2019), Access to Sustainable Energy Project, makukuha sa <https://bit.ly/2JwVj12>.

⁷⁵ Sa Annex D makikita ang mas maraming detalye tungkol sa mga isyung inirereklamo sa bawat planta at makikita rin dito ang buod ng nakalap na impormasyon na may kaugnayan sa E&S risks and impacts sa iba’t ibang planta.

balangkas ng pangangasiwa ng IFC sa mga FI investment na itinakda sa IFC E&S Review Procedures (ESRP)⁷⁶. Gayunpaman, limitado ang layunin ng pagbisita sa pag-obserba sa pakikipag-ugnayan ng planta sa mga stakeholder. Hindi saklaw ng gawain ng konsultant na suriin ang E&S performance ng planta, magtanong kung inatasan ba ang sub-proyekto na sundin ang IFC Performance Standards sa operasyon nito, o tingnan kung may katotohanan ba ang mga inihainang reklamo sa CAO. Samakatwid, hindi nagbigay ang isinagawang pagbisita ng katiyakan sa IFC na naaayon sa IFC Performance Standards ang operasyon ng proyekto.

Noong Pebrero 2019, nakipagpulong ang mga kawani ng IFC sa mga kinatawan ng mga nagrereklamo sa Manila upang pag-usapan ang mga hinaing at ang pagsasagawa ng IFC ng E&S risk management.

Tulad ng nabanggit sa itaas, inatasan ng IFC ang kliyente na kumpletuhin ang ESMR sa lahat ng Kategoriya A sub-proyekto hanggang Marso 2016. Ngunit nagkaroon ng mga pagkaantala at 2017 na nakumpleto ang mga ito. Bilang tugon sa reklamong inihain sa CAO, binigyang-diin ng IFC sa kliyente ang kahalagahan ng pagkompleto ng ESMR para sa sub-proyekto na inirereklamo. Noong Marso 2019, nakompleto ng kliyente ang ESMR ng 10 sa 11 na mga inirereklamong proyekto. Sa mga ito, isang ESMR ang inihanda ng konsultant ng IFC (mula Marso 2019) at nagbigay ng komento sa isa pang ESMR na inihanda naman ng E&S konsultant ng kliyente (mula Nobyembre 2017). Kinompleto ng mga kawani o kasangguni ng RCBC ang walo pang ESMR. Walang dokumento ng pagsusuri ng IFC sa walong ESMR.

Kabilang sa nilalaman ng ESMR ang: (i) pangkalahatang ideya ng disenyo ng proyekto; (ii) buod ng E&S performance batay sa Performance Standards; at (iii) kung saan natukoy, listahan ng mga hindi pagsunod ng proyekto sa E & S standard at rekomendasyon para malutas ang mga ito. Nagbibigay ang ESMR ng importanteng impormasyon tungkol sa E&S risks at potensiyal na epekto ng mga planta. Sa kabuuan, nakapagtala ang 10 ESMR na isinagawa sa mga sub-proyekto na inirereklamo ng ilang mga hindi pagsunod sa E&S standard na kinategorya ayon sa panganib: 3 na high risk; 20 na medium risk; at 31 na low risk.⁷⁷

Gayunpaman, hindi pareho-pareho ang metodong ginamit sa pagsasagawa ng ESMR, gayundin ang kalidad ng mga ito, kabilang na ang pagtatasa ng E&S risk (tingnan ang Annex D). Sa lahat ng pagkakataon, nakabatay ang ESMR sa desk review ng limitadong dokumentasyon ng proyekto, na karaniwang binubuo lamang ng mga ulat ng inhinyero ng proyekto, mga kaugnay na permit at environmental certificates, at hindi natutugunan ang lahat ng potensiyal na E&S risk areas (tingnan ang Kahon C sa ibaba bilang halimbawa ng desk review na pinangunahan ng konsultant ng IFC). Sa anim na pagkakataon, nagsagawa ng pagbisita sa site bilang dagdag sa pagsusuri ng dokumentasyon. Nakabatay ang halos lahat ng nilalaman ng ESMR sa impormasyong ibinigay ng mga operator ng planta at hindi sapat ang ebidensiya na may pagsisikap na beripikahin ang mga impormasyon, kabilang na ang kakulangan ng pag-interbyu sa mga apektadong mamamayan, kahit pa makikita naman sa pampublikong domeyn ang mga negatibong sanaysay tungkol sa epekto sa E&S ng mga proyekto. Panghuli, walang pagbanggit ang mga ESMR sa mga isyung inihain ng mga nagrereklamo sa CAO at hindi direktang tinutugunan ang mga espesipikong paratang ng mga negatibong epekto na tinukoy ng mga nagrereklamo (tingnan ang kahon A at C). Bilang

⁷⁶ IFC ESRP bersyon 2014, para. 9.2.4.

⁷⁷ Tinukoy ng ESMR ang E&S risk sa pamamagitan ng 3-puntong sukatan kung saan (i) high risk ang matinding paglabag sa mga panuntunan ng IFC o mga kahingiang legal na maaaring magresulta sa pagkaantala ng operasyon/konstruksyon; (ii) medium risk ang hindi pagsunod sa mga panuntunan ng IFC o kahingiang legal na maaaring magresulta sa non-material rectification cost; at (iii) low risk ang paglabag sa mga panuntunan ng IFC o kahingiang legal na maaaring magresulta sa minor cost rectification.

resulta, bagamat inihahayag sa ESMR ang positibong naratibo tungkol sa E&S performance ng mga proyekto, mahirap magbigay ng kongklusyon na nagpapahayag ito ng makatuwirang katiyakan ng pagsunod sa Performance Standards.

Kahon C: Toledo Power Expansion: Hindi Sapat ang Ibinigay na Impormasyon sa mga Pangunahing Panganib na Pangkapaligiran at Panlipunan

Ang Toledo Power Company (TPC) sa Cebu ay pagpapalawak ng umiiral nang plantang pinapagana ng karbon. Sinuportahan ito ng RCBC sa pamamagitan ng project finance loan noong 2013 at nag-umpisa ng operasyon noong 2014.

Ang ESMR, na inihanda ng kasangguni ng IFC, ay nakabatay sa desk review ng dokumentasyon ng E&S ng proyekto nang walang pagbisita sa site. Nagpapakita ito ng mas maayos na pagsusuri sa pagpapatakbo ng planta ayon sa Performance Standards kumpara sa ibang ESMR na inihanda ng RCBC at kasangguni nito,

Gayunpaman, mayroon pa ring pagkukulang ang ESMR na ito kung ikukumpara sa kung ano ang inaasahang ulat na makapagbibigay ng katiyakan ng pagsunod ng proyekto sa Performance Standards. Halimbawa: (a) hindi isinama sa ESMR ang pagsusuri sa ESIA ng proyekto na kinakailangan upang matalakay ang pagkakatugma ng disenyo ng planta sa Performance Standards; (b) gaya ng nabanggit ng kasangguni, hindi kabilang sa ibinigay na dokumentasyon para sa ESMR ang mga pangunahing risk areas tulad ng paggawa (PS2), groundwater extraction, pagtatapon ng abo at posibleng epekto nito sa dagat (PS3 at 6); c) walang diskusyon sa cumulative impacts (PS1) bagamat importante ito dahil sa iba pang pasilidad na industriyal sa lugar at planong pagpapalawak ng planta ng TCP; (d) hindi tugma ang pagsusuri ng pakikipag-ugnayan sa komunidad at pagpapahayag sa PS1; at (e) hindi tinalakay kung mayroon bang garantiya mula sa nagpapatakbo ng planta na pangasiwaan ito nang naaayon sa Performance Standards.

Sa kongklusyon ng ESMR, nakasaad dito na sa kabuuan, sumusunod ang planta sa Performance Standards. Kasabay nito, tinukoy din ang anim na paglabag sa mga kahingian ng IFC na inuri bilang medium risk at isang paglabag na low risk. Isa sa mga paglabag na tinukoy ang kakulangan ng impormasyon kung paano pinamamahalaan ng planta ang kaugnay na E&S risks sa pagtatapon ng abo ng karbon, na nakakontrata sa isang third party. Isa pang paglabag ang hindi pagsusukat ng GHG emissions.

Inaasahang 100,000 na kilogramo (kg) ng abo ang magagawa ng plantang ito araw-araw. Hindi lingid sa kaalaman ang E&S risks na may kaugnayan sa pagtatapon ng abo ng karbon, kabilang na ang potensiyal na epekto nito sa kalusugan ng tao. Dahil espisipikong tinukoy ang epekto ng pagtatapon ng abo ng karbon sa inihaing reklamo sa CAO, nagpapakita ng malaking panganib ang kawalan ng impormasyon tungkol sa kung paano isinasagawa ang pagtatapon ng abo ng karbon.

Sa isinagawang pagbisita ng kliyente sa planta noong Hulyo 2019, natukoy ang mga nagpapatuloy na E&S risks na una nang natukoy sa ESMR. Walang dokumentasyon sa supervision record ng IFC na nagpapatunay na nalutas na ang mga paglabag na tinukoy sa ESMR nang naaayon sa Performance Standards. Sa kontekstong ito, walang katiyakan ang IFC na ipinatupad ng kliyente ang E&S standards ng IFC sa naturang plantang pinapagana ng karbon, na higit sa anim na taon nang pinapatakbo.

Lahat ng ESMR na sinuri ng CAO ay mayroong malalaking pagkukulang kumpara sa kung ano ang inaasahang dokumentasyon na makapagbibigay ng katiyakan ng pagsunod sa E&S

requirements ng IFC. Walang ESMR ang naglalaman ng pagsusuri tungkol sa kung: (a) idinisenyo ang ESIA ng planta upang tugunan ang IFC E&S standards, o (b) isinama ng kliyente ang Performance Standards sa kasunduan ng pagpapautang sa mga sub-proyekto. Dagdag pa, makikita ang mga sumusunod na kakulangan sa karamihan ng mga ESMR: (a) kawalan ng direktang pagtugon sa mga ispesipikong isyung inihain ng mga nagrereklamo sa bawat planta; (b) hindi sapat na coverage ng PS1 at sa ilang pagkakataon, mali ang pagkakaunawa sa pamantayan;⁷⁸ (c) maling saklaw ng E&S risk assessment at/o hindi isinaalang-alang ang mga kaugnay na pasilidad; (d) mas nakapokus sa mga inisyatiba ng Corporate Social Responsibility ng planta sa halip na sa konsultasyon at pagsisiwalat ng mga panganib at epekto sa lokal na komunidad na kinakailangan ng PS1; (e) hindi sapat na pagsusuri ng buga ng hangin, mga effluent, at kalidad ng hangin sa kapaligiran; at (f) hindi sapat na pagsusuri sa pagmamay-ari ng lupa, proseso ng pagbili/pagkuha ng lupa, at pagpapalawak ng pagpapatupad ng livelihood resettlement, kabilang na ang lupain ng mga katutubong mamamayan. Pinagsama-sama ang mga pagkukulang na ito at kabilang ang mga isyu sa E&S na inihain ng mga nagrereklamo, **masasabi ng CAO na sa ibinigay na tugon ng IFC sa mga isyung tinukoy sa reklamo, walang katiyakan na ipinatupad ng kliyente ang IFC E&S requirements sa pinondohan nitong mga plantang pinatatakbo ng karbon, na kabilang sa kahingian ng ESRP (2014, para. 9.2.5).**

Sa pangkalahatan, ang pagkukulang ng IFC sa pagsusuri at pangangasiwa sa pamumuhunan ay nagresulta sa isang sitwasyon kung saan nagbigay ng suporta ang RCBC sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng maraming plantang pinapagana ng karbon nang walang kasiguruhan na patatakbuhan ang mga ito nang naaayon sa mga kahingian ng Performance Standard. Nasa Kategoriya A ang mga proyektong ito at maaaring magdulot ng panganib at/o negatibong epekto sa kapaligiran at lipunan kung hindi mapapamahalaan nang alinsunod sa PS.

2.3. Ang mga Pamumuhunan ng IFC at mga Pangako patungkol sa Climate Change

Kabilang sa TOR ng imbestigasyong ito ang pagsusuri ng CAO kung ang konsiderasyon ng IFC sa mga pamumuhunan nito ay naaayon sa climate change at greenhouse gas (GHG) mitigation requirements sa ilalim ng mga kaugnay na polisiya, kabilang ang IFC Sustainability Policy, Performance Standards and EHS Guidelines.

2.3.1. Mga Kahingian ng IFC at mga Pangako patungkol sa Climate Change

Mga Kahingian ng IFC: Climate Change

Noong 2012, pinagtibay ng IFC na “ang climate change ay isang seryosong hamon sa mundo at ang mga epektong may kaugnayan sa klima ay maaaring makahadlang sa kaayusang pang-ekonomiya at panlipunan at sa mga gawaing pagpapaunlad. Ang pakikipagtulungan sa pribadong sektor at iba pang mga partido upang tugunan ang climate change ay isang estratehikong prayoridad para sa IFC.”⁷⁹

Bago ito, limitadong nabanggit sa 2006 Sustainability Framework ng IFC ang usapin ng climate change. Makikita ang mga pangunahing pagsangguni sa 2006 Framework sa PS3 tungkol sa Pollution Prevention and Abatement kung saan kabilang ang layunin ng

⁷⁸ Halimbawa, sa ilang pagkakataon, hindi tinalakay ng mga ESMR ang mga kahingian ng PS1 tulad ng sistema para sa pagtanggap ng mga hinaing ng proyekto o tinukoy ang mga isyu bilang kahingian ng PS1 ngunit mas akma ito sa PS2-8.

⁷⁹ IFC Sustainability Policy, 2012, para 10.

pagtataguyod ng pagbabawas ng mga emisyon na makakaambag sa climate change. Upang matugunan ang layuning ito, inatasan ng PS3 ang mga sub-proyekto na nakakalikha ng matataas na kantidad ng GHG (100, 000 tonelada ng CO₂ equivalent kada taon) na sukatin ang kanilang emisyon at magsuri ng mga teknikal at pinansiyal na opsyon na makakabawas o makaka-offset ng GHG emissions (PS3 2006, para 11). Kabilang sa mga opsyon ang paggamit ng renewable energy sources at alterasyon sa disenyo ng mga proyekto.⁸⁰ Nakapaloob sa EHS Guidelines (2008) for Thermal Power Plants ng IFC ang mga rekomendasyon tungkol sa disenyo ng mga plantang pinapagana ng karbon upang mabawasan ang GHG emissions. Sa partikular, iminumungkahi ng mga alituntunin sa mga developer ng planta na “isaalang-alang ang efficiency-relevant trade-offs sa pagitan ng kapital at gastos sa pagpapatakbo na may kinalaman sa paggamit ng iba’t ibang teknolohiya. Halimbawa, maaaring mas mataas ang kapital ng supercritical plants kaysa subcritical plants para sa parehong kapasidad, ngunit mas mababa naman ang gastusin sa pagpapatakbo nito.” Dagdag pa, kung saan posible, isaalang-alang din ang pagsasaayos ng emissions offsets (kabilang ang mga flexible na mekanismo ng Kyoto Protocol at voluntary carbon market), gayundin ang reforestation, afforestation, o ang pagkuha at pag-iimbak at iba pang mga eksperimental na opsyon.⁸¹

Noong 2012, upang makamit ang estratehikong prayoridad na matugunan ang climate change, pinagtibay ng IFC na sila ay “gagawa ng mga instrumento at bubuo ng mga pamamaraan na magpapahintulot sa mga kliyente nito na isaalang-alang ang climate-related risks and opportunities sa kanilang desisyon sa pamumuhunan.”⁸² Pinalakas ng IFC ang PS3 (2012) at inatasan ang mga proyekto na nakakagawa ng 25,000 tonelada ng CO₂ equivalent kada taon na sukatin ang kanilang emisyon, isaalang-alang ang mga alternatibo, at magpatupad ng mga teknikal, financially feasible at cost-effective na mga opsyon upang mabawasan ang GHG emissions (PS3 2012, para 7-8). Sa papel nito sa hakbang bago ang pamumuhunan at sa pangangasiwa, tungkulin ng IFC na tiyakin sa sarili na ipinatutupad ng kliyente ang mga kaugnay na PS3 at EHS Guidelines requirements sa mga may mas mataas na panganib na sub-proyekto na pinopondohan nito (Sustainability Policy 2006, para 11 and 2012, para 7, 21-24).

Ang Lapit ng World Bank Group sa Climate Change

Nagbago ang mga kahingian ng World Bank Group para sa pagpopondo ng mga plantang pinapagana ng karbon. Noong 2008, nagtalaga ang World Bank Group ng mga target para sa pagpopondo ng renewable energy projects at nagbalangkas ng karagdagang pamantayan bago nito pondohan ang mga plantang pinapagana ng karbon sa pamamagitan ng tradisyonal na finance instruments.⁸³ Noong 2010, nagbigay ang World Bank Group ng patnubay na pamantayan (2010 Coal Guidance Criteria) sa mga kawani nito na nagsasaad na susuportahan nito ang coal-based power generation kung:

- i) may maipapakitang epekto sa pag-unlad;
- ii) may patnubay na ibibigay sa pagtukoy at paghahanda ng mga proyektong low carbon;
- iii) mabisang nagagamit ang mga pagkukunan ng enerhiya sa bansa (e.g. energy efficiency);

⁸⁰ IFC Performance Standard 3 (2006), para 1, 10-11.

⁸¹ IFC EHS Thermal Power Plants (2008), page 7.

⁸² IFC Sustainability Policy, 2012, para 11.

⁸³ World Bank Group, 2008, *Development and Climate Change*, makukuha sa <https://bit.ly/2H9qpLv>.

- iv) ganap na isinaalang-alang ang mga posibleng alternatibo sa mga opsyon na mababa ang kinakailangang gastos (least cost);
- v) idinisenyo ang mga plantang pinapagana ng karbon na gumamit ng pinakamahusay at angkop na teknolohiya para mapababa ang emisyon ng GHG; at,
- vi) isinama sa pagsusuri ang mga epektong pangkapaligiran.⁸⁴

Dahil ang gabay sa operasyon na ito ay sa antas ng World Bank Group, angkop ito para sa IFC. Gayunpaman, hindi malinaw ang aplikasyon ng patnubay na ito sa mga pamumuhunan ng FI.

Noong Hulyo 2013, inilabas ng World Bank Group ang kanilang Energy Sector Directions Paper. Sa pamamagitan nito, inanunsyo ng World Bank Group na magbibigay lamang sila ng “pinansiyal na suporta sa greenfield coal power generation project ... sa bihirang mga pagkakataon.”⁸⁵ Ilan sa mga konsiderasyong bibigyang-pansin sa mga bihirang kasong ito ang pagtugon sa pangangailangan ng enerhiya ng ilang mga bansa na walang posibleng alternatibo sa karbon at kawalan ng pagpopondo para sa plantang pinapagana ng karbon. Pinagtibay ng naturang papel na sa mga pambihirang kasong ito, isasaalang-alang ang 2010 Coal Guidance Criteria para sa mga popondohang greenfield coal-fired power plant. Para naman sa mga operasyonal nang planta, pinagtibay ng World Bank group na susuportahan nito ang mga hakbang tungo sa pagpapababa ng GHG emissions (tulad ng energy efficiency measures). Inaprubahan ng Board ang papel at naaangkop ito sa IFC. Hindi espisipikong tinukoy sa papel ang pagkasangkot o di-pagkasangkot ng IFC sa mga plantang pinapagana ng karbon na pinondohan sa pamamagitan ng financial intermediary investments.

Noong Agosto 2013, pinag-usapan ng mga namamahala sa IFC kung paano ilalapat ang 2013 Energy Sector Directions Paper sa mga operasyon nito. Para sa direktang pamumuhunan at financial intermediary investments, isinaalang-alang ng IFC ang pagkakaroon ng karagdagang pamantayan para sa pagpopondo ng mga proyektong may kaugnayan sa karbon.⁸⁶ Sa pakikipag-usap sa pangasiwaan, sinabi ng mga kawani na walang espesipikong paghihigpit para sa mga FI kung anong uri ng coal-related project ang maaari o hindi maaaring suportahan ng IFC.

Ang Lapit ng IFC sa Greening Equity Investments ng mga Institusyong Pinansiyal

Noong Oktubre 2018, inanunsyo ng CEO ng IFC ang panibagong lapit sa mga kliyente ng FI na nasasangkot sa karbon. Binanggit ng IFC na “sa nakalipas, may mga equity investment sa mga bangko na maaaring nasasangkot sa mga proyekto ng karbon, at nakapagbigay kami ng general purpose loans sa mga bangko at maaaring nagamit ang mga pondong iyon upang mamuhunan sa mga proyekto ng karbon.” Simula noong 2016, lubhang nabawasan ang direkta at indirektang pagkakasangkot ng IFC sa mga sub-proyekto na may kaugnayan sa karbon sa bagong FI investments nito. Sa partikular, pinatunayan ng IFC na itinatakda nito ang 95% porsiyento ng FI lending sa mga pokus na aktibidad tulad ng SMEs at energy efficiency loans. Pinagtibay ng IFC na susuportahan nito ang financial intermediaries na pormal at harapang mangangakong babawasan, o sa ibang mga kaso, titigil sa lahat ng

⁸⁴ World Bank Group, 2010, *Operational Guidance for Staff: Criteria for Screening Coal Projects under the Strategic Framework for Development and Climate Change*, makukuha sa <https://bit.ly/3pJw7oX>.

⁸⁵ World Bank Group, 2013, *Toward a Sustainable Energy Future for All: Directions for the World Bank Group's Energy Sector*, makukuha sa <https://bit.ly/38UvdQe>.

⁸⁶ Kabilang sa mga proyektong may kaugnayan sa karbon ang produksyon at distribusyon ng kuryente, energy efficiency, coal infrastructure, paggamit ng karbon bilang mapagkukunan ng thermal energy o bilang reducing agent, at ang paggamit ng karbon bilang chemical feedstock.

pamumuhunan sa karbon sa isang itinakdang panahon. Sinabi din ng IFC na “isasama sa kahingian para sa new equity financial intermediary clients na nasasangkot sa mga proyekto ng karbon na isapubliko ang kabuuan ng kanilang pagkasangkot sa sektor na ito.”⁸⁷ Noong Setyembre 2020, matapos ang ilang pampublikong konsultasyon, inihayag ng IFC na layunin nila ang mabawasan ang pagkakasangkot sa mga proyektong may kaugnayan sa karbon at maging zero o malapit sa zero sa taong 2030. Pinagtibay ng IFC na “ang pormal na lapit na ito . . . ay naaayon sa Paris Agreement at tugma rin sa Energy Sector Directions Paper ng World Bank Group.” Nangangako ang IFC na hindi magbibigay ng equity investment sa mga FI na hindi nangakong ibababa ang pagkakasangkot nila sa mga sub-proyekto na may kaugnayan sa karbon sa zero o malapit sa zero sa 2030. Dagdag pa, nagtakda ang IFC ng target na tulungan ang sektor ng mga bangko na palakihin ang kanilang climate-related lending bilang 30% ng kanilang portfolio sa 2030.⁸⁸

2.3.2. Diskusyon at mga Natuklasan

Wala sa mga polisiya ng IFC at mga direktiba at pamamaraan ng World Bank Group na aplikable sa IFC ang hayagang nagsasabi na hindi dapat isali sa popondohan ang mga plantang pinapagana ng karbon sa pamamagitan ng financial intermediaries. Gayunpaman, gaya ng nasasaad sa itaas, aplikable ang PS3 at EHS Guidelines ng IFC sa mga plantang pinapagana ng karbon na pinondohan ng RCBC, at kabilang dito ang kahingian na dapat sukatin at bawasan ang GHG emissions.

Nang iminungkahi ng IFC noong 2010 ang unang equity investment sa RCBC, hindi isinaalang-alang sa E&S review ng IFC ang malaking pagkakasangkot nito sa emisyon ng GHG ng sub-proyekto na dulot ng equity investment na ito. Bagamat nasa negosyo na ng pagpopondo ng coal fired power generation ang kliyente bago pa mamuhunan dito ang IFC, hindi tinasa ng IFC ang pangako ng kliyente o ang kapasidad nito na sundin ang mga kahingian ng PS3 na kinakailangan para sa mga bagong popondohang coal fired power projects. Isang general na pangako lamang ang ibinigay ng kliyente na ipapatupad ang Performance Standards sa pamamagitan ng ESMS nito.

Noong Enero 2013, inaprubahan ang ikalawang equity investment. Gaya ng nangyari noong Disyembre 2010, hindi isinaalang-alang ng IFC sa pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) at investment approval documentation ang magiging pagkakasangkot nito sa GHG emissions dahil sa pagpapautang sa mga plantang pinapagana ng karbon. Tahimik din ang dokumentasyon ng pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) ng IFC kaugnay sa pagpapatupad ng kliyente ng PS3 sa mga proyekto.

Noong Hulyo 2013, inaprubahan ng World Bank Group Board ang mga pamantayan, kabilang na ang 2010 Coal Guidance Criteria, na lalong naghigpit sa pagpopondo ng World Bank Group sa mga plantang pinapagana ng karbon. Kaugnay sa pagpopondo ng IFC sa kliyente ng FI sa kabuuan, noong panahong iyon, tinuring ng pangasiwaan ng IFC na hindi naman nagbibigay ng espisipikong paghihigpit para sa mga kliyente ng IFC FI ang mga pamantayan para sa pagpopondo ng mga plantang pinapagana ng karbon.⁸⁹ Nang panahong iyon, ang FI financing

⁸⁷ IFC CEO, October 2018, Opinion: A new IFC vision for greening banks in emerging markets. Makukuha sa <http://bit.ly/2GiAmCv>.

⁸⁸ IFC, September 2020, *IFC's Approach to Greening Equity Investments in Financial Institutions*, makukuha sa <https://bit.ly/2H9yorO>.

⁸⁹ IFC Annual Report 2013.

ang pinakamalaking gawaing pangnegosyo ng IFC, na bumubuo ng 38 porsiyento ng mga bagong long-term commitment.

Noong Oktubre 2015, nagbigay ang IFC ng general-purpose bond sa RCBC. Tahimik ang dokumentasyon ng pagtatasa at pag-apruba bago ang pamumuhunan (pre-investment review and approval) ng IFC sa mga usapin ng climate change bagamat may pagkakasangkot ang kliyente sa mga aktibidad na nagdudulot ng mataas na lebel ng emisyon ng GHG. Sa panahong iyon, 23 porsiyento ng loan portfolio ng kliyente ang nakatuon sa kuryente, at 7 porsiyento para sa mga gawaing may kaugnayan sa karbon. Aktibong binigyang-diin din ng kliyente ang pagpopondo nito ng mga plantang pinapagana ng karbon. Bilang halimbawa, noong 2015, sinabi ng RCBC na nag-aayos ito ng mga programa para sa pagpopondo ng mga proyekto na susuporta sa “mga plantang pinapagana ng karbon na may kabuuang kapasidad na 1,300MW.”⁹⁰

Natuklasan ng CAO na bagamat maraming pamumuhunan sa RCBC, parehong hindi sinuri ng IFC (i) ang pagkakasangkot ng kliyente sa mga sub-proyekto na may mataas na emisyon ng GHG; o (ii) ang garantiya at kapasidad ng kliyente na pamahalaan ang pagkakasangkot nito nang naaayon sa PS3 na may mga kahingian tungkol sa pagsusukat ng emisyon ng GHG at pagsusuri ng mga teknikal at abot-kayang mga opsiyon upang mabawasan o ma-offset ang GHG emissions (taliwas sa Sustainability Policy 2006 para. 11, and 2012, para 7). Dagdag pa rito, bagamat nagpatupad ang World Bank Group ng karagdagang pamantayan na nagpataas ng basehan para sa pagpopondo ng mga proyektong may kaugnayan sa karbon, hindi kinakitaan ng ebidensiya na inilapat ang mga pamantayang ito sa mga pamumuhunan ng IFC sa RCBC.

Nakapaloob din sa natuklasan ang kawalan ng paggabay sa mga kawani ng IFC sa pagsusuri at pangangasiwa sa pagkasangkot ng kliyente ng FI sa mataas na GHG emissions sa kanilang mga sub-proyekto.

Mula 2016, gumawa ng mga hakbang ang IFC upang pangasiwaan at limitahan ang pagkakasangkot nito sa mga sub-proyekto na may kaugnayan sa karbon sa FI portfolio nito. Noong 2016, hiniling ng IFC sa kliyente na iulat ang pagkakasangkot nito sa mga proyektong may kaugnayan sa karbon at ang porsiyento nito sa kabuuang loan portfolio. Iniulat ng RCBC sa IFC na tumaas ang porsiyento ng pagkakasangkot sa mga proyektong may kaugnayan sa karbon sa portfolio nito mula 7 porsiyento noong 2016 tungo sa 12.5 porsiyento noong 2018. Bumaba na ang pagkakasangkot nito sa 6.5 porsiyento nitong 2019.

Noong 2018, inianunsyo ng IFC ang pangako nito na bawasan ang pagkakasangkot sa mga proyektong may kaugnayan sa karbon sa financial intermediary portfolio nito at maging malapit sa zero sa taong 2030. Sinundan ng IFC ang pangakong ito noong 2020 sa pamamagitan ng paglalabas ng isang balangkas na tutugon sa target na ito (Approach to Greening Equity Investments in Financial Institutions ng IFC). Kaugnay sa mga kasalukuyang kliyente, partikular ang RCBC, hindi binanggit ng IFC kung paano nito makakamtan ang layunin. Noong Disyembre 2020, inanunsyo ng RCBC na hindi na ito magpopondo ng mga bagong planta na pinapagana ng karbon. Inilabas ang anunsiyong ito alinsunod sa moratorium ng gobyerno sa pagbibigay ng permiso sa pagbuo ng bagong mga plantang pinapagana ng karbon.⁹¹

⁹⁰ RCBC 2015 Annual Report, pahina 26 at 184.

⁹¹ Institute for Energy Economics and Financial Analysis, December 11, 2020, *Philippine bank RCBC to stop lending for new coal-fired power projects*. Makukuha sa <https://bit.ly/3u9FVKe>.

Kaugnay sa mga sub-proyekto na inirereklamo, mula sa equity investment ng IFC noong 2011, pinondohan o nagkasundong popondohan ng kliyente ang 11 sub-proyekto na inirereklamo.⁹² Aplikable sa mga inirereklamong sub-proyekto ang IFC Performance Standard 3 at EHS Guideline requirements na may kahingiang sukatin ang GHG emissions, suriin ang teknikal at abot-kayang mga opsyon para mabawasan o ma-offset ang GHG emissions, at pakikipagkasundo para sa emissions offsets. Hindi tiniyak ng IFC para sa sarili nito na sinusunod ng kliyente ang mga kahingiang ito sa mga plantang inirereklamo at ayon sa nakalap na ebidensiya, hindi inakma sa mga kahingian ng IFC para sa paglimita at pag-uulat ng GHG emissions ang pagdebelop ng planta. Sa kontekstong ito, itinala ng CAO na: (a) 7 sa 11 na plantang pinapagana ng karbon ang gumagamit ng subcritical technology na bagamat mas mababa ang gastos ay nakakagawa naman ng mas mataas na antas ng GHG emission kung ikukumpara sa super critical technology na mayroon na noong panahon na iyon; at (b) wala sa mga Environmental Impact Statements (EIS) ng mga sub-proyekto na sinuri ng CAO ang may sapat na pagtatasa sa angkop na teknolohiya at pagsusuri ng mga teknikal at financially feasible na opsyon para mabawasan o ma-offset ang GHG emissions. Kapag operasyonal na, magbubuga ng tinatayang 40 milyon metrikong tonelada ng CO₂ taontaon ang 11 na plantang inirereklamo.⁹³ Katumbas ito ng 30 porsiyento ng kabuuang CO₂ emissions ng Pilipinas noong 2019.⁹⁴ **Sa kontekstong ito, ang kongklusyon ng CAO ay: sa pagkukulang ng IFC na suriin at pangasiwaan ang mga pamumuhunan nito sa RCBC, nakaambag ito sa isang sitwasyon kung saan naging katuwang ang RCBC sa pagpondo ng maraming plantang pinapagana ng karbon na nagbubuga ng mataas na antas ng CO₂, nang walang sapat na ebidensiya na susundin nila ang mga kahingian ng IFC patungkol sa pagbabawas ng greenhouse gas emissions sa kanilang operasyon.** Nangangahulugan ito na napalampas ng IFC ang oportunidad na siguruhin na ang mga plantang pinopondohan ng kliyente nito ay nagpapatupad ng mga internasyonal na industry practice measures upang lubos na makabawas sa GHG emissions sa buong panahon ng kanilang operasyon.

⁹² Hindi malinaw sa CAO kung aktibo sa kasalukuyan ang kasunduan.

⁹³ Ang pagtatantiyang ito ay batay sa inaasahang GHG emissions na nakasaad sa Environmental Impact Statements ng 9 na planta, impormasyon mula sa mga ESMR na inihanda ng kliyente, pampublikong pagtatantiya ng Global Coal Plant Tracker, at pagtataya ng expert panelist ng CAO batay sa kapasidad ng planta, capacity factor, heat rate, at emission factor.

⁹⁴ Tinataya ng IEA na 135.3 milyong metrikong tonelada ang kabuuang CO₂ emissions ng Pilipinas noong 2019, tingnan ang <https://bit.ly/3kEZLYB>.

3. Kongklusyon at Mga Rekomendasyon

3.1. Kongklusyon

Isinaalang-alang sa pagsisiyasat ukol sa pagtalima (compliance investigation) na ito ang aplikasyon ng IFC ng E&S standards sa mga pamumuhunan nito sa RCBC sa loob ng 10 taon. Bilang tugon sa reklamong inihain ng mga taong naapektuhan ng mga proyekto, sinuri rin ang mga alalahanin tungkol sa E&S impacts ng 11 na plantang pinapagana ng karbon na pinondohan ng RCBC (o sa isang kaso, sumang-ayon na popondohan) sa panahong ito.

Sa pagitan ng 2011 at 2015, may apat na pamumuhunan ang IFC sa RCBC, sa halagang US\$228m. May potensiyal na makabuluhan at positibong E&S impacts ang pamumuhunang ito ng IFC sa RCBC. Ang pangako ng RCBC na bubuo ng ESMS at ipatutupad ang Performance Standards sa mga sub-proyekto nito ang unang pagkakataon na ginantiya ito ng isang maimpluwensiyang commercial lender sa Pilipinas at may potensyal na makaimpluwensiya sa mga umuusbong na kasanayan sa E&S risk management sa sektor ng pagbabangko sa pangkalahatan.

Bilang resulta ng pamumuhunan at patuloy na pangangasiwa ng IFC, nakabuo ang RCBC ng ESMS at nakapangalap ng kawani na may espesyalisasyon sa pagtatasa at pangangasiwa ng E&S risk sa mga pamumuhunan nito. Mula sa ESMS nito, nakabuo ang RCBC ng Sustainable Finance Framework na sumusuporta sa pamamahagi ng mga green bond na may layuning pondohan ang mga gawaing pangnegosyo na may malinaw na benepisyo sa kapaligiran at/o lipunan.

Gayunpaman, hindi nagbibigay ng kasiguruhan ang pagkakaroon ng ESMS na sinusunod ang E&S standards ng IFC sa mga ginagawang pagpapautang ng bangko. Ang pangunahing kahingian para sa pamumuhunan ng IFC sa mga bangko tulad ng RCBC ay dapat itakda ng bangko sa mga nangungutang dito na may mga negosyong mas mataas ang E&S risk na sundin ang Performance Standards ng IFC. Dinisenyo ang kahingiang ito upang hindi mapondohan ng IFC sa pamamagitan ng FIs ang mga malakihang aktibidad na nakasasama sa kapaligiran at lipunan.

Mula 2011, itinakda ng IFC sa RCBC na bumuo ito ng ESMS at ipatupad nang naaayon sa pamantayan ng IFC. Gayunpaman, sa mga pamumuhunan nito noong 2011, 2013, at 2014, hindi matamang nakipag-ugnayan ang IFC sa pangangailangan ng kliyente ng teknikal na tulong sa pagbuo at pagpapatupad ng ESMS sa itinakdang antas. Dagdag pa, sa pakikipag-ugnayan ng IFC sa kliyente, iniwasan ang tanong kung may garantiya ba ang senior management ng RCBC na ipatupad ang E&S standards ng IFC batay sa modelo nito ng negosyo at mga kliyente. Dahil mag-uumpisa ang kliyente sa simulang-simula sa usapin ng pagbuo ng E&S management system at nagpopondo ito ng mga malalaking proyekto sa isang bansang ang mga E&S standards ay hindi tugmang-tugma sa pamantayan ng IFC, hindi makatwiran na umasa ang IFC na matutugunan ng kliyente ang E&S standards nang walang sapat na tulong teknikal at mataas na antas ng paggarantiya ng mga namamahala sa kliyente. Bagamat kasama sa pamumuhunan ng IFC noong 2015 ang kondisyon na magtalaga ng kasangguni ng E&S para suportahan ang implementasyon ng ESMS, makikita sa dokumentasyon ng pangangasiwa ng IFC na maraming antala sa pagtatalaga ng suportang ito. Ang dagdag na suporta ng IFC sa kliyente noong 2017 at 2018 ay kakikitaan ng paghusay ng implementasyon ng kliyente ng ESMS. Gayunpaman, gaya ng nasasaad sa pagsisiyasat na ito, wala pa ring kasiguruhan ang IFC na pinatutupad ng RCBC ang Performance Standards sa mga malalaking proyektong pinopondohan nito.

Mula sa pamumuhunan ng IFC noong 2011, pinondohan ng RCBC ang 10 sa 11 na inirereklamong sub-proyekto. Nang matanggap ng CAO ang reklamo noong Oktubre 2017, hiningi ng IFC sa kliyente nito sa magsagawa ng mas mahusay na pangagasiwa ng E&S (ESMR) sa 10 inirereklamong sub-proyekto. Nakasaad sa mga ESMR ang: (i) pangkalahatang ideya ng disenyo ng proyekto; (ii) buod ng E&S performance ng proyekto batay sa Performance Standards; at (iii) kung saan matutuklasan, listahan ng mga hindi pagtupad ng E&S ng sub-proyekto at mga rekomendasyon para malutas ang mga ito. Gayunpaman, lahat ng ESMR na sinuri ng CAO ay kakikitaan ng malalaking kakulangan kung ikukumpara sa kung ano ang inaasahang dokumentasyon na makapagbibigay ng katiyakan ng pagsunod sa E&S requirements ng IFC. Hindi (a) sistematikong sinuri kung dinisenyo ba ang bawat planta nang naaayon sa pamantayan ng IFC; (b) tuwirang nakipag-ugnayan sa mga isyung inihain sa reklamo; (c) sinuri kung isinali ng kliyente ang pagsunod sa Performance Standards bilang kondisyon sa napagkasunduang pagpapautang nito sa mga sub-proyekto; o (d) sinukat ang pagganap ng bawat planta kumpara sa mga kahingian ng IFC Performance Standards.

Makikita sa mga ebidensiya na ang mga pamumuhunan ng RCBC sa mga plantang pinapagana ng karbon ay ginawa nang walang kasiguruhan na naaayon sa IFC Performance Standards ang pamamalakad sa mga ito, at may posibilidad ng masasamang epekto sa mga komunidad at kapaligiran. Sa kongklusyon ng CAO, mataas ang posibilidad o may posibilidad ang mga negatibong epekto at resultang inihain sa reklamo tungkol sa mga planta: (a) nakasasamang epekto sa kalusugan dahil sa polusyon sa hangin at kontaminasyon ng tubig mula sa abo ng karbon sa anim na planta; (b) epekto sa kabuhayan dahil sa kontaminasyong dulot ng abo ng karbon mula sa limang planta at dahil sa pisikal o economic displacement sa dalawang planta; (c) epektong dulot ng displacement at resettlement sa dalawang planta; (d) pagbabanta at pananakot sa mga aktibista sa komunidad na may kaugnayan sa apat na planta; at (e) hindi sapat na pampublikong konsultasyon at mga mekanismo sa paghahain ng mga reklamo sa lahat ng mga planta. Hindi maipagwawalang-bahala ang mga posibleng epektong ito.

Kabilang sa mga isyung inihain sa reklamo ang mga epekto ng mga plantang pinapagana ng karbon sa climate change. Hindi hayagang ibinubukod ng World Bank Group at ng mga polisiya ng IFC ang pagpopondo ng mga plantang pinapagana ng karbon sa pamamagitan ng financial intermediaries. Gayunpaman, kabilang sa IFC Performance Standard 3 (PS3) on Resource Efficiency and Pollution Prevention ang mga pamantayan sa pagbabawas ng GHG emissions sa pagdidisenyo at pagpapatakbo ng proyekto, at kabilang ito sa mga pamantayang dapat sinusunod ng mga sub-proyekto na sinusupportahan ng FIs. Kahingian ng PS3 sa mga negosyo ang pagkonsidera ng mga alternatibo at paggamit ng mga technically at financially feasible at cost-effective na mga opsyon upang mabawasan ang kontribusyon ng proyekto sa climate change. Kabilang din sa Environmental Health and Safety (EHS) Guidelines ng IFC ang mga rekomendasyon upang maiwasan, mabawasan, at ma-offset ang emisyon ng carbon dioxide mula sa mga bago at umiiral nang mga thermal na planta na may layuning mabawasan ang mga epekto sa climate change.

Sa panahon ng pamumuhunan ng IFC sa RCBC, parehong pinondohan ng RCBC ang mga bagong plantang pinapagana ng karbon at ang pagpapalawak ng umiiral nang mga planta. Noong 2018, 12.5 porsiyento ng kabuuang loan portfolio ng RCBC ang kinakatawan ng mga plantang pinapagana ng karbon, bagamat nabawasan na ang porsiyentong ito sa mga kasalukuyang taon. Walang ebidensiya na ginarantiyang tiyakin ng IFC sa sarili nito ang tamang pagpapatupad ng RCBC ng mga kahingian ng PS3 sa pagpopondo nito ng mga plantang pinapagana ng karbon. Dahil dito, nasasangkot ang IFC sa pagpopondo ng mataas na antas ng emisyon ng karbon sa pamamagitan ng mga pamumuhunan nito sa RCBC nang walang kasiguruhan na sinusukat at binabawasan ang mga ito alinsunod sa balangkas ng IFC Performance Standards.

3.2. Mga Rekomendasyon

Inirerekomenda ng CAO na isaalang-alang ng IFC ang pagbuo ng kanilang Management Action Plan (MAP) bilang tugon sa imbestigasyong ito. Idinisenyo ang mga rekomendasyong ito upang punan ang mga kakulangan ng IFC sa paggamit ng E&S standards sa RCBC, maging ang pag-iwas sa pagsasawalang-bahala sa E&S at mga kaugnay na epektong dulot ng mga plantang pinapagana ng karbon. Isinama rin ng CAO ang mga rekomendasyon ukol sa mga hakbang na dapat isagawa upang maiwasan ang paglabag ng IFC sa hinaharap batay sa mga natutunan sa imbestigasyong ito.

Ang pagtugon sa mga napag-alaman ng imbestigasyon ay mangangailangan ng pondo at dedikasyon. Sa panig ng RCBC, ang pagtalima sa Performance Standards ng isang malaking bangkong pangkomersiyo ay nangangailangan ng badyet at kawaning angkop sa pagtugon sa panganib sa E&S ng mga sub-proyekto nito. Mayroon ding mga hamon upang masunod ng isang FI ang Performance Standards sa isang merkado gaya ng Pilipinas kung saan ang sektor ng pananalapi ay nito lamang nagsasanay sa pangangasiwa ng E&S risk, at kadalasang napasasakop lamang ng mga batas ng bansa, at hindi sa pamantayang internasyunal gaya ng IFC Performance Standards. Sa kontekstong ito, ang tagatangkil ng kliyenteng bangko at ang kakulangan sa lokal na eksperto ay makahahadlang sa maagap na pagtugon ng IFC sa E&S requirements. Ang mga salik na ito ay nangangailangan ng dedikasyon ng pangasiwaan ng bangko upang ang mga pagpapasya ukol sa pamumuhunan ay maiayon sa nagbabagong sustainability standards ng daigdig at sa IFC Performance Standards. Ipinapahiwatig din nito ang pangangailangan sa maayos na suporta at pagsubaybay ng IFC upang matiyak na natutugunan ang mga kahingi ng ito.

Mga Rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa Pagpapatupad ng ESMS ng RCBC

Kung isasaalang-alang ang pagkakasangkot ng RCBC sa mga proyektong may matinding panganib sa E&S at upang matiyak na ang mga panganib at epekto ng mga naturang proyekto ay napangangasiwaan alinsunod sa mga pamantayan ng IFC, inirerekomenda ng CAO sa IFC ang mga sumusunod:

<p>Mga rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa pagpapatupad ng ESMS ng RCBC</p>	<p>Upang maipatupad ng RCBC ang ESMS gaya ng inaasahan, lalo na sa pagpapautang ng RCBC sa mga negosyong may mas mataas na panganib, kinakailangang pormal na magkasundo ang RCBC sa IFC na magpatupad ng nirebisang E&S Action Plan (ESAP) kabilang na ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> v. pagkuha ng tamang bilang ng kuwalipikadong kawani at ekspertong kasangguni upang suportahan ang pagpapatupad ng ESMS at Performance Standards sa mga pinopondohan nitong negosyong may mas mataas na panganib; vi. pagbuo ng batayang kasunduan sa pagpapautang, E&S Action Plan, at talaan ng mga legal na hakbang ukol sa E&S para sa mga gawain ng mga negosyong may mas mataas na panganib, na sumasalamin sa Performance Standards at nag-oobliga sa mga mangungutang na tumalima kapwa sa pambansang batas hinggil sa E&S at sa Performance Standards; vii. hindi pagsasagawa ng bagong pamumuhunan sa paglikha ng kuryente gamit ang karbon o ng panibagong negosasyon, pagbibigay ng pondo o ng anumang pahintulot sa alinmang pinondohang planta nang walang pangangako, o ebidensiya, ng ganap na pagtalima ng planta sa Performance Standards;
---	---

	viii. pagkokomisyon ng magtutuos sa E&S ng lahat ng proyektong Kategoriya A sa portfolio nito upang matasa ang pagtalima sa pambansang batas at matukoy ang mga kakulangan sa IFC E&S requirements, na dapat suriin ng kawani ng IFC E&S.
--	---

Mga Rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa mga Plantang Pinapagana ng Karbon na nasa Isinampang Reklamo (ang mga Inirereklamong Sub-Project)

Kaugnay ng mga plantang pinapagana ng karbon na nasa isinampang reklamo (mga inirereklamong sub-proyekto), ang mga E&S assessment na inihanda at iniharap ng kliyente sa IFC kamakailan ay hindi sapat upang ipakita ang pagtalima sa Performance Standards. Ayon sa mga ebidensiya: (a) naitayo ang mga planta nang hindi tinitiyak na ang konstruksiyon at operasyon ay nakasusunod sa Performance Standards; at (b) marami sa mga masamang epektong binanggit sa reklamo ay posibleng naganap. Kung isasaalang-alang ang mga posibleng epekto sa komunidad ng mga plantang ito na pinondohan ng RCBC, at upang matukoy at malunasan ang mga epektong ito alinsunod sa Performance Standards, inirerekomenda ng CAO sa IFC ang mga sumusunod:

<p>Mga rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa mga inirereklamong sub-proyekto</p>	<p>Dapat suportahan ng IFC ang RCBC sa pagsasagawa ng hiwalay na E&S gap analysis sa bawat planta na gagawin ng mga kasangguning kuwalipikado at may karanasan. Tutuon sa mga usaping inilahad sa reklamo at sa imbestigasyon ng CAO upang maberipika ang pagtalima sa E&S requirements ng IFC, ang gap analysis na ito ay kailangang:</p> <ul style="list-style-type: none"> iv. magsagawa ng konsultasyon sa mga apektadong pamayanan (kabilang ang mga naghain ng reklamo); v. magsiyasat sa mga kasunduan sa pamumuhunan ng sub-proyekto ng kliyente upang maberipika ang pagtalima sa Performance Standards; at vi. maisiwalat sa publiko kasama ang anumang planong pagbibigay-lunas sa antas ng sub-proyekto. <p>Ang mga gap analysis ay dapat maglakip ng pagsusuri sa nakalap na impormasyon at, kung kinakailangan, humiling ng karagdagang pagtatasa mula sa nangangasiwa ng planta o isang komisyong magsusuri sa diumano’y pinsalang tinukoy ng mga nagsampa ng reklamo. Dahil sa mga usaping inihain, mahalagang matasa ng mga gap analysis na ito ang gawain ng proyekto na may kinalaman sa pagbuga ng hangin, pag-iimbak ng abo ng karbon, at kalidad ng hangin at tubig, maging ang posibilidad ng pagpapalipat sa mga naninirahan sa paligid.</p> <p>Kung tututol ang pangasiwaan ng planta sa pakikilahok sa proseso ng gap analysis ng IFC at RCBC, ang IFC ay kailangang: (1) magsagawa ng pagtatasa batay sa impormasyong mayroon ukol sa E&S kaugnay ng pagtatayo at pagpapatakbo ng planta (kabilang na ang impormasyong nasa pangangalaga ng RCBC) ayon sa kahingian ng Performance Standards, na nakatuon sa mga usaping inilahad sa mga reklamong isinampa; at (ii) magsagawa ng hiwalay na pagsukat sa kalidad ng hangin at tubig sa mga angkop at piling lokasyon sa labas ng planta.</p>
--	--

	Pagkatapos tukuyin ang mga kakulangan, dapat makipagtulungan ang IFC sa RCBC at mga kliyente nito upang matiyak na natasa at nalunasan ang mga pinsalang binabanggit ng mga apektadong komunidad, alinsunod sa Performance Standards. Sa pagsasagawa nito, kailangang isaalang-alang ng IFC ang mga paraan upang malubos ang positibong impluwensiya nito sa mga may-ari at namumuhunan sa bawat planta, at makapag-ambag sa pagbibigay ng katampatang lunas.
--	---

Mga Rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa Pagbubuga ng Greenhouse Gas (GHG) ng mga Inirereklamong Sub-Project

Ayon sa ebidensiyang nakalap, pinondohan ng RCBC ang mga planta nang hindi bineberipika ang pagtalima sa kahingian ng IFC ukol sa pagbawas sa pagbuga ng GHG. Kapag nagbukas na ang mga plantang kasama sa imbestigasyong ito, magbubuga ang mga ito ng tinatayang 40 milyong metrikong toneladang CO₂ taun-taon, at karaniwan, ang mga plantang ito ay tumatakbo sa loob ng 30-40 taon. Dapat tukuyin ng IFC at RCBC ang mga paraan upang mabawasan ang emisyon ng mga umiiral na planta. Sa kontekstong ito, inirerekomenda ng CAO sa IFC ang mga sumusunod:

Mga rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa pagbuga ng GHG ng mga inirereklamong sub-proyekto	Kailangang mamuhunan ng IFC sa isang onsite energy efficiency evaluation na popondohan ng RCBC para sa bawat isang planta upang magrekomenda ng matipid at mabisang pamamaraan upang maibsan ang pagbuga ng CO ₂ ayon sa PS3 at EHS Guidelines ng IFC. Ang mga resulta ng pagtatasa ay dapat isiwalat sa publiko, kabilang ang panukala sa pagpapabuti ng alinmang planta. Sa ilang pagkakataon, ang mga ebalwasyon ay hahantong sa habambuhay na pagtitipid sa gastusin sa operasyon ng planta kung kaya ang gastusin sa kapital ay maaaring pasanin ng pangasiwaan. Sa ibang pagkakataon, maaaring isaalang-alang ng IFC ang mga alternatibong paraan ng pagbibigay-pondo upang maitaguyod ang pagpapabuti sa planta, pagbawas sa pagbuga ng GHG, o iba pang kaugnay na gawain. Maaari ring pag-isipan ng IFC ang mahalagang papel nito sa pagtulong sa pribadong sektor na nasa larangan ng enerhiya sa Pilipinas upang makalipat sa produksiyon ng enerhiyang may mababang gamit ng karbon.
---	--

Mga Rekomendasyon ng CAO kaugnay ng Pamumuhunan ng Financial Intermediary ng IFC

Inirerekomenda ng CAO ang mga sumusunod upang matiyak na ang mga natutunan sa imbestigasyong ito ay mailalapat sa iba pang pamumuhunan ng financial intermediary ng IFC upang maiwasan ang paglabag sa mga katulad na kaso sa hinaharap.

Mga rekomendasyon ng CAO sa IFC upang matugunan ang mga salik sa mga paglabag na natuklasan	Upang matugunan ang mga salik sa mga paglabag na natuklasan sa kasong ito, dapat isagawa ng IFC ang mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> i. bago ang inisyal na pamumuhunan nga mga kliyenteng FI na kinakailangang magpatupad ng Performance Standards, magsagawa ng pagsusuri sa gastusin, benepisyo, at implikasyon sa pagtugon sa E&S requirements ng IFC. Kabilang dito ang pagtataya ng kakailanganing kawani para sa pagpapatupad ng ESMS batay sa portfolio size ng FI at ang paglalakip ng E&S risk sa Environmental and Social Action Plan (ESAP);
--	--

	<ul style="list-style-type: none"> ii. bago ang pagbibigay ng pondo, tiyaking napatutupad ng kliyenteng FI ang ESMS na nakaayon sa Performance Standards, bilang pagsunod sa inaasahan sa mga FI na namumuhunan sa mga negosyong may mas mataas na panganib; iii. magsagawa ng sistematikong pagbibigay ng panuto at pag-alalay sa mga kliyenteng FI upang matupad nila ang ESMS sa kanilang sub-proyekto, maging ang paunang pagsusuri sa mga sub-proyekto na may mas mataas na panganib na hindi nakasanayan ito; at iv. obligahing ipalathala sa website ng IFC ang lahat ng sub-proyekto ng mga FI na kailangang tumalima sa IFC Performance Standards ayon sa modelong sinusunod kaugnay ng mga Private Equity investment.
--	--

Pagsukat at Pag-uulat ng Emisyon ng GHG dahil sa FI

Hindi man inoobliga ng kasalukuyang pamantayan ng IFC, subalit bunsod ng pagkakasangkot sa emisyon ng GHG dahil FI portfolio nito at sa mga bagong pamantayang binubuo ng Taskforce on Financial-Related Climate Disclosures ng Financial Stability Board, dapat isaalang-alang ng IFC na obligahin ang mga kliyenteng FI na sukatin at iulat sa una ang pagbuga ng GHG sa kanilang portfolio sang-ayon sa mabubuting paggawa sa industriya. Kakailanganin ng IFC na bumuo ng mga alituntunin at kasangkapan upang maisagawa ito. Kabilang sa mabubuting paggawa ang pagsisiwalat ng FI at sub-proyekto nito ng Scope 1, 2, at 3 ng GHG emissions alinsunod sa Greenhouse Gas Protocol.⁹⁵

3.3. CAO Compliance Monitoring

Ang Annex G ay naglalaman ng isang talahanayan ng Mga Rekomendasyon ng CAO sa IFC upang matugunan ang mga napag-alaman ng CAO.

Alinsunod sa mga napagkasunduan sa pagpapatupad ng bagong CAO Policy, bubuo ang IFC ng isang Management Action Plan para sa pag-apruba ng Board bilang tugon sa imbestigasyong ito. Susubaybayan ng CAO kung mabisang naipatutupad ang Management Action Plan.

⁹⁵ Task Force on Climate-related Financial Disclosure, 2017, Recommendations and Implementation Guidance makukuha sa <https://bit.ly/3D0FvdR>. Greenhouse Gas Protocol, *Technical Guidance for Calculating Scope 3 Emissions* makukuha sa <https://bit.ly/3mSchby>.

Annex A: Mga Pagtatasa bago ang Pamumuhan (Pre-investment Review) ng IFC at mga Kahingian sa Pagsubaybay ng IFC (IFC Supervision Requirements)

Mga Requirement sa Pagsusuri bago ang Pamumuhunan ng IFC

IFC 2006 Sustainability Policy	IFC 2012 Sustainability Policy
<p>Layunin</p>	<p>Layunin</p>
<p>Tiyaking ang IFC ay hindi nagpopondo ng mga bagong gawaing pangnegosyong hindi maaasahang maabot ang PS sa loob ng takdang panahon (para. 17).</p>	<p>Popondohan lamang ng IFC ang mga pamumuhunang inaasahang makaaabot sa requirements ng PS sa loob ng takdang panahon (para. 22).</p>
<p><u>Mga Kahingian</u> Susuriin ng IFC ang gawaing pangnegosyo ng mga kliyente ng FI nito upang matukoy ang mga aktibidad kung saan ang FI ay maaaring masangkot sa mga E&S risk bilang resulta ng mga pamumuhunan nito (talata 28). Ang kahingian ng IFC para sa mga FI ay tugma sa lebel ng potensyal na panganib: * Ang mga FI na may mga gawaing pangnegosyo na may maliit o hindi kaya ay walang nakapipinsalang panganib ay itinuturing na Kategoriya C at hindi na kailangang mag-apply ng anumang ispisikong kahingian; *Ang lahat ng iba pang FI ay susunod sa Exclusion List ng IFC; *Bilang karagdagan sa Exclusion List, kinakailangang hingan ng mga FI na nagbibigay ng pangmatagalang corporate finance o project finance ang mga tumatanggap ng nasabing finance na: (i) sundin ang mga pambansang batas kung saan nagpapakita ang pinondohang proyekto ng mga limitadong E&S risk; at (ii) ipatupad ang mga Performance Standard kung saan ang pinondohang aktibidad ay nagpapakita ng matinding E&S risks (talata 28).</p>	<p><u>Mga Kahingian</u> <i>Kaugnay ng mga FI, mas binibigyang-linaw ng binagong bersyon ang responsibilidad at mga requirements ng IFC para sa mga FI. Sa partikular, Sa pagsusuri nito bago ang pamumuhunan, susuriin ng IFC ang mga FI (a) ang kapasidad na magpatupad, at (b) ESMS (talata 34).</i></p> <p>Ang mga FI ay dapat na magpatakbo ng ESMS na nagsasama ng mga mahahalagang prinsipyo ng PS1 at nagpapanatili ng in-house na kapisidad upang mapamahalaan ang pang-araw-araw na portfolio risks (talata 33).</p> <p>Ang mga FI ay kinakailangang magpatupad ng indibidwal na pagtataya at pagsubaybay ng transaksyon, maging ng pangkalahatang pamamahala ng portfolio (talata 33).</p> <p>Matapos ang pagsusuri ng mga gawaing pangnegosyo ng mga FI, ikakategorya ng IFC ang mga E&S risk bilang FI1: High Risk; FI2: Medium Risk; FI3: Low Risk (talata 40).</p>

Kakailanganin ng FI na magtatag at magpatakbo ng ESMS upang matiyak na naaabot ng mga pamumuhunan nito ang requirements ng IFC (talata 29).

IFC Environmental and Social Review Procedure (ESRP)

Layunin

Tukuyin ang mga proseso sa pagtatasa bago ang pamumuhunan (pre-investment review) upang maipatupad ng mga kawani ng IFC ang mga IFC policy requirement. Ang mga prosesong ito ay binago ng pangasiwaan ng IFC tulad ng kinakailangan.

Mga Kahingian (ESRP, Agosto 2009)

IFC Risk Categorization at E&S requirements

Para sa mga FI na nakikibahagi sa equity, mga pautang, pagpapaupa, guarantee products o iba pang mga nagpopondo at corporate na entidad, ikakategorya ng IFC ang E&S risk bilang FI, at pabubuuin ang FI ng ESMS upang matiyak ang pagsunod sa IFC's Applicable Performance Requirements (kung naaangkop: Exclusion List ng IFC, naaangkop na pambansang E&S regulations at Performance Standards ng IFC) (para. 7.2.9.)

Para sa FIs na may potensyal na matinding E&S risks na nakaugnay sa kanilang mga gawain (e.g., mga proyektong tungkol sa malalaking imprastruktura at extractive na sektor), susundin ng IFC ang requirement na ang IFC may magkakaroon ng karapatang suriin ang unang ilang aktibidad sa pagpopondo ng mga FI upang matiyak na matatag ang ESMS ng FI (para. 7.2.10).

Aplikasyon ng PS

Susuriin ng IFC ang portfolio at impormasyon ng sektor upang matukoy ang kahalagahan ng mga gawaing pangnegosyo na may potensyal na E&S impact. Sa pagkakataon kung saan ipinapakita ng pagsusuri na ang mga pamumuhunan ay maaaring magkaroon ng matinding epekto, oobligahin ng IFC ang FI na tiyaking naaabot ng sub-proyekto nito ang mga

Mga Kahingian (ESRP, Hulyo 2014)

IFC Risk Categorization at E&S requirements

Mas binibigyang-linaw ng IFC ESRP 2014 ang pagkategorya sa E&S risk bilang: FI1: High Risk; FI2: Medium Risk; FI3: Low Risk (para. 7.3.1).

Aplikasyon ng PS

Mas binibigyang-linaw ng IFC ESRP 2014 na dapat tasahin ng FI ang E&S risks sa PSs at obligahin ang mga mangungutang nito na sumunod sa (a) PS para sa project finance at mga corporate na pautang na may tenor na hindi bababa sa tatlungpu't anim na buwan at mga asset na nahahangganan ng pondo bilang bahagi ng isang proyektong may

mahahalagang elemento ng IFC's Performance Standards bilang karagdagan sa naaangkop na mga pambansang E&S laws and regulations (para. 7.2.15).

ESMS Assessment ng FI

Susuriin ng IFC ang ESMS ng FI, bilang pagsasaalang-alang sa kakayahan nitong ipatupad ang Applicable Performance Requirements ng IFC (para. 7.2.18).

- * E&S policies and procedures;
- * Ang kasalukuyang pang-organisasyong istruktura at mga tauhan;
- * Mga kasanayan at kakayahan sa E&S areas;
- * Kasanayan at kamalayan sa E&S requirements at sa SEMS ng mga kawani sa pamumuhunan, usaping legal, at pangungutang ng kliyente;
- * Proseso sa pagsubaybay sa performance;
- * Pag-uulat ng mga resulta sa pangasiwaan; at
- * Track record sa ngayon ng pagpapatupad ng SEMS.

Mga hakbang sa mitigasyon at timeline ng ESAP

Tukuyin ang anumang ESMS enhancements na kakailanganing gawin ng FI upang matiyak ang pagtalima nito sa naaangkop na performance requirements.

- * Sa pagkakataon kung kailan may natukoy na mga pagkukulang at ang FI ay nagpopondo ng sub-proyekto na maaaring magkaroon ng matinding E&S risks, ang mga pagkukulang a ESMS ay dapat na matugunan bago ang IFC Commitment o bilang kondisyon ng IFC disbursement.
- * Sa pagkakataon kung kailan may natukoy na mga pagkukulang at ang FI ay mayroong bahagyang mababang E&S risk, makikipagkasundo ang IFC

kabuuang halagang US\$10m (b) PS1 at PS2 para sa iba pang mga corporate na pautang na may exposure na US\$5m sa pinagsama-samang basis sa loob ng mahigit tatlung anim na buwan. Sa pagkakataon kung saan limitado ang bentahe (mga syndicated loan kung saan ang partisipasyon ng FI ay mas mababa sa 25% ng kabuuang halaga ng pautang), kinakailangang salain ng FI ang mga transaksyong iyon gamit ang PS requirements at gumawa ng "go- or no-go" na desisyon (para. 7.3.2.2).

ESMS Assessment ng FI

Mas binibigyang-linaw ng IFC ESRP 2014 na ang pagsusuri ng IFC ay dapat na mayroon ding

- * Pag-apruba ng senior management sa E&S Policy
- * E&S procedures at tools upang matukoy, maiwasan, at/o maibsan ang E&S risks
- * E&S provisions sa legal na dokumentasyon
- * Proseso sa pagsubaybay sa performance at mga record
- * Panlabas na komunikasyon at mekanismo para sa mga hinaing
- * Kasapatan at kalidad ng pagpapatupad ng ESMS hanggang sa kasalukuyan, kasama ang dokumentasyon ng ESDD
- * Pakikipagkasundo ng kliyente na isagawa ang pangangasiwa sa E&S risk kaugnay ng E&S requirements ng IFC (para. 7.3.4.3).

Mga hakbang sa mitigasyon at timeline ng ESAP

Karagdagan pang isinasaad ng IFC ESRP 2014 na ang mga nakababahalang kakulangan sa E&S performance ng mga kasalukuyang kliyente ay kailangang tugunan sa pamamagitan ng proseso ng pakikipagkasundo bilang mga kondisyon ng pakikipagkasundo o mga kondisyon ng pagbabayad (para. 7.3.4.4).

sa FI sa isang time-bound na E&S Action Plan (ESAP) upang masolusyunan ang mga pagkukulang (7.2.19).

Mga Kahingian sa Pagsubaybay ng IFC

Layunin ng IFC Supervision	
Susubaybayan ng IFC ang E&S performance ng kliyenteng FI upang matiyak nito sa sarili na mayroong sapat na ebidensyang: (a) ang ESMS ng FI ay tumatakbo ayon sa inaasahan sa oras ng pagtataya; at (b) ipinatutupad ng FI, gaya ng kinakailangan, ang i) Performance Standards ng IFC, ii) naaangkop na pambansang batas at iii) Exclusion List ng IFC sa kanilang mga pamumuhunan (ESRP 2009/2014, para. 9.2.6/5).	
2012 Sustainability Policy Requirements	ESRP Requirements (ESRP, Agosto 2009 at Hulyo 2014)
Magpatupad ng regular na programa ng pagsubaybay sa mga pamumuhunan ng FI na mayroong E&S risks at impacts (para 45).	Suriin ang mga kondisyon ng pagbabayad. Kumuha at sumuri ng mga impormasyon upang maging ebidensya na ang CODs ay naabot (ESRP 2009, para. 9.2.2).
Upang matukoy ang pagiging epektibo ng ESMS ng isang FI, pana-panahong susuriin ng IFC ang proseso at mga resulta ng E&S na pagsusuri bago ang pamumuhunan ng mga FI. Ang pangangasiwa ng IFC ay maaaring magkaroon ng mga pagbisita sa FI, pati na rin sa mga tumatanggap ng mga FI loans/investments, partikular na yaong E&S high-risk investments. Nakikipagtulungan ang IFC sa mga kliyenteng FI nito upang matulungan silang maaksyunan ang anumang pagkukulang sa kanilang mga ESMS (para. 45).	<p>Suriin ang annual E&S reporting (AEPR) ng FI, kabilang ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> * Performance ng kliyente kumpara sa Applicable Performance Requirements; * Estado ng pagpapatupad ng kliyente ng ESMS Action Plan at timeline kung kinakailangan; * Performance kumpara sa mga mga panukat ng performance; * Mga nagdaang pagsusuri ng AEPR at mga pagtatasa ng IFC sa E&S performance ng kliyente; * Mga kakulangan sa susing performance o impormasyong may kaugnayan sa performance ng kliyente at sa ESMS; * Mga susing hakbang na maaaring kailanganing gawin ng kliyente upang mapabuti ang performance; at * Pagpapayo sa Portfolio Officer tungkol sa mga nakabinbing isyu para makapag-follow up sa kliyente (ESRP 2009, para. 9.2.6).

Kung nabigo ang kliyente na sumunod sa mga pakikipagkasundong pangkapaligiran at panlipunan nito, gaya ng nasasaad sa mga pangkapaligiran at panlipunang kondisyon para sa pamumuhunan, makikipagtulungan ang IFC sa kliyente upang maibalik ang pagsunod sa abot ng makakaya, at kung ang kliyente ay mabigong makasunod muli, ang IFC ay magpapatupad ng mga akmang solusyon (para. 45).

IFC Access to Information Policy (2012)

Ipaalam ng IFC ang pangunahing E&S risks at impacts na nakaugnay sa pamumuhunan ng IFC at ang mga susing hakbang upang mapalakas ang ESMS, gaya ng nasasaad sa ESAP (para 31, b).

Matapos ang pagpapaalam ng IFC, ia-update ng IFC ang ipinaalam nito at ang estado ng pagpapatupad ng ESAP (para. 41).

Mas binigyang-linaw ng IFC ESRP 2014 na kasama sa AEPR Review ng IFC ang

- * Ang kalidad ng implementasyon ng ESMS ng kliyente, partikular na ang kalidad ng ESDD sa panahon ng pagtataya at pagsubaybay sa portfolio, at ang pagsunod ng sub-proyekto sa naaangkop na requirements;
- * Ang kapasidad ng E&S staff ng kliyente at ang mga pangangailangan sa pagsasanay;
- * Ang suportadong portfolio at ang anumang mga pagbabago rito;
- * Ang estado ng mga panremedyong pagkilos na tinukoy sa mga nagdaang pagsusuri at pangangasiwang pagbisita ng AEPR (ESRP 2014, para. 9.2.5).

Upang lalong masuri ang performance ng FI at maberipika ang pagsunod nito sa Applicable Performance Requirements, bibisitahin ng IFC ang mga opisina ng FI at/o sub-proyekto. (ESRP 2009, para. 9.2.7)

Nagbibigay ang IFC ESRP 2014 ng detalyadong gabay para sa Pagbisita upang Sumubaybay sa Lugar ng IFC (IFC Site Supervision Visit), kabilang ang:

- * Sumuri ng hindi bababa sa sampung E&S due diligence reports na inihanda ng FI para sa kanilang sub-proyekto
- * Magsawa ng pagbisita sa high-risk na sub-proyekto kung kinakailangan
- * Sa pagkakataon kung saan may natukoy na mga kakulangan sa performance ng FI, dapat na subukan ng kawani ng IFC na kunin ang pagsang-ayon ng FI upang masolusyunan ang mga kakulangang ito sa panahon ng pagbisita ng IFC (ESRP 2014, para. 9.2.7-9).

Annex B: E&S Action Plans ng IC na napagkasunduan kasama ang RCBC⁹⁶

<i>Action Item ng ESAP</i>	<i>Timeframe para sa pagpapatupad ng Action Item</i>		
	<i>2011 IFC Equity investment</i>	<i>2013 AMC Equity Investment</i>	<i>2015 IFC Bond Investment</i>
Magnomina ng ESMS officer	Bago ang Pakikipagkasundo ng IFC		
Bumuo ng ESMS Policy Document	Bago ang Pakikipagkasundo ng IFC		
Gawing pormal ang ESMS Implementation Plan	Bago ang Pakikipagkasundo ng IFC	Bago ang Pagbabayad ng IFC	
Bumuo ng panuntunan tungkol sa mga proseso at pagpapatupad ng ESMS	120 araw pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC		180 araw pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC
Pagsasanay sa Staff	120 araw pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC	Nagpapatuloy	180 araw pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC
Mga pamantayan ng E&S na nakapaloob sa sistema ng imporasyon ukol sa pangagasiwa ng RCBC.	120 araw pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC		
Pagpapatupad ng ESMS sa mga bagong pautang at pamumuhunan ng RCBC	150 araw pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC	180 araw pagkatapos ng Pagbabayad ng IFC	180 araw pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC
Pagpapatupad ng ESMS sa mga kasalukuyang pautang at pamumuhunan ng RCBC	210 araw pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC		Isang taon pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC
Pagsusuri sa Panganib Panreputasyon	Kukumpletuhin kada tatlong buwan		
Panloob na pagsusuri sa pagpapatupad ng ESMS	Kukumpletuhin nang taunan	Kukumpletuhin nang taunan	120 araw pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC
Rebisahin ang Credit Policy upang maisama ang mga susing aspekto ng ESMS		Bago ang Pagbabayad ng IFC	
Magbigay ng mga ulat sa IFC tungkol sa pagpapatupad ng ESMS		Dalawang beses sa isang taon	Dalawang beses sa isang taon
Panatilihin ang (mga) tagalabas na konsultant ng E&S upang magbigay ng on-call na serbisyo para sa mga Kat A na			45 araw pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC

⁹⁶ Inihanda batay sa IFC Disclosure SPI (project number 30235) at SII (project number 32853 at 37489)

pagsusuri at sa pagsasanay sa staff ng RCBC			
Bigyan ang IFC ng tatlong ulat ng pagsusuri/pagtutuos na E&S para sa mga Kat A na sub-proyekto			120 araw pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC
Magsagawa ng E&S na pagsusuri ng lahat ng ksalukuyang Kat A at high Kat B na sub-proyekto sa loob ng 180 araw at sumang-ayon sa mga action plan na nakaayon sa IFC PS, at katanggap-tanggap sa IFC.			180 araw hanggang isang taon pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC
Magpatupad ng Panlabas na Komunikasyon at Mekanismo para sa mga Hinaing			60 araw pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC
Mag-hire ng karagdagang ESMS coordinator			180 araw pagkatapos ng Pakikipagkasundo ng IFC

Annex C: Kontekstuwal na Buod

Naglalaman ang seksyong ito ng buod ng kontekstuwal na impormasyong may kaugnayan sa imbestigasyon ng CAO kabilang ang mga impormasyon tungkol sa: (a) karaniwang E&S impacts na may kaugnayan sa mga plantang pinapagana ng karbon, (b) mga kontekstuwal na panganib ng pananakot sa mga nagtatanggol sa kapaligiran at karapatang pantao, (c) ang sektor pang-enerhiya sa Pilipinas, (d) ang E&S framework sa Pilipinas at (e) ang pangangasiwa sa E&S risk sa Pilipinas ng sektor pampinansyal.

Mga karaniwang epektong pangkapaligiran at panlipunan ng mga plantang pinapagana ng karbon

Maayos na naitala ang mapaminsalang epekto ng karbon sa kapaligiran, kalusugan ng tao, at climate change.

Kapag sinunog ang karbon, naglalabas ito ng maraming airborne na lason at pollutants. Kabilang sa mga ito ang asoge (Hg), tingga (Pb), sulfur dioxide (SO₂), nitrogen dioxide (NO₂), particulate matter (PM₁₀, PM_{2.5}), at iba-iba pang heavy metals.⁹⁷ Gayundin, ang paglalabas ng SO₂ at nitrogen oxide (NO_x) ay nakadaragdag sa pagbuo ng ozone, o smog, at polusyong fine particle. Kilala ang pollutants na ito na nakadaragdag sa mga mapaminsalang epekto sa kalusugan, kabilang ang pagkakaroon ng mga sakit sa puso o baga, gaya ng hika at bronchitis, pagtaas ng tsansang mahawa sa respiratory at cardiac symptoms, at maagang pagkamatay.⁹⁸

Ang mga particulate matter na kasinlaki o mas maliit sa 10 at 2.5 microns (µm) ang diameter (PM₁₀ and PM_{2.5}), na binubuo ng inorganic compounds gaya ng silicates, aluminates, at heavy metals maging ang mga organikong materyal na nauugnay sa carbon particles, ay banta sa kalusugan ng publiko: ang mga ito ay parehong nakatatagos nang malalim sa baga at ang PM_{2.5} ay maaari pang sumama sa daloy ng dugo, na pangunahing nagreresulta sa mga epektong cardiovascular at respiratory (gaya ng kanser sa baga) at nakaaapekto sa iba pang organs.⁹⁹ Noong 2021 nagbigay ng update ang WHO ukol sa Global Air Quality Guidelines (mula sa bersyon nito noong 2005), pinababa rito ang mga lebel para sa maraming pollutants kabilang ang PM_{2.5} and PM₁₀, batay sa ebidensyang ang mga nakapaminsalang epekto nito sa kalusugan ay nangyari nang nasa mas mababang lebel kumpara sa mga inakala noon.¹⁰⁰

Depende sa disenyo at lokasyon ng plantang pinapagana ng karbon, ang pollutants na ito ay matatagpuan nang iba't iba ang degree sa paligid ng isang pasilidad ng plantang pinapagana ng karbon. Karaniwang naaapektuhan ang mga komunidad na nakatira sa paligid ng mga planta ng kuryente sa sumusunod na mga paraan: (a) ang hindi tamang paggamit at pag-iimbak ng karbon at maging ng mga abo ng karbon ay maaaring maiugnay sa pagbubuga ng

⁹⁷ Union of Concerned Scientists, 'Coal and air pollution', July 28, 2008, Updated December 19, 2017, makukuha sa: <https://bit.ly/343K8Ez>; tingnan din ang *Coal Power Impacts*, Nov 15, 2017, Updated Jul 9, 2019, makukuha sa: <https://bit.ly/3qLDI6I>

⁹⁸ United States Environmental Protection Agency, tingnan ang <https://bit.ly/3mJ8AVF>

⁹⁹ WHO, 'New WHO Global Air Quality Guidelines aim to save millions of lives from air pollution', makukuha sa <https://bit.ly/3BVPHmN>

¹⁰⁰ WHO Global Air Quality Guidelines (2021), makukuha sa <https://bit.ly/2ZKLSTT>. Tingnan din ang Epstein, P.R. et al, (2011), "Full cost accounting for the life cycle of coal", in *Ecological Economics Reviews*, *Ann. N. Y. Acad. Sci.* 1219: 73–98, p.81-82; tingnan din ang *Philippine Journal of Science* - 149 (S1): 117-127, Special Issue on Nuclear S&T ISSN 0031 – 7683: "Air Particulate Matter, Black Carbon, and Elemental Concentrations and Source Apportionment in Calaca, Batangas", University of the Philippines Manila, 2019, p.118; tingnan din ang Union of Concerned Scientists, 'Coal and Air Pollution', makukuha sa: <https://bit.ly/343K8Ez>

mga alikabok na maaari namang magresulta sa mapaminsalang kalidad ng hangin sa kapaligiran; (b) ang hindi tamang pag-iimbak ng mga abo ng karbon sa mga sapa ay maaaring magresulta sa leaching sa lupa ng mga kemikal kabilang ang heavy metals (asoge, selenium, arseniko), at sa tubig sa ilalim at ibabaw ng lupa.

Bukod sa mga epekto sa kalusugan ng tao, maaaring magkaroon ng iba pang mga epektong pangkapaligiran ang mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon, gaya ng: kontaminasyon ng lupa dahil sa acid rain; pagkasira ng mga buhay sa karagatan dahil sa polusyong dala ng asoge at dahil sa acid rain; paggamit at pagkaubos ng mga pinagkukunan ng tubig-tabang; mga epekto ng abo ng karbon sa nakapaligid na ecosystems; polusyon sa tubig dahil sa umagos at nilipad na abo.¹⁰¹

Maaaring maging banta ang polusyon sa hangin, pagkalat ng abo ng karbon o leaching sa mga pinagkukunan ng tubig-tabang, lupang sakahan at mga pananim, na siyang magresulta sa kawalan ng halaga o produksyon na mayroong mga epekto sa ekonomiya at kabuhayan ng mga magsasaka at mga sambahayan.¹⁰² Sa huli, para sa anumang pangunahing pagbuo ng imprastruktura, ang konstruksyon ng mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon ay maaaring maiugnay sa pisikal at ekonomikong pag-aalis sa mga komunidad at mga katutubong mamamayan, kasama ang lahat ng alam nang mga panganib at epektong kaugnay ng naturang mga proseso.

Greenhouse gas emissions, climate change, at mga hakbang para sa mitigasyon ng mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon

Isang pangunahing tagaambag sa pandaigdigang emisyon ng greenhouse (GHG) ang pagsusunog ng karbon. Sa lahat ng mga pinagkukunan ng enerhiya, ang karbon ang naglalabas ng pinakamaraming carbon dioxide (CO₂) kada yunit ng enerhiya. Ang pagsusunog ng karbon ay nagbubuga ng CO₂ na isa't kalahati ng dami ng sa pagsusunog ng langis at dalawang beses ng sa pagsusunog ng natural gas (para sa parehong dami ng nilikhang enerhiya). Halimbawa, bagama't 25% lamang ng pandaigdigang pagkonsumo ng enerhiya noong 2005 ang mula sa karbon, ito ang lumikha ng 41% ng emisyon CO₂ noong taong iyon.¹⁰³

Ayon sa IEA, ang emisyon ng karbon mula sa paglikha ng kuryente sa Pilipinas noong 2000 ay 68 milyong metriko tonelada (MT). Nang sumapit ang 2018, halos dumoble ito sa 113m MT, kung saan ang pagtaas ay pangunahing dulot ng mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon. Sa yugto ng panahong ito, ang kontribusyon ng karbon sa carbon emissions na mula sa paglikha ng kuryente sa Pilipinas ay tumaas mula 20m MT patungo sa 70m MT.¹⁰⁴

Batay sa IFC EHS Guidelines para sa Thermal Power Plants, kabilang sa mga rekomendasyon upang maiwasan, mabawasan at mabalanse ang paglalabas ng CO₂ ang (i) Paggamit ng mas kaunting carbon intensive na fossil fuels; (ii) Paggamit ng combined heat

¹⁰¹ Epstein, P.R. et al, (2011), "Full cost accounting for the life cycle of coal", in *Ecological Economics Reviews*, *Ann. N.Y. Acad. Sci.* 1219: 73–98

¹⁰² Epstein, P.R. et al, (2011), "Full cost accounting for the life cycle of coal", in *Ecological Economics Reviews*, *Ann. N.Y. Acad. Sci.* 1219: 73–98; Business and Human Rights Resource Centre, selected articles on thermal plants, makukuha sa <https://bit.ly/3qKpNhb>; at Greenpeace South-East Asia (2014), *The True Cost of Coal, in the Philippines*, Vol I.

¹⁰³ Epstein, P.R. et al, (2011), "Full cost accounting for the life cycle of coal", in *Ecological Economics Reviews*, *Ann. N.Y. Acad. Sci.* 1219: 73–98, p.74 and 76.

¹⁰⁴ International Energy Agency, Philippines, makukuha sa <https://bit.ly/2JYCqoe>.

and power plants (CHP) kung posible; (iii) Paggamit ng mas mataas na energy conversion efficiency technology para sa parehong fuel type / laki ng planta ng kuryente kumpara sa pambansa/rehiyunal na average; (iv) Pagsasaalang-alang sa efficiency-relevant trade-offs sa pagitan ng gastos sa puhunan at pagpapatakbo na kasama sa paggamit ng iba't ibang mga teknolohiya (e.g., ang mga supercritical na planta ay maaaring nangangailangan ng mas malaking puhunan kaysa sa mga subcritical na planta na may kaparehong kapasidad, ngunit mas mababa naman ang gastos sa pagpapatakbo); (v) Paggamit ng high performance monitoring at mga pamamaraan sa pagkontrol sa proseso, magandang disenyo at pangangalaga sa sistema ng pagsusunog upang mapanatili ang indinisenyo noong una na efficiency performance; (vi) Kung posible, pag-aayos ng emissions offsets (kabilang ang mga flexible na mekanismo at ang boluntaryong carbon market ng Kyoto Protocol), kasama ang reforestation, afforestation, o pagkuha at pag-iimbak ng CO2 o iba pang mga eksperimental na opsyon sa kasalukuyan; (vii) Kung posible, pag-aayos ng emissions offsets (kabilang ang mga flexible na mekanismo at ang boluntaryong carbon market ng Kyoto Protocol), kasama ang reforestation, afforestation, o pagkuha at pag-iimbak ng CO2 o iba pang mga eksperimental na opsyon sa kasalukuyan; at (viii) Pagsasaalang-alang sa fuel cycle emissions at mga salik sa labas ng site (e.g., suplay ng fuel, lapit sa load centers, potensyal ng paggamit ng waste heat sa labas ng site, o paggamit ng mga malapit na waste gases).¹⁰⁵

Mga kontekstuwal na panganib ng pananakot sa mga nagtatanggol sa kapaligiran at karapatang pantao

Nagdudulot ang reklamo ng mga pag-aalala hinggil sa mga banta laban sa mga aktibista ng komunidad na laban sa karbon sa Pilipinas at nagigiit na dapat ay isinaalang-alang ng IFC ang mga nasabing kontekstuwal na panganib sa kanilang pangangasiwa sa mga pamumuhunan sa RCBC.

Sa buong mundo, tumataas ang mga banta, maging ang mga pagpatay at legal na aksyon, laban sa mga aktibista ng komunidad at mga nagtatanggol sa karapatang pangkapaligiran.¹⁰⁶ Simula 2008, idinokumenta ng United Nations at mga eksperto ang mga banta, pag-atake, at hindi makatarungang pagpatay sa mga nagtatanggol sa karapatang pantao, karapatang pangkapaligiran at karapatan ng mga katutubo sa buong daigdig, kasama ang Pilipinas.¹⁰⁷

Noong 2017, sinabi ng mga eksperto ng UN na isa ang Pilipinas sa mga bansang pinakamapanganib para sa mga nagtatanggol sa mga pangkapaligirang karapatang pantao.¹⁰⁸ Noong 2018, nagpahayag ang mga eksperto ng UN ng pag-aalala hinggil sa pagturing ng pamahalaan sa maraming nagtatanggol ng karapatang pangkapaligiran, karapatan ng mga katutubo, at karapatang pantao bilang mga terorista.¹⁰⁹ Noong 2019, nanawagan ang mga eksperto ng UN ng isang independiyenteng imbestigasyon hinggil sa patuloy na pag-atake at pagpatay sa mga nagtatanggol sa karapatang pantao sa Pilipinas.¹¹⁰ Sa pagitan ng 2015 at 2019, nakapagtala ang UN ng 173 pagpatay sa mga nagtatanggol sa

¹⁰⁵ IFC EHS Guidelines for Thermal Power Plants, 2008. Makukuha sa <http://bit.ly/3349yiy>.

¹⁰⁶ Human Rights Watch, Targeted: Counterterrorism Measures Take Aim at Environmental Activists. Makukuha sa <https://bit.ly/3dTBnBJ>.

¹⁰⁷ Tingnan halimbawa ang UN Special Rapporteur on summary executions, report on country visit to the Philippines, April 16, 2008, A/HRC/8/3/Add.2, makukuha sa <https://bit.ly/3tYvFor>; UN Special Rapporteur on Human Rights Defenders et al, December 28, 2012, makukuha sa <https://bit.ly/32SvD5w>.

¹⁰⁸ UN Special Rapporteur on Human Rights Defenders, 'Environmental human rights defenders' report, A/71/281, makukuha sa <https://bit.ly/3aIAXNe>

¹⁰⁹ UN Special Rapporteur on Human Rights Defenders, communication to the Philippines, June 8, 2018, AL PHL 5/2018, makukuha sa <https://bit.ly/3eAxdgt>

¹¹⁰ UN human rights experts call for independent probe into Philippines violations', June 7, 2019, makukuha sa <https://bit.ly/2PvU2Lc>

karapatang pantao sa Pilipinas.¹¹¹ Naitala noong 2018 ng Global Witness, isang pandaigdigang NGO, ang pagpatay sa 30 nagtatanggol sa lupa at kapaligiran sa Pilipinas—na siyang dahilan kung bakit ang bansa ang may pinakamataas na bilang ng ganitong mga pagpatay sa daigdig, 43 pagpatay noong 2019 at 29 noong 2020; may kaugnayan ang mga ito sa pagmimina, agribusiness, pagtotroso, at mga operasyon ng mga plantang pinapagana ng karbon.¹¹²

Isa sa mga ganitong kaso na naitala ng Global Witness at ng marami pang ibang mga pambansa at pandaigdigang organisasyon ay ang pagpaslang noong Hunyo 2016 kay Gloria Capitan, isang residente at nagmamay-ari ng maliit na tindahan sa Bataan. Hanggang sa kanyang kamatayan, nanguna siya sa mga protesta laban sa pagtatayo at mga epekto ng mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon sa Bataan at Mariveles, kung saan ang dalawang planta ng kuryenteng ay nabanggit sa pagsisiyasat ukol sa pagtalima (compliance investigation) na ito. Naninindigan ang mga pambansa at pandaigdigang NGO, kasama ang CAO complainants, na ang kanyang pagkapaslang ay dahil sa kanyang pagtutol sa mga plantang pinapagana ng karbon.¹¹³

Ang kabuuang pambansang konteksto ng mga banta at pananakot ay mayroong epekto sa pagtatasa sa kasapatan ng mga pagsangguni sa publiko at pakikisangkot ng mga stakeholder kaugnay ng mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon at iba pang pangunahing development projects sa Pilipinas. Mayroong mga seryosong hadlang sa makabuluhang pakikisangkot ng stakeholder na kinakilangang isaalang-alang sa anumang pagtatasa ng ESMS ng isang kumpanya at partikular na sa proseso ng pakikisangkot ng stakeholder.

Ang Sektor ng Enerhiya ng Pilipinas

Taon	Karbon, GWh	Kabuuang, GWh
1990	1934	26237
2000	16663	45290
2010	23301	67742
2019	57890	105501
Sanggunian: IEA		

Simula dekada '90, nagkaroon ng malaking pagtaas sa kuryenteng nilikha mula sa karbon sa Pilipinas. Habang ang kabuuang paglikha ng kuryente sa Pilipinas ay tumaas nang apat na beses simula 1990, ang kuryenteng nalikha sa pamamagitan ng karbon ay tumaas naman nang 29 na beses sa kaparehong panahon. Noong 2009, iba-iba ang bumubuo sa mix ng nalikhang kuryente ng Pilipinas, kung saan ang mga renewable na enerhiya ang bumubuo sa 33% ng kabuuang nalikhang kuryente, 32% ang mula sa natural gas, at 27% mula sa karbon. Gayunman, pagsapit ng 2009, ang karbon na ang kumakatawan sa 55% ng kabuuang nalikhang kuryente.¹¹⁴

¹¹¹ UN Special Rapporteur on human rights defenders, *Final warning: death threats and killings of human rights defenders*, December 24, 2020, <https://undocs.org/A/HRC/46/35>

¹¹² Global Witness, *Annual reports on Land and Environmental Defenders*, makukuha sa <https://bit.ly/3GMZD5B>.

¹¹³ Frontline Defenders, *Case History Gloria Capitan*, makukuha sa <https://bit.ly/3nF9obA>.

¹¹⁴ Economist Intelligence Unit, Philippines, Energy report, September 2010 and Philippine Development Plan 2011-2016, Chapter 5: Accelerating Infrastructure Development p.149, <https://bit.ly/3tWw22B>. IEA Electricity Information 2020.

Tulad ng mga kaso sa iba pang bansa sa Timog-Silangang Asya, ang pag-unlad ng ekonomiya ng Pilipinas, na sinamahan pa ng mabilis na paglaki ng populasyon at pagtaas ng urbanisasyon, ay nagpataas ng pangangailangan sa grid-based na kuryente.¹¹⁵ Ayon sa pamahalaan, naantala ng hindi maaasahang suplay ng kuryente ang paglagong ekonomiko. Gayundin, sa loob ng mahabang panahon ay isa ang Pilipinas sa mga may pinakamatataas na singil sa kuryente.¹¹⁶ Inihahain ng pamahalaan at ng mga negosyante ang karbon bilang murang opsyon, at ang pinakamaasahan at mabili na opsyon upang matugunan ang pagtaas ng pangangailangan sa kuryente sa bansa.

Ang pamumuhunan sa mga coal-fired power plant ay napadali at patuloy na nadagdagan kasunod ng mga reporma para sa de-regularisasyon at pagsasapribado sa sektor ng kuryente, lalo na sa pamamagitan ng pagpapatupad ng 2001 Electric Power Industry Reform Act (EPIRA), habang ang suporta naman para sa iba pang mapagkukunan ng enerhiya tulad ng renewable na enerhiya¹¹⁷ ay nasira ng mga balakid.¹¹⁸

Noong 1990s at noong unang bahagi ng 2000s, ang malalaking proyektong pangkuryente sa Pilipinas ay pangunahing pinopondohan ng mga pandaigdigang bangko development finance institutions, kabilang ang IFC. Kasunod ng mga reporma para sa pagsasapribado noong 2001, at mula 2005, nagsimula ang mga bangko sa Pilipinas sa pagpopondo bilang suporta. Mula 2010, ang mga bangko sa Pilipinas ay namumuno sa pag-aayos at pagpopondo sa malalaking proyektong pang-enerhiya na may mahahabang tenors.¹¹⁹

Noong Hunyo 2020, mayroong 28 tumatakbo, nakakonekta sa grid, na mga planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon sa bansa (59 boiler Units).¹²⁰ At habang ang pagkonekta sa kuryente ay tumaas nang lubha noong 2017¹²¹, nananatiling isyu ang kakulangan sa kuryente at ang mga napakataas na presyo ng kuryente.¹²²

Simula 2020, tila bumabagal ang paglago ng kuryenteng mula sa karbon. Sinasabi ng Philippines Energy Plan (PEP) para sa 2018-2040 na tatangkain ng pamahalaan na ipatupad ang “isang technology-neutral na polisyang [upang pahintulutan] para sa pagpasok ng iba pang mga teknolohiya sa suplay at power mix ng bansa. Nilalayon ng ganitong polisiya na mapag-iba-iba ang energy portfolio. (...) Mas nakaaambag ang renewables at natural gas sa mix ng suplay sa bansa, na nakaayon sa pagkamit ng nilalayong mababang karbon sa hinaharap.”¹²³

¹¹⁵ Ang populasyon ay tinatayang hindi hihigit sa 94 milyon noong 2010, at lalampas ng 108 milyon noong 2019. <https://bit.ly/2LvBw3j>; tingnan din ang Koplitz S.N. et al, “Burden of Disease from Rising Coal-Fired Power Plant Emissions in Southeast Asia”, *Environ. Sci. Technol.* 2017, 51, 1467–1476.

¹¹⁶ Philippine Development Plan 2011-2016, Chapter 5, p.153, <https://bit.ly/2W3dr5A>; Development Plan 2017-2022, Ch.19, <https://bit.ly/3gADXgp>

¹¹⁷ EIU Industry report: Energy, Philippines, August 2014, p.6; WWF in collaboration with WRI, 2013, *Meeting renewable energy targets: Lessons from the road to implementation*, <https://bit.ly/3sQqANy>

¹¹⁸ Ang populasyon ay tinatayang hindi hihigit sa 94 milyon noong 2010, at lalampas ng 108 milyon noong 2019. <https://bit.ly/2LvBw3j>; tingnan din ang Koplitz S.N. et al, “Burden of Disease from Rising Coal-Fired Power Plant Emissions in Southeast Asia”, *Environ. Sci. Technol.* 2017, 51, 1467–1476.

¹¹⁹ First Metro Investment Corporation, July 31, 2014, *Philippine Project Finance*, makukuha sa <https://bit.ly/37ayp98>.

¹²⁰ DoE, List of existing power plants as of June 30, 2020, makukuha sa: <https://bit.ly/3m4BYBT>

¹²¹ Noong 2017, 96 porsiyento ng populasyon sa lugar na urban at 90 porsiyento ng populasyon sa lugar na rural ay may kuryente. The World Bank Group, *Systematic Country Diagnostic of The Philippines: Realizing the Filipino Dream of 2040*, 2019, p.40.

¹²² Fitch Solution, *Philippines Power report, Q3 2020; Philippines Infrastructure report Q3 2020*.

¹²³ Department of Energy (2020), *2018-2040 Philippine Energy Plan (PEP)*, p.54, makukuha sa: <https://bit.ly/2W7iQZr>

Mayroong mga pamahalaang panlalawigan, bagama't minorya pa lamang, ang nagpahayag ng pagbabawal sa pagtatayo ng mga bagong planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon.¹²⁴ Noong 2020 rin, isang pangunahing operator¹²⁵ Hindi naaapektuhan ng moratorium ang mga panukalang nabigyan na ng mga permit o mga potensyal na pagpapalawak ng mga lugar ng mga kasalukuyang planta.

Philippine Environmental and Social Framework

Nauna nang nabanggit ng CAO na ang mga pagsusuri at pagsubaybay sa mga coal-fired power plant na may kaugnayan sa pagsisiyasat ukol sa pagtalima (compliance investigation) na ito ay lumilitaw na ginawa kaugnay ng mga pambansang pamantayan sa halip na IFC o iba pang pandaigdigang pamantayan. Kaugnay nito, sinasabi ng CAO na mayroong natukoy ang mga pampublikong pag-aaral na mga agwat sa pagitan Philippine Environmental and Social Framework at ng pandaigdigang pamantayan.

Halimbawa, mayroong natukoy ang mga pagtatasa ng World Bank na mga agwat sa pagitan ng mga pamantayan ng World Bank at mga pambansang regulasyon ng Pilipinas. Sinasabi ng isang 2009 World Bank Country Environmental Analysis (CEA) sa Pilipinas na mayroon itong mga kumprehensibong batas at polisiyang pangkapaligiran, gayunman, ito ay naapektuhan ng mahinang pagpapatupad dahil sa hindi sapat na kapasidad at mga pinansiyal na limitasyon sa parehong pambansa at lokal na mga lebel. Sinasabi ng 2009 CEA na ang environmental impact assessment system ng Pilipinas ay “mayroon ng lahat ng elemento ng isang maayos na sistema, gaya ng pagkakaroon ng pagsasala, scoping, independiyenteng pagsusuri, pakikilahok ng publiko, paghahayag, at pagsubaybay. Gayunman, mayroon itong limitadong gamit bilang isang instrumento sa pagpapalano dahil sa karamihan ng mga kaso ay ipinatutupad nang pababa sa mga mahahalagang feasibility decisions. Ang pagpapatupad nito ay naapektuhan ng mabusisi at masalimuot na proseso na nagbibigay-diin sa pagtalima na batbat ng samu't saring burokratikong pamamaraan, gaya ng patung-patong na batas, pagtutok sa pagsunod sa halip na teknikal na nilalaman, at kumplikado at hindi maayos na sistema ng follow-up at pagsubaybay”.¹²⁷

Tinukoy ng iba pang mga pagtatasa ang sumusunod na agwat:¹²⁸ Nagbibigay ng mas kaunting pagsasaalang-alang sa mga panlipunang epekto ang Philippine environmental and social assessment framework (e.g., Environmental Impact Statement); cumulative impacts assessments; at ecosystem services kumpara sa mga pamantayan ng World Bank/IFC. Nagbibigay ng mas kaunting proteksyon ang pambansang balangkas para sa kompensasyon sa pagkalugi at pang-ekonomiyang displacement bilang PS5. Bagama't ang lehisasyon at ang proseso ng pangangalaga sa mga karapatan ng mga katutubong mamamayan sa

¹²⁴ Fitch Solution, *Philippines Power report, Q3 2020*

¹²⁵ AC Energy, April 2020. Makukuha sa <https://bit.ly/37WDQHN>.

¹²⁶ Rappler, October 27, 2020, *No more new coal plant applications under latest PH energy policy*, makukuha sa <https://bit.ly/376iQiE>.

¹²⁷ World Bank, 2009, *Philippines Country Environmental Analysis*, makukuha sa <https://bit.ly/3pfjh0e>.

¹²⁸ La Rocca, R. (2016), *Philippines - Access to Sustainable Energy Project: environmental assessment: Environment and social safeguards framework (English)*. Washington, D.C.: World Bank Group, makukuha sa: <https://bit.ly/2l6C9P2>; *Revised Environmental and Social Safeguards Framework: National Power Corporation, Access to Sustainable Energy Project*, December 2019, Makukuha sa: <https://bit.ly/2JwVj12>; OECD Investment Policy Review for the Philippines (2016), p.294-295, makukuha sa: <https://bit.ly/32Sk113>; Centre for Energy, Ecology and Development (CEED), *Policy Brief: Volcanic Ash, Coal Ash, and Air Quality and Emission Standards in the Philippines*, February 2020; Greenpeace Philippines and South-East Asia reports, makukuha sa: <https://bit.ly/32Skv8F>; Oxfam America (2013), *Briefing paper: Free Prior and Informed Consent in the Philippines Regulations and Realities*, September, <https://bit.ly/32SAdke>; World Bank Group, *Philippines: Country Safeguards Framework Assessment (CSFA), Part A: Phase 1 Stocktaking*, April 2020, unpublished. Nakadokumento ang mga isinagawang panayam mula Mayo hanggang Oktubre 2020.

Pilipinas ay tila naaayon sa mga pamantayan ng World Bank/IFC, sa praktika ay marami ang mga hamon sa pagpoprotekta sa mga karapatan, kasama ang may kaugnayan sa pagpapatupad ng FPIC at pagbibigay-linaw sa ancestral domain ng mga katutubo. Para naman sa pakikilahok ng stakeholder, bagama't ang Pilipinas ay mayroong nakatatag na proseso ng mga konsultasyon sa publiko, mas kaunti ang mga probisyon para sa konsultasyon, paghahayag ng impormasyon at mga mekanismo para sa mga hinaing sa kabuuan ng proyekto.

Gaya ng nakadetalye sa talahanayan sa ibaba, nagtakda rin ang IFC EHS Guidelines para sa Thermal Power Plants ng mas mahigpit na mga pamantayan para sa pagbubuga ng hangin kumpara sa pambansang batas.¹²⁹

Emission	IFC EHS para sa Thermal Power Plants (2008) ¹³⁰	Philippine Clean Air Action 1999 (Republic Act no. 8749) ¹³¹
<i>Particulate Matter (PM)</i>	30-50 mg/NCM	150-200 mg/NCM
<i>Sulfur Dioxide (SOx)</i>	400-1500 mg/NCM	700-1500 mg/NCM
<i>Nitrogen Oxides (NOx)</i>	200-510 mg/NCM	1000-1500 mg/NCM

E&S risk management sa Pilipinas ng Sektor Pampinansyal

Nagsimulang lumabas ang E&S risk management sa loob ng mga komersyal na bangko noong 2000s. Itinatag noong 2003, isang boluntaryong balangkas para sa E&S risk management sa sektor pampinansyal ang Equator Principles. Ang mga bangkong sumusunod sa Equator Principles ay sumasang-ayong i-apply ang Performance Standards ng IFC sa kanilang project finance at ilang corporate finance na mga aktibidad.

Noong 2012, nagsagawa ng isang pagsisiyasat ang IFC tungkol sa ESMS adoption ng sektor pampinansyal sa Pilipinas, Thailand at Indonesia. Karamihan sa mga siniyasat na bangko ang mayroong limitadong pagkaunawa at tuon sa E&S issues, kabilang ang sa lebel ng senior management at sa kanilang proseso ng pagsusuri sa utang. Karamihan sa mga bangkong lumahok sa pagsisiyasat ay hindi itinuturing na kinakailangan para sa isang bangko ang maunawaan ang E&S risks, maging ang isaalang-alang ang mga iyon sa kanilang mga desisyon sa pangungutang/pamumuhunan. Nagpahayag din ng pag-aalala ang mga bangko na ang pagkakaroon ng ESMS ay magbibigay ng hindi patas na bentahe sa kanilang mga kalabang mayroong mas mababa o hindi kaya ay walang E&S risk management standards. Naitala ring mayroong kawalan ng kwalipikado at murang E&S consultants na magpapayo sa mga bangko tungkol sa paggamit ng ESMS.

¹²⁹ Pinahihintulutan ng IFC EHS Guidelines ang mas maluwag na pambansang pamantayan alang-alang sa kalagayan ng ispesipikong proyekto at kung sinusuportahan ng detalyadong rekomendasyon ng anumang ipinapanakulang alternatibo na nagbibigay-proteksiyon sa kalusugan ng tao at kapaligiran. IFC EHS Guidelines Thermal Power Plant (2008) makukuha sa <http://bit.ly/3349yvjy>.

¹³⁰ Mas mahigpit na iskor kaugnay ng planta ng kuryente sa nanganganib na airshed zones. IFC EHS Guidelines for Thermal Power Plants (2008) makukuha sa <http://bit.ly/3349yvjy>.

¹³¹ Mas mahigpit na PM value ay ipinatutupad sa mga planta sa industriyal na lugar. Mas mahigpit na iskor para sa NOx at SOx ay para sa mga bagong planta. Philippines Clean Air Act (1999), makukuha sa <https://bit.ly/3jZI5GN>.

Noong 2013, sumali ang Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP, central bank of the Philippines) sa Sustainable Banking Network (SBN). Ang SBN ay isang boluntaryong komunidad ng mga ahensyang kumokontrol sa sektor pinansyal at mga asosasyong pambangko na nakatuon sa pagsusulong ng matatag na pananalapi na nakaayon sa mahusay na pandaigdigang kasanayan.¹³²

Noong 2014, nagkomisyon ang IFC ng isang pag-aaral tungkol sa E&S risk management sa Pilipinas. Napagtanto sa pananaliksik na bagama't mayroong lumalaganap na kamalayan sa mga bangko sa Pilipinas tungkol sa kahalagahan ng E&S risk management, ang senior management at mga kawani sa pagpapatakbo ay mayroon lamang limitadong karanasan sa pagdidisenyo at pagpapatupad ng ESMS. Natuklasan ding mayroong pagtinging maaaring masira ng E&S risk management ang pagkakompetitibo at maaaring mahigitan pa ng gastos sa ESMS ang mga benepisyo, partikular na kung mayroong kawalan ng batayang requirements upang magabayan ang mga bangko sa paggamit at pagpapatupad, kung kaya ang hindi pagsunod ang nanatiling mas murang alternatibo.¹³³

Noong 2019, binigyan ng SBN ang Pilipinas ng markang two: “formulating” sa isang six-point scale ng sustainable finance framework nito. Sa 19 na palatandaan, itinuturing sa pagtatasa na ang pag-unlad ng Pilipinas ay mayroong (a) istrategikong pagsunod sa sustainable finance standards at targets; (b) climate at green finance; at (c) integrasyon ng ESC.¹³⁴ Noong Abril 2020, ibinigay ng BSP ang unang Sustainable Financial Framework ng bansa na nag-oobliga sa mga bangko na isama ang E&S risk management sa kanilang mga balangkas para sa corporate governance risk management, maging sa mga istrategikong layunin at operasyon.¹³⁵

¹³² Sustainable Business Network, para sa karagdagang detalye, tingnan ang <http://bit.ly/3miHNMD>.

¹³³ IFC, April 2017, Competitiveness Through Sustainability: A roadmap for Philippine financial institutions. Ang mga resulta ay ibinahagi sa isang pampublikong workshop.

¹³⁴ SBN (2019) Philippines Country Progress Report, makukuha sa <https://bit.ly/3ahMCD9>.

¹³⁵ IFC, Sustainable Banking Network – Guidance from SBN Members, makukuha sa <http://bit.ly/38afAIG>.

Annex D: Pagsusuri ng inireklamong sub-proyekto at mga obserbasyon ng CAO

Ipinapahayag sa reklamo ng CAO ang maraming epektong idinudulot ng bawat planta (ng kuryente) na pinapagana ng karbon (ang inirereklamong sub-proyekto). Makikita sa seksyon na ito ang talaan para sa bawat isa. Partikular na makikita sa bawat talaan ang (a) pangkalahatang kaalaman tungkol sa planta; (b) mga kaugnay na Performance Standards batay sa mga paratang ng naghain ng reklamo; (c) buod ng mga nakuhang impormasyon at impormasyon mula sa IFC; at (d) mga obserbasyon ng CAO. Tingnan ang Larawan 2 sa Seksiyon 1.3 para sa mapa ng mga sub-proyekto.

Makikita sa huling bahagi ng Annex na ito ang buod ng mga kaugnay na kahingian ng Performance Standard batay sa bawat inirereklamong sub-proyekto.

Buod ng Inirereklamong Sub-Project at mga Obserbasyon

1 - Masinloc Power Partners Ltd power plant expansion (unit 3&4) (Pagpapalawak ng planta ng kuryente ng Masinloc Power Partners Ltd)	
<i>Lokasyon</i>	Barangay Bani, Masinloc, Zambales
<i>Estado</i>	Unit 3: planong komersyalisasyon bago o sa Disyembre 2020 ¹³⁶ Unit 4: pagdebelop bago makuha ang permit
<i>Sukat at Teknolohiya</i>	670 MW (unit 3&4) Supercritical (pagpapalawak ng 674MW Sub-Kritikal na planta)
<i>Tinatayang Taunang Carbon Emissions</i> ¹³⁷	4.2m MT (Unit 3 & 4)
<i>Distansya mula hangganan ng planta at pinakamalapit na komunidad</i>	140-160m (mula sa dulo ng silangang bahagi ng planta tungo sa silangan)
<i>Pagkasangkot ng RCBC</i>	Pagpapautang sa Proyekto: 2013, 2015. ¹³⁸
<i>Inihandang ESMR ng RCBC</i>	Pebrero 2019
Kaugnay na Performance Standard (2012)	Mga paratang ng naghain ng reklamo ¹³⁹
PS 1: Pakikipag-ugnayan sa mga apektado	Kulang sa konsultasyon at impormasyon tungkol sa mga planta ng kuryente at ang mga epekto nito
PS1: Pagtukoy ng mga panganib at epekto PS3: Pagpigil sa polusyon PS5: Pagpapaalis mula sa tirahan at pinagkakabuhayan	Polusyon dulot ng abo ng karbon sa pananim at mga puno ng prutas na isa sa kanilang pinagkukunan ng kabuhayan. Pagkasira ng damong-dagat, na isa ring pinagkukunan ng kabuhayan. Epekto sa mga palaisdaan (mas konting huli) na nagdudulot ng pagkawala ng kita at mas mataas na gastusin para sa mga pamilya.

¹³⁶ Manila Standard (August 21, 2020) *SMC plans 2, 135MW power plants*, makukuha sa <https://bit.ly/3n4pFHm>.

¹³⁷ Ang pagtantiya ay batay sa hawak na dokumentasyon ng E&S (hal. EIS, Engineer's Report, PDR at ESMR) at/o taunang GHG emissions na tinatantiya bilang: capacity * capacity factor * heat rate * emission factor.

¹³⁸ RCBC 2013 Annual Report, makukuha sa <https://bit.ly/33UEnZM>. Masinloc expansion starts, *Philippine Daily Inquirer*, 5 March 2016, makukuha sa <https://bit.ly/2ltvb7f>.

¹³⁹ Sa Annex na ito, sinasalamin ng CAO ang mga inihain na reklamo na hangga't maaari ay malapit sa orihinal na salita mula sa Reklamo.

	<p>Simula nang maisumite ang reklamo, iniulat ng mga nagrereklamo na patuloy ang polusyon sa hangin, tubig, at lupa sa kanilang lugar, at ang mga epekto sa mga ani ng mangga.</p>
<p>Buod ng nakalap na impormasyon</p>	
<ul style="list-style-type: none"> ● Noong 2008, ang IFC (Project #26405) at ADB (Loan Number 2405/7273 – PHI (PS)) ay nagpautang upang suportahan ang pagsasapribado at rehabilitasyon ng Masinloc unit 1&2 na planta ng kuryente na pinapagana ng karbon.¹⁴⁰ Nangako ang IFC ng \$275m para sa pagpapautang at equity financing. Inuri ng IFC ang E&S risk bilang Kategoriya B. Sa pangangasiwa ng IFC, tinukoy na Mahusay (Excellent) ang E&S performance ng planta ng kuryente. Nakumpleto ng IFC direktang pamumuhunan nito sa Masinloc noong 2016. ● Noong 2012, nagsumite ang Masinloc sa national regulator ng mga plano upang paunlarin ang unit 3&4. Noong 2026, nagpasa ang Masinloc sa national regulator ng Project Description Report (PDR) na naghahangad sa pagpayag na maitaas ang kapasidad ng unit 3&4. ● Noong Pebrero 2019, naghanda ang RCBC ng EMSR ng planta ng kuryente batay sa desk review ng 2018 Lender’s Engineers Technical Advisor Report at isang pulong kasama ang parent company ng planta ng kuryente sa kanilang opisina sa Manila. Tinukoy ng RCBC ang E&S risk bilang Kategoriya A. ● Napag-alaman ng EMSR na may tatlong hindi pagsunod sa IFC E&S requirements, na tinataya bilang katamtamang panganib (permit sa pagbabasura, permit at visa sa pagtatrabaho, at lebel ng ingay) batay sa kategorisasyon ng RCBC. ● Isang kasunod na follow-up desk review sa kliyente ang isinagawa noong huling bahagi ng 2019 kung saan binanggit na natugunan na ang mga isyu ng permit sa pagtatrabaho at ng ingay. Walang pahayag na nakita sa dokumentasyon sa pangangasiwa ng IFC tungkol sa 2019 ESMR o tungkol sa kasunod na pamamahala ng kliyente. 	
<p>Pakikipag-ugnayan sa mga Apektado</p>	
<ul style="list-style-type: none"> ● Isang 2015 na sarbey ng apat na komunidad na malapit sa mga planta ng kuryente kasama ang nasa Masinloc ang nag-ulat na sa mga sumagot, 45 porsiyento lamang na mga pamilya ang nakonsulta ng mga ahensiya ng gobyerno tungkol sa pagtatayo ng mga planta ng karbon sa kanilang mga lugar.¹⁴¹ ● Itinala ng PDR na nagsagawa ng mga aktibidades para sa information and education and communication (IEC) sa tatlong kalapit na barangay upang ipaalam sa mga residente ang tungkol sa planta ng kuryente at mga hakbang sa pagpapatigil nito. Walang ipinapakita ang PDR na ebidensya ng hakbang ng pakikipag-ugnayan sa stakeholder na siyang nagpapatunay ng makahulugang konsultasyon at nagpapakilala sa mga panganib at epekto sa mga komunidad. ● Itinala ng EMSR na may sistema para sa pagtanggap ng mga hinaing mula sa komunidad ang MPPCL; subalit walang ipinapakitang impormasyon tungkol sa paggamit at pagiging epektibo ng sistema. Walang impormasyong makikita tungkol sa pagtatasa ng ESMR ng pakikipag-ugnayan sa stakeholder at mekanismo ng pagpapahayag ng hinaing mula sa mga pakikipagpanayam sa mga miyembro ng komunidad. 	
<p>Polusyon</p>	

¹⁴⁰ IFC project disclosure 26405, *E&S Mitigation measures*, <https://bit.ly/33UgwJO>.

¹⁴¹ The Philippine Star, July 28, 2015, “Coal operations’ impact on people’s lives”, makukuha sa <https://bit.ly/37bSRqq>.

- Naitala ng IFC sa dokumentasyon sa pangangasiwa ng orihinal na planta (mga unit 1&2), bilang bahagi ng naunang direktang pamumuhunan, na noong 2012 ang mga datos ng emisyon at effluent ay sumusunod sa IFC at lokal na kahingian.
- Naitala din ng PDR na gagamit ang Proyekto ng Flue-gas desulfurization (FGD) technology upang makontrol ang SO₂ na emisyon ayon sa IFC EHS Guidelines.
- Isinulat din ng ESMR na susunod sa nasyonal na regulasyon at IFC standards ang inaasahang emisyon ng unit 3&4.
- Naglabas sa kanilang taunang ulat ang SMC ng buod ng environmental controls at taunang sukat ng emisyon sa hangin (NO_x, SO_x, and PM 10) para sa umiiral na planta sa Masinloc. Inilalahad ng SMC na tumatakbo ang mga planta sa loob at mababa sa lokal na limitasyon at limitasyon ng emisyon na itinakda ng World Bank. Ang mga naiulat na emisyon para sa taong 2018 at 2019 ay sa malaking bahagi nakapaloob sa IFC standards.¹⁴²
- Binanggit ng isang 2013 expert study na ang planta ng kuryente ng Masinloc (sa panahon na iyon ay unit 1&2) ay walang ash pond na may polyethylene liner.¹⁴³
- Naitala ng ESMR na ang fly ash at bottom ash na namuo sa gitna ng operasyon ng planta ay iimbak sa ginagamit na ash disposable pond area bahagi ng mga orihinal na pasilidad. Walang isinamang pagtatasa tungkol sa kasapatan ng pasilidad para sa pag-imbak ng abo kasama ang panganib ng leachate.
- Nakalantad ang stockyard ng karbon (na ginagamit ng lahat ng unit) at nasa 110 hanggang 200m ang layo sa pinakamalapit na komunidad. Itinala ng PDR na nakakabit ang mga water sprayer sa stockyard upang mapigilan ang posibleng pagkalat ng alikabok ng karbon.

Pinagsama-samang epekto

- Ipinapakita ng PDR ang mga modelo ng pinagsama-samang epekto para sa mga unit 3&4 kumpara sa mga unit 1&2.
- Hindi tinatalakay ng ESMR ang mga posibleng pinagsama-samang epekto.

Mga Kabuhayan

- Mayroong mga ulat pampubliko ng reklamong may kinalaman sa mga Masinloc unit 1&2 tungkol sa polusyon at epekto sa kalusugan, pananim, isda ng komunidad.
- Noong 2011, may inulat na pagtutol mula sa mga CSO at lokal na awtoridad. Ipinahayag ng mayor ng Masinloc na nagrereklamo ang mga magsasaka na naapektuhan ang kanilang mga pananim. Diumano’y ang mga bunga ng puno, lalo na ang mga puno ng mangga kung saan kilala ang Masinloc, ay lumiit. Iniulat ng mga mangingisda na kumonti ang kanilang huli. Mayroon itong makabuluhang epekto dahil mula sa pagsasaka o pangangisda kumukuha ng kita ang karamihan ng mga residente.¹⁴⁴ Naitala sa isang ulat ng NGO 2015 na ang planta ng kuryente ay nagkaroon ng epekto sa mga komunidad na gumagamit ng Lawis River (kung saan kumukuha ang planta ng tubig para sa pagpapalamig. Ang mainit-init na tubig mula cooling device ay napunta diretso sa Oyon Bay. The warm water from the cooling device went directly into Oyon Bay. Diumano’y nagkaroon ng malaking epekto ito sa pangangisda, ayon sa mga residente.¹⁴⁵
- Hindi nagpakita ang ESMR ng pagtatasa ng mga panganib at epekto sa anumang kabuhayan.

¹⁴² SMC Global Power Holdings Corp, *2018 and 2019 Annual Reports, SEC filings 17-A*. Para sa karagdagang detalye, tingnan ang <https://bit.ly/31TafwY>.

¹⁴³ Kessels, J. and Baruya, P. (2013), *Prospects for coal and clean coal technologies in the Philippines*, p.39, sa: <https://bit.ly/3k5QqLY>

¹⁴⁴ Inquirer, October 2011, *Masinloc folk oppose coal plant expansion*, makukuha sa <https://bit.ly/3gtBK64>.

¹⁴⁵ Greenpeace Philippines, ‘Green is gold: How renewable energy can save us money and generate jobs’, makukuha sa <https://bit.ly/3gpaZ2X>.

Kalusugang Pangkomunidad

- Ang paghahayag ng direktang pamumuhunan ng IFC noong 2008 sa orihinal na planta ay nagtala na maaaring nakompromiso ang kalusugan ng mga lokal na residente dahil sa mga nakawalang emisyon ng alikabok at lumalabas na likidong basura. Naghanda ng planong aksyon para malunasan ito.¹⁴⁶ Sinubaybayan ang pagpapatupad ng planong ito ng mga sumunod na pangangasiwa ng IFC.
- Ipinahayag ng isang 2015 na survey ng apat na komunidad sa paligid ng mga planta ng kuryente kasama ang nasa Masinloc na: iginiit ng 77% ng mga respondent na mayroong mas mataas na insidente ng pagkakasakit sa komunidad simula sa pagpapatayo at operasyon ng planta ng kuryente. Ayon sa mga respondent, ang pinaka-karaniwang mga sakit ay mga upper respiratory disease at impeksyon sa balat, na para sa 69% ng mga respondent ay maiuugnay sa polusyon mula sa mga planta ng kuryente.¹⁴⁷
- Binanggit ng PDR na noong 1994 nagsagawa ang isang third party ng pagtatasa para sa epekto sa kalusugan, ayon sa kahingiang legal. Hindi binabanggit sa mga hawak na dokumentasyon kung nagsagawa ng mga karagdagang follow-up na pagtatasa para sa epekto sa kalusugan.
- Binanggit ng ESMR na and Masinloc ay mayroong aktibong programang pang-CSR, kasama ang sa pangkalusugan.

Mga Obserbasyon ng CAO

- Nagbigay ang kliyente ng pondo para sa proyekto kasunod ng 2011 at 2013 na equity investment ng IFC. Bilang ang proyekto ay nasa kategorya A, kinakailangan na mas maagang ipaalam ng kliyente ang layunin nito na pondohan ang planta ng kuryente, suriin at magkaroon ng legal na kasunduan na patakbuhan ang planta ng kuryente alinsunod sa Performance Standard ng IFC (2012), at pangasiwaan ang operasyon ng planta ng kuryente upang siguraduhin ang pagsunod sa PS. Bago ang ESMR, walang ebidensya mula sa pangangasiwa ng IFC kung ang kliyente ay nagsuri, may legal na kasunduan, at pinamahalaan ang planta ng kuryente alinsunod sa PS.
- Inihanda ang ESMR batay sa napakalimitadong bilang ng sources at walang pagbisita sa site. Kasama sa mga pangunahing puwang sa ESMR ay (a) walang direktang talakayan ng mga hinaing ng mga nagrereklamo; (b) kakulangan ng masusing pagpapatunay ng impormasyon at analisis; (c) kakulangan sa pagsusuri ng kalidad ng hangin sa paligid; (d) limitadong pagsusuri ng ugnayan sa stakeholder, pangkomunidad na kalusugan, at mga kabuhayan. Sumatotal, hindi nakapagbigay ang ESMR ng sapat na ebidensya upang maipakita ang pagsunod ng planta ng kuryente sa mga kinakailangan ng IFC E&S.
- Hindi nagbigay ng komento ang dokumentasyong pinangasiwaan ng IFC ukol sa kung nagbigay ang ESMR at ang sumunod na client desk review ng sapat na katibayan kung inilapat ang mga Performance Standard sa planta ng kuryente pinapagana ng karbon (IFC ESRP 9.2.6).

2 – GN Power Dinginin Ltd. o “GNCP2”

<i>Lokasyon</i>	Barangay Alas-asin, Mariveles, Bataan
<i>Estado</i>	Pagtatapos ng konstruksyon
<i>Sukat at Teknolohiya</i>	1,336 MW (2x668MW net) Supercritical

¹⁴⁶ IFC project disclosure 26405, *E&S Mitigation measures*, <https://bit.ly/33UqwJO>.

¹⁴⁷ The Philippine Star, July 28, 2015, “Coal operations’ impact on people’s lives”, makukuha sa <https://bit.ly/37bSRqq>.

<i>Tinatayang Taunang Carbon Emissions</i> ¹⁴⁸	mula 6.3 hanggang 8.7m MT
<i>Distansya mula hangganan ng planta at pinakamalapit na komunidad</i>	100m patungo sa Dinginin Beach. 600m tungo sa sitio ng Dinginin
<i>Pagkasangkot ng RCBC</i>	Pagpopondo sa Proyekto 2016 at 2017 ¹⁴⁹
<i>Inihandang ESMR ng RCBC</i>	Enero 2018
Kaugnay na Performance Standard (2012) at mga Pangako ng IFC	Mga isyu ng naghain ng reklamo
PS 1: Pakikipag-ugnayan sa mga apektado Pahayag ng Posisyon ng IFC hinggil sa di-kaaya-ayang aksyon laban sa lipunan at mga apektado ng proyekto, 2018	Kakulangan ng konsultasyon at impormasyon tungkol sa planta ng kuryente at mga epekto nito. Diumano’y nagkaroon ng pakikipag-usap sa pagitan lamang ng mga kasapi ng Sangguniang Barangay (lokal na lehislatibong sangay ng munisipalidad), at hindi sa kalapit na komunidad. Pagkabahala sa mga banta at paghihiganti laban sa miyembro ng komunidad, kung saan iniuugnay ang pagpatay ng aktibistang si Gloria Capitan noong Hulyo 2016, na sinasabing dahil sa kanyang pagtutol laban sa mga planta ng karbon, kasama ang GNP Mariveles at GNCP2. Ayon sa mga nagrereklamo, simula nang maisumite ang mga hinaing, nakakaranas di-umano ng mga pagbabanta ang mga miyembro ng komunidad bilang resulta ng kanilang pagtutol sa planta ng kuryente.
PS1: Pagtukoy ng mga panganib at epekto PS3: Pagpigil sa polusyon PS4: Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad	Iniulat ang pagkakaroon ng epekto sa kalusugan (sakit sa paghinga at balat) simula nang maitayo ang planta ng karbon. Masangsang na amoy na inilalabas ng planta na nakakaapekto sa lokal na komunidad. Pagkamatay ng ilang mga alagang hayop dahil umano sa basura mula sa planta ng kuryente. Simula nang magsumite ng hinaing, inuulit-ulit ng mga nagrereklamo ang mga alalahanin sa polusyon ng hangin.
PS5: Resettlement and Livelihood Restoration Planning and Implementation	Hindi sapat na kabayaran para sa pagpapaalis mula sa tirahan (50-100 pesos) ng mga lokal na residente. Pagkawala ng kabuhayan dahil sa pagsasara ng daanan patungo sa dagat para sa mga mangingisda

¹⁴⁸ Ang estimation ay batay sa hawak na dokumentasyon ng E&S, (hal. EIS, Engineer’s Report, PDR at ESMR) at/o taunang GHG emissions na tinatantiya bilang: capacity * capacity factor * heat rate * emission factor.

¹⁴⁹ The Asset, 2018, *Power deal of the year*, makukuha sa <https://bit.ly/396Bp85>.; *The Philippine Star*, February 11, 2018, *RCBC seals P151-B infra funding deals*, makukuha sa: <https://bit.ly/2UMImDL>.

PS5: Pagpapaalis mula sa tirahan at pinagkakabuhayan	dahil sa mga bakod, mga warning shot ng mga guwardiya, at kontaminasyon ng pinangingisdaan.
PS7: Mga Katutubong Mamamayan	Bahagi ng lupain na binakuran ay pag-aari ng mga katutubong Dumagat - isang lugar na palagi nilang binibisita.
Buod ng mga nakalap na impormasyon	
<ul style="list-style-type: none"> ● Noong 2007, sinimulan ng GN Power ang operasyon ng 600MW na planta ng kuryente sa kanilang site sa Mariveles (GNCP1). Noong 2014, nagpasa ng aplikasyon ang GN Power sa national regulator para makapagpatayo ng planta ng kuryente sa tabi ng mga kasalukuyang pasilidad nito. Ito ay mga hiwalay na kumpanya; gayunpaman, may kontrol ang Aboitiz Power sa share ownership ng parehong kumpanya.¹⁵⁰ Nagbigay ang RCBC ng pondo sa planta ng ng kuryente ng GNCP2. ● Isang Environmental Performance Report and Management Plan (EPRMP) ang inihanda para sa GNCP2 na planta ng kuryente (itinuturing noon na pagpapalawak ng GNCP1 na planta) noong 2014, na tinatasa ang planta ng kuryente sa pambansang batas.¹⁵¹ ● Gumagamit ang planta ng “super critical technology” ibig sabihin, ito ay may mas mataas na kahusayan ng planta kumpara sa sub-kritikal. ● Naghanda ang tagalabas na kasangguni ng RCBC ng isang ESMR ng planta ng kuryente, na nasa gitna ng konstruksyon noong panahong iyon. Inihanda ang ESMS batay sa mga dokumento ng kumpanya at pagbisita sa planta noong Oktubre 2017. Ikinategorya ng RCBC ang panganib ng E&S bilang Kategoriya A. Hindi nagsama ang ESMR ng listahan ng mga panganib; sa halip, nagmumungkahi ito ng 16 na rekomendasyon para sa pagpapabuti sa mga Performance Standard 1 hanggang 4. Napansin nito na nasa landas na ganap na naaayon sa apat na PS ang GNCP2. Nagbigay ng feedback ang kasangguni ng IFC sa kliyente tungkol sa ESMR, na isinaalang-alang ng kliyente bago tapusin ang ulat. ● Noong Enero 2018, isang konsultant ng IFC ang bumisita sa GNCP2 para obserbahan ang proseso ng pakikipag-ugnayan sa stakeholder nito. Nakipagpulong ang kasangguni sa community relations officer ng planta ng kuryente, dumalo sa dalawang community event na inorganisa ng planta ng karbon, bumisita sa kalapit na nayon at dumaan sa construction site ng planta ng kuryente. Napansin ng kasangguni na mayroong isang kapuri-puri na proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad. Ang kasangguni ay hindi inatasan na suriin ang E&S performance ng planta ng kuryente at binanggit na hindi kabilang sa papel nito ang pagtatangkang patunayan ang anumang impormasyon. Kasabay nito, iginiit ng konsultant na ang ilan sa mga isyu na isinama sa reklamo sa CAO ay lumilitaw na maling impormasyon. ● Pagkatapos ay binanggit ng IFC na walang nakita ang konsultant ng IFC na mahahalagang mga isyu sa E&S para sa mga gawain na pinondohan ng bangko at sapat na pinamamahalaan ng GNCP2 ang mga relasyon sa komunidad. ● Noong 2019, tinukoy ang GNCP2 na "proyekto ng pambansang kahalagahan" ayon sa Executive Order 30, na nagbibigay-daan para sa isang mas mabilis na proseso ng pag-apruba na ipinapalagay na may paunang pag-apruba ng gobyerno kung walang pagtutol sa loob ng 35 araw ng trabaho.¹⁵² ● Noong Nobyembre 2019, nagsagawa ng follow-up site visit ang RCBC. Ang ulat, na ibinigay sa IFC, ay nagtapos na 6 sa 10 naunang natukoy na mga isyu ay nalutas, at nag-iwan ng mga isyung hindi 	

¹⁵⁰ Aboitiz Power, June 2020, Final Prospectus, makukuha sa <https://bit.ly/2UN9C3U>.

¹⁵¹ GMCP and Geosphere Technologies, *Environmental Performance Report and Management Plan: GMCP2 Project*, 2014.

¹⁵² Makikita ang iba pang detalye sa Philippines Department of Energy (<https://bit.ly/3jA2fqB> at <https://bit.ly/3lQqKBE>)

natugunan na kaugnay sa pamamahala ng mga dayuhang manggagawa at kontratista, pag-update ng mga dokumento at clearance na may kaugnayan sa mas mataas na kapasidad ng planta (kumpara sa orihinal na mga plano), at mga plano sa pagtugon sa emergency at preparedness.

Cumulative impact assessment (Pagtatasa ng mga pinagsama-samang epekto)

- Hindi nagsama ang EPRMP ng cumulative impact assessment. Alinsunod sa pambansang permit ng GNCP2, kailangang isagawa ang cumulative impact assessment pagkatapos ng tatlong taon na operasyon ng planta ng kuryente. Nangangailangan ang IFC PS1 ng cumulative impact assessment bago ang konstruksyon.
- Mukhang nauugnay ang mga alalahanin ng mga nagreklamo sa parehong GNCP1 at GNCP2.
- Nabanggit ng ESMR na unang binalak ang GNCP2 bilang pagpapalawak ng GNCP1. Gayunpaman, sa huli, pinatakbo ang GNCP2 bilang isang ganap na hiwalay na planta na may iba't ibang mga pasilidad sa GNCP1; at GNCP2 lang ang pinondohan ng RCBC. Nagpakita ang ESMR ng inaasahang cumulative impact data kaugnay sa solidong basura, ngunit, walang pagtatasa sa PS. Sa pagsusuri ng ESMR, tinanong ng IFC sa RCBC ang cumulative assessment. Ipinaalam sa IFC na nagsama ang EPRMP ng mga epekto mula sa parehong GNCP1 at GNCP2.

Pakikipag-ugnayan sa mga Apektado

- Napansin ng EPRMP na maraming pampublikong konsultasyon ang isinagawa sa pagitan ng 2012 at 2014.¹⁵³ Hindi malinaw kung sino talaga at ilan mula sa mga apektadong stakeholder ang dumalo.
- Nagbigay ang ESMR ng positibong pananaw tungkol sa pakikipag-ugnayan sa komunidad ng GNCP2. Sa partikular, ipinakita ng ESMR ang isang positibong pananaw sa sistema para sa pagtanggap ng mga hinaing at pakikipag-ugnayan ng stakeholder. Nakatuon ang ESMR sa mga ipinatupad na hakbang sa panahong iyon ngunit hindi nagkomento tungkol sa antas kung saan makabuluhang kumonsulta ang planta ng kuryente sa mga stakeholder sa panahon ng paghahanda ng proyekto.
- Hindi tinatasa ng ESMR kung nagkaroon man o may anumang banta sa mga aktibista sa komunidad.
- Sa pagbisita sa planta ng kuryente, nagbigay ang konsultant ng IFC ng positibong pagtatasa sa pakikipag-ugnayan sa stakeholder sa komunidad ng GNCP2.
- Sinabi ng kasangguni ng IFC na inimbestigahan ang mga pangyayaring nakapaligid sa pagkamatay ng environmental activist, at lumilitaw na ang mga motibo ay nauugnay sa mga personal na alitan, at hindi sa mga operasyon ng planta.¹⁵⁴ Ito ay batay sa impormasyon ng kumpanya at hindi napatunayan ng hiwalay na konsultant ang impormasyong ito.

Polusyon

- Hindi nagsama ang EPRMP ng isang komprehensibong pagtatasa ng mga alternatibo sa karbon, partikular na sa renewable energies.
- Sinabi ng ESMR na inaasahan sana ng planta na mas mababa ang mga rate ng emisyon ayon sa mga pamantayan ng DENR, at na ang mga pamantayan ng WB EHS ay maaari ding matugunan.

¹⁵³ GMCP and Geosphere Technologies, *Environmental Performance Report and Management Plan: GMCP2 Project*, 2014, halimbawa Talahanayan 5-4.

¹⁵⁴ Noong July 2016, Si Gloria Capitan ay binaril at napatay ng dalawang hindi pa nakikilalang lalaki sa Lucanin village sa Bataan. Nangampanya siya laban sa coal-fired power plants at coal storage facilities sa Bataan. Ang kanyang pagkamatay ay malawakang iniulat ng pambansa at internasyunal na non-profit na organisasyon at media. Tingan bilang halimbawa ang Front Line Defenders (<https://bit.ly/3nF9obA>), Global Witness (<https://bit.ly/36R9CWd>, at <https://bit.ly/35KFr3H>).

Nagpahayag ang GNCP2 sa publiko na makakatugon ang planta sa mga pinakamahigpit na pamantayan ng Pilipinas at World Bank.¹⁵⁵

- Idinokumento ng EMSR na ang pagsubaybay ng kalidad ng emisyon ng ambient air ay nasa loob ng pamantayan ng DENR.
- Tinantiya ng EPRMP na ang kabuuang mga taunang emisyon ng CO2 ay nasa pagitan ng 6.3 hanggang 8.7 MT, at ang kabuuang mga emisyon kasama ang sa GNCP1 ay mula 11 hanggang 15 milyong MT.

Kalusugan, kaligtasan, at seguridad ng Komunidad

- Isang survey noong 2015 sa apat na komunidad sa paligid ng mga planta ng kuryente kabilang ang sa Mariveles ay may resulta na: 77% ng mga respondent ay iginiit na may mas mataas na insidente ng pagkakasakit sa komunidad mula noong pagtatayo ng planta ng kuryente at operasyon nito. Nabanggit ng mga respondent na ang pinakakaraniwang sakit ay mga sakit sa upper respiratory tract at mga impeksyon sa balat, na iniuugnay ng 69% ng mga respondent sa polusyon mula sa mga planta ng kuryente.¹⁵⁶
- Sinabi ng EMSR at ng konsultant ng IFC na walang mga epekto na iniuugnay sa polusyon sa kalusugan ng komunidad. Binanggit ng konsultant ng IFC ang pananaw ng mga medical staff ng power plant na ang mga upper respiratory disease ay endemic bago magsimula ang planta.
- Itinala ng konsultant ng IFC na ang mga kawani ng seguridad ng planta ng kuryente ay walang bitbit ng mga armas.

Pagpapaalis mula sa tirahan at pinagkakabuhayan

- Ayon sa EPRMP matatagpuan ang proyekto sa GNP Mariveles industrial complex at hindi magkakaroon ng pagkuha ng lupain. Inulit ng EMSR ang parehong impormasyon at sinasabing hindi nalalapat ang PS5.
- Sinabi ng konsultant ng IFC na ang lupain kung saan nakalagay ang planta ng kuryente ay pagmamay-ari ng isa na siyang kinausap ng GN Power para magkaroon ng isang negotiated settlement. Itinala ng EMSR na nagkaroon ng pagpapaalis habang itinatayo ang GNCP1, ngunit pagkatapos noon ay wala nang sumunod na pagpapalis.
- Ayon sa konsultant ng IFC, ang mga tubig kung saan umaasa ang mga lokal na mangingisda para sa kanilang mga kabuhayan ay karaniwang lampas sa baybayin, at ang mga nayon ay may akses sa mga tubig na iyon.

Mga Katutubong Mamamayan

- Binanggit ng EPRMP na bukod pa sa lugar na nasa lupang pang-industriya, walang natukoy na Certificate of Ancestral Domain Title or Claims (CADT/CADC) sa lugar ng Proyekto o sa mga kalapit na lugar. At dahil sa kawalan ng naturang mga sertipiko, isinaad ng EMSR ang PS7 ay hindi nalalapat.

Kontaminasyon ng tubig sa baybayin

- Ipinahayag ng EPRMP na ang pangkalahatang potensyal na epekto ng planta ng kuryente sa iba't-ibang mga organismo sa dagat ay masama, ngunit ito ay limitado sukat at pansamantala lamang. Ang mga epekto ay hindi makabuluhan at maaaring epektibong mabawasan.¹⁵⁷

¹⁵⁵ Manila Times, 2016, GN Power taps financing for power plant, makukuha sa <https://bit.ly/3kQI2ym>.

¹⁵⁶ The Philippine Star, July 28, 2015, "Coal operations' impact on people's lives", makukuha sa <https://bit.ly/37bSRgq>.

¹⁵⁷ GMCP and Geosphere Technologies, *Environmental Performance Report and Management Plan: GMCP2 Project*, 2014, 2.2.5.6.

Mga Obserbasyon ng CAO

- Nagbigay ng pondo ang kliyente sa proyekto kasunod ng 2011, 2013, 2014 at 2015 na pamumuhunan ng IFC. Bilang ang proyekto ay nasa Kategoriya A, kinakailangan na mas maagang ipaalam ng kliyente ang layunin nito na pondohan ang planta ng kuryente, suriin at magkaroon ng legal na kasunduan na patakbuhan ang planta ng kuryente alinsunod sa Performance Standard ng IFC (2012), at pangasiwaan ang operasyon ng planta ng kuryente upang siguraduhin ang pagsunod sa PS. Bago ang ESMR, walang ebidensya mula sa pangangasiwa ng IFC kung ang kliyente ay nagsuri, may legal na kasunduan, at pinamahalaan ang planta ng kuryente alinsunod sa PS.
- Nagbibigay ang ulat ng konsultant ng ESMR at IFC ng positibong pananaw sa programa ng planta ng kuryente tungkol sa pakikipag-ugnayan sa stakeholder, gayunpaman, ayon sa nakalap na dokumentasyon, naabot ang pananaw na ito batay sa mga panayam sa mga kawani ng planta ng kuryente pagdalo sa mga pagpupulong ng komunidad na inorganisa ng power plant. Sa konteksto kung saan sinasabi ng mga nagrereklamo na walang makabuluhang konsultasyon at may mga paratang ng mga banta laban sa mga aktibista ng komunidad na tumututol sa mga planta ng kuryente na pinapatakbo ng karbon sa Bataan, kinakailangan ng isang mas masusing pagtatasa sa proseso ng pakikipag-ugnayan ng stakeholder at konteksto ng seguridad para sa mga aktibista ng komunidad.
- Hindi nagpapakita ang EPRMP at ang ESMR ng ebidensya na nagsagawa ng pagtatasa ng mga epekto ng planta sa nakagawiang paggamit ng lupa ng mga katutubo ayon sa mga kinakailangan ng IFC Performance Standards. Bagama't walang ibang pampublikong impormasyon ang nakitang nagpapatunay sa mga pahayag ng mga nagrereklamo sa bagay na ito, kung mayroong pahayag ng mga pag-aangkin ng lupa ng mga katutubo, hinihingi ng PS na magsagawa ng pagtatasa ng mga naturang pahayag.
- Dahil ang mga iniulat na reklamo ay nauugnay din sa GNCP1, na katabi ng GNCP2, makatuwiran lamang na magkaroon ng isang pinagsama-samang pagtatasa ng mga epekto ng kalidad ng hangin sa kapaligiran, kalidad ng tubig sa kapaligiran, paggamit ng tubig at polusyon sa mga pamantayan ng E&S ng IFC (PS 1, para 8; PS3, para 11). Sa halip, nagpasya ang mga may-akda ng ESMR na hindi isama sa kanilang pagtatasa ang GNCP1. Ayon sa EPRMP ipinahiwatig ng parehong pinakamababang pamantayan ng EIA at pagsubaybay na may mga kahirapan sa pagsunod sa mga regulasyon ng DENR noong 2015.
- Pinagtibay ng EPRMP na walang mga pasilidad na parehong ginagamit ang GNCP1 at GNCP2. Hindi sapat na tumutugon ang pananaw na ito sa kumplikadong pag-triple ng kapasidad sa MW sa parehong site (imprastruktura, seguridad, pamamahala ng basura, lohistika, pamamahala, atbp.). Hinihingi ng PS1 ang pagkakaroon pinagsama-samang pagtatasa ng epekto bago ang pagtatayo ng proyekto.
- Binanggit ng ESMR na ang GNCP2 ay nagkokomisyon ng isang third party na magsagawa ng quarterly Equator Principles Compliance Monitoring and Audits, at ang pinakahuling ulat ay ibinigay ng GNCP2 sa RCBC. Gayunpaman, walang mga natuklasan na impormasyon mula sa pag-audit ang nabanggit sa ESMR. Ang mga resulta ay magiging mahalagang impormasyon upang patunayan ang performance ng planta ng kuryente alinsunod sa Equator Principles, at gayon din sa IFC Performance Standards.
- Hindi nagbigay ng komento ang dokumentasyong pinangasiwaan ng IFC ukol sa kung nagbigay ang ESMR at ang sumunod na client desk review ng sapat na katibayan kung inilapat ang mga Performance Standard sa planta ng kuryente pinapagana ng karbon (IFC ESRP 9.2.6).

3 - South Luzon Thermal Energy Corp. (SLTEC) o Planta ng kuryente 'Putin Bato'

<i>Lokasyon</i>	Calaca, Batangas
<i>Estado</i>	Pinapatakbo simula 2015 (unit 1) at 2016 (unit 2)
<i>Sukat at Teknolohiya</i>	270 MW (2 x 135 MW) Sub-Critical Circulating Fluidized Bed
<i>Tinatayang Taunang Carbon Emissions¹⁵⁸</i>	1.32m MT
<i>Distansya mula hangganan ng planta at pinakamalapit na komunidad</i>	120-160m sa hilaga at silangan. Mula sa ash management facility hanggang sa komunidad ay na sa pagitan ng 230m at 420m.
<i>Pagkasangkot ng RCBC</i>	Pagpapautang sa Proyekto: 2011, 2013, 2019. ¹⁵⁹
<i>Inihandang ESMR ng RCBC</i>	Mayo 2018
Kaugnay na Performance Standard (2012)	Mga paratang ng naghain ng reklamo
PS 1: Pakikipag-ugnayan sa mga apektado	Kakulangan ng konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito.
PS1: Pagtukoy ng mga panganib at epekto PS3: Pagpigil sa polusyon PS5: Pagpapaalis mula sa tirahan at pinagkakabuhayan	Pagkawala ng kabuhayan dahil sa polusyon ng dulot ng abo ng karbon na nagresulta sa pagkawala ng mga pananim at halaman. Mula noong isinumite ang reklamo, binanggit ng mga nagrereklamo ang patuloy na pag-aalala tungkol sa polusyon sa hangin at tubig.
PS3: Mabisang Pagsinop ng Pinagkukunan PS4: Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad	Mga epekto sa pag-access sa tubig dahil sa pagbaba ng antas ng tubig sa mga artesian pump well.
Buod ng mga nakalap na impormasyon	
<ul style="list-style-type: none"> Isang Environmental Impact Statement ang inihanda para sa 135MW lamang na planta ng kuryente noong 2010.¹⁶⁰ Tinasa ang planta ng kuryente ayon sa pambansang batas. 	

¹⁵⁸ Ang estimation ay batay sa hawak na dokumentasyon ng E&S, (hal. EIS, Engineer's Report, PDR at ESMR) at/o taunang GHG emissions na tinatantiya bilang: capacity * capacity factor * heat rate * emission factor.

¹⁵⁹ Ayala Annual Report 2011, Part V. Makukuha sa <https://bit.ly/2H1iaR9>; Market Screener July 2013, makukuha sa <https://bit.ly/378qvNV>; AC Energy Annual Report 2020 makukuha sa <https://bit.ly/2GQswDU>.

¹⁶⁰ Technotrix Consultancy Services, Inc. and Mediatrix Business Consultancy, for Trans-Asia Oil and Energy Development Corporation (TAOil), *Environmental Impact Statement Final report: 135 Mw Calaca Coal Power Plant and Associated Facilities Project*, 2010.

- Noong Mayo 2018, naghanda ng ESMR ng planta ng kuryente ang konsultant ng E&S ng kliyente batay sa pagbisita sa site ng proyekto, mga panayam sa mga stakeholder, at limitadong dokumentasyon ng E&S na ibinigay sa pagbisita sa site. Ikinategorya ng RCBC ang panganib ng E&S bilang Kategoriya A.
- Natuklasan ng ESMR ang 15 na kaso ng hindi pagsunod sa mga kinakailangan ng IFC E&S, kung saan 4 ay mataas ang panganib (mga panganib na mataas ang stockpile sa reactor, lapit ng tangke ng gasolina, pamamahala ng ash pond at alikabok, na nagreresulta ng mga panganib sa kalapit na komunidad), 4 ay katamtaman (pagmomodelo ng mga pagbuga ng hangin at pagtatasa ng panganib sa emerhensiya) at 7 ay mababa ang panganib ayon sa pagkategorya ng RCBC.
- Nagsagawa ang RCBC ng kasunod na pagbisita sa planta ng kuryente noong Disyembre 2019 at nagbahagi ng ulat ng pangangasiwa sa IFC. Nabanggit sa ulat na tinugunan ng planta ng kuryente ang mga natukoy na hindi pagsunod. Wala sa ulat ang pagtatasa sa pagsunod ng planta ng kuryente sa mga ibinubugang hangin ng IFC, kalidad ng hangin sa kapaligiran at mga pamantayan ng wastewater effluent.
- Walang binanggit ang dokumentasyon ng pangangasiwa ng IFC tungkol sa 2018 ESMR o sa kasunod na pangangasiwa ng kliyente.

Polusyon

- Sinasaad sa ESMR na ang planta ng kuryente ay gumagamit ng mas mababang kalidad ng karbon kaysa sa inaasahan.¹⁶¹ Nagreresulta ito sa isang CO₂ Emissions Performance na 1200gCO₂/kwh, lampas sa benchmark ng IFC EHS Guidelines.
- Hindi sapat na konkreto ang plano sa pamamahala ng abo na ipinakita sa 2010 EIS: nagsasaad ito na hindi magkakaroon ng ash pond at hindi inilalarawan kung paano ang pag-imbak ng abo o tinatasa ang mga posibleng epekto mula sa pamamahala ng abo. Sa halip, ipinapalagay ng EIS na iriresiklo ang abo ng mga kontraktor ng semento. Tahimik ang 2010 ECC tungkol sa isyung ito. The 2010 ECC is silent about this issue. Isang hiwalay na ECC para sa isang pasilidad sa pamamahala ng abo ang inilabas para sa SLTEC noong 2012.
- Nagbigay ang ESMR ng babala na 'mataas ang panganib' ng polusyon ng alikabok dulot ng karbon mula sa nakalantad na ash pond, at ang mga potensyal na masamang epekto ng mga paglabas ng alikabok sa kalusugan ng mga komunidad. Sinasabi rin ng ESMR na lumampas ang alikabok sa mga limitasyon ng kalidad ng hangin sa buong hangin.
- Naitala mula sa pagbisita sa site ng kliyente noong 2019 ang mga pagpapabuti sa pamamahala ng planta ng kuryente sa alikabok na dulot ng karbon.

Mga pinagsama-samang epekto

- May mga pampublikong ulat ng matagal nang mga reklamo na may kaugnayan sa polusyon sa mga planta ng kuryente na pinapatakbo ng karbon sa Calaca at mga epekto sa mga halaman, pangisdaan at kalusugan at kabuhayan ng mga komunidad. Habang ang mga reklamo ay kadalasang nakatuon sa mga epekto ng mas lumang planta sa munisipalidad, ang SEM-Calaca, na itinayo noong 1984 at isinapribado noong 2009, napapansin nilang lumala ang mga epekto sa pagdaragdag ng SLTEC.¹⁶²

¹⁶¹ The Philippines Star, April 16, 2013, *Ayala, Trans-Asia expanding thermal plant in Batangas*, makukuha sa <https://bit.ly/3jZeEp9>.

¹⁶² Business Mirror, September 12, 2016, *Environment groups detects signs of 'dangerous pollution' near Batangas coal-fired power plant*, makukuha sa <https://bit.ly/36Gef5v>.

Bulatlat, March 17, 2016, *Groups wants 31-year-old Calaca coal plant shut down*, makukuha sa <https://bit.ly/3nwt41o>.

Bulatlat, September 10, 2016, *Protests vs coal plants highlight impact of privatized, 'dirty energy'*, makukuha sa <https://bit.ly/2IMz3Qh>.

- Parehong hindi nagsama ang EIS at ESMR ng cumulative impact assessment. Ito ay kritikal dahil sa pagkakaroon ng isa pang planta (SEM-Calaca) sa munisipalidad.
- Ipinakita ng isang pag-aaral na isinagawa ng Unibersidad ng Pilipinas Manila noong 2019¹⁶³ na ang average na konsentrasyon ng PM10 sa pagitan ng mga planta ng kuryente na SEM-Calaca at SLTEC ay 34 µg/m³ na nangangahulugang ito ay sumusunod sa Philippine Clean Air Act of 1999's National ambient air quality guideline values (taunan: 60 µg/m³), ngunit lumampas sa value taunang ng gabay na itinakda ng WHO at IFC (20 µg/m³). Hindi itinakda ang lokasyon para sa mga sukat na ito upang partikular na tukuyin ang mga epekto ng SLTEC. Samakatuwid, hindi maaaring gamitin ang mga resulta bilang tiyak na tagapagpahiwatig para sa pagsunod / hindi pagsunod. Gayunpaman, ipinahihiwatig nila na sa isang 2km na distansya mula sa SLTEC, matindi ang sitwasyon ng kalidad ng hangin sa kapaligiran.

Kalusugang Pangkomunidad

- Kaugnay ng mga potensyal na masamang epekto sa kalusugan, isinasaad sa EIS na mayroong humigit-kumulang 4,200 MW planta ng kuryente na pinapatakbo ng karbon sa Pilipinas noong 2008 at walang mga indikasyon na ang mga problema sa kalusugan at paghinga ay sanhi ng mga ito. Kasabay nito, itinala nito na bilang bahagi ng isang programa ng CSR, magkakaroon ng koordinasyon sa Kagawaran ng Kalusugan sa pagsasagawa ng mga pag-aaral tungkol sa epekto sa kalusugan o sa pagsasagawa ng mga medikal na misyon upang maibsan ang masamang potensyal na epekto sa kalusugan na maaaring maiugnay sa proyekto.¹⁶⁴
- Sa isang survey noong 2015 sa apat na komunidad sa paligid ng mga planta ng kuryente kabilang ang sa Calaca, Barangas, nalaman na: 77% ng mga respondent ay iginiit na mayroong mataas na insidente ng pagkakasakit sa komunidad simula sa pagtatayo at pagpapatakbo ng planta ng kuryente. Binanggit ng mga respondent na ang pinakakaraniwang sakit ay mga sakit sa upper respiratory tract at mga impeksyon sa balat, na para sa 69% ng mga respondent ay iniuugnay sa polusyon mula sa mga planta ng kuryente.¹⁶⁵
- Batay sa mga panayam sa komunidad, itinala ng ESMR na maiuugnay sa alikabok ang mga pangunahing problemang pangkalusugan ng komunidad. Inirerekomenda ng ESMR na magsagawa ang SLTEC ng pagsusuri sa epekto sa kalusugan na may pana-panahong pagsubaybay para sa operasyon ng pasilidad na namamahala ng abo.

Pakikipag-ugnayan sa mga Apektado

- Pinansin ng ESMR ang mga puwang sa mekanismo pagpapaalam ng karaingan ng komunidad at pakikipag-ugnayan sa stakeholder.

Mga Obserbasyon ng CAO

- Nagbigay ang kliyente ng pondo sa proyekto kasunod ng 2011 na pamumuhunan sa equity ng IFC. Bilang ang proyekto ay nasa kategorya A, kinakailangan na mas maagang ipaalam ng kliyente ang layunin nito na pondohan ang planta ng kuryente, suriin at magkaroon ng legal na kasunduan na patakbuhan ang planta ng kuryente alinsunod sa Performance Standard ng IFC (2012), at pangasiwaan ang operasyon ng planta ng kuryente upang siguraduhin ang pagsunod sa PS. Bago

¹⁶³ Ang PM10 concentrations sa Calaca ay may saklaw mula 4.64 hanggang 61.92 µg/m³, na may average na 34.01 µg/m³. Philippine Journal of Science - 149 (S1): 117-127, Special Issue on Nuclear S&T ISSN 0031 – 7683: "Air Particulate Matter, Black Carbon, and Elemental Concentrations and Source Apportionment in Calaca, Batangas", University of the Philippines Manila, 2019.

¹⁶⁴ Technotrix Consultancy Services, Inc. and Mediatrix Business Consultancy, for Trans-Asia Oil and Energy Development Corporation (TAOil), *Environmental Impact Statement Final report: 135 Mw Calaca Coal Power Plant and Associated Facilities Project*, 2010, Executive Summary ES-8, ES-20.

¹⁶⁵ The Philippine Star, July 28, 2015, *Coal operations' impact on people's lives*, makukuha sa <https://bit.ly/37bSRqq>.

ang ESMR, walang ebidensya mula sa pangangasiwa ng IFC kung ang kliyente ay nagsuri, may legal na kasunduan, at pinamahalaan ang planta ng kuryente alinsunod sa PS.

- Batay ang ESMR sa pagbisita sa site at pagsusuri ng mga dokumento ng kumpanya noong nagsagawa ng site visit. Kabilang sa mga positibong aspeto ang (a) pamamaraan – paghahanap ng karagdagang datos mula sa planta ng kuryente at pakikipanayam sa mga miyembro ng komunidad at mga lokal na opisyal; (b) malawak at kritikal na pagtatasa ng mga panganib, kabilang na ang polusyon, pakikipag-ugnayan sa stakeholder at GM. Kabilang sa mga puwang sa ESMR ang (a) hindi sapat na pagtatasa ng emisyon ng hangin at kalidad ng hangin sa kapaligiran; at (b) kawalan ng pagtatasa ng mga pinagsama-samang epekto.
- Napansin ng ESMR ang mga pagkukulang ng planta ng kuryente sa pamamahala at pag-imbak ng abo dulot ng karbon, na may potensyal na masamang epekto sa kalusugan ng komunidad, at mga pananim at halaman. Ngunit dahil sa pagkuha ng impormasyon ng E&S, nalimitahan ang pagtatasa ng ESMR tungkol sa pagsunod ng planta ng kuryente sa mga kinakailangan ng IFC E&S.
- Bagama't isang kasunod na ulat ng pangangasiwa ng kliyente, na ibinigay sa IFC, ang nagsasaad na ang planta ng kuryente ay tumutugon sa mga natukoy na isyu mula sa ESMR, hindi ito nagpakita ng pagtatasa sa pagsunod ng planta ng kuryente sa mga kinakailangan ng IFC E&S para sa pagbuga ng hangin, kalidad ng hangin sa kapaligiran, wastewater effluent at paggamit ng tubig, o magkomento kung nagsagawa ng pagtatasa sa epekto ng kalusugan.
- Dahil sa lapit ng isa pang planta ng kuryente sa area, hinihiling ng PS1 na magsagawa ng cumulative impact assessment. Hindi nakita sa mga nakalap na dokumentasyon na nagkaroon ng naturang pagtatasa. Mahalaga ito dahil ang mga sumunod na pagsukat ng hangin sa kalapit na komunidad ay nagtatala ng mga emisyon ng hangin na sumusunod sa pambansang batas ngunit higit sa mga pamantayan ng WHO at IFC.
- Hindi nagbigay ng komento ang dokumentasyong pinangasiwaan ng IFC ukol sa kung nagbigay ang ESMR at ang sumunod na client desk review ng sapat na katibayan kung inilapat ang mga Performance Standard sa planta ng kuryente pinapagana ng karbon (IFC ESRP 9.2.6).

4 – San Buenaventura or “SBPL” power plant

<i>Lokasyon</i>	Barangay Cagsiyay I, Mauban, Quezon Province
<i>Estado</i>	Pinapatakbo simula Setyembre 2019
<i>Sukat at Teknolohiya</i>	455 MW net Supercritical
<i>Tinatayang Taunang Carbon Emissions¹⁶⁶</i>	3.0m MT
<i>Layo mula sa hangganan ng planta sa pinakamalapit na komunidad</i>	200-300m

¹⁶⁶ Ang estimation ay batay sa hawak na dokumentasyon ng E&S, (hal. EIS, Engineer's Report, PDR at ESMR) at/o taunang GHG emissions na tinatantiya bilang: capacity * capacity factor * heat rate * emission factor.

4 – San Buenaventura or “SBPL” power plant	
<i>Pagkasangkot ng RCBC</i>	Project Finance Loan: 2015 ¹⁶⁷
<i>Inihandang ESMR ng RCBC</i>	Pebrero 2019
Kaugnay na Performance Standard	Mga Alegasyon ng Naghain ng Reklamo
PS 1: Pakikipag-ugnayan sa mga apektado	Kakulangan sa impormasyon at konsultasyon patungkol sa proyekto at sa mga epekto nito
PS1: Pagtukoy sa mga Panganib at Epekto PS3: Pagpigil sa Polusyon	<p>Polusyon sa hangin, at tubig/lupa, may epekto sa kalusugan ng mga residente at water biodiversity.</p> <p>Sinangguni ng mga nagrereklamo ang pag-aaral ng Greenpeace kung saan nakasaad na sa tumatakbong planta ng karbon sa Mauban, Quezon, natuklasan na may lubhang mapanganib na presensiya ng mga mabibigat na metal: mercury, arsenic, carcinogen, gayundin ng mga delikadong elemento na lead at chromium. Nagpahayag ng pagkabahala ang mga nagrereklamo na magdudulot ng karagdagang panganib sa kalusugan ang pagpapalawak sa planta.</p> <p>Mula sa pagsumite ng reklamo, nagpahayag din ng alalahanin ang mga nagrereklamo tungkol sa patuloy na polusyon sa hangin at tubig na nakaaapekto sa mga mangingisda.</p>
PS4: Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad	Mga epektong pangkalusugan (tuberculosis at iba pang mga sakit sa respiratory system). Isinaad sa reklamo na ayon sa ginawang pag-aaral ng Health Care Ministry ng Quezon, tumaas ang insidente ng tuberculosis simula nang maging operasyonal ang 511MW Quezon Power Plant sa Mauban, Quezon.
PS1: Pagtukoy sa mga Panganib at Epekto PS5: Economic Displacement	Epekto sa water biodiversity, na isa sa mga pinagmumulan ng kabuhayan ng mga residente ng Mauban, dahil sa kontaminasyon ng mabibigat na metal. May pangamba sa dagdag na negatibong epekto sa ecosystems, kabilang na ang water biodiversity, dahil sa pagpapalawak ng planta.
Buod ng mga nakalap na impormasyon	
<ul style="list-style-type: none"> Mula taong 2000, pinapatakbo ng Quezon Power (Philippines) ang 470MW na plantang pinapagana ng karbon sa Barangay Cagsiyay I (QPL).¹⁶⁸ Noong 2007, nakatanggap ang Quezon Power (Philippines) ng permiso para sa isa pang plantang pinapagana ng karbon na may 	

¹⁶⁷ San Buenaventura Power Ltd, *SBPL wins Asia-Pacific power deal of the year*, mula sa <https://bit.ly/3qu2ojW>; Business World, Disyembre 1, 2015, *Meralco unit secures P42-B loan for coal-fired power plant*, mula sa <https://bit.ly/3g9NJpB>.

¹⁶⁸ Quezon Power (Philippines), tingnan sa <http://www.qpl.com.ph>.

4 – San Buenaventura or “SBPL” power plant

produksyon na 500MW (455MW net) (pinangalanang San Buenaventura o SBPL), na idinagdag sa QPL.¹⁶⁹ Tinuring ng mga nagreklamo na ekspansyon ng QPL ang SBPL.

- Pareho ang mga taong namamahala sa QPL at SBPL, at iisa lang din ang ilan sa mga pasilidad, kabilang ang pasilidad para sa coal handling at ash disposal.
- Noong Pebrero 2019, naisapinal ang ESMR ng planta, na ginagawa pa lamang noong panahong iyon. Inihanda ang ESMR batay sa pagbisita sa site at pagsusuri ng national environment clearance certificates at mga ulat ukol sa pagsubaybay (monitoring report) ng planta. Ikinategorya ng RCBC na Kategoriya A and E&S risk nito.
- Napag-alaman sa ESMR na may apat na hindi pagsunod sa E&S requirements, kung saan isa ang medium risk (kakulangan ng kinakailangang mga permit) at tatlo na low risk, ayon sa kategorisasyon ng RCBC.
- Sa sumunod na pagbisita ng kliyente sa planta noong Enero 2020, iginiit na natugunan na ang lahat ng mga panganib.
- Walang komento ang IFC supervision documentation sa 2019 ESMR o sa sumunod na pangangasiwa ng kliyente.

Pakikipag-ugnayan sa mga Apektado

- Itinala sa ESMR na may magandang pakikipag-ugnayan ang SBPL at QPL sa mga stakeholder sa pamamagitan ng serbisyo sa komunidad at regular na mga pulong. Iisa lang ang community relations manager ng dalawa na siyang responsable sa pagtanggap sa mga reklamo ng komunidad.
- Ang pagtatasa ng ESMR sa ugnayan sa stakeholder at mekanismo sa paghahain ng reklamo ay walang kasamang panayam sa mga miyembro ng komunidad.

Polusyon

- Naitala ng isang pag-aaral na isinagawa ng Greenpeace noong 2002 ang pagkakaroon ng mga mabibigat na metal na may kaugnayan sa Quezon Plant (QPL).¹⁷⁰ Hindi nagtukoy ang CAO ng mas bagong pag-aaral mula sa Greenpeace.
- Sa 2014 Project Description Report (PDR) na isinumite sa national regulator, nakasaad na ang mga lugar na inilaan para sa ash disposal ng QPL ay may sapat na kapasidad para sa yunit ng SBPL. Sa parehong ulat, sinabi rin na bahagya nang napunan ang pasilidad at may intensiyon ang SBPL na gamitin ang bagong nakuhang pag-aari para sa dagdag na pangangailangan ng ash storage. Pananagutan ng QPL ang probisyon ng lugar para sa ash disposal.¹⁷¹
- Pinagtibay ng ESMR na kokolektahin ang fly at bottom ash at ipapadala sa mga planta ng semento at ipapakigamit ng QPL ang pasilidad nito para sa ash disposal na nasa tapat lamang ng planta ng SBPL. Walang pagtatasa ang ESMR sa kasapatan ng pasilidad ng QPL. Walang bagong impormasyong nakalap tungkol sa coal ash management at ang kasapatan nito.
- Napansin ng ESMR sa panahon ng pagbisita na nasa buong lawak ng konstruksyon ang fugitive dust dahil sa mga trak at heavy equipment.

¹⁶⁹ Quezon Power (Philippines) Ltd. Co. and San Buenaventura Power Ltd. Co., *Proposed 500 MW (Gross) Power Plant Project: Project Description Report*, Agosto 2014.

¹⁷⁰ Bridgen, K. and Santillo, D., Greenpeace Research Laboratories, Hazardous Emissions from Philippine Coal-fired Power Plants. Heavy metal and metalloid content of fly ash collected from the Sual, Mauban and Masinloc coal-fired power plants in the Philippines, mula sa <https://bit.ly/3h2T7NB>.

¹⁷¹ Quezon Power (Philippines) Ltd. Co. and San Buenaventura Power Ltd. Co., *Proposed 500 MW (Gross) Power Plant Project: Project Description Report*, Agosto 2014.

4 – San Buenaventura or “SBPL” power plant

- Ayon sa 2014 PDR, walang malaking epekto ang cumulative air emissions ng QPL at SBPL sa kalidad ng hangin sa kapaligiran at nasusunod nito ang mga pambansang pamantayan.¹⁷²
- Hindi kabilang sa ESMR ang pagtatasa sa inaasahang air emissions ng SBPL at inaasahang pinagsamang epekto sa yunit ng QPL. Ang QPL ang responsable sa pagsusukat ng kalidad ng hangin sa kapaligiran ngunit walang datos para rito.
- Iniulat sa 2014 PDR na regular na minomonitor ang mga sample ng tubig sa limang istasyon upang suriin para sa mabibigat na metal. Mapapansin ang pagtaas ng konsentrasyon ng Fe, Hg, at Zn noong 2011 kumpara sa datos noong 2006.¹⁷³

Kalusugang Pangkomunidad

- Bilang kondisyon sa 2014 ECC, inatasan ang SBL at QPL na kumuha ng independent third party para tuloy-tuloy na pag-aralan ang epekto ng mga planta sa kalusugan ng mga manggagawa at apektadong residente.
- Walang komento ang ESMR kung nagsagawa ba ng public health assessment. Sa parehong ulat, ang kongklusyon ng ESMR ay wala umangon pangangib na may kaugnayan sa kalusugan ng komunidad.

Biodiversity

- Sa 2014 ECC, inatasan ang SPBL na “Magsumite ng coastal resource management program (CRMP) sa EMB Central Office ... sa loob ng anim na buwan bago ang operasyon.” Hindi malinaw kung naipasa ang programang ito. Hindi rin ito nabanggit sa ESMR.
- Itinala ng ESMR ang posibleng epekto sa mangroves dahil sa paggamit ng foreshore. Walang ibang impormasyon mula sa kliyente o publiko ang nakalap tungkol sa water diversity o polusyon.

Mga Obserbasyon ng CAO

- Pinondohan ng kliyente ang proyekto mula sa equity investment ng IFC noong 2011 at 2013. Dahil isa itong Kategoriya A na proyekto, kailangang ipaalam ng kliyente sa IFC ang intensiyon nitong pondohan ang planta bago magbigay ng pondo, magtasa, at isailalim sa legal covenant ang planta na patakbuhan nang naaayon sa Performance Standards ng IFC, at bantayan ang operasyon ng planta upang masiguro ang pagsunod nito sa PS. Bago ang ESMR, walang ebidensiya ang pangangasiwa ng IFC kung gumawa ng pagtatasa ang kliyente, isinailalim sa legal covenant, at pinangasiwaan ang planta ayon sa PS.
- Kabilang sa mga pagkukulang ng ESMR ang mga sumusunod: (a) walang dokumentadong pakikipag-ugnayan sa mga taong apektado ng proyekto; (b) hindi sapat na pagtatasa ng pakikipag-ugnayan sa mga apektado; (c) hindi sapat na pagtatasa ng mga epekto sa kalusugan ng komunidad; (d) walang pagtatasa ng cumulative impacts; at (e) walang direktang diskusyon tungkol sa mga isyung inihain ng mga nagrereklamo.
- Sa buod ng mga sumunod na client supervision na ibinigay sa IFC, binanggit na apat sa mga panganib ang nasolusyonan na. Gayunpaman, hindi ito sapat na ebidensiya na nakapagpapatunay na sinusunod ng planta ang E&S requirements ng IFC.
- Walang komento sa supervision documentation ng IFC kung nakapagbigay ba ang ESMR at mga sumunod na pagbisita ng kliyente sa site ng sapat na ebidensiya na pinatutupad ng kliyente ang Performance Standards sa plantang pinapagana ng karbon. (IFC ESRP 9.2.6).

¹⁷² Quezon Power (Philippines) Ltd. Co., *Proposed 500 MW Power Plant Project: Additional Information for ECC Amendment*, Pebrero 2014.

¹⁷³ Quezon Power (Philippines) Ltd. Co. and San Buenaventura Power Ltd. Co., *Proposed 500 MW (Gross) Power Plant Project: Project Description Report*, Agosto 2014.

5 – Panay Energy Development Corp (PEDC) power plant	
<i>Lokasyon</i>	Barangay Ingore, La Paz, Iloilo City
<i>Estado</i>	Pinapatakbo simula Enero 2017
<i>Sukat at Teknolohiya</i>	132MW Sub-Critical Circulating Fluidized Bed (Unit 3, as expansion of the existing PEDC 164MW–units 1&2)
<i>Tinatayang Taunang Carbon Emissions¹⁷⁴</i>	0.7m MT – 1m MT
<i>Distansya mula hangganan ng planta at pinakamalapit na komunidad</i>	90-150m sa komunidad sa timog at kanluran
<i>Pagkasangkot ng RCBC</i>	Pagpapautang sa Proyekto: 2010 ¹⁷⁵ (Units 1&2) at 2015 (Unit 3) ¹⁷⁶
<i>Inihandang ESMR ng RCBC</i>	Marso 2019
Kaugnay na Performance Standard (2012)	Mga paratang ng naghain ng reklamo
PS 1: Pakikipag-ugnayan sa mga apektado	Kakulangan ng konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito.
PS 3: Pagpigil sa polusyon PS 4: Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad	Nagreklamo ang mga residente ng Barangay Nipa, Concepcion, Iloilo ng mga problema sa baga at mga sakit sa balat.
Buod ng mga nakalap na impormasyon	
<ul style="list-style-type: none"> ● Noong Marso 2019, naghanda ang kliyente ng ESMR ng plante ng kuryente batay sa ilang dokumentasyon ng E&S (Independent Lender’s Engineer Project Assessment Report at mga Compliance Monitoring Report), at isang site visit noong Nobyembre 2018. Ikinategorya ng RCBC ang panganib ng E&S bilang Kategoriya A. Ibinahagi ng kliyente ang ESMR at mga ulat ng pagsubaybay sa pagtalima (compliance monitoring report) sa IFC. ● Natuklasan ng ESMR ang apat na pagkakataon ng hindi pagsunod sa IFC Performance Standards, kung saan ang dalawa ay tinasa bilang medium (kakulangan ng water permit at expired na permit) at dalawa bilang mababang panganib ayon sa pagkakategorya ng RCBC. ● Nagtukoy lamang ng isang nakabinbing panganib (tinasa bilang medium) ang kasunod na pagbisita ng kliyente sa planta ng kuryente noong Hulyo 2019. Iniulat ng RCBC sa IFC na 	

¹⁷⁴ Ang estimation ay batay sa hawak na dokumentasyon ng E&S, (hal. EIS, Engineer’s Report, PDR at ESMR) at/o taunang GHG emissions na tinatantiya bilang: capacity * capacity factor * heat rate * emission factor.

¹⁷⁵ Dumlao D., Banks to lend P14B for Panay power plant, *Philippine Daily Inquirer*, February 26, 2010, makukuha sa: <http://bit.ly/3adXtOA>.

¹⁷⁶ Business Inquirer, April 10, 2015, *GBP unit gets P11-B loan for expansion*, nakikita sa: <https://bit.ly/388U1Sr>.

sumusunod ang planta ng kuryente sa mga nauugnay na lokal na pamantayan at batas sa kapaligiran.

- Hindi nagbibigay ng komento ang dokumentasyon na pinangasiwaan ng IFC sa 2019 ESMR o sa kasunod na pangangasiwa ng kliyente.

Pakikipag-ugnayan sa mga Apektado

- Nabanggit ng ESMR na ayon sa ulat ng Lender's Engineers, natatanggap ang mga reklamo sa komunidad sa pamamagitan ng palagiang pag-uusap, mga tawag sa telepono o mga text message. Ito ang mga nagsisilbing sistema para sa pagtanggap ng mga hinaing. Binanggit ng ESMR na regular na bumibisita ang mga tauhan ng planta ng kuryente sa host barangay at iba pang barangay. Hindi nakita sa mga panayam sa mga miyembro ng komunidad ang pagtatasa ng ESMR sa pakikipag-ugnayan ng mga apektado at sistema para sa pagtanggap ng mga hinaing.

Polusyon

- Isang ulat ng NGO noong 2016 ang nagbigay ng pagtatantiya ng taunang mga emisyon (SO₂, NO_x, PM₁₀) para sa mga planta ng kuryente sa Visayas, kasama ang PEDC.¹⁷⁷ Nagmodelo ang ulat ng taunang average ng PM_{2.5} na konsentrasyon, at nagtantiya ng saklaw ng maagang pagkamatay na nauugnay sa tatlong pinapatakbong planta ng kuryente sa Visayas, kabilang ang PEDC, na nagpapataas ng alalahanin sa mga negatibong epekto sa kalusugan ng mga planta ng kuryente.
- Isinasaad ng ESMR na may programa para sa pagsubaybay ng air emissions ang kumpanya at nagsasagawa ng pagsubaybay sa kalidad ng hangin sa kapaligiran. Sa kabila ng pagkatanggap ng tatlong ulat ukol sa pagsubaybay (monitoring report) na inihanda ng planta ng kuryente, hindi nagsama o nagkomento ang ESMR tungkol sa emisyon ng hangin o datos sa kalidad ng hangin sa paligid. Nagtala ang mga ulat sa pagsubaybay na ito ng mga resulta alinsunod sa pambansang pamantayan ng kalidad ng hangin sa kapaligiran at sa pangkalahatan ay naaayon sa mga pamantayan ng ingay.
- Hindi tinukoy ng ESMR ang anumang panganib na may kaugnayan abo ng karbon. Nabanggit nito na ibinebenta ang abo sa mga kumpanya ng semento, habang ang mga natitirang abo ay dinadala at idinedeposito sa ash pond sa loob ng planta ng kuryente.

Pinagsama-samang epekto

- Ang PEDC Unit 3 ay isang pagpapalawak ng 164MW PEDC na planta ng kuryente, na nagsimula ng operasyon noong 2011.¹⁷⁸ Matatagpuan din sa industrial zone ang isang 75MW at 20MW na mga fuel power plants. Lahat ng mga planta ay pagmamay-ari ng Global Business Power Corporation (GBP).
- Mayroong mga komon na pasilidad na ginagamit ng PEDC Unit 3 kasama ng mga ibang planta ng kuryente, tulad ng jetty, coal conveyor system, covered coal yard, desalination plant, at sub-transmission facilities. Kinakailangan ng PS1 na maghanda ng pagtatasa ng pinagsama-samang epekto.
- Hindi nagpakita ang ESMR ng pagtatasa ng potensyal na pinagsama-samang epekto.

Kalusugang Pangkomunidad

- Ipinakita ng reklamo ang mga epekto sa kalusugan kaugnay sa Barangay Nipa, Concepcion. Hindi ito ang tamang lokasyon ng PEDC. Isa pang planta ng kuryente, ang Palm Concepcion Power Corporation¹⁷⁹, ang tumatakbo sa Nipa, Concepcion, na mahigit 70km ang layo sa PEDC.

¹⁷⁷ Greenpeace Philippines (2016), *Coal: A Public Health Crisis*, makukuha sa: <http://bit.ly/2JXTSJS>.

¹⁷⁸ Global Business Power, *Panay Energy Development Corp.* makukuha sa: <https://bit.ly/3gQRJLU>.

¹⁷⁹ Palm Concepcion Power Corporation, makukuha ang karagdagang detalye sa <http://bit.ly/38aFICF>.

- Bilang kondisyon ng 2014 ECC, inaatasan ang PEDC na magkaroon ng independiyenteng ikatlong partido para magsagawa ng patuloy na pag-aaral ng mga epekto ng proyekto sa kalusugan ng mga manggagawa at mga apektadong residente, na isusumite sa Kagawaran ng Kalusugan ng Pilipinas kada dalawang taon. Hindi gumawa ng anumang pagtukoy ang ESMR kung isinagawa ang pag-aaral o ang mga resulta nito.
- Isang survey noong 2015 sa apat na komunidad sa paligid ng mga planta ng kuryente kabilang ang sa La Paz ang may resulta na: 77% ng mga respondent ay iginiit na may mas mataas na insidente ng pagkakasakit sa komunidad mula noong itayo at pinatakbo ang planta ng kuryente. Nabanggit ng mga respondent na ang pinakakaraniwang sakit ay mga sakit sa upper respiratory at mga impeksyon sa balat, na inuugnay ng 69% ng mga respondent sa polusyon mula sa mga planta ng kuryente.¹⁸⁰
- Sa ulat noong Agosto 2017 ipinahayag ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) na pipirma ito ng Memorandum of Understanding sa PEDC upang masubaybayan ang kalusugan ng mga taong nakatira malapit sa planta, kung saan ang ilan sa kanila ay naiulat na may mga scabies at sakit sa baga.¹⁸¹
- Hindi nagpakita ang ESMR ng pagtatasa ng kalusugan ng komunidad at mga potensyal na epekto mula sa planta ngunit itinala na namamahala ang PEDC ng isang programang pangkalusugan para sa host barangay.

Pagpapaalis

- Simula nang maisumite ang reklamo, binanggit ng mga nagreklamo na pinaalis mula sa tirahan at pinagkakabuhayan ang mga residente malapit sa lokasyon ng planta. Hindi malinaw kung saang lokasyon pinaalis ang mga tao.
- Napagpasyahan ng ESMR na hindi nilabag ang PS5 dahil ang planta ng kuryente ay binuo sa isang umiiral na pang-industriyang lokasyon.

Mga Obserbasyon ng CAO

- Nagbigay ang kliyente ng pondo sa pagpapalawak ng proyekto (Phase II) kasunod ng 2011 at 2013 na equity investment ng IFC. Bilang ang proyekto ay nasa kategorya A, kinakailangan na mas maagang ipaalam ng kliyente ang layunin nito na pondohan ang planta ng kuryente, suriin at magkaroon ng legal na kasunduan na patakbuhan ang planta ng kuryente alinsunod sa Performance Standard ng IFC, at pangasiwaan ang operasyon ng planta ng kuryente upang siguraduhin ang pagsunod sa PS. Bago ang ESMR, walang ebidensya mula sa pangangasiwa ng IFC kung ang kliyente ay nagsuri, may legal na kasunduan, at pinamahalaan ang planta ng kuryente alinsunod sa PS.
- Nagtala ang ESMR ng kliyente ng napakakaunting mga panganib na may kaugnayan sa mga Performance Standards. Kabilang sa mga puwang sa ESMR ang (a) hindi sapat na pagtatasa sa pakikipag-ugnayan ng stakeholder; (b) hindi sapat na pagsusuri at dokumentasyon ng mga pagbuga ng hangin at kalidad ng hangin sa kapaligiran; (c) walang pagtatasa ng kalusugan ng komunidad at pinagsama-samang epekto; at (d) walang direktang pagtalakay sa mga isyu ng mga nagrereklamo.
- Hindi nagpakita ang ESMR o ang kasunod na buod ng pangangasiwa ng kliyente ng sapat na ebidensya upang maipakita ang pagsunod ng planta ng kuryente sa mga kinakailangan ng IFC E&S.

¹⁸⁰ The Philippine Star, July 28, 2015, "Coal operations' impact on people's lives", makukuha sa <https://bit.ly/37bSRqg>.

¹⁸¹ IMT News, August 21, 2017, *Coal plants in Iloilo emit toxic pollutants?* Makukuha sa <https://bit.ly/2WfdCuH>.

- Hindi nagbigay ng komento ang dokumentasyong pinangasiwaan ng IFC ukol sa kung nagbigay ang ESMR at ang sumunod na client desk review ng sapat na katibayan kung inilapat ang mga Performance Standard sa planta ng kuryente pinapagana ng karbon (IFC ESRP 9.2.6).

6 – Sarangani Energy Corporation (SEC) Southern Mindanao or Kamanga power plant	
<i>Lokasyon</i>	Kamanga Barangay, Maasim Municipality, Sarangani, Southern Mindanao
<i>Estado</i>	Pinapatakbo simula 2016 (unit 1) at 2019 (unit 2)
<i>Sukat at Teknolohiya</i>	210 MW (2 x 105 MW net) Sub-Critical Circulating Fluidized Bed
<i>Tinatayang Taunang Carbon Emissions¹⁸²</i>	1.4-1.6m MT ¹⁸³
<i>Layo mula sa hangganan ng planta patungong pinakamalapit na komunidad</i>	20-50m mula sa silangang hangganan hanggang sa mga kalat-kalat na kabahayan/istruktura na nasa silangan at hilagang-silangan 500m patungong Kamanga marine ecotourism park.
<i>Pagkasangkot ng RCBC</i>	Project Finance Loans: 2013, 2017. ¹⁸⁴
<i>Inihandang ESMR ng RCBC</i>	Mayo 2018
Kaugnay na Performance Standards (2012) at IFC Commitments	Mga Alegasyon ng Naghain ng Reklamo
PS 1: Pakikipag-ugnayan sa mga apektado Pahayag ng Posisyon ng IFC hinggil sa di-kaaya-ayang aksyon laban sa lipunan at mga apektado ng proyekto, 2018	Kakulangan sa konsultasyon at impormasyon tungkol sa planta ng kuryente at mga epekto nito. Simula nang maisumite ang reklamo, nagpahayag ang mga naghain nito ng kanilang pagkabahala sa iba't ibang uri ng pananakot na kanilang natatanggap kabilang na ang mga kaso sa korte na ihahain laban sa mga lider ng mga katutubo dahil sa kanilang pagkontra sa planta ng kuryente.
PS 3: Pagpigil sa polusyon EHS: Mga Thermal Power Plant	Kontaminasyon ng tubig Dahil sa patuloy na polusyon sa tubig at hangin na pinuna ng mga naghain ng reklamo.

¹⁸² Ang estimation ay batay sa hawak na dokumentasyon ng E&S, (hal. EIS, Engineer's Report, PDR at ESMR) at/o taunang GHG emissions na tinatantiya bilang: capacity * capacity factor * heat rate * emission factor.

¹⁸³ Berkman Systems, Inc. for Conal Holdings Corp., *Environmental Impact Statement: 200MW Southern Mindanao Power Plant*, March 2009.

¹⁸⁴ The Philippine Star December 14, 2012, *Alsons to borrow P9 B for S Mindanao power plant*, makukuha sa <http://bit.ly/3afPQHj>; Business Mirror, May 10, 2017, *Sarangani Energy Corp. signs P10.5-B loan with local banks*, makukuha sa <https://bit.ly/2Whp8WA>.

PS4: Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad	<p>Ayon sa municipal health office, ang mga epekto sa kalusugan (malubhang pananakit ng tiyan) ay dahil sa polusyon sa tubig.</p> <p>Dahil sa mga naiulat na pagkakaroon ng kapansin-pansing ubo sa mga bata at matatanda na pinananiwalaan ng mga naghain ng reklamo na dulot ng polusyon sa hangin.</p>
PS6: Pangangalaga sa Biodiversity at Mabuting Pangangasiwa sa mga Nabubuhay na Likas na Yaman	Ang planta ng karbon ay nagbabantang makaapekto sa Tino-Tampuan coral reef, isang protected area.
PS7: Indigenous Peoples	Pagpapaalis sa mga miyembro ng katutubong B'laan mula sa kanilang ancestral land nang walang Free, Prior and Informed Consent (FPIC).
Buod ng mga nakalap na impormasyon	
<ul style="list-style-type: none"> ● Isang Environmental Impact Statement (EIS) ang inihanda noong 2009 para sa isang 200MW net na planta ng kuryente.¹⁸⁵ Ang planta ng kuryente ay sinuri ayon sa pambansang batas. ● Noong Mayo 2018, isang panlabas na konsultant ang naghanda ng ESMR ng planta ng kuryente para sa RCBC, na nakabatay sa pagbisita sa lokasyon ng proyekto, kabilang ang pagbisita sa relocation site at sa lugar kung saan may makukuhanang tubig bukal, mga panayam sa mga lokal na opisyal, at E&S na dokumentasyon na binigay sa panahon ng pagbisita; ito ay sinuri pagkatapos (kabilang ang mga ulat ukol sa pagsubaybay (monitoring report) ngunit hindi kasama ang EIS). Kinategorya ng RCBC ang E&S risk bilang Kategoriya A. ● Itinuturing ng ESMR ang planta ng kuryente na nakasunod sa mga pambansang regulasyon at idinagdag na dapat ay pag-isahin nito ang mga aksyon sa ilalim ng environmental and social management system (ESMS) nito na tumutugon sa mga kahingian ng IFC E&S. Mayroong 17 natuklasan na hindi pagsunod sa mga kahingian ng IFC E&S, dalawa dito ay high risk (pagkaubos ng tubig, pangangasiwa sa wastewater), apat ay medium (septic tank, sukat ng kalidad ng hangin sa kapaligiran, paggamit ng kuryente ng planta) at 11 ay low risk batay sa kategorisasyon ng RCBC. ● Nagsagawa ang RCBC ng kasunod na pagbisita sa planta ng kuryente noong Pebrero 2020 at napagtibay nito na ang lahat ng mga natukoy na hindi pagsunod sa mga kahingian ng IFC E&S ay natugunan na. Nawawala mula sa ulat ang pagtatasa sa pagsunod ng planta ng kuryente sa IFC air emissions, kalidad ng hangin sa kapaligiran, at pamantayan ng wastewater effluents. ● Ang supervision documentation ng IFC ay hindi naglalaman ng komento tungkol sa 2018 ESMR o maging sa kasunod na pangangasiwa ng kliyente. <p>Pakikipag-ugnayan sa mga Apektado</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Kinomento ng ESMR na ang SEC ay nagkaroon ng isang napakahusay at aktibong pakikipag-ugnayan sa stakeholder at patakaran sa CSR, na nakapagpaunlad sa mabuting pakikitungo sa mga lokal na lider. Ang pagtatasa ng ESMR ng ugnayan sa stakeholder ay hindi nagmula sa mga panayam sa mga miyembro ng komunidad. 	

¹⁸⁵ Berkman Systems, Inc. for Conal Holdings Corp., *Environmental Impact Statement: 200MW Southern Mindanao Power Plant*, Marso 2009.

- Nakakita ang ESMR ng mga kakulangan sa operasyon ng sistema para sa pagtanggap ng mga hinaing.
- Dahil ang mga nagsumite ng reklamo ay nagpahayag ng mga pagkabahala ukol sa mga pananakot at pagbabanta sa mga katutubong lider ng komunidad na kumontra sa planta, partikular na ang patuloy na mga kasong sibil at kriminal na isinampa laban sa isang katutubong lider, kung saan itinuturing ito ng mga nagrereklamo bilang mapanlinlang. Hindi tinasa ng ESMR ang mga paratang ng pananakot sa komunidad.

Pagpigil sa Polusyon

- Ayon sa EIS, ang planta ng kuryente ay may mas mababang heating value efficiency na 36 porsiyento, na umaayon sa mga alituntunin ng IFC EHS.
- Sinasaad ng EIS na ang tubig bukal ay maaaring hindi angkop inumin dahil may walong parameter na lumabis sa mga limitasyon ng lokal na inuming tubig. Ang mga sample mula sa baybayin ng tubig dagat at ang mga resulta ng kalidad ng hangin sa kapaligiran ay umaayon sa karamihan ng mga lokal na kahingian.
- Ayon sa ESMR, ang effluent mula sa planta ay pinakawalan sa tatlong malalaking settling pond ng Kamanga Agro-Industrial Economic Zone (KAIEZ) na may kabuuang lawak na 7,500 square meters. Isa lamang sa mga tangke ang mayroong konkretong exterior, dahilan upang tuwing may pag-apaw, ang effluent ay pinapakawalan sa lupa at maging sa Sarangani Bay. Inirerekomenda ng ESMR ang kagyat na pagpapabuti sa wastewater treatment. Iniulat ng RCBC sa IFC na hindi sumang-ayon ang SEC sa mga kongklusyon ng mga panlabas na konsultant at kinilala nito na ang pangangasiwa sa wastewater ay naaayon sa mga lokal na kahingian (bilang may hawak na balidong discharge permit). Ang IFC PS compliance ay hindi sinuri sa isyung ito. Noong 2020, nirepaso ng RCBC ang SEC monitoring data at pinagtibay na ang SEC ay sinisiguro na ang wastewater ay sumusunod sa mga pambansang regulasyon hinggil sa effluent. Nananatiling hindi malinaw kung ang pangangasiwa sa wastewater ay naaayon sa IFC PS.
- Nagbabala ang ESMR na ang water offtake para sa planta, gamit ang mga groundwater pump, sa Sitio Siguel, 12 km mula sa planta ng kuryente, ay inubos ang mapagkukunang tubig ng mga komunidad sa paligid at mga kalapit na paaralan. Ito ay sadyang kritikal sa kadahilanang ang mga komunidad ay umaasa dito upang may mapagkukunan ng tubig. Iniulat ng RCBC na ang SEC ay nagbigay ng isang piped water system sa paaralan at ang SEC ay ginagamit ang surface water para sa cooling simula kalagitnaan ng 2019. Nananatiling hindi malinaw kung napagbuti nito ang mapagkukunan ng tubig para sa komunidad.
- Binanggit ng ESMR na ang mga test para sa PM₁₀ at PM_{2.5} na kalidad ng hangin ay hindi kasama sa pag-uulat ng planta. Kaya naman, hindi masuri ng ESMR ang mga reklamong may kinalaman sa polusyon sa hangin sa kapaligiran at ang mga kaugnay na isyung pangkalusugan.
- Binanggit ng ESMR na ang kumpanya ay nilipat ang abo sa isang ash pond na katabi ng silangang bahagi ng planta ng kuryente na pinangasiwaan ng isang third party. Sa panahon na iyon, pinaghandaan ng ESMR na ang karamihan ng mga abo ay kinuha ng isang planta ng semento mula sa pasilidad. Hindi tinukoy ng ESMR ang kahit anong panganib sa ganitong bagay.

Kalusugang Pangkomunidad

- Hindi tinatasa ng ESMR ang anumang maaaring maging epekto ng polusyon sa kalusugan ng komunidad. Binabanggit lamang nito na ang Kalusugan ng Pamayanan ay isa sa mga pangunahing haligi ng Corporate Social Responsibility ng SEC kung saan nagsasagawa ng mga pana-panahong misyong medikal at dental.
- Hindi binabanggit ng ESMR o ng kahit anupamang impormasyon kung ang isang community impact health assessment ay naisagawa na, alinsunod na rin sa kahingian ng 2017 ECC.

Mga Katutubong Mamamayan

- Noong 2007, ang B'laan 'Sandag Clan' sa Barangay Kamanga ay nagsagawa ng petisyon sa National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) para sa isang 280 ektaryang-lupain na matatagpuan sa Tampuan, Kamanga, upang magawaran ng Certificate of Ancestral Land Title (CALT) . Ang petisyon ay iniendorso ng mga matatanda, mga pinuno ng tribo, at konseho ng tribo sa iba't ibang pagkakataon mula taong 2007 hanggang 2014. Binanggit ng mga nagreklamo na nagkaroon ng mga malawakang pagkaantala sa pagproseso ng petisyon habang ang planta ng kuryente ay naaprubahan nang walang anumang pagtatangkang kumuha ng FPIC. Ang dokumentasyong ibinigay sa CAO ay nagpapahiwatig na ang NCIP ay nakatanggap ng counter-claim mula sa dalawa pang angkan, ang Mangelen at ang Balao, para sa kaparehong lupain. Pinapahayag ng komunidad ng B'laan na kamakailan lamang nanirahan ang dalawang angkan na ito sa lupain kaya hindi balido ang kanilang paghahabol, ngunit tinulungan sila ng mga tauhan ng NCIP upang makapagpakita ng mga dokumento ng pagmamay-ari. Nakabinbin pa rin sa ngayon ang aplikasyon.
- Ang punong claimant/kinatawan para sa petisyon na ito ay sumailalim din sa mga sibil at kriminal na reklamo dahil umano sa kanyang pagkontra sa planta (tingnan sa itaas).
- Noong 2015, ang komunidad ng B'laan, sa pamamagitan ng kaparehong kinatawan, ay nagsumite ng petisyon sa NCIP para sa Certificate of Ancestral Domain Title (CADT) para sa kaparehong lupain.
- Binanggit ng 2010 EIS na 13% ng populasyon sa barangay Kamanga ay B'laan. Hindi isinama ng EIS ang pagtatasa ng mga paraan kung paano maaaring maapektuhan ng proyekto ang mga B'laan at naghinuha na walang kilalang katutubong grupo o tribo sa ipinanukalang lokasyon ng proyekto.¹⁸⁶
- Binanggit ng ESMR na karamihan sa mga tao sa barangay Kamanga ay mula sa angkan ng B'laan (na may 354 na kabahayan ng B'laan sa 573 kabuuang kabahayang sinarbey noong 2011). Napagpasyahan ng ESMR na walang panganib sa PS7 dahil: (a) walang mga katutubo ang nasa industrial zone (KAIEZ) bago ang reloksyon at ang lupain ay hindi nagsasapawan ng mga umiiral na ancestral land; (b) walang aplikasyon ng NCIP Certificate of Ancestral Domain Title; at isang sertipiko ng 'non-overlap' ay inisyu noong 2015 ng NCIP. Ang pagpapasiya ng ESMR ay batay sa mga dokumento ng kumpanya at sa website ng NCIP; hindi ito nagpatunay ng pagtatasa alinsunod sa mga kahingian ng PS7.
- Hindi nakita ng 2009 EIS ang anumang resettlement bilang resulta ng planta ng kuryente ng SEC. Binanggit ng ESMR na ang planta ay nasa isang industrial zone at 143 pamilya ang ni-relocate mula sa lugar noong 2012. Ang panlabas na konsultant ng ESMR ay bumisita sa relocation site at itinuring na ito ay sapat; at, binanggit ang isa lamang na low risk na may kaugnayan sa mga relasyon sa komunidad. Ang ESMR ay hindi nagkomento kung alinman sa mga ni-relocate na pamilya ay nagpakilalang mga katutubo.

Biodiversity

- Ang planta ay matatagpuan sa tabi ng Sarangani Protected Bay seascape at Kamanga marine ecotourism park and sanctuary sa Maasim.
- Binabanggit ng ESMR na bilang bahagi ng Integrated Coastal Protection and Management Plan (ICPMP) ng SEC, ang Artificial Reef Deployment Program ay isinagawa simula noong 2009 upang i-rehabilitate at ibalik ang mga bahura, magkaroon ng nursery ground, at tirahan ng mga isda sa Sarangani Bay.
- Ayon sa ESMR, ang trabaho ng SEC sa Kamanga Marine Ecotourism Park and Sanctuary ay kapuri-puri.

¹⁸⁶ Berkman Systems, Inc. for Conal Holdings Corp., *Environmental Impact Statement: 200MW Southern Mindanao Power Plant*, Marso 2009, seksiyon 4.4.

Mga Obserbasyon ng CAO

- Ang kliyente ay nagbigay ng pondo sa proyekto kasunod ng 2011 at 2013 equity investment ng IFC. Dahil ito ay isang Kategoriya A na proyekto, ang kliyente ay kinakailangang ipaalam nang maaga sa IFC ang layunin nitong tustusan ang planta ng kuryente, tasahin ang kontrata ayon sa batas sa pamamahala ng planta ng kuryente na alinsunod sa Performance Standards ng IFC (2012) at pangasiwaan ang mga operasyon ng planta ng kuryente upang matiyak ang pagsunod sa PS. Bago ang ESMR, ang pangangasiwa ng IFC ay hindi nagpapatunay kung tinasa ang kontrata ayon sa batas at kung pinangangasiwaan ng kliyente ang planta ng kuryente alinsunod sa PS.
- Ang 2009 EIS ay hindi nagtatasa kung ang katutubong paggamit ng lupa ay maaaring maapektuhan ng Proyekto, habang ang ESMR ay bahagyang tinatasa lamang ang mga potensyal na panganib sa katutubong lupain at nagbabatay lamang sa impormasyon ng kumpanya at website ng NCIP. Kinakailangan sa PS7 ang karagdagang pagtatasa kasama ang tulong ng mga karampatang panlabas na eksperto para magpatunay sa compliance ng planta ng kuryente.
- Iniulat ng RCBC sa IFC na ang mga natukoy na pagkukulang sa wastewater ay natugunan na ng planta ng kuryente, gayunpaman, walang naiulat kung ito ay naaayon sa IFC PS, partikular sa kalidad at kapasidad ng third-party wastewater treatment facility.
- Kabilang sa mga positibong aspeto ng ESMR ang (b) mga panayam sa mga lokal na opisyal at mga pagbisita sa relocation site at lugar para sa tubig bukal. Kabilang sa mga pagkukulang ng ESMR ang (a) hindi sapat na pagtatasa ng pakikipag-ugnayan sa stakeholder, kabilang ang mga potensyal na panganib; (b) hindi sapat na pagtatasa ng mga potensyal na epekto ng planta sa katutubong lupain; (c) hindi sapat na pagtatasa ng mga epekto sa kalusugan ng komunidad (d) kakulangan ng hiwalay na pagrerepaso ng impormasyon kaugnay sa mga isyu sa itaas; at (e) hindi sapat na mga rekomendasyon upang maabot ang compliance sa IFC PS sa lahat ng isyu na may kaugnayan sa tubig.
- Ang dokumentasyon ng pangangasiwa ng IFC ay hindi nagsasaad ng komento kung ang ESMR at ang kasunod na pagbisita sa site ng kliyente ay nagbibigay ng sapat na katibayan upang masabi na nasusunod ng kliyente ang Performance Standards sa planta na pinapagana ng karbon (IFC ESRP 9.2.6).

7 - GN Power Kauswagan or 'Lanao Kauswagan' power plant

<i>Lokasyon</i>	Kauswagan, Lanao del Norte, Mindanao
<i>Estado</i>	Pinapatakbo simula 2019
<i>Sukat at Teknolohiya</i>	552MW (4x138 MW) Sub-Critical
<i>Tinatayang Taunang Carbon Emissions¹⁸⁷</i>	3.12m MT
<i>Layo mula sa hangganan ng planta patungong pinakamalapit na komunidad</i>	40m patungong barangay Libertad sa timog. Ang distansiya mula sa ash management facility patungong pinakamalapit na mga kabahayan ay 60m sa hilaga.

¹⁸⁷ Ang estimation ay batay sa hawak na dokumentasyon ng E&S, (hal. EIS, Engineer's Report, PDR at ESMR) at/o taunang GHG emissions na tinatantiya bilang: capacity * capacity factor * heat rate * emission factor.

Pagkasangkot ng RCBC	Project Finance Loans: 2015 ¹⁸⁸
Inihandang ESMR ng RCBC	Pebrero 2019
Kaugnay na Performance Standard (2012)	Mga Alegasyon ng Naghain ng Reklamo
PS5: Pagpapalano at Pagpapatupad ng Resettlement at Livelihood Restoration PS5: Physical Displacement	Pagpapalayas at resettlement noong 2016 ng 321 pamilya sa isang hindi pa tapos na site, na walang sapat na imprastruktura at walang seguridad sa tirahan. Mula nang isumite ang reklamo, binahagi dito na ang mga kabuhayan ng mga pamilyang dinala sa resettlement, na umaasa sa pangingsda, ay lubhang naapektuhan dahil sa layo ng mga resettlement site sa baybayin.
PS1: Pakikipagugnayan sa mga apektado	Kawalan ng konsultasyon at impormasyon hinggil sa proyekto at sa mga magiging epekto nito.
PS1: Pagtukoy ng mga Panganib at Epekto PS3: Pag-iwas sa Polusyon	Mula nang magsimula ang operasyon, ipinahayag ng mga nagrereklamo ang mga isyu hinggil sa polusyon sa ingay, hangin, at tubig, na may masamang epekto sa mga isda at bakawan, at kabuhayan ng mga mangingsda.
Buod ng mga nakalap na impormasyon	
<ul style="list-style-type: none"> • Naisapinal ang isang EIS para sa planta ng kuryente noong Marso 2014.¹⁸⁹ Ang planta ng kuryente ay tinasa ayon sa pambansang batas. • Noong 2019, ang GNP Kauswagan ay tinukoy na “project of national significance” ayon sa Executive Order 30, na nagbibigay-daan para sa isang mas mabilis na proseso ng pag-apruba na may pagpapalagay sa naunang pag-apruba ng gobyerno na walang naganap na pagtutol sa loob ng 35 araw ng trabaho.¹⁹⁰ • Noong Pebrero 2019, naghanda ang kawani ng RCBC ng ESMR. Ang planta ng kuryente ay itinatayo noong panahong iyon. Ang ESRM ay inihanda batay sa mga dokumento ng kumpanya at isang pagbisita sa site ng planta na isinagawa noong Disyembre 2018. Kinategorya ng RCBC ang E&S risk bilang Kategorya A. • Nakakita ang ESMR ng apat na non-conformance sa mga kahingian ng IFC E&S, kung saan ang isa ay medium risk (MW capacity) at tatlo ang low risk ayon sa pagkakategorya ng RCBC. • Ang dokumentasyon ng pangangasiwa ng IFC ay hindi naglalaman ng komento ukol sa 2019 ESMR. <p>Pagpapaalis</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang 2014 EIS ay nagsasaad na ang Proyekto ay nasa lupang pang-industriya at 321 ‘informal settlers’ at 10 nangungupahan sa Barangay Libertad ang ililipat ng tirahan. Ang EIS ay nagbigay ng Resettlement Action Plan (RAP) Framework at isang social development plan (SDP), kabilang ang livelihood restoration at mga konsultasyon. Nabanggit ng EIS na ang kompensasyon at relokasyon ng informal settlers ay sumunod sa mga pambansang regulasyon. Binanggit din ng EIS na naitayo 	

¹⁸⁸ Ayala (2017) Bond Program, p.20, makukuha sa <https://bit.ly/3jrVY04>, and RCBC (2015) Annual Report, p.17, makukuha sa <https://bit.ly/2GuQbJL>.

¹⁸⁹ Geosphere Technologies, Environmental Impact Statement: Proposed GN Power Kauswagan Power Project, 2014.

¹⁹⁰ Makukuha ang karagdagang detalye sa Business World (<https://bit.ly/34vqMsr>) and Philippines Department of Energy (<https://bit.ly/3jA2fqB>).

na ang mga bahay sa isang resettlement site, at ang karamihan sa mga ililipat dito ay mga mangingisda.

- Binanggit ng ESMR na dalawang resettlement site ang naayos na ang lahat ng amenities, at 409 na pamilya sa Barangay Libertad, at 27 na pamilya sa Barangay Tacub, ayon sa pagkakasunod, ang napaalis. Binanggit ng ESMR na batay sa impormasyon ng kumpanya, ang RAP ay ipinatupad sa pakikipagtulungan sa mga awtoridad ng gobyerno, at ang kumpanya ay kakasimula pa lamang ng mga programa sa livelihood restoration. Bagama't nahinuha ng ulat na walang mga E&S risk na nauugnay sa PS5, ang independiyenteng pagtatasa ng RAP, implementasyon at kasapatan ng mga programa sa livelihood restoration nito ay walang mga naiulat.
- Mula nang maisumite ang reklamo, muling iginiit ng mga nagrereklamo na ang mga kabuhayan ng mga pamilya sa resettlement, na umaasa sa pangingisda, ay naapektuhan nang lubha dahil sa layo ng mga resettlement site sa baybayin.

Pakikipag-ugnayan sa mga Apektado

- May isang nabanggit na pagtukoy sa isang pampublikong konsultasyon na ginanap bago ang EIS sa 2014 EIS. Kasama sa EIS ang isang Information, Education and Consultation (IEC) na plano. Hindi naging malinaw kung hanggang saan ang naipatupad nito.
- Noong 2016, isang kasong kriminal ang isinampa laban sa walong residente ng Kauswagan dahil sa umano'y pagtutol sa 10-taong Development Plan ng Kauswagan. Noong Enero 10, 2019, hinatulan ng regional trial court na nagkasala ang mga nasasakdal at sinentensiyahan sila ng anim na buwang pagkakulong at pagmumulta. Lahat umano ng mga nasasakdal ay nanguna sa adbokasiya laban sa GNP Kauswagan Plant.
- Dahil ang mga nagrereklamo ay muling pinahayag ang kanilang pagkabahala sa patuloy na mga pananakot sa Kauswagan, ang ilan sa mga ito ay naidokumento sa isang pampublikong ulat noong 2018.¹⁹¹
- Ang ESMR ay hindi nagbigay ng komento sa proseso ng paghahayag ng pag-apruba at konsultasyon sa Proyekto. Sinasaad ng ESMR na ang mga kawani ng plantang pinapagana ng karbon ay nagsasagawa ng mga regular na pagbisita sa mga lokal na komunidad at pinananatili ang magandang relasyon sa mga stakeholder.

Polusyon

- Hindi sinusuri nang detalyado ng EIS ang kahusayan ng planta. Nakasaad dito na ang teknolohiyang ginamit ay magresulta sa 'medyo may kaliitang bilang ng pag-generate ng CO2.' Iginiiit ng EIS na ang planta ng kuryente ay susunod sa mga pamantayan ng hangin at effluent emission ng World Bank.
- Tinala ng ESMR ang mitigation measures na ipatutupad ng planta upang mabawasan ang emissions ng fugitive dust at mataas na konsentrasyon ng Sulfur dioxide.

Mga Obserbasyon ng CAO

- Ang kliyente ay nagbigay ng pondo sa proyekto kasunod ng 2011 at 2013 equity investment ng IFC. Dahil ito ay isang Kategoriya A na proyekto, ang kliyente ay kinakailangang ipaalam nang maaga sa IFC ang layunin nitong tustusan ang planta ng kuryente, tasahin ang kontrata ayon sa batas sa pamamahala ng planta ng kuryente alinsunod sa Performance Standards ng IFC (2012) at pangasiwaan ang mga operasyon ng planta ng kuryente upang matiyak ang pagsunod sa PS. Bago ang ESMR, ang pangangasiwa ng IFC ay hindi nagpapatunay kung tinasa ang kontrata ayon sa batas at kung pinangangasiwaan ng kliyente ang planta ng kuryente alinsunod sa PS.

¹⁹¹ IDI, BIC Europe, Philippines Movement for Climate Justice, *Broken Promises: The World Bank, International Investors and the Fight for Climate Justice in the Philippines*, April 2018, makukuha sa <https://bit.ly/2HuR7ys>.

- Ang EIS ay hindi nagpapakita ng sapat na katibayan na nagsagawa ng proseso ng konsultasyon sa stakeholder at maging sa pagkakaroon ng pagtatasa ng tenure sa lupa alinsunod sa IFC Performance Standards. Ang EIS ay nagbigay ng resettlement action plan at stakeholder engagement plan.
- Ang mga pangunahing pagkukulang sa ESMR ay kinabibilangan ng (a) kakulangan ng kritikal na pagsusuri at independiyenteng pagberipika ng impormasyon ng kumpanya; (b) limitadong pagtuon sa mga isyu ng mga nagrereklamo; (c) mahinang pagsusuri ng mga konsultasyon sa stakeholder; at (d) hindi sapat na pagtatasa kung ang planta ng kuryente ay idinisenyo at itinayo upang umandar alinsunod sa IFC PS.
- Bagama't sinabi ng ESMR na walang mga E&S risk bilang resulta ng resettlement ng 436 na pamilya, ang pagsusuri ay hindi nagbigay ng komento kung (a) natugunan ng Resettlement Action Plan ang mga kahingian ng PS5, kabilang ang mga may kaugnayan sa pagkakaroon ng sapat na pabahay, tubig at seguridad sa tenyur; (b) nabayaran ang pagkalugi ng mga pamilya alinsunod sa mga kahingian ng PS5; (c) may sapat na mga hakbang para sa livelihood restoration; at (d) mayroong independiyenteng pagsubaybay at pag-uulat ng mga resulta upang makamit ang mga layunin ng PS5.
- Binanggit ng ESMR na ang GNPK ay nag-atas ng isang third party na magsagawa ng quarterly Equator Principles Compliance Monitoring and Audits, ang pinakahuli dito ay ang isinagawa ng GNPK para sa RCBC. Gayunpaman, walang pagbanggit ng resulta ng audit sa ESMR. Ang mga resulta sana ay maaaring naging kapaki-pakinabang dahil ang Equator Principles ay sinusunod ang Performance Standards ng IFC.
- Ang dokumentasyon ng pangangasiwa ng IFC ay hindi nagsasaad ng komento kung ang ESMR ay nagbibigay ng sapat na katibayan upang masabi na nasusunod ng kliyente ang Performance Standards sa planta na pinapagana ng karbon (IFC ESRP 9.2.6).

8 - Toledo Power Company o TPC1A power plant

<i>Lokasyon</i>	Daanlungsod, Barangay Sangi, Toledo City, Cebu
<i>Estado</i>	Umaandar simula 2014
<i>Sukat at Teknolohiya</i>	82 MW Sub-Critical Circulating Fluidized Bed (bilang pagpapalawak ng 60MW TPC Sangi)
<i>Tinatayang Taunang Carbon Emissions¹⁹²</i>	0.63m MT
<i>Layo mula sa hangganan ng planta patungong pinakamalapit na komunidad</i>	100-200m
<i>Pagkasangkot ng RCBC</i>	Project Finance Loan: 2013 ¹⁹³

¹⁹²Ang estimation ay batay sa hawak na dokumentasyon ng E&S, (hal. EIS, Engineer's Report, PDR at ESMR) at/o taunang GHG emissions na tinatantiya bilang: capacity * capacity factor * heat rate * emission factor.

¹⁹³ Business Insider (2013) Toledo Power obtains P7-B loan for new power plant, makukuha sa <https://bit.ly/33Q50Pw>. Global Business Partners, Annual Financial Statement (2016), page 48. Makukuha sa <https://bit.ly/36PaJH3>.

<i>Inihandang ESMR ng RCBC</i>	Marso 2019
Kaugnay na Performance Standards (2012)	Mga Alegasyon ng Naghain ng Reklamo
PS1: Pakikipagugnayan sa mga apektado	Kawalan ng konsultasyon at impormasyon hinggil sa proyekto at sa mga magiging epekto nito.
PS1: Pagtukoy ng mga Panganib at Epekto PS3: Pag-iwas sa Polusyon	Ang lahat ng nagawang coal ash ay itinatapon nang walang pakundangan sa mga bakanteng lugar sa paligid ng Toledo City at sa mga kalapit-lugar. Nakapagdulot ito ng malulubhang pinsala, kabilang ang polusyon sa tubig-dagat na nakapalibot sa planta. Ang kumpanya ay hindi naglagay ng anumang mga hakbang sa pag-iwas at pagbawas ng mga ito.
Buod ng mga nakalap na impormasyon	
<ul style="list-style-type: none"> ● Ang Toledo Power Plant expansion (TPC1A) ay pagpapalawak ng orihinal na TPC Sangi 60MW power plant sa Daanlungsod industrial area.¹⁹⁴ Ang TPC ay nagmamay-ari din ng 40 MW fuel oil power station – Carmen plant. Kasama rin sa industriyal na lupa ang 246MW Cebu Energy Development Corporation (CEDC) coal-fired power plant. Noong 2019, sinimulan ng Therma Visayas Inc ang operasyon ng 340MW coal-fired power plant sa Toledo City. ● Isang Environmental Performance Report and Management Plan (EPRMP) para sa TPC1 ang natapos noong 2012. Walang access ang CAO sa ulat na ito. ● Noong Marso 2019, isang konsultant ng IFC ang naghanda ng ESMR ng planta ng kuryente para sa RCBC na ibinatay sa isang desk review ng 2012 Independent Engineer Report ng planta ng kuryente at ilang ulat ng pagsubaybay sa operasyon. Ikinategorya ng RCBC ang E&S risk bilang Kategoriya A. ● Ang ESMR ay nakakita ng pitong non-conformance sa mga kahingian ng IFC E&S, kung saan anim dito ay medium risk (plano para sa paghahanda kapag may emergency; mga kondisyon sa trabaho, pag-aaral ng tubig bukal, transportasyon ng karbon at abo sa lupa at dagat, at mga epekto sa protektadong seascape; pag-aaral sa kalusugan ng komunidad) at isang low risk ayon sa balangkas ng pagkategorya ng RCBC. ● Noong Hulyo 2019, ang isang kasunod na pagbisita ng kliyente sa planta ng kuryente ay tinukoy ang mga patuloy na panganib (naka-kategorya bilang apat na medium at tatlong low risk). Ang sumusuportang ebidensya ukol sa pagsunod ng planta ng kuryente sa mga pamantayan ng IFC ay wala sa pagtatasa na ito. ● Ang dokumentasyon ng pangangasiwa ng IFC ay hindi naglalaman ng mga komento sa kasunod na pangangasiwa ng kliyente. <p>Pakikipag-ugnayan sa mga Apektado</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Binanggit ng ESMR na ang mga programa sa konsultasyon at pakikipag-ugnayan sa komunidad ayon sa mga pambansang kahingian ay umiiral. Hindi sinama ng ESMR ang pagtatasa ng pagiging epektibo ng mga programang ito o ang kanilang pagsunod sa mga kaugnay na PS. <p>Polusyon</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Binabanggit ng ESMR na ang programa sa monitoring ng kumpanya ay kinabibilangan ng patuloy na pag-monitor sa emisyon at regular na pag-monitor sa effluent, ingay, basura, at kalidad ng 	

¹⁹⁴ Philstar September 20, 2014, *Global Power switches on P10.2-B Toledo power plant*, makukuha sa <https://bit.ly/2K7oQyA>.

hangin sa kapaligiran. Ang ESMR ay naghihinuha na ang planta ng kuryente ay sumusunod sa mga kahingian ng regulasyon at sa WBG EHS General Guidelines, sa pangkalahatan.

- Binabanggit ng ESMR na ang mga maaaring makuha ng dokumentasyon ay hindi nagtatasa ng GHG emissions ng planta ng kuryente.
- Binabanggit sa 2012 ulat ng inhinyero at sa ESMR na ang abo ay dinadala sa pamamagitan ng kalsada patungo sa isang disposal site, 6 na kilometro ang layo. Ang disposal facility na ito ay ginagamit din ng isa pang operator ng planta ng kuryente at pinamamahalaan ng isang third party. Ang 2012 ulat ng inhinyero ay nagsabi na ang transportasyon ng abo ay inaasahang kinontrata sa isang third party.
- Nabanggit sa isang pag-aaral noong 2013 na ang Toledo power plant ay walang ash pond na may polyethylene liner.¹⁹⁵
- Binabanggit ng ESMR na mayroong medium risk dahil walang ebidensya kung paano nilalagay, dinadala, at ibinabaon ang abo sa dumping site.
- Walang nakitang pampublikong impormasyon o impormasyon mula sa kliyente tungkol sa polusyon sa tubig dagat.
- Ang 2012 ulat ng inhinyero ay nagrekomenda ng paghahanda ng isang integrated management plan upang protektahan ang reserbang groundwater. Binabanggit ng ESMR na hindi malinaw kung ang planong iyon ay isinagawa na at kung mayroong anumang epekto sa mga komunidad.

Pinagsama-samang epekto

- Ipinagkaloob ang Environmental Compliance Certificate (ECC) sa TPC para sa 2x83MW expansion project noong 2012. Ang ESMR ay binabanggit na ang ikalawang yugto ng proyekto ay hindi pa naipapatupad. Hindi malinaw kung may mga planong gawin ito.
- Hindi tinatalakay ng ESMR kung ang isang sapat na cumulative impact assessment ng TPC1A ay naihanda. Gayunpaman, sinabi nito na ang source emission, kalidad ng hangin sa kapaligiran at pag-monitor sa antas ng ingay ay sinusubaybayan ng isang independiyenteng service provider sa mga pasilidad ng TPC (TPC1A, Santi Power Station at Carmen Power Station) at CEDC at lahat sila ay sumusunod sa mga kahingian ng regulasyon.

Biodiversity

- Binabanggit ng ESMR na ang impormasyong ibinigay ng planta ng kuryente ay hindi sapat upang masuri ang marine ecosystem na katabi ng planta at mga potensyal na epekto nito sa protektadong seascape.

Mga Obserbasyon ng CAO

- Ang kliyente ay nagbigay ng pondo sa proyekto kasunod ng 2011 equity investment ng IFC. Dahil ito ay isang Kategoriya A na proyekto, ang kliyente ay kinakailangang ipaalam nang maaga sa IFC ang layunin nitong tustusan ang planta ng kuryente, tasahin ang kontrata ayon sa batas sa pamamahala ng planta ng kuryente alinsunod sa Performance Standards ng IFC (2006) at pangasiwaan ang mga operasyon ng planta ng kuryente upang matiyak ang pagsunod sa PS. Bago ang ESMR, ang pangangasiwa ng IFC ay hindi nagpapatunay kung tinasa ang kontrata ayon sa batas at kung pinangangasiwaan ng kliyente ang planta ng kuryente alinsunod sa PS.
- Ang ESMR ay nagpapakita ng sapat na pagsuri sa disenyo ng planta ng kuryente at mga pangunahing operasyon nito na may kaugnayan sa kahingian ng IFC E&S. Kasama sa mga

¹⁹⁵ Kessels, J. and Baruya, P. (2013), Prospects for coal and clean coal technologies in the Philippines, p.39, at <https://bit.ly/3k5QqLY>

kakulangan sa ESMR ang hindi sapat na pagtatasa ng pakikipag-ugnayan sa stakeholder, kalusugan ng komunidad, at paggamit ng tubig.

- Binanggit ng ESMR ang mga panganib na may kaugnayan sa ilang Performance Standards, na ang karamihan ay nauugnay sa mga kakulangan sa impormasyon. Ang kakulangan ng pagbisita sa site at pakikipanayam sa mga taong apektado ng proyekto at ang limitadong dokumentasyon ng E&S na maaaring makuha ng konsultant ng IFC ay naging mga hamon sa pagtatasa sa pagsunod ng planta ng kuryente sa mga pamantayan ng IFC.
- Ang maaaring makuha na dokumentasyon ay hindi nagsasaad na naihanda ang pagsusuri sa pinagsama-samang epekto sa kalidad ng hangin sa kapaligiran at paggamit ng tubig alinsunod sa PS (PS 1, para 8; PS3, para 11). May kaugnayan ito dahil ang proyekto ay kasangkot sa pagpapalawak ng isang umiiral na pasilidad.
- Ang pamamahala, transportasyon at pagtatapon ng coal ash ay maaaring magpakita ng malaking panganib sa kontaminasyon sa kapaligiran at mas mataas na panganib sa kalusugan ng mga lokal na komunidad.¹⁹⁶ Ang plantang ito ay inaasahang makakagawa ng 100,000kgs na abo bawat araw. Habang ang reklamo ay nagpapahayag ng alalahanin tungkol sa transportasyon ng coal ash, ang ESMR ay hindi nagbibigay ng katiyakan na ang prosesong ito ay isinasagawa alinsunod sa PS ng IFC. Sa halip, itinala ng ESMR na ang transportasyon at pagtatapon ng coal ash ay pinamamahalaan ng isang third party ngunit walang ebidensyang ibinigay para sa prosesong iyon. Hinudyatan ito ng ESMR bilang isang medium risk non-conformance sa IFC PS.
- Ang isang kasunod na ulat sa pangangasiwa ng kliyente ay inuulit ang mga natuklasan at rekomendasyon mula sa ESMR. Hindi ito nagpapakita ng anumang karagdagang katibayan ng pagsunod ng planta ng kuryente sa mga kahingian ng IFC E&S.
- Ang dokumentasyon ng pangangasiwa ng IFC ay hindi nagsasaad ng komento kung ang ESMR at ang kasunod na pagbisita sa site ng kliyente ay nagbibigay ng sapat na katibayan upang masabi na nasusunod ng kliyente ang Performance Standards sa planta na pinapagana ng karbon (IFC ESRP 9.2.6).

9 – Atimonan One Energy

<i>Lokasyon</i>	Barangay Vila Ibaba, Atimonan, Quezon
<i>Estado</i>	Mga aktibidad sa paghahanda ng site
<i>Sukat at Teknolohiya</i>	1200 MW (2x600MW) Ultra-Supercritical
<i>Tinatayang Taunang Carbon Emissions¹⁹⁷</i>	Hanggang 9.4 MT
<i>Layo mula sa hangganan ng planta patungong pinakamalapit na komunidad</i>	500-700m hanggang sa resettlement site

¹⁹⁶ Kravchenko, J; and Lyerly, H. Kim (2018), *The Impact of Coal-Powered Electrical Plants and Coal Ash Impoundments on the Health of Residential Communities*. North Carolina Medical Journal. Makukuha sa <https://bit.ly/3rOf4Sk>.

¹⁹⁷ Ang estimation ay batay sa hawak na dokumentasyon ng E&S, (hal. EIS, Engineer's Report, PDR at ESMR) at/o taunang GHG emissions na tinatantiya bilang: capacity * capacity factor * heat rate * emission factor.

Pagkasangkot ng RCBC	Kumpirmadong aprubadong pagkasangkot noong 2017 ¹⁹⁸
Inihandang ESMR ng RCBC	Wala
Nauugnay na Performance Standards (2012)	Mga Alegasyon ng naghain ng reklamo
PS1: Pakikipag-ugnayan sa mga apektado	Kakulangan ng konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito: sa partikular, hindi sapat na konsultasyon (na may partikular na pagtukoy sa mga konsultasyon noong 2015) at maling representasyon ng proyekto bilang isang liquified natural gas (LNG) na proyekto.
PS4: Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad	Pagkabahala sa panghinaharap na masamang epekto sa kalusugan dala ng polusyon.
PS1: Pagtukoy ng Mga Panganib at Epekto PS5: Pagpapaalis mula sa tinitirhan at pinagtatrabahuan	Nababahala ang komunidad na sila ay paaalisin sa kanilang pinagtatrabahuan at hindi mabibigyan ng kompanya ng kahit na anong oportunidad sa trabaho. Simula nang isumite ang reklamong inihain, ipinarating ng mga nagrereklamo ang kanilang pagkabahala sa proseso ng pagpapaalis (na may mga epekto sa mga kabuhayan) pati na rin ang hindi sapat na kondisyon sa lugar na paglilipatan.
PS 6: Biodiversity, Natural Habitats	Ang ipinapanukalang planta ay may banta sa Lamon Bay.
Buod ng mga nakalap na impormasyon	
<ul style="list-style-type: none"> Noong 2012, ang Meralco at isang Japanese power company ay nagkaroon ng mga pag-uusap at nagkomisyon ng mga pag-aaral para bumuo ng LNG power plant.¹⁹⁹ Isang Environmental Impact Statement (EIS) para sa isang coal-fired power plant ang inihanda sa pagitan ng Marso 2014 at Hunyo 2015.²⁰⁰ Sinabi ng EIS na pinili ang karbon kaysa sa LNG dahil sa isang nawawaring hindi kanais-nais na regulasyong pangkapaligiran. Ang ibang mga alternatibong enerhiya ay hindi tinalakay sa EIS. Naantala ang konstruksyon dahil sa legal na hamon sa Korte Suprema ng isang grupo ng mga mamimili.²⁰¹ 	

¹⁹⁸ Meralco Q3 2017 Earning Call. IEEFA (October 2017) *Carving out coal in the Philippines*. Makukuha sa <https://bit.ly/3kiv1MQ>

¹⁹⁹ Business Inquirer, August 2012, *Meralco, Japan firm in talks to build LNG plant in Quezon*. Makukuha sa <https://bit.ly/3lgayq>. IEEFA (October 2017) *Carving out coal in the Philippines*. Makukuha sa <https://bit.ly/3kiv1MQ>.

²⁰⁰ Aperçu Consultants Inc, *Environmental Impact Statement, A1E 2X600MW Coal-Fired Power Plant Project, Barangay Villa Ibaba, Atimonan, Quezon*.

²⁰¹ Meralco, Annual Report 2019, SEC form 17-A, pp.99-100, <https://bit.ly/3ppigne>.

- Noong 2018, tinukoy ang Atimonan bilang "proyekto na may pambansang kahalagahan" ayon sa Executive Order 30, na nagbibigay-daan para sa isang mas mabilis na proseso ng pag-apruba at ipinagpapalagay na may naunang pag-apruba ng gobyerno na walang pagtutol sa loob ng 35 araw ng trabaho.²⁰²
- Walang inihandang ESMR para sa Atimonan. Noong 2017, nilagdaan ng RCBC ang isang mandate letter kasama ang 7 iba pang lokal na bangko para pondohan ang planta. Noong 2020, iniulat ng RCBC sa IFC na wala itong namumukod-tanging pagkasangkot sa Atimonan.

Mga Konsultasyon sa Naapektuhan

- Naglista ang EIS ng iba't-ibang pulong para sa impormasyon at focus group discussions na isinagawa mula Marso hanggang Hulyo 2014 kasama ang mga NGO, mga residente, at mga lokal na opisyal. Ang mga ipinarating na mga alalahanin sa mga pulong na iyon ay mga usapin mula sa polusyon sa hangin, lupa, at polusyon sa tubig, mga epekto sa mga marine life at kalusugan ng komunidad, proseso ng paglilipat, at mga kabuhayan.
- Lumabas sa coverage ng media ang malakas na oposisyon ng publiko sa planta simula 2015. Noong 2015, pinetisyon ng mga kasapi ng komunidad at mga NGO ang Environment Management Bureau (EMB) para ikansela ang ECC na ipinagkaloob noong taong iyon; ibinasura ang petisyon.²⁰³ Noong Nobyembre 2019, nagsumite ng isa pang petisyon sa EMB ang isang koalisyon ng NGO, mga kasapi ng komunidad at mga lider ng simbahan upang hilingin ang kanselasyon o suspensiyon ng ECC batay sa hindi sapat na impormasyon at konsultasyon sa mga komunidad at kakulangan ng tamang permit para sa pagpuputol ng mga puno ng niyog at iba pang puno.²⁰⁴ Noong Hunyo 2020, ay hindi pa umaaksyon ang DENR sa nasabing reklamo. Noong 2020, muling inulit ng mga lider ng simbahan at mga NGO sa probinsya ng Quezon ang kanilang panawagan na ihinto ang pagpapagawa o konstruksiyon ng Atimonan.²⁰⁵

Polusyon

- Tantiya ng EIS, ang taunang pagbuga ng CO2 ay aabot sa 9 milyong metrikong tonelada sakaling tumakbo ang planta nang buong kapasidad. Ipinapalagay ng EIS na ang planta ay mag-aambag ng mas mababa sa 0.2% ng mga pagbuga ng GHG sa buong mundo. Itinala ng EIS na ang planta ay bubuo ng isang proyekto ng carbon sink upang mabawasan ang mga pagbuga ng karbon. Wala nang ibang impormasyon na ibinigay.²⁰⁶
- Ayon sa EIS, ang carbon intensity ng kuryenteng nalikha ng planta ay inaasahang magiging 1000g CO2/kWh (Ang pamantayan ng IFC EHS ay: 770g CO2/kWh.) Hindi nagkomento ang EIS sa pagtitipid sa kuryente ng planta.
- Ipinarating ng isang hiwalay na pag-aaral noong 2017 ang usapin hinggil sa panganib ng polusyong dulot ng karbon at mga pag-apaw ng karbon mula sa planta, na may materyal na epekto sa industriya ng pangingsda at agrikultura sa lugar, lalo na dahil sa mababang elevation ng nakaplanong site at ang pagiging malapit nito sa isang river basin.²⁰⁷

²⁰² Makukuha ang karagdagang detalye sa Business World (<https://bit.ly/34vqMsr>), Philippines Department of Energy (<https://bit.ly/3jA2fqB>, at <https://bit.ly/3ePU74F>)

²⁰³ Philstar, November 27, 2019, *Green groups, Quezon locals file petition vs Atimonan coal plant ECC*, makukuha sa <https://bit.ly/38BBfVK>.

²⁰⁴ Liham ng reklamo sa EMB, Nobyembre 20, 2019, nakadokumento. Tingnan rin ang: Philstar, November 27, 2019, *Green groups, Quezon locals file petition vs Atimonan coal plant ECC*, makukuha sa <https://bit.ly/38BBfVK>.

²⁰⁵ Manila Bulletin, September 1, 2020, *People's coalition, Lucena diocese oppose Quezon coal power plants*, makukuha sa <https://bit.ly/3lBKjNW>. and Business Mirror, June 18, 2020, *Quezon church leaders ask MGen to stop coal project*, makukuha sa <https://bit.ly/35n8jyF>. <https://bit.ly/35n8jyF>

²⁰⁶ Aperçu Consultants Inc, *Environmental Impact Statement, A1E 2X600MW Coal-Fired Power Plant Project, Barangay Villa Ibaba, Atimonan, Quezon*, p.324.

²⁰⁷ IEEFA (October 2017) *Carving out coal in the Philippines*. Makukuha sa <https://bit.ly/3kiv1MQ>.

Kalusugang Pangkomunidad

- Bagama't kasama ang EIS sa estadistika ng morality at morbidity sa barangay, hindi kasama dito ang anumang pagsusuri sa kung paano tatasahin at mababawasan ng planta ang mga potensiyal na mga masasamang epekto sa kalusugan ng komunidad. Ang Social Development Plan ay naglalayon na tugunan ang 'totoo at nawawaring mga banta sa kalusugan ng publiko' sa pamamagitan ng patuloy na mga aktibidad ng pakikipag-ugnayan sa mga naapektuhan.
- Ang EIS ay nagpapakita na ang mga stack emission ay naaayon sa mga pamantayan ng DENR, gayunpaman, ito ay nananatiling tahimik sa mga panganib ng alikabok sa hangin sa paligid at mga kaugnay na epekto sa kalusugan.

Pagpapaalis mula sa tinitirahan at pinagtatrabahuan / Serbisyong Eco-system

- Isinaad ng EIS na humigit-kumulang 79 na kabahayan na naninirahan sa sitio Carinay, Villa Ibaba ang ililipat.²⁰⁸ Ang resettlement ay malapit nang makumpleto pagdating ng Marso 2017.²⁰⁹
- Nagsama ang EIS ng isang Resettlement Action (RAP) Plan na tumutukoy sa IFC PS5 at nagbibigay ng kompensasyon dahil sa pagpapaalis mula sa tinitirahan at buong halaga ng pagpapalit o paglilipat.²¹⁰ Hindi tinatasa ng EIS kung ang power plant ay hahantong sa pagpapaalis sa pinagtatrabahuan.
- Itinala ng EIS na ang karamihan sa mga residente ay umaasa sa pagsasaka bilang kanilang pangunahing kabuhayan, kung saan marami rin ang umaasa sa pangangisda at pag-aalaga ng hayop. Malaking bahagi (88%) ng municipal land area ay nakalaan sa paggamit sa agrikultura, pangunahin na binubuo ng mga taniman ng niyog.
- Itinala ng EIS na ang rezoning ng lugar ng proyekto mula sa Environmental Conservation Area (ECA) patungo sa Industrial Area sa pamamagitan ng mga munisipal na ordinansa (mula 2012, 2013 at Hunyo 2015) ay hindi magkakaroon ng anumang epekto sa paggamit ng lupa ng mga host community, "lalo na dahil ang proyekto ay isa sa mga prayoridad na proyekto ng Bayan ng Atimonan."²¹¹
- Itinuring sa isang hiwalay na pagsusuri ng eksperto ng EIS ang re-zoning at ang mga sumunod na pagkawala ng 138.31ha ng ECA bilang problema, na may panganib sa biodiversity at sa mga pangkabuhayang nakabatay sa pagsasaka.

Mga Obserbasyon ng CAO

- Nangako ang kliyente na magbibigay ng pondo sa proyekto kasunod ng 2011 at 2013 equity investments ng IFC. Bilang ito ay isang Kategoriya A na proyekto, kinakailangang maipalam nang maaga ng kliyente sa IFC ang intensyon nitong pondohan ang planta, magtasa, at legal na makipagkasundo na patakbuhan ang planta alinsunod sa Performance Standards ng IFC (2012). Noong 2020, iniulat ng kliyente sa IFC na wala itong aktibong pagkakasangkot sa planta.
- Hindi naghanda ang kliyente ng ESMR ng power plant na ito, isinasaad nito na wala itong namumukod-tanging pagkakasangkot sa planta. Hindi malinaw sa CAO kung nananatiling aktibo ang pangako ng kliyente noong 2017 na pondohan ang planta.

²⁰⁸ Aperçu Consultants Inc, *Environmental Impact Statement, A1E 2X600MW Coal-Fired Power Plant Project, Barangay Villa Ibaba, Atimonan, Quezon*, p.379.

²⁰⁹ Business Mirror, March 7, 2017, *Meralco to raise P110 billion for Quezon coal plant*, makukuha sa <https://bit.ly/36oRQti> at Energy, makukuha sa <https://bit.ly/32FKEYy>.

²¹⁰ Aperçu Consultants Inc, *Environmental Impact Statement, A1E 2X600MW Coal-Fired Power Plant Project, Barangay Villa Ibaba, Atimonan, Quezon*, p.389.

²¹¹ Aperçu Consultants Inc, *Environmental Impact Statement, A1E 2X600MW Coal-Fired Power Plant Project, Barangay Villa Ibaba, Atimonan, Quezon*, Talahanayan EP18, p.370-371, p.388.

- Walang ipinakitang sapat na katwiran ang EIS sa pagpapalit mula LNG power plant patungong coal-fired power plant.
- Tanya ng EIS ang taunang pagbuga ng GHGs na hanggang 9.4m MT. Ang CO2 emissions ay napakataas - parehong sa pangkabuuan at bawat kWh, kumpara sa IFC EHS Guidelines (Talahanayan 4). Tahimik ang EIS pagdating sa pagtitipid ng enerhiya ng planta.
- Hindi kritikal na tinatasa ng EIS ang panganib ng pagpapaalis sa mga naapektuhan sa kanilang tirahan, lalo na ang mga epekto ng rezoning ng lupa para sa proyekto sa eco-system na mga serbisyo at biodiversity sa kabila ng pagtatala na ang mga kabuhayan ay higit na nakabatay sa paggamit ng agrikultura.
- Hindi nabigyang linaw ng dokumentasyon ng pamamahala ng IFC kung ang kliyente ay may kasalukuyang obligasyon na pondohan ang planta. Sakaling ang kliyente ay may patuloy na obligasyon, ang tungkulin ng IFC ay tiyakin sa sarili na tinasa ng kliyente ang E&S na panganib ng power plant alinsunod sa Performance Standards ng IFC at nailapat ang mga pamantayang ito sa mga kasunduan sa pagpopondo nito.

10 - San Miguel Corporation Global Power Limay (SMC Limay)	
<i>Lokasyon</i>	Lamao, Limay, Bataan
<i>Estado</i>	Operational (Units 1 at 2 simula 2017; Unit 3 simula 2018; Unit 4 simula 2019)
<i>Sukat at Teknolohiya</i>	600 MW (4x150MW) Sub-Critical Circulating Fluidized Bed
<i>Tinatayang Taunang Carbon Emissions²¹²</i>	Hanggang 4.6m MT
<i>Layo mula sa hangganan ng planta patungong pinakamalapit na komunidad</i>	30m hanggang sa barangay ng Lamao (pop 19,329). ²¹³
<i>Pagkasangkot ng RCBC</i>	Inutang na Pondo para sa Proyekto: 2017 ²¹⁴
<i>Inihandang ESMR ng RCBC</i>	Pebrero 2019
Kaugnay na Performance Standard (2012)	Mga alegasyon ng naghain ng reklamo
PS1: Pakikipag-ugnayan sa mga apektado	Kakulangan sa impormasyon at konsultasyon patungkol sa proyekto at sa mga epekto nito: Ilang mga tao lamang ang inimitahan upang

²¹² Ang estimation ay batay sa hawak na dokumentasyon ng E&S, (hal. EIS, Engineer's Report, PDR at ESMR) at/o taunang GHG emissions na tinatantiya bilang: capacity * capacity factor * heat rate * emission factor.

²¹³ PhilAtlas, reference 2015 Census. Makukuha sa <https://bit.ly/3sZCEwC>.

²¹⁴ SMC Global Power 2018 SEC-17a filing and 17c filing (August 2018). Makukuha sa <https://bit.ly/3jFPCu0>.

Pahayag ng Posisyon ng IFC hinggil sa di-kaaya-ayang aksyon laban sa lipunan at mga apektado ng proyekto, 2018	makilahok. Isinagawa lamang ang public hearing matapos maitayo ang planta. Pagkabahala sa mga pagbabanta at atake laban sa mga miyembro ng komunidad, kabilang ang pagtukoy sa pagpatay sa aktibistang si Gloria Capitan noong Hulyo 2016, dahil umano sa kanyang pagtutol sa mga planta ng karbon sa Bataan, kabilang ang sa Limay.
PS1: Pagtukoy ng mga Panganib at mga Epekto PS3: Mabisang Pagsinop ng Pinagkukunan PS3: Pagpigil sa Polusyon PS4: Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad	Hindi nagtatag ang kompanya ng maayos na pasilidad upang maiwasan ang pagkalat ng fly ash sa buong komunidad. Polusyon na dulot ng fly ash sa mga pananim, halaman at ilog kabilang ang pagbabawas ng mga tubig sa ilog na nagreresulta sa pagkawala ng pagka-produktibo ng mga punong namumunga at mga pananim. Mga epekto sa kalusugan (mga sakit sa бага at balat) dahil sa fly ash (na may partikular na pagtukoy sa insidente ng fly ash noong huling bahagi ng 2016/ unang bahagi ng 2017)
PS5: Pagpapaalis mula sa tinitirahan	Pagpapaalis ng ilang mga residente patungo sa resettlement area na kulang sa mga oportunidad para sa kabuhayan o walang sapat na kompensasyon.

Buod ng mga nakalap na impormasyon

- Ang SMC Limay ay agarang nasa timog ng pinagsamang refinery ng krudo at petrochemicals complex na pagmamay-ari ng Petron, sangay ng San Miguel Corporation, at isang 140 MW planta ng kuryenteng pinapagana ng karbon, na pagmamay-ari rin ng SMC.
- Naisapinal ang EIS para sa planta noong Agosto 2013.²¹⁵ Ang power plant ay tinasa ayon sa pambansang batas.
- Nagsapinal ang RCBC staff ng ESMR noong Pebrero 2019. Inihanda ito batay sa Ulat ng Independent Engineer ng planta at video conference meeting kasama ang SMC. Walang isinagawang pagbisita sa site para sa pagsusuri na ito. Ang planta ay umaandar noong panahong iyon.
- Ikinategorya ng RCBC ang E&S na panganib bilang Kategoriya A. Ipinapalagay sa ginawang pagsusuri ng ESMR na walang natukoy na dahilan ng mga panganib.

Konsultasyon sa mga Naapektuhan

- Itinala ng 2013 EIS na ang karamihan sa mga residenteng na-survey ay may negatibong opinyon patungkol sa planta at natatakot sa polusyon sa hangin, tubig at lupa, higit pa na mayroon itong mga nagdaang karanasan sa mga proyektong pang-industriya sa nasabing lugar. Inirerekomenda ng EIS na maipatupad ang isang Plano para sa Impormasyon, Edukasyon at Komunikasyon ilang buwan bago at habang itinatayo ang planta at maisaalang-alang ng isang social development na plano ang mga saloobin ng mga residente.²¹⁶

²¹⁵ LCI Envi corporation, Environmental Impact Assessment: Proposed SMC Limay 600MW power plant, August 2013.

²¹⁶ LCI Envi corporation, Environmental Impact Assessment: Proposed SMC Limay 600MW power plant, August 2013.

- Itinala ng isang third party na pagsusuri ng planta sa PS noong 2016 ang mga pagkabahala ng komunidad na walang ginanap na konsultasyon bago magsimula ang konstruksiyon at may mga alegasyon ng pananakot ng mga security guard.²¹⁷

Polusyon

- Naglahad ang EIS ng limitadong diskusyon sa kung paano kokolektahin, maiimbak at itatapon ang fly ash at kung ano ang maaaring maging kaugnay na mga epekto nito sa kalidad ng hangin sa paligid.
- Itinala sa pagsusuri ng isang 2016 third party, na sa pinakamalalang kaso, ang tinatayang taunang pagbuga ng GHG ng planta ay 4,594,163 MT na may normalized GHG emission na 966g/kWh.²¹⁸
- Noong Disyembre 2016 at Enero 2017, iniutos ng DENR sa SMC Limay na ihinto ang aktibidad “bunsod ng ash spill na iniulat na nagdulot ng pagkakasakit sa ilang mga residente.”²¹⁹ Nagpalabas ang mga awtoridad ng gobyerno ng mga pabatid ukol sa paglabag ng SMC, na nagsasaad na ang operasyon ng planta ay posibleng nagresulta sa ash spills sa mga daanan ng tubig, at ang mga fly ash mula sa planta ay iniulat na nagdulot ng problema sa paghinga sa mga lokal na residente.²²⁰ Iginiit ng SMC Limay na nagkaroon limestone powder spill, ngunit hindi coal ash spill.²²¹
- Noong Pebrero 2017 isang reklamo mula sa komunidad ang inihain sa DENR kasama ang kahilingan para sa imbestigasyon (may kasamang 649 naidokumentang reklamang pangkalusugan na isinumite ng Coal Free Bataan Movement noong mga unang bahagi ng taong 2017).²²²
- Sa parehong buwan, naipakita sa pagsusuri ng DENR sa tubig at hangin na may mga katanggap-tanggap na antas ng polusyon ayon sa pamantayan ng DENR, at ang kompanya ay pinayagang magpatuloy sa operasyon nito. Gayunpaman, hindi ipinag-utos ng DENR ang pagpapatigil sa pagtatapon ng bottom ash sa mga itinalagang imbakan.
- Sa panahon ng insidente, inamin ng kompanya sa publiko na nagkaroon ito ng mga problema sa pagtatayo ng ash pond.²²³ Itinala sa isang third party na pagsusuri noong 2016 na may mga planong magtayo ng pasilidad para sa pag-iimbak ng mga abo sa huling bahagi ng taong iyon na may layong 2km mula sa power plant at upang mabawasan ang kontaminasyon sa lupa, ipinlano ang mga hakbang sa pagpigil sa kontaminasyon tulad ng concrete lining at clay base.²²⁶
- Dagdag pa rito, kaugnay ng parehong naiulat na insidente, nagsagawa ang Department of Health ng preliminaryong pagtatasa na may petsang Enero 13, 2017.²²⁴ Isang komprehensibong

²¹⁷ SMC Limay commissioned E&S review, February 2016, makukuha sa <https://bit.ly/2Jqfei9>.

²¹⁸ SMC Limay commissioned E&S review, February 2016, see 3.4.3 makukuha sa <https://bit.ly/2Jqfei9>.

²¹⁹ DENR, January 2017, makukuha sa <https://bit.ly/3jQX6dK> at sa <https://bit.ly/32614sY>

²²⁰ DENR, makukuha sa: <https://bit.ly/32614sY>; “Lopez asked to shut down Bataan coal plant”, *Business Mirror*, February 19, 2017. SMC Limay power plant started commercial operations in May and September 2017 for units 1 & 2, respectively; Roque, V, « DENR orders suspension of San Miguel coal plan », *Power Philippines News*, <https://bit.ly/36bqczG> sa <https://bit.ly/36l5nlp>.

²²¹ DENR, makukuha sa: <https://bit.ly/32614sY>; “Lopez asked to shut down Bataan coal plant”, *Business Mirror*, February 19, 2017. SMC Limay power plant started commercial operations in May and September 2017 for units 1 & 2, respectively; Roque, V, « DENR orders suspension of San Miguel coal plan », *Power Philippines News*, <https://bit.ly/36bqczG> sa <https://bit.ly/36l5nlp>.

²²² Tupaz, V, “Bataan community asks Gina Lopez to close SMC coal plant”, February 15, 2017, <https://bit.ly/2lt217M>.

DENR, February 2017, *Lopez vows continued help to Limay coal ash spill victims*, makukuha sa <https://bit.ly/3jQX6dK>.

²²³ Torres, J, “Philippine coal plant accused of spewing toxic ash”, *Union of Catholic Asian News*, <https://bit.ly/3n570uh>.

²²⁴ Department of Health, Epidemiological Bureau, Field Epidemiology Training Program, *Preliminary report on the alleged increasing number of respiratory and skin illnesses cases in Limay, Bataan, January 2017*, Memo ibinaba noong January 13, 2017.

pagtatasa sa epekto sa kalusugan ang isinagawa noong 2018, subalit, ang ulat ay hindi isinapubliko.

- Sa kanilang taunang ulat, naglalathala ang SMC ng buod ng mga environmental control at ang kanilang taunang pagsukat ng pagbubuga ng hangin (NO_x, SO_x and PM₁₀) para sa SMC Limay. Isinaad ng SMC na ang planta ay tumatakbo sa loob ng at mababa sa naaangkop na mga lokal na limitasyon at mga emission limit na itinakda ng World Bank”. Para sa taong 2019, iniulat ng SMC ang sumusunod na emissions para sa SMC Limay: 85.4 NO_x (ppm); 89 SO_x (ppm) at 5.5 PM (Mg/Nm₃).²²⁵ Naglathala din ang SMC Limay ng ilang datos para sa lingguhang air emissions na nagpapakita ng performance bilang pagsunod sa pamantayan ng DENR at World Bank.^{226 227}
- Nagbigay ang isang NGO sa CAO ng sukat ng kalidad ng hangin sa paligid mula sa isang monitoring station na nakalagay sa isang komunidad na nakatira 1km mula sa SMC Limay power plant, na isinagawa sa loob ng anim na buwan noong 2020. Ipinapakita sa datos ang paglampas sa local ambient air quality threshold value sa maraming pagkakataon, partikular para sa PM_{2.5} (short term 24h) na sukat.
- Nilalagom ng pagsusuri ng ESMR ang lapit ng kompanya sa pamamahala at pagtatapon ng fly ash, na binanggit ang isang lugar ng imbakan ng abo na ipinagawa sa labas ng lugar ng power plant at isang pangalawang ash pond na kagagawa pa lamang. Hindi tinasa sa nasabing pagsusuri kung ang mga pasilidad at ang mga plano sa pamamahala ay nagdudulot ng kahit na anong partikular na panganib at walang ginawang pagtukoy sa insidente ng ash pill noong 2016/2017.

Pagpapaalis

- Hindi isinama ng 2013 EIS ang pagtatasa ng pagmamay-ari ng lupa sa Limay ngunit itinala na dahil ang ipinapanukalang proyekto ay itatayo sa dati nang operational na lugar ng industriya, walang residente ang mangangailangang ilipat at walang ari-arian ang kailangang masira.²²⁸
- Noong 2015, iniulat na 110 mga pamilya ang ililipat dahil sa pagtatayo ng planta.²²⁹
- Isinaad sa isang 2016 third party na pagsusuri ng power plant na kasama sa mga aktibidad bago ang pagpapatayo ng planta ay ang pagkamit ng lupain, at paglilipat ng pagmamay-ari, subalit ang mga ispesipikong detalye ay hindi tinalakay.²³⁰
- Noong 2017, pinagtibay ng DENR na nagbigay ng katiyakan ang mga awtoridad ng probinsya na magkaloob ito ng pabahay para sa 250 na apektadong pamilya sa loob ng 3-5 buwan. Ang mga informal settler sa loob ng SMC Limay buffer zone ang unang bibigyang prayoridad.²³¹ Walang nakitang bagong impormasyon upang mapatunayan kung naipagkaloob ba ang sapat na mga pabahay o kompensasyon.
- Isinaad sa ESMR review na ang PS 5 ay hindi natupad sa dahilang ang planta ay itinayo sa isang umiiral na industrial na estate at hindi nagresulta sa relokalasyon ng komunidad. Walang umiiral na isang independent na pagsusuri sa pagmamay-ari ng lupa at zoning sa lugar na ito upang kumpirmahin ang PS5.

Mga Obserbasyon ng CAO

²²⁵ SMC Global Power Holdings Corp, 2018 and 2019 Annual Reports, SEC filings 17-A. Para sa karagdagang detalye, tingnan ang <https://bit.ly/31TafwY>.

²²⁶ SMC Global Power Limay Disclosure makukuha sa <https://bit.ly/38rEsHE>.

²²⁷ SMC Global Power Limay, makukuha sa <http://bit.ly/38rEsHE>

²²⁸ LCI Envi corporation, Environmental Impact Assessment: Proposed SMC Limay 600MW power plant, August 2013.

²²⁹ Karunungan, R.J, “Coal power plants in Bataan commit human rights violations”, August 6, 2015, makukuha sa <https://bit.ly/3eh8iiG>.

²³⁰ SMC Limay commissioned E&S review, February 2016, makukuha sa <https://bit.ly/2Jqfei9>.

²³¹ DENR, makukuha sa <https://bit.ly/2HVBZdu>.

- Nagbigay ang kliyente ng pondo sa proyekto kasunod ng 2011 at 2013 equity investments ng IFC. Bilang ito ay isang Kategoriya A na proyekto, kinakailangang maipaalam nang maaga ng kliyente sa IFC ang intensyon nitong pondohan ang planta, magtasa, at legal na makipagtipan sa planta na patakbuhan alinsunod sa Performance Standards ng IFC at pangasiwaan ang mga operasyon ng planta upang masiguro na tumatalima ito sa PS. Bago ang ESMR, ang pangangasiwa ng IFC ay hindi nagpapatunay kung tinasa, legal nakipagkasundo at taunang pinangasiwaan ang planta alinsunod sa PS.
- Ang ESMR review ay tanging nakabatay lamang sa pagsusuri ng mga Ulat ng Independent Engineers at video conference call kasama ang SMC Limay. Ang ulat ay inihanda batay sa limitadong bilang ng pagkukunan at kulang sa kritikal na pagpapatibay ng impormasyon at pagsusuri. Kabilang sa mga pangunahing kakulangan sa ESMR ang (a) walang direktang diskusyon sa mga usapin ng mga naghain ng reklamo; (b) hindi sapat na pagtatasa ng kalidad ng hangin sa kapaligiran at pamamahala ng abo (c) pangkahalatang mahinang pagsusuri ng mga isyung panlipunan; at (d) hindi sapat na pagsaklaw ng mga PS1 na usapin tulad ng pampublikong ulat ng pagsalungat ng komunidad at mga pormal na reklamong inihain.
- Hindi tinatalakay ng ESMR ang malawakang iniulat na insidente ng ash spill noong 2016/2017, pagpapatupad ng kahit na anong remedyal na aksyon at ang kasapatan ng lapit ng planta sa pamamahala ng abo.
- Katulad ng naunang nabanggit, nagbigay ng kongklusyon ang ESMR na hindi na-trigger ang PS5. Ang mga impormasyon ay hindi sumusuporta sa kongklusyon na ito. Sa partikular, ang 2016 na third party na pagsusuri at ang 2017 na pahayag ng DENR ay nagtala ng pagkamkam ng lupain at pagpapaalis.
- Sa kasong ito, nalimitahan ang pagtatasa ng ESMR hinggil sa pagtalima ng planta sa lahat ng kaugnay na IFC E&S na pamantayan dahil sa hindi sapat na pag-access sa at kritikal na pagsusuri ng mga nauugnay na impormasyon ng E&S sa malawak na hanay ng mga usapin.
- Walang binibigay na komento sa dokumentasyon ng pamamahala ng IFC kung ang ESMR ay nagbibigay ng sapat na katibayan na nailapat ng kliyente ang Performance Standards sa coal-fired power plant (IFC ESRP 9.2.6).

11- San Miguel Consolidated Power Corporation Malita (SMC Malita) o SMC Davao	
<i>Lokasyon</i>	Malita, Davao Occidental
<i>Estado</i>	Operational (Unit 1 simula Hulyo 2017; Unit 2 simula Pebrero 2018)
<i>Sukat at Teknolohiya</i>	300 MW (2x150MW). Sub-Critical Circulating Fluidized Bed
<i>Tinatayang Taunang Carbon Emission²³²</i>	1.4-2m MT
<i>Layo mula sa hangganan ng planta patungo sa pinakamalapit na komunidad</i>	30-150m patungo barangay ng Poblacion sa Timog

²³² Ang estimation ay batay sa hawak na dokumentasyon ng E&S, (hal. EIS, Engineer's Report, PDR at ESMR) at/o taunang GHG emissions na tinatantiya bilang: capacity * capacity factor * heat rate * emission factor.

<i>Pagkakasangkot ng RCBC</i>	Inutang na Pondo ng Proyekto: 2017 at 2018 ²³³
<i>Inihandang ESMR ng RCBC</i>	Pebrero 2019
Kaugnay na Performance Standards (2012)	Mga Alegasyon ng Naghain ng Reklamo
PS 1: Pakikipag-ugnayan sa mga apektado	Kakulangan sa sapat na impormasyon at makabuluhang konsultasyon kasama ang mga komunidad, na natatakot sa negatibong epekto.
PS1: Pagtukoy sa mga Panganib at Epekto PS3: Pagpigil sa Polusyon PS4: Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad	Simula nang isumite ang reklamong inihain, ang mga nagrereklamo ay nagpahayag ng diumano'y mga epekto dahil sa polusyon sa hangin at iniulat ang mga pagtaas ng ubo, rashes at pangangati sa balat, mabigat na paghinga sa komunidad pati na rin ang epekto nito sa kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda dahil sa polusyon sa tubig at pananim at halaman.
Buod ng Impormasyon	
<ul style="list-style-type: none"> ● Nagsapinal ang staff ng RCBC ng ESMR noong Pebrero 2019. Ihinanda ito batay sa desk review ng Ulat ng Independent Engineer ng planta at pulong sa pamamagitan ng video conference kasama ang SMC Davao at ang parent company na SMC Global Power Holdings. Ang power plant ay tumatakbo noong panahong iyon. ● Kinategorya ng RCBC ang E&S na panganib bilang Kategoriya A. Nagbigay ng kongklusyon ang ESMR na walang tukoy na mga salik ng panganib at may matibay na ebidensiya na ang coal-fired power plant ay tumalima sa karamihan ng mga requirements ng PS. <p>Pakikipag-ugnayan sa mga Apektado</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Binanggit ng ESMR ang mga aktibidad sa pagkakawanggawa ng SMC Global Power at SMC Foundation. Hindi tinasa ang pagiging epektibo ng mga programang iyon at kung ang mga ito ay bumubuo ng sapat na pakikipag-ugnayan sa mga naapektuhan ayon sa PS1. <p>Polusyon</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Ang ESMR ng planta ay nagsasagawa ng pagsubaybay sa kalidad ng hangin sa paligid sa tatlong kalapit na mga bayan. Isinaad ng ESMR na ang buwanang pagsubaybay sa pagitan ng 2016-2018 ay nasa loob ng pambansang limitasyon para sa 2 oras na tagal. ● Naglalathala ang SMC ng buod ng mga environmental control at mga taunang pagsukat ng air emissions (NOx, SOx, at particulate matter PM₁₀) para sa SMC Davao simula noong 2018. Sinasabi ng SMC na ang planta ay tumatakbo sa loob ng at mababa sa naaangkop na mga lokal na limitasyon at emission limit na itinakda ng World Bank". Para sa taong 2019, iniulat ng SME ang 	

²³³ Noong Disyembre 2017, ang RCBC ay pinangalanan bilang co-arranger ng isang bond na nagtatala ng pamumuhunang muli ng Davao Greenfield bilang paggamit ng pondo. Makukuha ang karagdagang detalye sa <https://bit.ly/3e4OqiS>. SMC Global Power 2018 SEC-17a filing and 17c filing (August 2018). Maukuha sa <https://bit.ly/3jFPCu0> at <https://bit.ly/31TggtE>.

mga sumusunod na mga emisyon para sa SMC Davao: 68.2 NOx (ppm); 71.7SOx (ppm) at 6.2 PM (Mg/Nm₃).²³⁴

- Itinala ng ESMR na ang pagtatapon ng fly ash at bottom ash ay naging isang agarang panganib dahil ang kasalukuyang ash pond ay mauubusan ng espasyo sa loob ng dalawang buwan. Binanggit ng ESMR ang impormasyon ng kompanya na simula noong Pebrero 2019 ang planta ay nagtatayo ng pangalawang ash pond at nakikipag-negosasyon sa pagbebenta sa industriya ng semento. Hindi malinaw kung ang pangalawang ash pond ay operational at kung ang pakikipag-areglo sa mga kompanya ng semento ay nakumpirma.

Mga Obserbasyon ng CAO

- Nagbigay ang kliyente ng pondo sa proyekto kasunod ng 2011 at 2013 equity investments ng IFC. Bilang ito ay isang kategorya A na proyekto, kinakailangang maipaalam nang maaga ng kliyente sa IFC ang intensyon nitong pondohan ang planta, magtasa, at legal na makipagtipan sa planta na patakbuhan alinsunod sa Performance Standards ng IFC (2012) at pamahalaan ang mga operasyon ng power plant upang masiguro na tumatalima ito sa PS. Bago ang ESMR, ang pamamahala ng IFC ay hindi nagpapatunay kung tinasa, legal na nakipagkasundo at taunang pinangasiwaan ang planta alinsunod sa PS.
- Ang ESMR ay tanging nakabatay lamang sa pagsusuri ng mga Ulat ng Independent Engineers at video conference call kasama ang SMC Davao. Hindi nagpapakita ng sapat na impormasyon ang ESMR upang patunayan na ang planta ay nagpatupad ng sapat na proseso ng konsultasyon sa mga naapektuhan at pagsisiwalat ng impormasyon alinsunod sa PS1.
- Isinaad ng ESMR na ang planta ay tumatakbo alinsunod sa pamantayan ng World Bank air emissions, subalit, ang buod ng datos ay hindi ipinakita. Iniulat ng SMC sa kanilang pagsisiwalat sa publiko na ang emissions ay mas mababa sa pamantayan ng World Bank. Hindi tinasa ng ESMR ang kasapatan ng measurement protocols ng planta.
- Ang mga aktibidad ng RCBC kaugnay sa pamamahala ay hindi nakapagpatunay ng sapat na pagsubaybay sa pamamahala ng abo ng planta. Mahalaga ang pagsasaalang-alang sa mga reklamong nauugnay sa kalusugan, pagtatasa, at pagtiyak sa pagtalima sa pagtatapon ng abo alinsunod PS 3.
- Ang dokumentasyon ng pamamahala ng IFC ay hindi nagbibigay ng komento kung ang ESMR ay nagbibigay ng sapat na katibayan na inilapat ng kliyente ang Performance Standards sa coal-fired power plant (IFC ESRP 9.2.6).

Buod ng mga Kaugnay na Kahingian ng IFC

2012 PS Topic	Buod ng kahingian
PS1: Pagtukoy ng mga Panganib at Epekto	Pagtukoy sa mga panganib at epekto sa lugar ng impluwensya ng Proyekto, kabilang ang mga epekto sa mga serbisyong naibibigay ng ecosystem kung saan umaasa ng kabuhayan ang mga apektadong komunidad (para 8). Ang lugar ng impluwensya ng isang proyekto ay kinabibilangan ng: (a) lugar na malamang na maaapektuhan ng proyekto; (b) kaugnay na mga pasilidad ng proyekto; (c) pinagsama-samang mga epekto na nagresulta mula sa karagdagang epekto ng proyekto at mula sa iba pang umiiral na mga pasilidad.

²³⁴ SMC Global Power Holdings Corp, 2018 and 2019 Annual Reports, SEC filings 17-A. Para sa karagdagang detalye, tingnan ang <https://bit.ly/31TafwY>.

<p>PS1: Pakikipag-ugnayan sa mga apektado</p>	<p>PS 1: Pakikipag-ugnayan sa mga apektado (para 25-33). Ang epektibong konsultasyon ay dapat magsimula nang maaga sa proseso ng pagkilala sa E&S risk, na nakabatay sa paunang paghahayag ng impormasyon, pagtuon sa inklusibong pakikipag-ugnayan, walang anumang manipulasyon, pagsuporta sa makabuluhang pakikilahok at pagdodokumento (para 30). Kapag may potensyal na masasamang epekto sa mga komunidad, ang proyekto ay kinakailangan na magsagawa ng isang Informed Consultation and Participation na proseso (para. 31).</p>
<p>PS3: Mabisang Pagsinop ng Pinagkukunan</p>	<p>Ang isang proyekto ay hindi dapat magkaroon ng masamang epekto sa paggamit ng tubig sa komunidad (para 9).</p>
<p>PS3: Pag-iwas sa Polusyon</p>	<p>liwasan ng kliyente ang pagpapalabas ng mga pollutant o, kapag hindi ito magagawa, bawasan at/o kontrolin ang lakas at dami ng paglabas ng mga ito. Tumutukoy ito sa pagpapalabas ng mga pollutant sa hangin, tubig, at lupa dahil sa nakagawian, hindi nakagawian, at hindi sinasadyang mga pangyayari na may potensyal na makaapekto sa lokal, rehiyonal, at transboundary na mga lugar.</p> <p>Ang mga peligrosong materyales ay minsan ginagamit bilang raw material o bilang produkto ng proyekto. liwasan ng kliyente o, kapag hindi posible ang pag-iwas, ay babawasan at kokontrolin ang paglabas ng mga peligrosong materyales. Sa kontekstong ito, ang produksyon, transportasyon, pangangasiwa, pag-iimbak, at paggamit ng mga peligrosong materyales para sa mga aktibidad ng proyekto ay dapat masuri (para. 10-13).</p> <p>Paggamit ng mga control measure upang maiwasan, mabawasan, at kontrolin ang mga paglabas ng particulate matter (EHS: Thermal Power Plants).</p>
<p>PS4: Kalusugan at Kaligtasan ng Komunidad</p>	<p>Susuriin ng kliyente ang mga panganib at epekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga Apektadong Komunidad sa panahon ng proyekto at magtatatag ng mga preventive at control measure na naaayon sa good international industry practice (GIIP), tulad ng sa World Bank Group Environmental, Health and Safety Guidelines (EHS Guidelines) o iba pang kinikilalang batayan sa buong mundo.</p> <p>Ang kliyente ay magdidisenyo, magtatayo, magpapatakbo, at magde-decommission ng mga istruktura o bahagi ng proyekto alinsunod sa GIIP, na isinasaalang-alang ang mga panganib sa kaligtasan ng mga third party o Apektadong Komunidad.</p> <p>liwasan o babawasan ng kliyente ang potensyal para sa pagkakalantad ng komunidad sa mga peligrosong materyales at sangkap na maaaring mapakawalan ng proyekto (para 5-7).</p>
<p>PS5: Pagpapalano at Pagpapatupad ng Resettlement at Livelihood Restoration</p>	<p>Maghanda ng Resettlement o Livelihood Action Plan (para 12-16) na kinabibilangan ng kompensasyon sa buong halaga ng pagbabago, bawasan ang mga negatibong epekto ng resettlement at ipatupad ang livelihood restoration plan.</p>

<p>PS5: Physical Displacement</p>	<p>Sa kaso ng physical displacement, bubuo ang kliyente ng Resettlement Action Plan na sumasaklaw, sa pinakamababa, sa mga naaangkop na kahingian ng Performance Standard anuman ang bilang ng mga taong apektado. Kabilang dito ang kabayaran sa buong halaga ng pagbabago para sa lupa at iba pang mga ari-arian na nawala. Ang Plano ay ididiseno upang bawasan ang mga negatibong epekto ng displacement; tukuyin ang mga pagkakataon sa pag-unlad; bumuo ng badyet at iskedyul ng resettlement; at itatag ang mga karapatan ng lahat ng kategorya ng mga apektadong tao (kabilang ang host community). Partikular na atensyon ang ibibigay sa mga pangangailangan ng mahihirap at mahihina (para. 19).</p>
<p>PS5: Economic Displacement</p>	<p>Ang mga taong nawalan o lubhang naapektuhan ang kabuhayan o antas ng kita ay bibigyan din ng mga pagkakataon upang mapabuti, o ibalik man lamang ang mga pamamaraan ng kakayahang kumita, antas ng produksyon, at pamantayan ng pamumuhay: Para sa mga taong ang kabuhayan ay nakabatay sa likas na yaman at kung saan mayroong mga paghihigpit na inaasahan na kaakibat ng proyekto sa talata 5, gagawin ang pagpapatupad ng mga hakbang upang pahintulutan ang patuloy na pagpunta sa mga apektadong mapagkukunan o magbigay ng pahintulot sa mga alternatibong mapagkukunan na may katumbas na potensyal na kumita ng kabuhayan at aksesibilidad (para 28).</p>
<p>PS6: Pangangalaga sa Biodiversity at Mabuting Pangangasiwa sa mga Nabubuhay na Likas na Yaman</p>	<p>Isaalang-alang ang direkta at hindi direktang mga epektong kaakibat ng proyekto sa biodiversity at mga serbisyo ng ecosystem at tukuyin ang iba pang mahalagang epekto. Isasaalang-alang ng prosesong ito ang mga nauugnay na banta sa biodiversity at mga serbisyo ng ecosystem, lalo na sa pagtutuon ng pansin sa pagkawala ng tirahan, pagkasira at pagkahiwa-hiwalay, invasive alien species, labis na pagsasamantala, pagbabagong hydrological, nutrient loading, at polusyon. Isasaalang-alang din nito ang magkakaibang mga pagpapahalaga na nakaugnay sa biodiversity at mga serbisyo ng ecosystem ng mga Apektadong Komunidad at, kung naaangkop, ng iba pang mga stakeholder.</p>
<p>PS7: Mga Katutubong Mamamayan</p>	<p>Ang Performance Standard ay tumutukoy sa mga grupo o komunidad ng mga Indigenous Peoples (IP) na nagpapanatili ng sama-samang pagkakaugnay sa mga natatanging tirahan o ancestral territories, at maaaring kabilang ang mga komunidad na hindi nakatira sa mga lupang apektado ng proyekto ngunit nananatili ang kaugnayan sa mga lupaing iyon sa pamamagitan ng tradisyonal na pagmamay-ari at/o nakagawiang paggamit, kabilang ang pana-panahon o paulit-ulit na paggamit (PS 7/GN 7).</p> <p>Panatilihin ang mga karampatang panlabas na eksperto upang tumulong sa pagsasagawa ng pagtatasa ng epekto ng tradisyonal o nakaugaliang paggamit ng lupa at likas na yaman ng mga IP, at anumang ad hoc, pana-panahon, o paulit-ulit na paggamit ng lupa at likas na yaman (PS 7/GN 42).</p> <p>Kukuha ang kliyente ng Free, Prior and Informed Consent (FPIC) ng mga Apektadong Komunidad ng Indigenous Peoples sa ilang partikular na sitwasyon, kabilang ang sitwasyon kung saan inaasahan ang mga epekto sa lupa at likas na yaman na napapailalim sa tradisyonal na pagmamay-ari o paggamit (para 11).</p>

Annex E: Pagtatasa ng CAO hinggil sa Posibilidad ng mga Epekto ng Inirereklamong Sub-Proyekto

Nilalagom sa mga sumusunod na talahanayan ang mga usapin sa antas ng bawat inirereklamong sub-proyekto at ang pagtatasa ng CAO hinggil sa posibilidad ng epekto at panganib. Ito ay dapat na basahin kasama ng mas detalyadong talahanayan sa bawat sub-proyekto sa Annex D. Ang mga kongklusyon na ito ay naabot batay sa pagsusuri ng mga impormasyon na partikular sa bawat planta at/o lokasyon, na pinupunan ng/inihahambing sa pagsusuri ng pangkalahatang impormasyon sa mga kaugnay na usapin (tulad ng mga kilalang epekto sa kalusugan kaugnay ng mga plantang pinapagana ng karbon), at ng impormasyon na partikular sa pambansang konteksto ng Pilipinas (tignan ang Annex C), at sa kawalan ng kapani-paniwalang kasalungat na impormasyon. Kasama sa mga impormasyong sinuri ay ang dokumentasyon sa environmental assessment ng planta, impormasyon ng IFC, pampublikong mga ECC, mga dokumentasyon at aksyon ukol sa pagpapatupad, mga ulat ng media, satellite imaging, mga hiwalay na pag-aaral, at mga panayam sa eksperto. Kaugnay ng bawat usapin ng reklamong inihain, gumagawa ang CAO ng mga sumusunod na pagtatasa:

- Mataas ang Posibilidad: ang mga nakahandang impormasyon ay matibay na sumusuporta sa kongklusyon ng epekto sa antas ng sub-proyekto.
- May Posibilidad: ang mga nakahandang impormasyon ay sumusuporta sa kongklusyon ng epekto sa antas ng sub-proyekto, ngunit, mayroong hindi sapat na impormasyon upang suportahan ang kongklusyon na ang epekto ay may mataas na posibilidad.
- Walang tiyak na kongklusyon: ang mga nakahandang impormasyon ay tumataliwas at/o hindi sapat upang matukoy ang posibilidad ng epekto sa antas ng sub-proyekto level.

	Sub-proyekto na Inirereklamo	Mga Usaping Ipinarating sa Reklamong inihain ²³⁵	Pagtatasa ng CAO sa posibilidad ng mga epekto at panganib sa antas ng sub-proyekto
1	Pagpapalawak ng Masinloc Power Partners	Kontaminasyon ng mga pananim dulot ng abo ng karbon	May posibilidad
		Pagkawala ng kabuhayan bilang resulta ng kontaminasyon sa mga pananim at epekto nito sa pangingsda.	May posibilidad
		Kakulangan sa konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito.	May posibilidad
2	GN Power Dinginin Ltd. (GNCP2)	Mga epekto sa Kalusugan kaugnay ng polusyon dulot ng karbon	May posibilidad
		Pagkawala ng kabuhayan dala ng pagharang sa access sa dagat para sa mga mangingsda at kontaminasyon ng mga tubig na pinapangisdaan.	Walang Tiyak na Kongklusyon

²³⁵Ang kakulangan ng mekanismo para sa karaingan ng mga inihain reklamo ng PS ay hindi isa-isang nailista para sa bawat planta ngunit isinaalang-alang na mataas ang posibilidad kaugnay sa lahat ng planta dahil sa mga sumusunod na dahilan: (a) nagsama ng mas mahigpit na requirement ang IFC PS kaysa sa pambansang balangkas; (b) ang approach ng pambansang pribadong sektor sa Corporate Social Responsibility (CSR) at ang pakikipag-ugnayan sa komunidad, na sumasalamin sa kasanayan ng operator ng mga power plant, ay higit na nakatuon sa kawanggawa at panlipunang pag-unlad kaysa sa IFC PS1; (c) sa ilang mga pagkakataon ang mga kakulangan na ito ay tahasang nakumpirma.

		Pagkawala ng mga hayop bilang resulta ng kontaminadong mga halaman	Walang Tiyak na Kongklusyon
		Hindi sapat na kompensasyon para sa pagpapaalis mula sa lugar na tinitirhan	Walang Tiyak na Kongklusyon
		Paghihigpit sa access sa lupa ng mga Katutubong Dumagat	Walang Tiyak na Kongklusyon
		Kakulangan sa konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito, at pananakot sa mga anti-coal na aktibista (ipinarating ito sa reklamong inihain at sa pinakabagong impormasyon mula sa mga nagrereklamo)	May posibilidad
3	South Luzon Thermal Energy Corp. (SLTEC) ²³⁶	Kawalan ng kabuhayan dala ng kontaminasyon ng mga pananim dala ng abo ng karbon	Mataas ang Posibilidad
		Epekto sa access sa tubig dala ng bumabang lebel ng tubig sa artersian pump wells	Walang Tiyak na Kongklusyon
		Pagguho ng baybayin dahil sa pagtatag ng planta na may epekto sa rest house na negosyo ng isang tao.	Walang Kaugnayan sa SLTEC ²³⁷
		Kakulangan sa konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito.	May posibilidad
4	San Buenaventura (SBPL)	Epekto sa kalusugan (dahil sa kontaminasyon ng heavy metals mula sa fly ash). Simula nang isumite ang reklamong inihain, ipinarating ng mga nagrereklamo ang kanilang pagkabahala hinggil sa patuloy na polusyon sa tubig at hangin.	May posibilidad
		Epekto sa biodiversity ng tubig sa pamamagitan ng kontaminasyon ng mga heavy metals. Simula nang isumite ang reklamong inihain, ipinarating ng mga nagrereklamo ang kanilang pagkabahala hinggil sa patuloy na polusyon sa tubig na nakakaapekto sa mga mangingisda.	Walang Tiyak na Kongklusyon
		Kakulangan sa konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito.	May posibilidad
5	Panay Energy Development Corp (PEDC)	Epekto sa kalusugan kaugnay ng polusyon ng karbon (coal pollution) sa Barangay Nipa, Concepcion, Iloilo	Walang kaugnayan sa PEDC ²³⁸

²³⁶ Dagdag sa mga usapin sa reklamong inihain, lumalabas sa impormasyon ang posibilidad ng epekto sa kalusugan dahil sa polusyon.

²³⁷ Lumalabas sa nakalap na impormasyon na ang usapin ay may posibilidad na may kaugnayan sa isa pang planta sa ibang lokasyon.

²³⁸ Ang mga nakalap na impormasyon ay hindi sumusuporta sa kongklusyon na ang planta ay nagdudulot ng epekto sa kalusugan sa isinaad na lokasyon ng mga nagrereklamo sa Nipa, na mahigit 70km ang layo mula

		Kakulangan sa konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito.	May posibilidad
6	Sarangani Energy Corporation (SEC) Southern Mindanao ²³⁹	Pagpapaalis sa mga miyembro ng Katutubong Mamamayan ng B'laan sa kanilang ancestral lands nang walang Free, Prior at Informed Consent (FPIC)	Walang Tiyak na Kongklusyon ²⁴⁰
		Epekto sa kalusugan dahil sa kontaminasyon sa tubig mula sa karbon. Simula nang isumite ang reklamong inihain, naitala ng mga nagrereklamo ang patuloy na mga epekto sa kalusugan	Mataas ang Posibilidad
		Kakulangan sa konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito, kasama ang mga katutubong mamamayan.	Mataas ang Posibilidad
		Simula nang isumite ang reklamong inihain, ipinarating ng mga nagrereklamo ang kanilang pagkabahala sa pananakot sa mga lider ng mga katutubo.	May posibilidad
		Pagbabanta sa protected area (Tino Tampuan)	Walang tiyak na Kongklusyon
7	GN Power Kauswagan	Pagpapaalis sa humigit 300 na pamilya noong 2016 at paglilipat sa kanila sa isang hindi tapos na site, sa isang mababang kalidad na pagkakagawa at hindi ligtas na mga yunit pabahay, na may kakulangan sa access sa tubig at permanenteng trabaho. Simula nang isumite ang reklamong inihain, ipinahayag ng mga nagrereklamo na ang mga kabuhayan ng mga inilipat na pamilya, na umaasa sa pangingsida ay higit na naapektuhan dahil sa layo ng resettlement sites sa baybayin.	May posibilidad ²⁴¹
		Kakulangan sa konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito.	Mataas ang Posibilidad
		Simula nang isumite ang reklamong inihain, ipinarating ng mga nagrereklamo ang kanilang pagkabahala hinggil sa pananakot sa mga aktibista ng komunidad.	Mataas ang Posibilidad
8	Toledo Power Company	Pagtatapon ng karbon sa mga bukas na espasyo na may epekto sa kalusugan	May posibilidad

PEDC. Kasabay nito, ipinakikita ng impormasyon na may posibilidad ng epekto sa kalusugan na may kinalaman sa PEDC. Tignan ang Annex D.

²³⁹ Dagdag pa sa mga usapin sa inihain na reklamo, ipinapakita rin sa mga nakalap na impormasyon ang posibilidad ng epekto sa mga yamang-tubig.

²⁴⁰ Batay sa nakalap na impormasyon, walang tiyak na kongklusyon kung mayroon bang naganap na pagpapaalis ng mga indigenous peoples mula sa kanilang tirahan sa lugar ng proyekto. Gayundin, itinala ng CAO na batay sa impormasyon na ang komunidad ng B'laan ay naghahanap ng pagkilala sa kanilang lupain (bilang ancestral domain) sa naturang lugar simula 2004. Tignan ang Annex D para sa karagdagang detalye.

²⁴¹ Nakumpirma ng mga impormasyon kasama ang impormasyon mula sa kliyente na naganap ang imboluntaryong resettlement sa dalawang resettlement sites. May posibilidad ang hindi sapat na kondisyon ng dalawang resettlement sites na natukoy.

		Epekto sa kabuhayan dala ng pagtatapon ng karbon sa mga lugar na nakapalibot sa planta, kasama na ang polusyon sa tubig-dagat.	May posibilidad
		Kakulangan sa konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito.	May posibilidad
9	Atimonan One Energy	Kakulangan sa konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito, kasama ang kakulangan sa pagsisiwalat tungkol sa pagpapalit ng proyekto mula Liquefied Natural Gas tungong karbon	Mataas ang Posibilidad
		Pagkabahala sa posibleng kakulangan sa pagpapaalis mula sa pinagtatrabahuan at kakulangan ng oportunidad sa trabaho mula sa kompanya. Simula nang isumite ang reklamong inihain, ipinarating ng mga nagrereklamo ang mga usapin tungkol sa hindi sapat na pagpapaalis at paglilipat, na may mga epekto sa kabuhayan.	Mataas ang Posibilidad
		Pagkabahala sa posibleng epekto sa kalusugan at epektong pangkapaligiran sa Lamon Bay, kung saan matatagpuan ang proyekto.	Walang tiyak na kongklusyon
10	SMC Limay	Kakulangan sa konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito.	Mataas ang Posibilidad
		Pagkawala ng kabuhayan dahil sa polusyon ng mga pananim dulot ng abo ng karbon	May posibilidad
		Mga epekto sa kalusugan na nauugnay sa polusyon sa karbon.	Mataas ang Posibilidad
		Hindi sapat na pagpapaalis mula sa tinitirahan higit na ang may kinalaman sa kompensasyon at pagpapanumbalik ng kabuhayan kasunod ng pagpapaalis sa mga residente.	Walang tiyak na kongklusyon ²⁴²
11	SMC Malita	Kakulangan sa konsultasyon at impormasyon tungkol sa proyekto at mga epekto nito.	May posibilidad
		Pagkabahala sa mga epekto sa komunidad kapag tumatakbo na ang planta. Simula nang isumite ang reklamong inihain at pagsisimula ng mga operasyon ng planta, ayon sa mga nagrerekamo ay may mga epekto diumano sa kalusugan dahil sa polusyon sa karbon.	May posibilidad
		Simula nang isumite ang reklamong inihain nagkaroon umano ayon sa mga nagrereklamo ng mga epekto sa kabuhayan ng mga magsasaka at	May posibilidad

²⁴² Ang pagpapaalis sa mga residente ay may mataas na posibilidad batay sa nakalap na impormasyon; ngunit hindi sapat na impormasyon ang mayroon upang masuri ang mga panukat sa kompensasyon, pabahay at pagpapanumbalik ng kabuhayan.

		mangingisda dahil sa kontaminasyon ng karbon sa tubig at mga pananim.	
--	--	---	--

Annex F: Mga napag-alaman sa CAO pagsisiyasat ukol sa pagtalima (compliance investigation)

MGA NAPAG-ALAMAN NG CAO
Pagsusuri bago ang Pamumuhunan ng IFC at mga Hakbang upang Mabawasan ang Panganib sa Pakikipagsosyo
Wastong itinuring ng IFC ang pamumuhunan bilang FI at sinunod ang angkop na E&S requirements (Sustainability Policy 2006, para. 18).
Tumaliwas ang IFC sa ESRP requirement na tumitiyak na ang mga natukoy na kakulangan sa pagpapatupad ng ESMS (sa kasong ito, ang pagtatatag at pagpapatupad ng isang ESMS sa simula) ay natugunan muna bago ang pagkakaloob ng pondo. Bunga nito, nabawasan ang kakayahan ng IFC na tugunan ang mga kahingian ng Sustainability Policy hinggil sa pamumuhunan nito sa RCBC.
Ang kasunduan sa pamumuhunan noong 2011 ng IFC ay hindi nakatugon sa ESRP requirement na panatilihin ang karapatang suriin ang unang gawaing pinansiyal ng kliyente upang matiyak ang malawakang pagpapatupad ng ESMS (salungat sa ESRP 2009, 7.2.10).
Ang nakadokumentong pasya ng IFC ay hindi nakapaghain sa Board ng lahat ng materyal na katunayan ukol sa E&S risk ng pamumuhunang ito, gaya ng hinihingi ng Board upang makabuo ng tamang pagpapasya (salungat sa IFC Operational Procedures: New Business (para. VIII.2.A.2, 2009)).
Ang paunang pagsusuri bago ang pamumuhunan ay hindi nagbigay ng batayan upang matiyak na natugunan ng kliyente ang E&S requirements ng IFC sa loob ng makatuwirang panahon (salungat sa Sustainability Policy 2006, para. 17).
Ang pamumuhunan ng IFC sa RCBC ay nabingit sa pagbibigay-suporta sa mga proyektong may malaki at masamang epektong E&S labag sa hinihingi ng IFC Performance Standards.
Pagsubaybay ng IFC
<u>Pamumuhunan ng IFC noong 2013</u>
Ang paunang pagsusuri bago ang pamumuhunan ng IFC noong 2013 ay hindi nakapagbigay ng batayan upang ipalagay na matutugunan ng kliyente ang E&S requirements ng IFC sa loob ng makatuwirang panahon (salungat sa Sustainability Policy para. 22).
Para sa pamumuhunan noong 2011, hindi natugunan ng pamumuhunan ng IFC noong 2013 ang pangangailangang punan ang kakulangan sa ESMS ng kliyente bago ang pakikipagkasundo ng IFC o bilang kondisyon sa pagkakaloob ng pondo (salungat sa ESRP (2009, 7.2.19)). Bunga nito, nabawasan ang kakayahan ng IFC na tugunan ang mga kahingian ng Sustainability Policy mula sa karagdagang pamumuhunan nito noong 2013.
Pagkatapos, hindi isiniwalat ng IFC ang kalagayan ng pagpapatupad ng ESAP (salungat sa para. 41(b) ng Access to Information Policy).
Para sa pamumuhunan noong 2011, ang pamumuhunan ng IFC sa RCBC noong 2013 ay nabingit sa pagbibigay-suporta sa mga proyektong may malaki at masamang epektong E&S na lalabag sa hinihingi ng IFC Performance Standards.
<u>Ang Pamumuhunan ng IFC noong 2015</u>

Ang paunang pagsusuri bago ang pamumuhunan ng IFC noong 2015 ay hindi nakapagbigay ng batayan upang ipalagay na matutugunan ng kliyente ang IFC Performance Standards sa loob ng makatuwirang panahon (Sustainability Policy para. 22).

Para sa pamumuhunan noong 2011 at 2013, ang pamumuhunan ng IFC noong 2015 ay hindi nakatugon sa pangangailangang punan ang kakulangan sa ESMS ng kliyente bago ang pakikipagkasundo ng IFC o bilang kondisyon sa pagkakaloob ng pondo (salungat sa ESRP (2014, 7.3.4.4)). Gaya ng itinala ng IFC, ang gawaing may kinalaman sa E&S ng kliyente ay mananatiling dinasusukat na panganib sa mga darating na panahon. Bunga nito, nabawasan ang kakayahan ng IFC na matiyak ang mga inaasahang resulta ng Sustainability Policy.

Ang ESAP ay hindi isiniwalat nang buo ng IFC o binigyan ng sapat na buod ng mga pangunahing hakbang, at hindi rin nag-update ang IFC ng pagsisiwalat ukol sa kalagayan ng pagpapatupad ng ESAP (salungat sa para. 31b (III) at 41(b) ng Access to Information Policy).

Pangkalahatang Pagsubaybay ng IFC

Sa loob ng sampung taon makalipas ang una nitong pamumuhunan, hindi bineripika ng IFC na ang kliyente ay (a) nagsasakatuparan ng ESMS nito gaya ng inaasahan sa paunang pagsusuri bago ang pamumuhunan ng IFC o (b) nagpapatupad ng IFC Performance Standards sa mga sub-proyekto nitong may mataas na panganib (high risk) (ESRP 2009 at 2014, para. 9.2.5/6).

Makailang ulit na namuhunan ang IFC sa isang bangkong pangkomersiyo sa Pilipinas na nagbibigay-pondo sa mga proyektong may mataas na antas ng E&S risk at walang katiyakan ng pagtalima sa Performance Standards. Dagdag pa rito, ipinapakita ng nakalap na ebidensiya na sa pamamagitan ng pamumuhunan nito sa RCBC, ang IFC ay nalantad sa mga proyektong high risk nang walang katiyakang pinatatakbo ang mga ito alinsunod sa IFC Performance Standards, kaya may posibilidad ng masamang epekto sa mga pamayanan at sa kapaligiran.

Tugon ng IFC sa mga usaping inihain sa reklamong isinampa sa CAO

Matapos suriin ang mga nakalap na ebidensiya kaugnay ng mga usaping inihain sa isinampang reklamo at kung isasaalang-alang ang mga kaugnay na kahingian ng Performance Standards, ipinapalagay ng CAO na sa antas ng sub-proyekto ang mga sumusunod na epektong inihain sa reklamo ay posible o malamang na nangyari: (a) masamang epekto sa kalusugan dulot ng polusyon sa hangin o kontaminasyon sa tubig mula sa abo ng karbon sa anim na planta; (b) epekto sa kabuhayan dahil sa kontaminasyon ng abo ng karbon sa limang planta at dulot ng pagpapalayas sa lugar na tinitirahan o pinagtatrabahuan sa dalawang planta; (c) epekto ng pagpapalayas at pagpapalipat sa dalawang planta; (d) pagbabanta at pananakot sa mga aktibista ng komunidad kaugnay ng apat na planta; at (e) di-sapat na konsultasyon at pakikipag-ugnayan sa mga naapektuhan, kabilang na ang kawalan ng proseso ng pagtanggap ng karaingan, sa lahat ng planta.

Ang masasamang epekto sa E&S ng mga plantang pinondohan ng RCBC na ipinapalagay ng CAO na posible o malamang na nangyari ay pawang malala at nangangailangan ng agarang pagtatasa at pagpigil alinsunod sa IFC Performance Standards.

Ang tugon ng IFC sa mga usaping inihain sa reklamo ay hindi nakapagbigay ng katiyakan na ang kliyente ay nakatalima sa E&S requirements ng IFC sa mga plantang pinondohan nito bilang pagsunod sa ESRP 2014 (para. 9.2.5).

Ang mga Pamumuhunan ng IFC at mga Pangako patungkol sa Climate Change

Nang isagawa nang makailang ulit ang pamumuhunan sa RCBC, hindi sinuri ng IFC ang i) pagkakasangkot ng kliyente sa mga sub-proyekto na matindi ang pagbuga ng GHG; o ii) dedikasyon at kakayahan ng kliyente na matugunan ang pagkakasangkot na ito ayon sa Performance Standard

3 na kinabibilangan ng pagsukat sa pagbuga ng GHG at pagtukoy sa pinakamainam at pinakamatipid na pamamaraan upang mabawasan o maiwasan ang pagbuga ng GHG (salungat sa Sustainability Policy 2006 para. 11, at 2012, para. 7). Karagdagan pa, yamang nagpatupad ng karagdagang pamantayan ang World Bank Group upang higit na makilatis ang pagpopondo sa mga proyektong may kinalaman sa karbon, walang ebidensiyang nagpapatunay na natugunan ito ng mga pamumuhunan ng IFC sa RCBC.

Ang mga kakulangan sa pagsusuri at pagsubaybay ng IFC sa mga pamumuhunan nito sa RCBC ay naging dahilan upang masangkot ang RCBC sa pagtatayo ng maraming plantang pinapagana ng karbon na nagbubuga ng labis na CO₂, nang walang sapat na ebidensiya na patatakbuhan ang mga ito alinsunod sa kahingian ng IFC na ibsan ang pagbuga ng greenhouse gas.

Annex G: Mga Rekomendasyon ng CAO

Upang matugunan ang nakasaad sa ulat ng CAO, inirerekomenda na isagawa ng IFC ang mga sumusunod:

<p>Mga rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa pagpapatupad ng ESMS ng RCBC</p>	<p>Upang maipatupad ng RCBC ang ESMS gaya ng inaasahan, lalo na sa pagpapautang ng RCBC sa mga negosyong may mas mataas na panganib, kinakailangang pormal na magkasundo ang RCBC sa IFC na magpatupad ng nirebisang E&S Action Plan (ESAP) kabilang na ang:</p> <ol style="list-style-type: none"> i. pagkuha ng tamang bilang ng kuwalipikadong kawani at ekspertong kasangguni upang suportahan ang pagpapatupad ng ESMS at Performance Standards sa mga pinopondohan nitong negosyong may mas mataas na panganib; ii. pagbuo ng batayang kasunduan sa pagpapautang, E&S Action Plan, at talaan ng mga legal na hakbang ukol sa E&S para sa mga gawain ng mga negosyong may mas mataas na panganib, na sumasalamin sa Performance Standards at nag-oobliga sa mga mangungutang na tumalima kapwa sa pambansang batas hinggil sa E&S at sa Performance Standards; iii. hindi pagsasagawa ng bagong pamumuhunan sa paglikha ng kuryente gamit ang karbon o ng panibagong negosasyon, pagbibigay ng pondo o ng anumang pahintulot sa alinmang pinondohang planta nang walang pangangako, o ebidensiya, ng ganap na pagtalima ng planta sa Performance Standards; iv. pagkokomisyon ng magtutuos sa E&S ng lahat ng proyektong Kategoriya A sa portfolio nito upang matasa ang pagtalima sa pambansang batas at matukoy ang mga kakulangan sa IFC E&S requirements, na dapat suriin ng kawani ng IFC E&S.
<p>Mga rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa pagbuga ng GHG ng mga inirereklamong sub-proyekto</p>	<p>Dapat suportahan ng IFC ang RCBC sa pagsasagawa ng hiwalay na E&S gap analysis sa bawat planta na gagawin ng mga kasangguning kuwalipikado at may karanasan. Tutuon sa mga usaping inilahad sa reklamo at sa imbestigasyon ng CAO upang maberipika ang pagtalima sa E&S requirements ng IFC, ang gap analysis na ito ay kailangang:</p> <ol style="list-style-type: none"> i. magsagawa ng konsultasyon sa mga apektadong pamayanan (kabilang ang mga naghain ng reklamo); ii. magsiyasat sa mga kasunduan sa pamumuhunan ng sub-proyekto ng kliyente upang maberipika ang pagtalima sa Performance Standards; at iii. maisiwalat sa publiko kasama ang anumang planong pagbibigay-lunas sa antas ng sub-proyekto. <p>Ang mga gap analysis ay dapat maglakip ng pagsusuri sa nakalap na impormasyon at, kung kinakailangan, humiling ng karagdagang pagtatasa mula sa nangangasiwa ng planta o isang komisyonang magsusuri sa diumano’y pinsalang tinukoy ng mga nagsampa ng reklamo. Dahil sa mga usaping inihain, mahalagang matasa ng mga gap analysis na ito ang gawain ng proyekto na may kinalaman sa pagbuga ng hangin, pag-iimbak ng abo ng karbon, at kalidad ng hangin at tubig, maging ang posibilidad ng pagpapalipat sa mga naninirahan sa paligid.</p>

	<p>Kung tututol ang pangasiwaan ng planta sa pakikilahok sa proseso ng gap analysis ng IFC at RCBC, ang IFC ay kailangang: (1) magsagawa ng pagtatasa batay sa impormasyong mayroon ukol sa E&S kaugnay ng pagtatayo at pagpapatakbo ng planta (kabilang na ang impormasyong nasa pangangalaga ng RCBC) ayon sa kahingian ng Performance Standards, na nakatuon sa mga usaping inilahad sa mga reklamong isinampa; at (ii) magsagawa ng hiwalay na pagsukat sa kalidad ng hangin at tubig sa mga angkop at piling lokasyon sa labas ng planta.</p> <p>Pagkatapos tukuyin ang mga kakulangan, dapat makipagtulungan ang IFC sa RCBC at mga kliyente nito upang matiyak na natasa at nalunasan ang mga pinsalang binabanggit ng mga apektadong komunidad, alinsunod sa Performance Standards. Sa pagsasagawa nito, kailangang isaalang-alang ng IFC ang mga paraan upang malubos ang positibong impluwensiya nito sa mga may-ari at namumuhunan sa bawat planta, at makapag-ambag sa pagbibigay ng katampatang lunas.</p>
<p>Mga rekomendasyon ng CAO sa IFC hinggil sa pagbuga ng GHG ng mga inirereklamong sub-proyekto</p>	<p>Kailangang mamuhunan ng IFC sa isang onsite energy efficiency evaluation na popondohan ng RCBC para sa bawat isang planta upang magrekomenda ng matipid at mabisang pamamaraan upang maibsan ang pagbuga ng CO₂ ayon sa PS3 at EHS Guidelines ng IFC. Ang mga resulta ng pagtatasa ay dapat isiwalat sa publiko, kabilang ang panukala sa pagpapabuti ng alinmang planta. Sa ilang pagkakataon, ang mga ebalwasyon ay hahantong sa habambuhay na pagtitipid sa gastusin sa operasyon ng planta kung kaya ang gastusin sa kapital ay maaaring pasanin ng pangasiwaan. Sa ibang pagkakataon, maaaring isaalang-alang ng IFC ang mga alternatibong paraan ng pagbibigay-pondo upang maitaguyod ang pagpapabuti sa planta, pagbawas sa pagbuga ng GHG, o iba pang kaugnay na gawain. Maaari ring pag-isipan ng IFC ang mahalagang papel nito sa pagtulong sa pribadong sektor na nasa larangan ng enerhiya sa Pilipinas upang makalipat sa produksiyon ng enerhiyang may mababang gamit ng karbon.</p>
<p>Mga rekomendasyon ng CAO sa IFC upang matugunan ang mga salik sa mga paglabag na natuklasan</p>	<p>Upang matugunan ang mga salik sa mga paglabag na natuklasan sa kasong ito, dapat isagawa ng IFC ang mga sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> i. bago ang inisyal na pamumuhunan nga mga kliyenteng FI na kinakailangang magpatupad ng Performance Standards, magsagawa ng pagsusuri sa gastusin, benepisyo, at implikasyon sa pagtugon sa E&S requirements ng IFC. Kabilang dito ang pagtataya ng kakailanganing kawani para sa pagpapatupad ng ESMS batay sa portfolio size ng FI at ang paglalakip ng E&S risk sa Environmental and Social Action Plan (ESAP); ii. bago ang pagbibigay ng pondo, tiyaking napatutupad ng kliyenteng FI ang ESMS na nakaayon sa Performance Standards, bilang pagsunod sa inaasahan sa mga FI na namumuhunan sa mga negosyong may mas mataas na panganib; iii. magsagawa ng sistematikong pagbibigay ng panuto at pag-alalay sa mga kliyenteng FI upang matupad nila ang ESMS sa kanilang sub-proyekto, maging ang paunang pagsusuri sa mga sub-proyekto na may mas mataas na panganib na hindi nakasanayan ito; at

	<ul style="list-style-type: none">iv. obligahing ipalathala sa website ng IFC ang lahat ng sub-proyekto ng mga FI na kailangang tumalima sa IFC Performance Standards ayon sa modelong sinusunod kaugnay ng mga Private Equity investment.v. Dapat isaalang-alang ng IFC na obligahin ang mga kliyenteng FI na sukatin at iulat sa una ang pagbuga ng GHG sa kanilang portfolio sang-ayon sa mabubuting paggawa sa industriya. Kakailanganin ng IFC na bumuo ng mga alituntunin at kasangkapan upang maisagawa ito. Kabilang sa mabubuting paggawa ang pagsisiwalat ng FI at sub-proyekto nito ng Scope 1, 2, at 3 ng GHG emissions alinsunod sa Greenhouse Gas Protocol.
--	--